

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • MAYO 2015

# Liahona

A young girl with dark hair, wearing a dark blue jacket with gold buttons, is smiling and looking towards the camera. In the background, there are other people, including a man in a suit holding a baby, and a woman in a dark jacket. The background is slightly blurred, suggesting an outdoor setting with stone steps.

## Mga Mensahe sa Pangkalahatang Kumperensya

Tumawag ng mga bagong Pitumpu, Young Men General Presidency, at Tagapayo sa Primary General Presidency

Tatlong Bagong Templo ang Ibinalita



© GREG OLSEN, HINDI MAAARING KOPYAHIN

Daan Patungong Emaus, ni Greg Olsen

*“At, narito, dalawang [disipulo] ay naparoroon nang araw  
ding yaon sa isang nayong ngala’y Emaus. . . .*

*“At nangyari, na samantalang sila’y naguusap at nagtatanongan,  
na si Jesus din ay lumapit, at nakisabay sa kanila. . . .*

*“At nangyari, nang siya’y nakaupo na kasalo nila sa dulang ng pagkain, ay kaniyang  
dinampot ang tinapay, at binasbasan; at ito’y pinagputolputol, at ibinigay sa kanila.*

*“At nangabuksan ang kanilang mga mata, at siya’y nakilala nila; at siya’y nawala sa kanilang mga paningin.*

*“At sila-sila’y nangagsabihan, Hindi baga nagaalab ang ating puso sa loob natin, habang tayo’y  
kinakausap niya sa daan, samantalang binubuksan niya sa atin ang mga kasulatan?”*

*(Lucas 24:13, 15, 30–32).*

## Pangkalahatang Sesyon ng Kababaihan

- 8 **Punuin ang Ating mga Tahanan ng Liwanag at Katotohanan**  
*Cheryl A. Esplin*
- 11 **Ang Pamilya ay sa Diyos**  
*Carole M. Stephens*
- 14 **Mga Tagapagtanggol ng Pagpapahayag ukol sa Mag-anak**  
*Bonnie L. Oscarson*
- 17 **Ang Mang-aaliw**  
*Pangulong Henry B. Eyring*

## Sesyon sa Sabado ng Umaga

- 22 **“Hindi Baga Ito ang Ayuno na Aking Pinili?”**  
*Pangulong Henry B. Eyring*
- 26 **Ang Plano ng Kaligayahan**  
*Pangulong Boyd K. Packer*
- 29 **Magkasama Tayong Aangat**  
*Linda K. Burton*
- 32 **Ang Talinghaga ng Manghahasik**  
*Elder Dallin H. Oaks*
- 36 **Piliing Maniwala**  
*Elder L. Whitney Clayton*
- 39 **Bakit Mahalaga ang Kasal at Pamilya—sa Lahat ng Dako ng Mundo**  
*Elder L. Tom Perry*

## Sesyon sa Sabado ng Hapon

- 43 **Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan**  
*Pangulong Dieter F. Uchtdorf*
- 45 **Ulat ng Auditing Department ng Simbahan, 2014**  
*Kevin R. Jergensen*
- 45 **Ulat sa Estadistika, 2014**  
*Brook P. Hales*
- 46 **Anupa’t Nabawasan ang Kanilang Pagkatakot**  
*Elder David A. Bednar*
- 50 **Bakit Dapat Mag-asawa at Bumuo ng Pamilya**  
*Elder D. Todd Christofferson*
- 54 **Ang Musika ng Ebanghelyo**  
*Elder Wilford W. Andersen*
- 56 **Patuloy na Nagsisikap ang mga Banal sa mga Huling Araw**  
*Elder Dale G. Renlund*

- 59 **Tunay na Mabuti at Hindi Mapagkunwari**  
*Elder Michael T. Ringwood*

- 62 **Tanglaw Ko ang Diyos**  
*Elder Quentin L. Cook*

## Pangkalahatang Sesyon ng Priesthood

- 67 **Ang Pinakadakilang Henerasyon ng mga Young Adult**  
*Elder M. Russell Ballard*
- 70 **Oo, Kaya at Mapagtatagumpayan Natin!**  
*Elder Ulisses Soares*
- 77 **Pagiging Ama—ang Ating Walang-Hanggang Tadhana**  
*Larry M. Gibson*
- 80 **Sa Pagiging Tapat**  
*Pangulong Dieter F. Uchtdorf*
- 84 **Priesthood at Personal na Panalangin**  
*Pangulong Henry B. Eyring*
- 88 **Ang Priesthood—Isang Sagradong Kaloob**  
*Pangulong Thomas S. Monson*

## Sesyon sa Linggo ng Umaga

- 91 **Mga Pagpapala ng Templo**  
*Pangulong Thomas S. Monson*
- 93 **Pagbalik sa Pananampalataya**  
*Rosemary M. Wixom*
- 96 **Paghahanap sa Panginoon**  
*Elder José A. Teixeira*
- 98 **Kamangha-mangha pa rin ba Ito sa Inyo?**  
*Bishop Gérard Caussé*
- 101 **Naghihintay sa Alibughang Anak**  
*Elder Brent H. Nielson*
- 104 **Kapag ang Katarungan, Pag-ibig, at Awa ay Nagtugma**  
*Elder Jeffrey R. Holland*
- 107 **Ang Kaloob na Biyaya**  
*Pangulong Dieter F. Uchtdorf*

## Sesyon sa Linggo ng Hapon

- 111 **Pangangalaga sa Kalayaan, Pagprotekta sa Kalayaang Pangrelihiyon**  
*Elder Robert D. Hales*

- 114 **Manatili sa Punungkahoy**  
*Elder Kevin W. Pearson*

- 117 **Ang Walang-Hanggang Pananaw ng Ebanghelyo**  
*Elder Rafael E. Pino*

- 119 **Dumating Nawa ang Kaharian Mo**  
*Elder Neil L. Andersen*

- 123 **Kung Magiging Responsable Ka**  
*Elder Jorge F. Zeballos*

- 126 **Maging Mabunga, Magpakarami, at Supilin ang Lupa**  
*Elder Joseph W. Sitati*

- 129 **Ang Sabbath ay Kaluguran**  
*Elder Russell M. Nelson*

- 72 **Mga General Authority at Pangkalahatang Pinuno ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw**

- 133 **Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya**

- 134 **Nagsalita Sila sa Atin: Gawing Bahagi ng Ating Buhay ang Kumperensya**

- 136 **Mga Balita sa Simbahan**



# Ang Ika-185 Taunang Pangkalahatang Kumperensya

## Sabado ng Gabi, Marso 28, 2015, Pangkalahatang Sesyon ng Kababaihan

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Linda K. Burton. Pambungad na panalangin: Beverly Tingey. Pangwakas na panalangin: Reyna I. Aburto. Musikang handog ng pinagsamang koro ng Primary, Young Women at Relief Society mula sa mga stake sa Salt Lake, Murray, Kamas, at Park City, Utah; Erin Pike Tall, tagakumpas; Linda Margetts, organista: “Saligang Kaytibay,” *Mga Himno*, blg. 47; musikal na pagtatanghal, “Pamilya’y sa D’yos,” ni Neeley, isinaayos ni Zabriskie, di-inilathala; “From Homes of Saints Glad Songs Arise,” *Hymns*, blg. 297, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala; Medley: “Pag-ibig sa Tahanan,” *Mga Himno*, blg. 183; “Tayo Nang Mag-usap Nang Marahan,” *Mga Himno*, blg. 143; “Ang Pag-ibig ng Ating Tagapagligtas,” *Mga Himno*, blg. 64, isinaayos ni Tall/Margetts, di-inilathala.

## Sabado ng Umaga, Abril 4, 2015, Pangkalahatang Sesyon

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na panalangin: Elder Timothy J. Dyches. Pangwakas na panalangin: Elder Larry J. Echo Hawk. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Andrew Unsworth at Clay Christiansen, mga organista: “Gabayan Kami, O Jehova,” *Mga Himno*, blg. 45; “Luwalhati sa Ating Diyos,” *Mga Himno*, blg. 37; “Ako Ba’y May Kabutihang Nagawa?” *Mga Himno*, blg. 135, isinaayos ni Zabriskie © HolySheetMusic.com; “Sa Tuktok ng Bundok,” *Mga Himno*, blg. 4; “Magsipaglapit kay Jesucristo,” *Mga Himno*, blg. 68, isinaayos ni Murphy, di-inilathala; “Ako’y Naniniwala kay Cristo,” *Mga Himno*, blg. 76, isinaayos ni Wilberg, inilathala ni Jackman.

## Sabado ng Hapon, Abril 4, 2015, Pangkalahatang Sesyon

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na panalangin: Jean A. Stevens. Pangwakas na panalangin: Elder Randy D. Funk. Musikang handog ng pinagsamang koro mula sa mga young single adult stake sa Davis at Weber County, Utah; Sonja Sperling, tagakumpas; Bonnie Goodliffe at Linda Margetts, mga organista: “Praise to the Lord, the Almighty,” *Hymns*, blg. 72, isinaayos ni Wilberg, inilathala ni Oxford; “Ako ay Namangha,” *Mga Himno*, blg. 115, isinaayos ni Murphy, di-inilathala; “Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta,” *Mga Himno*, blg. 15;

“Magpatuloy Tayo,” *Mga Himno*, blg. 148, isinaayos ni Elliott, inilathala ni Jackman.

## Sabado ng Gabi, Abril 4, 2015, Pangkalahatang Sesyon ng Priesthood

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na panalangin: David L. Beck. Pangwakas na panalangin: Elder Robert C. Gay. Musikang handog ng koro ng priesthood mula sa Brigham Young University; Ronald Staheli, tagakumpas; Richard Elliott at Andrew Unsworth, mga organista: “Sa Tatag N’yaring Kabundukan,” *Mga Himno*, blg. 25, isinaayos ni Tom Durham, inilathala ni Jackman; “On This Day of Joy and Gladness,” *Hymns*, blg. 64, isinaayos ni Staheli, di-inilathala; “O, Makinig Lahat ng Bansa!” *Mga Himno*, blg. 165; “Guro, Bagyo’y Nagngangalit,” *Mga Himno*, blg. 60, isinaayos ni Staheli, di-inilathala.

## Linggo ng Umaga, Abril 5, 2015, Pangkalahatang Sesyon

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na panalangin: Linda S. Reeves. Pangwakas na panalangin: Elder Kevin S. Hamilton. Musika ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg, tagakumpas; Clay Christiansen at Richard Elliott, mga organista: “Panginooy Hari!” *Mga Himno*, blg. 33; “Siya’y Nabuhay!” *Mga Himno*, blg. 119, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala; “Consider the Lilies,” ni Hoffman, isinaayos ni Lyon, inilathala ni Jackman; “Buhay ang Aking Manunubos,” *Mga Himno*, blg. 78; “Si Jesus ay Nagbangon,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 44, isinaayos ni Murphy, di-inilathala; “Si Cristo Ngayo’y Nabuhay,” *Mga Himno*, blg. 120, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala.

## Linggo ng Hapon, Abril 5, 2015, Pangkalahatang Sesyon

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na panalangin: Elder S. Gifford Nielsen. Pangwakas na panalangin: Elder Koichi Aoyagi. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Bonnie Goodliffe at Linda Margetts, mga organista: “Ang Manunubos Ko’y Buhay,” *Mga Himno*, blg. 77, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala; “Isinugo, Kanyang Anak,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 20, isinaayos ni Hofheins, di-inilathala; “Halina, Hari ng Lahat,” *Mga Himno*, blg. 32; “Ang mga K’wento kay Jesus,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 36, isinaayos ni Murphy, di-inilathala; “Panginoon, Kayo’y Laging Susundin,”

*Mga Himno*, blg. 164, isinaayos ni Murphy, di-inilathala.

## Makukuhang mga Mensahe sa Kumperensya

Para ma-access ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya sa Internet sa maraming wika, bumisita sa [conference.lds.org](http://conference.lds.org) at pumili ng wika. Makukuha rin ang mga mensahe sa Gospel Library mobile app. Karaniwan sa loob ng anim na linggo matapos ang pangkalahatang kumperensya, makukuha rin ang mga video at audio recording sa Ingles sa mga distribution center. Ang impormasyon tungkol sa pangkalahatang kumperensya sa mga format na maa-access ng mga miyembro may kapansanan ay makukuha sa [disability.lds.org](http://disability.lds.org).

## Mga Mensahe sa Home at Visiting Teaching


Para sa mga mensahe sa home at visiting teaching, pumili ng isang mensaheng lubos na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga binibisita ninyo.

## Sa Pabalat

Harap: Larawang kuha ni Cody Bell. Likod: Larawang kuha ni Leslie Nilsson.

## Mga Retratong Kinunan sa Kumperensya

Ang mga larawan sa Salt Lake City ay kuha nina Welden C. Andersen, Cody Bell, Janae Bingham, Ale Borges, Randy Collier, Weston Colton, Mark Davis, Craig Dimond, Nathaniel Ray Edwards, Brandon Flint, Ashlee Larsen, August Miller, Leslie Nilsson, Brad Slade, at Christina Smith; larawan ng mga sunflower sa kagandahang-loob ng pamilya ni Quentin L. Cook; sa eroplano, ni Craig Marshall Jacobsen; sa Woodbury, Minnesota, USA, ni Sandra Wahlquist; sa McMinnville, Oregon, USA, sa Jade West; sa Abidjan, Ivory Coast, nina Lucien at Agathe Affoue at Philippe at Annelies Assard; sa Perpignan, France, ni Renee Castagno; sa Helsinki, Finland, ni Kukka Fristrom; sa Johannesburg, South Africa, sa kagandahang-loob ng pamilya ni Christoffel Golden; sa Vatican City ng Humanum; sa Bangkok, Thailand, ni Sathit Kaivaivatana; sa Mumbai, India, ni Wendy Keeler; sa Montreal, Quebec, Canada, ni Laurent Lucuix; sa Ciudad del Carmen, Campeche, Mexico, ni Hector Manuel Hernandez Martinez; sa San Martín de Los Andes, Neuquén, Argentina, ni Colton Mondragon; Hong Kong, National Geographic contest photo, ni Brian Yan; sa Natal, Rio Grande do Norte, Brazil, ni Clebber Tex; at sa London, England, ni Kami Weddick. Pahina 77: Paglalarawan ni Brian Call.



**MAYO 2015 TOMO 18 BLG. 5  
LIAHONA 12565 893**

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:**

Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon

**Mga Tagapayo:** Mervyn B. Arnold, Christoffel Golden, Larry R. Lawrence, James B. Martino, Joseph W. Sitati

**Namamahaling Direktor:** David T. Warner

**Direktor ng Operations:** Vincent A. Vaughn

**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg

**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahaling Patnugot:** R. Val Johnson

**Assistant na Namamahaling Patnugot:** Ryan Carr

**Publications Assistant:** Lisa Carolina López

**Writing and Editing Team:** Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Mindy Anne Leavitt, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

**Namamahaling Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen

**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson

**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune

**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters

**Production Team:** Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Katie Duncan, Bryan W. Gygis, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty

**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick

**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen

**Pagsasalain:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa [liahona.lds.org](http://liahona.lds.org); sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: [liahona@ldschurch.org](mailto:liahona@ldschurch.org)

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2015 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: [cor-intellectualproperty@ldschurch.org](mailto:cor-intellectualproperty@ldschurch.org).

**For Readers in the United States and Canada:**

May 2015 Vol. 18 No. 5. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year; Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DIMM 707.4.12.5).

NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.



**Indeks ng mga  
Tagapagsalita**

Andersen, Neil L., 119  
Andersen, Wilford W., 54  
Ballard, M. Russell, 67  
Bednar, David A., 46  
Burton, Linda K., 29  
Caussé, Gérard, 98  
Christofferson, D. Todd, 50  
Clayton, L. Whitney, 36  
Cook, Quentin L., 62  
Esplin, Cheryl A., 8  
Eyring, Henry B., 17, 22, 84  
Gibson, Larry M., 77  
Hales, Brook P., 45  
Hales, Robert D., 111  
Holland, Jeffrey R., 104  
Jergensen, Kevin R., 45  
Monson, Thomas S., 88, 91  
Nelson, Russell M., 129  
Nielsen, Brent H., 101  
Oaks, Dallin H., 32  
Oscarson, Bonnie L., 14  
Packer, Boyd K., 26  
Pearson, Kevin W., 114  
Perry, L. Tom, 39  
Pino, Rafael E., 117  
Renlund, Dale G., 56  
Ringwood, Michael T., 59  
Sitati, Joseph W., 126  
Soares, Ulisses, 70  
Stephens, Carole M., 11  
Teixeira, José A., 96  
Uchtdorf, Dieter F., 43, 80, 107  
Wixom, Rosemary M., 93  
Zeballos, Jorge F., 123

**Indeks ng mga Paksa**

Adan at Eva, 26, 46, 50, 104, 117  
Aklat ni Mormon, 8, 114  
Araw ng Sabbath, 36, 62, 67, 129  
Ayuno, Pag-aayuno, 22, 67, 84, 129  
Bahay, Tahanan, 8, 14, 54, 62  
Banal na katangian, 11, 126  
Biyaya, 36, 46, 50, 59, 80, 104, 107  
Buhay na walang hanggan, 114, 117  
Diyos Ama, 11, 77  
Espiritu Santo, 8, 17, 54, 84, 98, 111  
Family history, 129  
Fellowshipping, 93  
Galak, Kagalakan, 26, 93, 96  
Gawaing misyonero, 91, 111, 126  
Habag, 11, 17  
Himala, mga, 98, 119  
Home teaching, 84  
Ikalawang Pagparito, 119  
Ilaw, Liwanag, Tanglaw, 8, 36  
Institute, 67  
Jesucristo, 17, 36, 46, 50, 62, 67, 77, 80, 91, 93, 96, 101, 104, 107, 111, 114, 119  
Joseph Smith, 8, 111  
Kabaitan, 29  
Kalayaan, 36, 70, 111, 123  
Kalayaan sa relihiyon, 111  
Kapayapaan, 17, 46, 91  
Kasal, Pag-aasawa, 14, 26, 29, 39, 50, 67, 126  
Katotohanan, 8  
Moralidad, 26  
Pag-aalinlangan, Pagdududa, 36, 93, 101  
Pag-aaral ng mga banal na kasulatan, 98, 129  
Pag-asa, 36, 101, 117  
Pagbabalik-loob, Pagbabagong-loob, Paniniwala, 32, 56, 93  
Pagbabayad-sala, 17, 46, 50, 56, 62, 70, 96, 104, 107, 123  
Paghahayag, 84

Paghihirap, 11, 17, 36, 62, 91, 96, 117, 119  
Pag-ibig, Pagmamahal, 11, 26, 29, 50, 62, 80, 96, 101, 104  
Pagiging ama, 14, 29, 77  
Pagiging ina, 14  
Pagiging magulang, 14, 39, 50, 54, 126, 129  
Pagkabuhay na Mag-uli, 104, 107  
Pagkadisipulo, 32, 59, 67, 80, 114, 123  
Pagkakaisa, 11, 62  
Paglago ng Simbahan, 45, 119  
Paglilingkod, 22, 59, 80, 84, 129  
Pagpapaakitbo, 93, 101  
Pagpapakumbaba, 59, 84  
Pagpapala, mga, 22, 36, 88, 91  
Pagpaparaya, 111  
Pagsisisi, 26, 56, 107  
Pagtitiis, 114  
Pakikipagdeyt, 67  
Pamilya, 8, 11, 14, 26, 39, 50, 62, 101, 126, 129  
Panalangin, 22, 84, 91, 114  
Panampalataya, 36, 46, 62, 84, 93, 98, 101, 114  
Panawan, Pagtanaw mula sa malayo, 117, 119  
Pangamba, Takot, 46  
Pasensya, Tiyaga, 54, 101, 129  
Pasko ng Pagkabuhay, 91, 104, 107  
Patotoo, 36, 67, 70, 80, 93, 101  
Plano ng kaligtasan, 14, 26, 50, 111, 117, 126  
Pornograpiya, 67, 70  
Prayoridad, mga, 32  
Priesthood, 77, 84, 88  
Seminary, 67  
Teknolohiya, 67, 96  
Templo, mga, 26, 91  
Tipan, mga, 11, 17, 29, 46, 59, 114, 129  
Tukso, 70  
Tungkulin, 88, 123  
Tungkulin sa Simbahan, mga, 59, 88  
Young adult, mga, 67



na miyembro sa mga lugar na ito, at totoo ito sa lahat ng dako ng mundo na may mga templo” (pahina 91).

- Sinang-ayunan ng mga miyembro ng Simbahan ang limang bagong miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu, isang bagong Young Men general presidency, at isang bagong tagapayo sa Primary general presidency.
- Ang taunang ulat sa estadistika ay nagtala ng 15.3 milyong mga miyembro ng Simbahan sa 3,114 na mga stake at 561 na mga district. Tatlong bagong templo ang inilaan



## Mga Tampok sa Ika-185 Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

“Ang mga paksa sa pangkalahatang kumperensya ay iniaatas—hindi sa pamamagitan ng mortal na awtoridad kundi sa mga pahiwatig ng Espiritu,” paliwanag ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol (pahina 32). Sa isang nagbibigay-inspirasyong pangkalahatang kumperensya na nagsimula sa pangkalahatang sesyon ng kababaihan at nagtapos sa Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay, nagturo ang mga tagapagsalita tungkol sa pamilya, pag-aayuno, gawain sa templo,

pagkadisipulo, araw ng Sabbath, at Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, bukod sa marami pang ibang alituntunin ng ebanghelyo (tingnan sa pahina 3).

Ang sumusunod ay ilan sa mga tampok:

- Ibinalita ni Pangulong Thomas S. Monson ang mga bagong templong itatayo sa Abidjan, Ivory Coast; Port-au-Prince, Haiti; at Bangkok, Thailand. Tungkol dito, sinabi niya, “Kagila-gilalas ang mga pagpapalang naghahintay sa ating matatapat

noong nakaraang taon, kaya 144 na templo na ang gumagana ngayon.

- Ang kumperensya ay na-interpret sa 95 wika. Sa pagsunod sa pagbabagong sinimulan noong Oktubre, tatlong tagapagsalita ang nagbigay ng kanilang mensahe sa ibang wika bukod sa Ingles.

Sa pagsasalita noong Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay, nagpatotoo ang ilang tagapagsalita tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas. “Siya ang Anak ng Diyos,” pagpapatotoo ni Pangulong Thomas S. Monson. “Siya yaong nagbangon mula sa libingan noong unang umaga ng Pasko ng Pagkabuhay, at taglay Niya ang kaloob na buhay na walang hanggan para sa lahat ng anak ng Diyos” (pahina 93). ■











Ni Cheryl A. Esplin

Pangalawang Tagapayo sa Primary General Presidency

# Punuin ang Ating mga Tahanan ng Liwanag at Katotohanan

*Alam ni Satanas na para mapaglabanan natin at ng ating mga pamilya ang impluwensya ng mundo, dapat ay mapuspos tayo ng liwanag at katotohanan ng ebanghelyo.*

Napuspos ng Espiritu ang aking puso habang nakikinig ako sa mga pamilyang ito sa pagtuturo ng sagradong katotohanan: “Ang pamilya’y sa Diyos.”<sup>1</sup> Ang nagbibigay-inspirasyong musika ay isa lamang sa maraming paraan na madarama natin ang mga bulong ng Espiritu, at napupuspos tayo ng liwanag at katotohanan.

Ang konsepto ng pagkapuspos ng liwanag at katotohanan ay naging lalong mahalaga sa akin dahil sa karanasan ko maraming taon na ang nakararaan. Dumalo ako sa isang miting kung saan itinuro ng mga miyembro ng Young Women general board ang tungkol sa paglikha ng espirituwal na matatag na mga pamilya at tahanan. Para maipakita ito, isang lider ng mga kabataang babae ang nagtaas ng dalawang lata ng soda. Sa isang kamay ay hawak niya ang isang latang walang laman at sa kabilang kamay ang isang latang hindi pa nabuksan at puno ng soda. Una ay pinisil niya ang latang walang laman; nalukot at nayupi ito dahil

sa mahigpit na pagkakapisil. Sumunod, ay pinisil naman niya ang latang may laman. Maayos pa rin ito. Hindi ito nayupi o nalukot na tulad ng latang walang laman—dahil puno ito.

Inihalintulad namin ito sa ating sariling buhay at sa ating mga tahanan at pamilya. Kapag puspos ng Espiritu at ng katotohanan ng ebanghelyo, may kapangyarihan tayong labanan ang mga puwersa ng mundo na nakapaligid at nagtutulak sa atin. Gayunman, kung hindi puno ang ating espiritu, wala tayong tibay ng loob na labanan ang puwersa sa labas at maaaring malukot nang husto kapag itinulak na ng mga puwersa sa labas.

Alam ni Satanas na para mapaglabanan natin at ng ating mga pamilya ang impluwensya ng mundo, dapat ay mapuspos tayo ng liwanag at katotohanan ng ebanghelyo. Kaya ginagawa niya ang lahat ng makakaya niya para haluan, baluktutin, at wasakin ang mga katotohanan ng ebanghelyo at ihiwalay tayo sa katotohanang iyan.

Marami sa atin ang nabinyagan at natanggap ang kaloob na Espiritu Santo, na ang tungkulin ay ihayag at ituro ang katotohanan ng lahat ng bagay.<sup>2</sup> Kaakibat ng pribilehiyong iyan ang responsibilidad na hanapin ang katotohanan, ipamuhay ang katotohanang alam natin, at ibahagi at ipagtaggol ito.

Ang isang lugar na gustung-gusto nating mapuspos ng liwanag at katotohanan ay ang sarili nating tahanan. Ang mga salita sa inawit ng koro na narinig natin ay paalala sa atin na, “Diyos tayo’y binigyan ng pamilya nang S’ya ay matularan.”<sup>3</sup> Ang mga pamilya ang workshop ng Panginoon sa lupa upang tulungan tayong matutuhan at ipamuhay ang ebanghelyo. Napunta tayo sa ating pamilya na may sagradong tungkuling tumulong na espirituwal na palakasin ang isa’t isa.

Ang matatag na walang-hanggang mga pamilya at mga tahananang puspos ng Espiritu ay hindi basta-basta nangyayari. Kailangan dito ang malaking pag-sisikap, kailangan ng panahon, at dapat gawin ng bawat miyembro ng pamilya ang kanyang tungkulin. Kakaiba ang bawat tahanan, ngunit ang bawat tahanan na mayroong kahit isang indibidwal na naghahangad ng katotohanan ay makagagawa ng kaibhan.

Patuloy tayong pinapayuhan na dagdagan ang ating espirituwal na kaalaman sa pamamagitan ng panalangin at pag-aaral at paghinayag sa mga banal na kasulatan at mga salita ng mga buhay na propeta. Sa kanyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya tungkol sa pagtanggap ng patotoo ng liwanag at katotohanan, sinabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf:

“Ang Walang Hanggan at Pinakamakapangyarihang Diyos . . . ay mangungusap sa mga taong dumudulog sa Kanya nang may matapat na puso at tunay na layunin.

“Mangungusap Siya sa kanila sa mga panaginip, pangitain, isipan, at damdamin.”

Nagpatuloy si Pangulong Uchtdorf: “May malasakit ang Diyos sa inyo. Siya ay makikinig, at sasagutin Niya ang inyong mga personal na tanong. Ang mga sagot sa inyong mga panalangin



ay darating sa Kanyang sariling paraan at sa Kanyang sariling panahon, at sa-makatwid, kailangan kayong matutong makinig sa Kanyang tinig.”<sup>4</sup>

Isang kuwento sa kasaysayan ng pamilya ang naglalarawan sa payong ito.

Ilang buwan na ang nakalipas nabasa ko ang patotoo ng kapatid ng aking kalolo-lolohan na si Sister Elizabeth Staheli Walker. Noong bata pa si Elizabeth nandayuhan siya sa Amerika mula sa Switzerland kasama ang kanyang pamilya.

Matapos ikasal si Elizabeth, siya at ang kanyang asawa at mga anak ay tumira malapit sa hangganan ng Nevada, kung saan sila ang namahala sa isang mail station. Ang kanilang

tahanan ay lugar na tinitigilan ng mga manlalakbay. Buong maghapon at magdamag silang naghahanda para magluto at magsilbi ng pagkain sa mga manlalakbay. Mahirap, nakakapagod na trabaho, at kaunti lang ang kanilang pahinga. Ngunit ang ikina-bahalang mabuti ni Elizabeth ay ang pag-uusap ng mga taong nakakasalamuha nila.

Sinabi ni Elizabeth na hanggang sa sandaling iyon ay hindi niya pinapansin ang katotohanan ng Aklat ni Mormon, na si Propetang Joseph Smith ay pinayagan ng Diyos na gawin ang ginawa niya, at ang kanyang mensahe ay ang plano ng buhay at kaligtasan. Ngunit ang buhay niya noon ay hindi ang uri

ng buhay na magpapalakas sa gayong paniniwala.

Ang ilan sa mga manlalakbay na tumigil doon ay mga palabasa, edukado, matatalinong tao at ang palaging usapan sa mesa ay na si Joseph Smith ay isang “mandaraya” na nagsulat ng Aklat ni Mormon at pagkatapos ay ipinamahagi ito para magkapera. Sa kilos nila ay halatang lahat ay katawa-tawa sa kanila, nagsasabing “ang Mormonismo ay kahangalan at hindi totoo.”

Sa lahat ng usapang ito nadama ni Elizabeth na siya ay nag-iisa. Wala siyang makausap, walang panahon para magdasal man lang—bagamat nagdarasal siya habang nagtatrabaho siya. Takot na takot siyang magsalita



sa mga taong kumukutya sa kanyang relihiyon. Sinabi niya na hindi niya alam kung totoo ang sinasabi nila, at nadama niyang hindi niya kayang ipagtanggol ang paniniwala niya kahit subukan niya.

Kalaunan, lumipat si Elizabeth at ang kanyang pamilya. Sinabi ni Elizabeth na mas marami na siyang oras para makapag-isip at hindi na masyadong nagagambala. Madalas siyang bumaba sa silong at manalangin sa Ama sa Langit tungkol sa bumabagabag sa kanya—ang mga kuwento ng tila matatalinong kalalakihang iyon tungkol sa ebanghelyo na kahangalan daw at di totoo at tungkol kay Joseph Smith at sa Aklat ni Mormon.

Isang gabi ay nanaginip si Elizabeth. Sabi niya: “Para akong nakatayo sa isang makitid na daanan ng bagon, na papunta sa paanan ng mababang burol, sa kalahatian ng burol nakita ko ang isang lalaking nakatingin sa ibaba at nagsasalita, o parang nagsasalita sa isang binatilyo na nakaluhod; at nakadungaw sa isang hukay o butas sa lupa. Nakaunat ang kanyang mga kamay at para siyang may inaabot

mula sa hukay o butas. Nakita ko ang batong pantakip na parang inalis mula sa ibabaw ng hukay kung saan dumudukwang ang binatilyo. Maraming tao sa daan, pero parang walang sinumang interesado sa dalawang lalaki na nasa gilid ng burol. May isang bagay na kasama sa panaginip na iyon na ipinagtataka ko kaya agad akong nagising; . . . Hindi ko maikukuwento ang panaginip ko kahit kanino pero parang nasisiyahan ako na iyon ang Anghel na si Moroni na nagbibilin sa batang si Joseph noong kinuha niya ang mga lamina.”

Noong tagsibol ng 1893, nagpunta si Elizabeth sa Salt Lake City sa paglalaan ng templo. Inilarawan niya ang kanyang karanasan: “Sa loob ay nakita ko ang larawang nakita ko sa aking panaginip, para itong colored glass window. Nasisiyahan ako sa pakiramdam na kung makikita ko ang Burol ng Cumorah mismo, ganito rin ang hitsura nito. Kuntento na ako na ipinakita sa akin sa panaginip ang larawan ni Anghel Moroni na ibinibigay ang mga laminang ginto kay Joseph Smith.”

Makalipas ang maraming taon matapos ang panaginip na ito at ilang buwan bago siya namatay sa edad na halos 88 anyos, si Elizabeth ay naka-tanggap ng napakalakas na impresyon. Sabi niya, “Malinaw na pumasok sa isip ko . . . na para bang may nagsabi sa akin na, . . . ‘Huwag mong ibaon sa lupa ang iyong patotoo.’”<sup>5</sup>

Makalipas ang ilang henerasyon, ang mga inapo ni Elizabeth ay patuloy na humuhugot ng lakas mula sa kanyang patotoo. Tulad ni Elizabeth, nabubuhay tayo sa mundong puno ng mga taong mapagduda at mapamintas na kumukutya at kumakalaban sa mga katotohanang mahalaga sa atin. Maaari tayong makarinig ng kuwentong nakalilito at magkakasalungat na mensahe. Tulad din ni Elizabeth, kailangan nating gawin ang lahat at kumapit nang mahigpit sa anumang liwanag at katotohanan na nasa atin ngayon, lalo na sa mahihirap na kalagayan. Ang mga sagot sa ating mga panalangin ay maaaring hindi dumating sa kagila-gilalas na paraan, ngunit dapat tayong maghanap ng tahimik na sandali para hanapin ang higit na liwanag at katotohanan. At kapag natanggap natin ito, responsibilidad nating ipamuhay ito, ibahagi ito, at ipagtanggol ito.

Iniiwan ko sa inyo ang aking patotoo na alam ko na kapag pinuno natin ang ating mga puso at tahanan ng liwanag at katotohanan ng Tagapagligtas, magkakaroon tayo ng tibay ng loob na makayanan ang bawat sitwasyon. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

*Paunawa: Noong Abril 4, 2015, si Sister Esplin ay ni-release bilang pangalawang tagapayo sa Primary general presidency at sinang-ayunan bilang unang tagapayo.*

#### MGA TALA

1. “Ang Pamilya’y sa Diyos,” sa *Ang mga Maganak ay Magkakasama Magpasawalanghanggan; 2014 Outline para sa Oras ng Pagbabahagi* (2013), 28–29.
2. Tingnan sa Moroni 10:5.
3. “Pamilya’y sa Diyos.”
4. Dieter F. Uchtdorf, “Pagtanggap ng Patotoo sa Liwanag at Katotohanan,” *Liahona*, Nob. 2014, 21.
5. Tingnan sa Elizabeth Staheli Walker, “My Testimony, Written for My Children and Their Children after I Am Gone,” 1939, 22–26, University of Nevada, Las Vegas, Special Collections; ang pagbabantas, pagpapalaki ng mga letra, at pagbabaybay ay pinagpare-pareho.



**Ni Carole M. Stephens**

Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency

# Ang Pamilya ay sa Diyos

*Kabilang at kailangan tayo sa pamilya ng Diyos.*

**M**ay mas maganda at malalim pa ba kaysa sa dalisay at simpleng mga katotohanan ng ebanghelyo na itinuro sa isang awitin sa Primary? At alam ninyong lahat na mga batang Primary na narito ngayong gabi ang tatalakayin ko. Natutuhan ninyo ito sa inyong Primary program noong isang taon.

Sa mga titik ng “Pamilya’y sa D’yos”<sup>1</sup>—na kinanta kanina sa miting na ito—ipinapaalala sa atin ang dalisay na doktrina. Nalaman natin na hindi lamang ang pamilya’y sa Diyos kundi bahagi rin ng pamilya ng Diyos ang bawat isa sa atin.

Itinuro ng unang linya ng awitin: **“Anak ako ng ating D’yos Ama. Ikaw! At ang ibang mga anak N’ya.”** Mula sa pagpapahayag sa mag-anak, nalaman natin na, “Sa buhay bago pa ang buhay sa mundo, kilala at sinamba ng mga espiritung anak na lalaki at anak na babae ang Diyos bilang kanilang Amang Walang Hanggan.” Sa buhay na iyon, nalaman natin ang ating walang-hanggang pagkakakilanlan bilang babae. Nalaman natin na bawat isa sa atin ay “minamahal na . . . anak na babae . . . ng mga magulang na nasa langit.”<sup>2</sup>

Hindi binago ng ating paglalakbay sa buhay sa lupa ang mga katotohanang iyon. Kabilang at kailangan tayo sa pamilya ng Diyos. Magkakaiba ang mga pamilya sa lupa. At bagama’t

ginagawa natin ang lahat para bumuo ng matatag na tradisyonal na pamilya, ang pagiging miyembro ng pamilya ng Diyos ay hindi batay sa anumang uri ng status o kalagayan sa buhay—may asawa man o wala, may anak o wala, mayaman o mahirap, kilala man o hindi sa lipunan, o kahit na ang status na ipino-post natin sa social media.

Tayo ay kabilang. “[Tayo] ay mga anak na babae ng [ating] Ama sa Langit, na nagmamahal sa [atin], at mahal [natin] Siya.”<sup>3</sup>

Ang pangalawang linya ng awitin ay nagpapaliwanag sa una. **“Tayong**

**lahat dito’y ipinadala, nang matuto sa pamilya.”**

Bago tayo isinilang, nalaman natin na kailangan tayong mabuhay bilang mortal. “Tinanggap [natin] ang plano [ng Ama sa Langit] na naglaan sa Kanyang mga anak na magkaroon ng pisikal na katawan at magtamo ng karanasan sa mundo upang umunlad tungo sa kaganapan at sa huli ay makamantan ang [ating] banal na tadhana bilang tagapagmana ng buhay na walang hanggan.”<sup>4</sup>

Ipinaliwanag ni Elder Richard G. Scott na “itinuro sa atin sa premortal na daigdig na ang ating layunin sa pagparito ay para mapatunayan, masubukan, at magtiis.”<sup>5</sup> Ang mga pagsubok na iyan ay dinaranas ng mga tao sa iba’t ibang paraan. Hindi ako nakaranas ng diborsyo, ng sakit at pagkaligalig ng isang inabandona, o ng responsibilidad ng inang mag-isang nagtataguyod ng pamilya. Hindi ko naranasang mamatayan ng anak, hindi magkaanak, o hindi pa ako naakit sa kapwa ko babae. Hindi ko naranasang maabuso o magkaroon ng paulit-ulit na sakit o adiksiyon. Hindi ito ang mga pagsubok na ibinigay sa akin.

Kaya ngayon iniisip ng ilan sa inyo, “Sister Stephens, kung ganoon, hindi mo kami nauunawaan!” At ang sagot ko ay maaaring tama kayo. Hindi ko lubusang nauunawaan ang mga



hamon ninyo sa buhay. Ngunit dahil sa *aking* sariling mga pagsubok—mga bagay na nagtulak sa *aking* manalangingin—nakilala ko nang ganap ang Taong nakauunawa—Siya “na bihasa sa karamdaman,”<sup>6</sup> na dumanas ng lahat at nauunawaan ang lahat. Maliban diyan, naranasan ko ang lahat ng pagsubok na nabanggit ko sa naging karanasan ng aking anak, ina, lola, kapatid, tiya, at kaibigan.

Ang ating oportunidad bilang pinagtipanang anak na babae ng Diyos ay hindi lang ang matuto mula sa sarili nating mga pagsubok sa buhay; ito ay upang magkaisa tayo nang may pagdamay at habag habang tinutulungan natin ang iba pang miyembro ng pamilya ng Diyos sa kanilang mga paghihirap, gaya nang ipinangako nating gawin.

Kapag ginagawa natin ito, nauunawaan din natin at nagtitiwala tayo na alam ng Tagapagligtas ang paraan at magagabayan tayo sa anumang dusa at kalungkutang darating sa atin. Siya ang tunay na pag-ibig, at ang Kanyang pagmamahal “ay nagtitiis magpakailanman”<sup>7</sup>—sa pamamagitan natin kapag sinusunod natin Siya.

Bilang mga anak na babae ng Diyos at disipulo ni Jesucristo, tayo ay “makakilos . . . ayon sa habag na itanim ng Diyos” sa mga puso natin.”<sup>8</sup> Ang ating impluwensya ay hindi limitado sa mga miyembro ng sarili nating pamilya.

Kamakailan ay nagkaroon ako ng pagkakataong makausap si Sister Yazzie ng Chinle Arizona Stake sa kanyang kubol. Nang patuluyin niya ako sa kanyang tahanan, napansin ko agad ang iba’t ibang nakakuwadrong retrato ng pamilya at mga missonary sa mga dingding at mesa. Kaya itinanong ko, “Sister Yazzie, gaano na karami ang apo mo?”

Nagulat siya sa tanong ko, kaya nagkibit-balikat siya. Nagtaka ako sa reaksyon niya, kaya tiningnan ko ang kanyang anak, si Sister Yellowhair, na nagsabing, “Hindi Niya alam kung gaano na karami ang mga apo niya. Hindi namin binibilang. Ang tawag sa kanya ng lahat ng bata ay Lola—Lola siya ng lahat.”

Ang pagmamahal at impluwensya ni Sister Yazzie ay hindi lamang nakuon sa kanyang pamilya. Alam niya kung paano palawakin ang kanyang impluwensya habang patuloy siyang

gumagawa ng mabuti, tumutulong, nag-aaruga at nagtatanggol sa pamilya ng Diyos. Nauunawaan niya na “sa tuwing palalakasin ng isang babae ang pananampalataya ng isang bata, siya ay nag-aambag sa kalakasan ng isang pamilya—ngayon at sa hinaharap.”<sup>9</sup>

Ipinaliliwanag pa ng ikatlong linya ng awitin ang layunin ng ating buhay sa mundo: “**D’yos tayo’y binigyan ng pamilya nang S’ya ay matularan.**” Itinuro ng Tagapagligtas, “Maging isa, at kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin.”<sup>10</sup> Itinuturo ng paghahayag sa mag-anak na bilang minamahal na mga anak ng mga magulang sa langit, tayo ay may banal na katangian, walang hanggang pagkakakilanlan, at layunin. Nais ng Diyos na magkaisa tayo. Nais ng Diyos na tayo ay maging isa—mga anak na babae ng tipan na nagkakaisa bagama’t magkakaiba ang buhay,<sup>11</sup> na hangad na malaman ang lahat ng kailangan para makabalik sa Kanyang piling, ibinuklod sa Kanya bilang bahagi ng Kanyang walang hanggang pamilya.

“Ang mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon



sa [atin] na makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang hanggan.”<sup>12</sup> Ang mga ordenansang tinatanggap natin at ginagawa natin sa binyag at sa banal na templo ay nag-uugnay sa pamilya ng Diyos sa magkabilang panig ng tabing—inuugnay tayo sa ating Ama sa pamamagitan ng Tagapagligtas, na nanalanging, “Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako’y sa iyo, upang sila rin ay maging isa sa atin.”<sup>13</sup>

Kung iukol natin ang ating panahon sa buhay na ito sa pag-aaral at pagsunod sa mga turo ng Tagapagligtas, tayo ay higit na matutulad sa Kanya. Mauunawaan natin na Siya ang tanging paraan—ang tanging daan—na makakayanan natin ang mga hamon sa buhay, mapapagaling, at makakabalik sa ating tahanan sa langit.

Ang huling linya ng awitin ay bumalik sa simula ng kanta: “**Ang pag-ibig N’ya’y taos, dahil pamilya’y sa D’yos.**” Ang plano ng Ama para sa Kanyang mga anak ay plano ng pagmamahal. Ito ay planong ibuklod ang Kanyang mga anak—Kanyang pamilya—sa Kanya. Itinuro ni Elder Russell M. Nelson: “Ang Ama sa Langit ay may dalawang hangarin para sa Kanyang mga anak . . . : ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan, ‘na ang ibig sabihin ay muling makabalik at mabuhay sa Kanyang piling.’”<sup>14</sup> Ang mga hangaring iyon ay makakamtan lamang kapag ibinahagi rin natin ang pagmamahal ng Ama sa Langit sa Kanyang pamilya sa pamamagitan ng pagtulong at pagbabahagi ng Kanyang plano sa iba.

Dalawampung taon na ang nakalipas, ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ay nagbigay sa buong mundo ng pahayag tungkol sa pamilya. Mula noon, ay tumindi ang pagtuligsa sa pamilya.

Kung nais nating magtagumpay sa ating mga banal na responsibilidad bilang mga anak ng Diyos, dapat nating maunawaan ang walang hanggang kahalagahan ng responsibilidad ng bawat isa sa atin na ituro ang mga katotohanan tungkol sa plano ng ating Ama sa Langit



para sa Kanyang pamilya. Ipinaliwanag ni Pangulong Howard W. Hunter:

“Talagang kailangang magkaisa ang kababaihan ng Simbahan sa paninindigan kasama ng mga Kapatid sa pagpigil sa kasamaan na nakapalibot sa atin at sa pagsusulong ng gawain ng ating Tagapagligtas. . . .

“ . . . Kaya’t hinihiling namin sa inyo na maglingkod taglay ang malakas ninyong impluwensya sa kabutihan sa pagpapatatag ng ating mga pamilya, simbahan, at komunidad.”<sup>15</sup>

Mga kapatid, tayo ay kabilang. Tayo ay minamahal. Tayo ay kailangan. Tayo ay may banal na layunin, gawain, lugar, at tungkulin sa Simbahan at kaharian ng Diyos at sa Kanyang walang-hanggang pamilya. Nadarama ba ninyo sa inyong puso na mahal kayo ng Ama sa Langit at nais Niyang makasama kayo at ang inyong mga mahal sa buhay? Tulad ng “ang Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo ay perpekto . . . , ang Kanilang inaasam para sa atin ay perpekto rin.”<sup>16</sup> Ang plano Nila para sa atin ay perpekto, at ang Kanilang mga pangako ay tiyak na matutupad. Pinatotohanan ko ito nang may lubos na pasasalamat sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Tingnan sa “Pamilya’y sa Diyos,” sa *Ang mga Pamilya ay Walang Hanggan: 2014 Outline para sa Oras ng Pagbabahagi* (2013), 28–29.
2. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
3. “Tema ng Young Women,” sa *Pansariling Pag-unlad ng Young Women* (buklet, 2009), 3.
4. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo.”
5. Richard G. Scott, “Unahin Ninyong Manampalataya,” *Liahona*, Nob. 2014, 92.
6. Isaias 53:3.
7. Moroni 7:47.
8. Joseph Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 19.
9. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 186.
10. Doktrina at mga Tipan 38:27.
11. Tingnan sa Patricia T. Holland, “‘One Thing Needful’: Becoming Women of Greater Faith in Christ,” *Ensign*, Okt. 1987, 26–33.
12. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo.”
13. Juan 17:21.
14. R. Scott Lloyd, “God Wants His Children to Return to Him, Elder Nelson Teaches,” Church News section ng LDS.org, Ene. 28, 2014, lds.org/church/news/god-wants-his-children-to-return-to-him-elder-nelson-teaches.
15. Howard W. Hunter, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 184; tingnan din sa “To the Women of the Church,” *Ensign*, Nob. 1992, 96.
16. M. Russell Ballard, “Let Us Think Straight” (Brigham Young University devotional, Ago. 20, 2013); speeches.byu.edu.



Ni Bonnie L. Oscarson  
Young Women General President

# Mga Tagapagtanggol ng Pagpapahayag ukol sa Mag-anak

*Tumulong tayong itayo ang kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng paninindigan nang buong tapang at pagiging mga tagapagtanggol ng kasal, pagiging magulang, at tahanan.*

**K**aylaking pribilehiyo at kagalakan ang maging bahagi ng kagilangilalas na pulong na ito ng kababaihan. Mapalad tayong kababaihan na magkasama-sama ngayong gabi nang may pagkakaisa at pagmamahal.

Nabasa ko kamakailan ang kuwento ni Marie Madeleine Cardon, na, kasama ng kanyang pamilya, ay

tinanggap ang mensahe ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo mula sa mga unang missionary na tinawag na maglingkod sa Italy noong 1850. Siya ay dalagitan 17 o 18 taong gulang nang mabinyagan. Isang araw ng Linggo, habang nagdaraos ng samba sa kanilang tahanan sa tuktok ng Alps sa hilagang Italy, isang galit na grupo

ng kalalakihan, kasama ang ilang lokal na mga pastor, ang nagtipon sa paligid ng bahay at nagsimulang magsigawan, maghiyawan, at pinalalabas ang mga missionary. Palagay ko hindi iyon dahil gustung-gusto nilang maturuan ng ebanghelyo—balak nilang manakit. Ang batang si Marie ang lumabas ng bahay para harapin ang grupo.

Patuloy silang naghiyawan at pilit na pinalalabas ang mga missionary. Itinaas ni Marie ang Biblia na hawak niya at inutusan silang umalis. Sinabi niya sa mga ito na ang mga elder ay nasa ilalim ng kanyang pangangalaga at hindi nila maaaring saktan ni isang buhok nila sa ulo. Makinig sa kanyang mga salita: “Lahat sila’y nagulat. . . Kasama ko ang Diyos. Siya ang naglagay ng mga salitang iyon sa aking bibig, dahil kung hindi, di ko ’yon masasambit. Kaagad na huminahon ang lahat. Walang nagawa ang malalakas na lalaki sa harap ng isang mahina, nangangatog, ngunit walang-takot na bata.” Pinaalis ng mga pastor ang grupo, na tahimik namang umalis na nahihiya, takot, at nagsisisi. Natapos ng munting kawan ang kanilang pulong nang payapa.<sup>1</sup>

Naiisip ba ninyo ang matapang na dalagitan iyon, na kaedad ng marami sa inyo, na nakatayo sa harap ng isang grupo at ipinagtatanggol ang kanyang bagong natagpuang paniniwala nang buong tapang at pananalig?

Mga kapatid, ang ilan sa atin ay kakailanganing humarap sa isang galit na grupo, ngunit may isang digmaang nangyayari sa mundong ito kung saan inaatake ang ating itinatangi at pangunahing mga doktrina. Ang tinutukoy ko ay ang doktrina ng pamilya. Ang kasa-graduhan ng tahanan at mahahalagang layunin ng pamilya ay pinagdududahan, pinipintasan, at nilulusob sa lahat ng paraan.

Nang unang basahin ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo” 20 taon na ang nakalipas, ipinagpalamat at pinahalagahan natin ang kalinawan, kasimplihan, at katotohanan ng dokumentong ito na ibinigay sa pamamagitan ng paghahayag. Hindi natin gaanong naunawaan noon, na lubha





nating kakailanganin ang mahahala-  
gang pahayag na ito sa mundo ngayon  
bilang sukatan ng ating paghatol sa  
bawat bagong pilosopiya ng mundo  
na inilalahad sa atin ng media, Inter-  
net, mga scholar, TV at mga pelikula,  
at maging ng mga mambabatas. Ang  
pahayag tungkol sa pamilya ang naging  
sukatan ng paghatol sa mga piloso-  
piya ng mundo, at pinatotohanan ko  
na ang mga alituntuning itinakda sa  
pahayag na ito ay totoo ngayon katulad  
noong ibigay ito sa atin ng propeta ng  
Diyos halos 20 taon na ang nakalipas.

Puwede ko bang linawin ang isang  
bagay? Bihirang umayon ang buhay sa  
plano ng sinuman, at alam na alam na-  
tin na hindi lahat ng babae ay nararana-  
san ang nakasaad sa pahayag. Mahalaga  
pa ring maunawaan at ituro ang halim-  
bawa ng Panginoon at sikaping sundin  
ang halimbawang iyon hangga't maaari.

Bawat isa sa atin ay may bahaging  
gagampanan sa plano, at bawat isa ay  
pare-parehong mahalaga sa paningin  
ng Panginoon. Dapat nating tandaan  
na batid ng mapagmahal na Ama sa  
Langit ang ating matwid na mga ha-  
ngarin at tutuparin Niya ang Kanyang  
mga pangako at walang ipagkakait sa  
matatapat na tumutupad ng kanilang  
mga tipan. Ang Ama sa Langit ay may  
misyon at plano para sa bawat isa sa  
atin, ngunit may takdang-oras din Siya.  
Isa sa mga pinakamahirap na hamon  
sa buhay na ito ang manampalataya sa  
takdang-oras ng Panginoon. Makabu-  
buting mag-isip ng alternatibong plano,  
na tutulong sa atin na tuparin ang mga  
tipan, maging mapagkawanggawa, at  
matwid na kababaihang nagtatayo ng  
kaharian anuman ang uri ng ating bu-  
hay. Kailangan nating turuan ang ating  
mga anak na babae na hangarin ang  
uliran ngunit magplano para sa mga  
pangyayaring di inaasahan.

Sa ika-20 anibersaryo ng pagpa-  
pahayag ukol sa pamilya, gusto kong  
magpalabas ng isang hamon para sa  
ating lahat na kababaihan ng Simba-  
han na maging mga tagapagtanggol ng  
“Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag  
sa Mundo.” Tulad noong buong tapang  
na ipagtanggol ni Marie Madeleine  
Cardon ang mga missionary at ang



kanyang bagong-tuklas na relihiyon,  
kailangang buong tapang nating ipag-  
tanggol ang inihayag na mga doktrina  
ng Panginoon na nagpapaliwanag sa  
kasal, pamilya, banal na tungkulin ng  
mga lalaki at babae, at kahalagahan  
ng tahanan bilang sagradong lugar—  
kahit isinisigaw ng mundo sa ating mga  
tainga na ang mga alituntuning ito ay  
makaluma, mahigpit, at di na mahalaga.  
Lahat ng tao, anuman ang sitwasyon  
nilang mag-asawa o ilan man ang anak  
nila, ay maaaring maging tagapagtang-  
gol ng plano ng Panginoon na inilara-  
wan sa pahayag tungkol sa pamilya.  
Kung iyon ang plano ng Panginoon,  
dapat iyon din ang plano natin!

May tatlong alituntuning itinuro  
sa pahayag na palagay ko'y talagang  
nangangailangan ng matatag na mga  
tagapagtanggol. Ang una ay ang kasal  
sa pagitan ng lalaki at babae. Itinuro sa  
atin sa mga banal na kasulatan, “Gayon  
man, ang babae ay di maaaring walang  
lalake at ang lalake ay di maaaring  
walang babae, sa Panginoon.”<sup>2</sup> Para  
matamo ng sinuman ang kaganapan ng  
mga pagpapala ng priesthood, kaila-  
ngang mabuklod ang mag-asawang

lalaki at babae sa bahay ng Panginoon,  
na nagtutulungan sa kabutihan, at  
nananatiling tapat sa kanilang mga  
tipan. Ito ang plano ng Panginoon  
para sa Kanyang mga anak, at walang  
anumang pagtalakay o pamimintas  
na makapagpapabago sa ipinahayag  
na ng Panginoon. Kailangan nating  
patuloy na ipakita ang ulirang mga  
kasal, hangarin ang pagpapalang iyon  
sa ating buhay, at manampalataya kung  
hindi ito darating kaagad. Maging mga  
tagapagtanggol tayo ng kasal tulad ng  
inorden ng Panginoon habang patuloy  
tayong nagpapakita ng pagmamahal at  
habag sa mga taong iba ang pananaw.

Ang sumunod na alituntuning na-  
ngangailangan ng ating pagtatanggol ay  
ang paggalang sa mga banal na tung-  
kulin ng mga ama at ina. Sabik nating  
itinuturo sa ating mga anak na magka-  
roon ng matayog na mithiin sa buhay  
na ito. Nais nating tiyaking malaman ng  
ating mga anak na babae na may po-  
tensyal silang makamit at marating ang  
anumang iniisip nila. Inaasahan natin  
na gugustuhin nilang matuto, mag-aral,  
maging matalino, at marahil ay maging  
isa pang Marie Curie o Eliza R. Snow.

Itinuturo din ba natin sa ating mga anak na lalaki at babae na walang mas malaking karangalan, mas iginagalang na titulo, at mas mahalagang tungkulin sa buhay na ito maliban sa isang ama at ina? Umaasa ako na habang hinihikayat natin ang ating mga anak na abutin ang pinakamainam sa buhay na ito ay tuturuan din natin silang igo at dakilain ang mga tungkuling ginagampanan ng mga ama at ina sa plano ng ating Ama sa Langit.

Nakakita ang aming bunsong anak na si Abby ng pagkakataong manindigan bilang tagapagtanggol ng tungkulin ng ina. Isang araw nakatanggap siya ng pabatid mula sa eskuwela ng kanyang mga anak na may pagtatanghal sa Career Day sa eskuwela. Inimbitahan ang mga magulang na magpadala ng application kung gusto nilang magpunta sa eskuwela para turuan ang mga bata tungkol sa kanilang gawain, at naisip ni Abby na mag-apply para makapunta at magsalita tungkol sa pagiging ina. Wala siyang natanggap na sagot mula sa eskuwela, at nang malapit na ang Career Day, tumawag siya sa eskuwela, na iniisip na baka nawala nila ang application niya. Naghanap ang mga organizer ng klaseng matuturuan niya at nakakita sila ng dalawang gurong pumayag na pagsalitin si Abby sa kanilang klase sa pagtatapos ng Career Day.

Sa masayang paglalahad niya sa mga bata, itinuro ni Abby sa kanila, bukod sa iba pa, na bilang ina kinailangan niyang maging eksperto sa medisina, psychology, relihiyon, pagtuturo, musika, literatura, sining, pananalapi, pagdedekorasyon, pagsusuklay ng buhok, pagmamaneho, sports, pagluluto, at napakarami pang iba. Humanga ang mga bata. Nagtapos siya sa pagsasabi sa mga bata na alalahanin ang kanilang ina sa pagsulat ng pasasalamat sa maraming mapagmahal na paglilingkod na tinatanggap nila sa araw-araw. Nadama ni Abby na nagbago ang tingin ng mga bata sa kanilang ina at na ang pagiging ina o ama ay isang bagay na napakahalaga. Nag-apply siya ulit sa taong ito para makapagbahagi sa Career Day at naanyayahan siyang magbahagi sa anim na klase.



Ito ang sinabi ni Abby tungkol sa kanyang karanasan: “Pakiramdam ko magiging madali para sa isang bata sa buhay na ito na maunawaan na ang pagiging magulang ay pangalawang gawain o kung minsan pa nga ay isang nakakaabalang bagay na kailangang harapin. Gusto kong madama ng bawat bata na sila ang pinakamahalagang prioridad ng kanilang magulang, at siguro sa pagsasabi sa kanila kung gaano kahalaga sa akin ang pagiging magulang ay matatanto nila ang lahat ng ginagawa ng kanilang mga magulang para sa kanila at bakit nila ito ginagawa.”

Ang ating pinakamamahal na propeta, si Pangulong Thomas S. Monson,

ay isang magandang halimbawa ng paggalang sa kababaihan at pagiging ina, lalo na sa sarili niyang ina. Pa-tungkol sa ating mga ina sa daigdig, sinabi niya: “Nawa’y pahalagahan ng bawat isa sa atin ang katotohanang ito; hindi maaaring kalimutan ng sinuman ang ina at alalahanin ang Diyos. Hindi maaaring alalahanin ng sinuman ang ina at kalimutan ang Diyos. Bakit? Dahil ang dalawang banal na nilalang na ito, ang Diyos at ang ina [natin sa lupa], na magkatuwang sa paglikha, sa pagmamahal, sa pagsasakripisyo, sa paglilingkod, ay nagkakaisa.”<sup>3</sup>

Ang huling alituntuning kailangan nating panindigan at ipagtanggol ay ang kasagraduhan ng tahanan.

Kailangan nating pansinin ang isang kataga na kung minsan ay sinasambit nang may panunuya at parangalan ito. Ang kataga ay *maybahay*. Lahat tayo—mga babae, lalaki, kabataan, at bata, may-asawa o wala—ay maaring magsikap na maging maybahay. Dapat nating “gawin ang ating tahanan” na mga lugar ng kanlungan, kabanalan, at kaligtasan. Ang ating tahanan ay dapat maging mga lugar kung saan saganang nadarama ang Espiritu ng Panginoon at kung saan pinag-aaralan, itinuturo, at ipinamuhay ang mga banal na kasulatan at ebanghelyo. Malaking kaibhan ang magagawa sa mundo kung lahat ng tao ay ituturing ang kanilang sarili na mga tagalikha ng mabubuting tahanan. Ipagtanggol natin ang tahanan bilang isang lugar na pumapangalawa lamang sa templo sa kabanalan.

Mga kapatid, nagpapasalamat akong maging isang babae sa mga huling araw na ito. May mga pagkakataon at posibilidad tayo na hindi natamo ng ibang henerasyon ng kababaihan sa mundo. Tumulong tayong itayo ang kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng paninindigan nang buong tapang at pagiging mga tagapagtanggol ng kasal, pagiging magulang, at tahanan. Kailangan ng Panginoon na tayo ay maging matapang, matatag, at di-natitinag na mga mandirigma na magtatanggol sa Kanyang plano at ituturo sa darating na mga henerasyon ang Kanyang mga katotohanan.

Pinatotohanan ko na ang Ama sa Langit ay buhay at mahal Niya ang bawat isa sa atin. Ang Kanyang Anak na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at Manunubos. Iniwan ko sa inyo ang patotoong ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Tingnan sa Marie Madeline Cardon Guild, “Marie Madeline Cardon Guild: An Autobiography,” [cardonfamilies.org/Histories/MarieMadelineCardonGuild.html](http://cardonfamilies.org/Histories/MarieMadelineCardonGuild.html); see also Marie C. Guild autobiography, circa 1909, Church History Library, Salt Lake City, Utah.
2. I Mga Taga Corinto 11:11.
3. Thomas S. Monson, “Behold Thy Mother,” *Ensign*, Ene. 1974, 32.



Ni Pangulong Henry B. Eyring  
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

## Ang Mang-aaliw

*Nagpapatotoo ako na isinusugo ng buhay na Cristo ang Espiritu Santo, ang Mang-aaliw, sa mga ipinangako natin sa Kanya na aaliwin.*

**M**inamahal kong mga kapatid, malaking kagalakan para sa akin ang makasama kayo. Naisip ko ang nanay ko, asawa ko, anak ko, mga manugang ko, mga apo kong babae—marami sa kanila ang narito ngayon. Labis ko silang pinasasalamat dahil sa magandang programang ito. Nauunawaan ko na ang pagkakaroon ng gayong pamilya at ng magandang buhay-pamilya ay mula sa pagsesentro sa Tagapagligtas sa kanilang buhay. Ginunita natin Siya ngayong gabi sa musika, mga dasal, at

sa mga inspiradong sermon. Isa sa mga katangian ng Tagapagligtas na lubha nating pinasasalamat ay ang Kanyang walang hanggang pagkahabag.

Nadama na ninyo na kilala at mahal Niya kayo. At nadama ninyo ang pagmamahal Niya sa mga nakaupo sa paligid ninyo ngayon. Sila ay mga kapatid ninyo, mga espiritung anak na babae ng ating Ama sa Langit. Mahal Niya sila tulad ng pagmamahal Niya sa inyo. Nauunawaan Niya ang lahat ng kanilang mga kalungkutan. Nais Niyang tulungan sila.



Ang mensahe ko sa inyo ngayong gabi ay na maaari at dapat kayong maging mahalagang bahagi ng Kanyang pagbibigay kapanatagan sa mga taong nangangailangan ng aliw. Mahusay magagampanan ang inyong papel kung alam ninyo kung paano Niya sinasagot ang mga panalangin ng mga nangangailangan.

Marami ang nagdarasal sa Ama sa Langit para sa kaginhawahan, para humingi ng tulong sa pagpapasan nila ng pighati, lungkot, at takot. Naririnig ng Ama sa Langit ang mga panalangin iyon at nauunawaan ang kanilang mga pangangailangan. Siya at ang Kanyang Pinakamamahal na Anak, ang nabuhay na muling si Jesucristo, ay nangako ng tulong.

Ibinigay ni Cristo ang magiliw na pangakong ito:

“Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nanga-bibigatang lubha, at kayo’y aking papagpapahingahin.

“Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka’t ako’y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo

ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.

“Sapagka’t malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan.”<sup>1</sup>

Ang mabibigat na pasanin ng Kanyang matatapat na lingkod ay pinagagaan ng Kanyang Pagbabayad-sala. Ang mabibigat na pasanin ng kasalanan ay maaaring maalis, ngunit ang mga pagsubok ng buhay na ito ay maaaring maging mabigat pa rin para sa mabubuting tao.

Nakita na ninyo ang gayong mga pagsubok sa buhay ng mabubuting tao na mahal ninyo. Nadama ninyong gusto ninyo silang tulongan. May dahilan ang nadarama ninyong pagkaha-bag sa kanila.

Kayo ay pinagtipanang miyembro ng Simbahan ni Jesucristo. Nagkaroon ng malaking pagbabago sa puso ninyo nang maging miyembro kayo ng Kanyang Simbahan. Nakipagtipan kayo, at natanggap ninyo ang pangako na nagpabago sa inyong pagkatao.

Inilarawan ni Alma, sa kanyang mga salita sa mga Tubig ng Mormon, ang ipinangako ninyo sa inyong binyag at ano ang ibig sabihin nito sa

inyo at sa lahat ng nasa paligid ninyo. Nagsasalita siya sa mga gagawa ng mga tipang ginawa ninyo, at natanggap din nila ang pangakong ginawa ng Panginoon sa inyo.

“Masdan, narito ang mga tubig ng Mormon (sapagkat sa gayon ang mga yaon ay tinawag) at ngayon, yamang kayo ay nagnanais na lumapit sa kawan ng Diyos, at matawag na kanyang mga tao, at nahahandang magpasan ng pasanin ng isa’t isa, nang ang mga yaon ay gumaan;

“Oo, at nahahandang makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati, oo, at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan kayo ay maaaring naroroon, maging hanggang kamatayan, nang kayo ay matubos ng Diyos, at mapabilang sa kanila sa unang pagkabuhay na mag-uli, nang kayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.”<sup>2</sup>

Kaya nga nadarama ninyo na gusto ninyong tulongan ang taong nahihirapan sa mabibigat na pasanin at pighati. Nangako kayong tutulongan ang Panginoon na mapagaan ang kanilang mga pasanin at mapanatag. Binigyan kayo ng kapangyarihang tulongan na mapagaan ang mga pasaning iyon nang matanggap ninyo ang kaloob na Espiritu Santo.

Noong Siya ay ipapako sa krus, inilarawan ng Tagapagligtas ang paraan ng pagtulong Niya na mapagaan ang mga pasanin at nagbibigay ng lakas na dalhin ang mga ito. Alam Niyang magdadalamhati ang Kanyang mga disipulo. Alam Niya na matatakot sila para sa kanilang kinabukasan. Alam Niya na mag-aalinlangan sila sa kakayahang nilang sumulong.

Kaya ibinigay Niya sa kanila ang pangako na ibinigay Niya sa atin at sa lahat ng Kanyang tunay na mga disipulo:

“At ako’y dadalangin sa Ama, at kayo’y bibigyan niya ng ibang Manga-aliw, upang siyang suma inyo magpakailan man,

“Sa makatuwid baga’y ang Espiritu ng katotohanan; na hindi matatanggap ng sanglibutan, sapagka’t hindi nito





ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanang ang inyong puso, ni matakot man.”<sup>4</sup>

Nito lang mga nakaraang linggo nakita kong natupad ang pangakong ipadadala ang Espiritu Santo sa buhay ng mga anak ng Diyos na sumasamo sa panalangin na pagaanin ang kanilang mga pasanin. Ang himala ng paggaan ng mga pasanin ay dumating sa paraang ipinangako ng Panginoon: Isinugo Niya at ng Ama sa Langit ang Espiritu Santo bilang Mang-aaliw sa Kanyang mga disipulo para makatulong.

Mumbai, India

kanilang malaking pasanin. Naroon ako bilang lingkod ng Panginoon— gaya ng madalas na mangyayari sa inyong buhay—upang “makidalamhati sa mga nagdadalamhati at aliwin ang nangangailangan ng aliw.”<sup>5</sup>

Dahil alam kong iyan ay totoo, ako ay nasiyahan at payapa ang kalooban ko nang anyayahan ako ng mga lolo at lola na makipagkita sa kanila at sa mga magulang ng bata bago ito ilibing.

Nagdasal ako para malaman kung paano ko matutulungan ang Panginoon na aliwin sila. Kasama ko silang umupo sa sala namin. Pinainitan ko ang silid noong malamig na gabing iyon gamit ang maliit na apoy sa fireplace.

Nadama ko na dapat kong sabihin sa kanila na mahal ko sila. Sinabi ko sa kanila na nadama ko ang pagmamahal ng Panginoon para sa kanila. Sa ilang salita sinikap kong sabihin sa kanila na nalungkot ako para sa kanila at ang Panginoon lamang ang ganap na makararanas ng kanilang nadaramang sakit at dalamhati.

Matapos sabihin ang mga salitang iyon, nakinig ako nang may pagmamahal habang nagsasalita sila tungkol sa kanilang damdamin.

Habang magkakasama kaming nakaupo, mas marami silang nasabi kaysa sa akin. Dama ko sa kanilang tinig at nakikita sa kanilang mga mata na inaanig sila ng Espiritu Santo. Sa simpleng patotoo, sinabi nila kung ano ang nangyari at nadama nila. Ibinigay na sa kanila ng Espiritu Santo ang kapayapaan na nagmumula sa pag-asa ng buhay na walang hanggan, kung saan ang kanilang anak, na namatay nang walang kasalanan, ay mapapasakanila magpakailanman.

Nang bigyan ko ang bawat isa sa kanila ng basbas ng priesthood, nagpasalamat ako sa impluwensya ng Espiritu Santo na naroon. Dumating ang Mang-aaliw at naghatid ng pag-asa at kapanatagan at ibayong lakas para sa aming lahat.

Nang gabing iyon, nakita ko kung paano kumikilos ang Panginoon sa atin para mapagaan ang pasanin ng Kanyang mga tao. Naaalala ninyo sa Aklat ni Mormon nang halos madurog ang



siya nakikita, ni nakikilala man siya: siya’y nakikilala ninyo; sapagka’t siya’y tumatahan sa inyo, at sasa inyo.”<sup>3</sup>

At ipinangako Niya:

“Datapuwa’t ang Mangaaliw, samakatuwid baga’y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo’y aking sinabi.

“Ang kapayapaan ay iniwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay

Kamakailan tatlong henerasyon ng pamilya ang nagdadalamhati sa pagkamatay ng limang-taong-gulang na batang lalaki. Namatay ang bata sa aksidente habang nagbabakasyon kasama ang pamilya niya. Binigyan ako ng pagkakataong makitang muli kung paano binibigyan ng Panginoon ang matatapat ng kapanatagan at lakas para makapagtiis.

Minasdan ko ang mga paraang ginawa ng Panginoon para gumaan ang



Kanyang mga tao dahil sa mga pasaning iniatang sa kanila ng malulupit na tagapagbantay.

Nagsumamo ang mga tao na bigyan sila ng kaginhawahan, tulad ng pag-samo ng marami sa mga minamahal at pinaglilingkuran natin. Narito ang tala, na alam kong totoo:

“At pagagaanin ko rin ang mga pasaning ipinataw sa inyong mga balikat, na maging kayo ay hindi madarama ang mga ito sa inyong mga likod, maging habang kayo ay nasa pagkaalipin; at ito ay gagawin ko upang kayo ay tumayong mga saksi para sa akin magmula ngayon, at upang inyong malaman nang may katiyakan na ako, ang Panginoong Diyos, ay dumadalaw sa aking mga tao sa kanilang mga paghihirap.

“At ito ay nangyari na, na ang mga pasaning ipinataw kay Alma at sa kanyang mga kapatid ay pinagaan; oo, pinalakas sila ng Panginoon upang mabata nila ang kanilang mga pasaning nang may kagaanan, at nagpasailalim nang may kagalakan at nang may pagtitiis sa lahat ng kalooban ng Panginoon.”<sup>6</sup>

Paulit-ulit kong nakita ang himalang iyan. Pinagagaan natin ang pasaning ng iba sa pagtulong sa Panginoon na

palakasin sila. Iyan ang dahilan kaya idinagdag ng Panginoon sa ating responsibilidad na aliwin ang iba ang kautusang maging Kanyang mga saksi sa lahat ng panahon at sa lahat ng lugar.

Ang ama at ina ng bata ay nagpatotoo tungkol sa Tagapagligtas nang gabing iyon sa aking tahanan. At dumating ang Espiritu Santo, at lahat ay napanatag. Napalakas ang mga magulang. Hindi naglaho ang bigat ng dalamhati, pero nagawa nilang matiis ang kalungkutan. Nadagdagan ang kanilang pananampalataya. At patuloy silang lalakas habang hinihiling ito at ipinamumuhay ito.

Ang pagsaksi ng Espiritu ukol sa Pagbabayad-sala na dumating nang gabing iyon ang siya ring nagpalakas kay Job sa pagdadala ng kanyang mga pasaning:

“Nguni’t talastas ko na manunubos sa akin ay buhay, at siya’y tatayo sa lupa sa kahulihulihan:

“At pagkatapos na magibang ganito ang aking balat, gayon ma’y makikita ko ang Dios sa aking laman.”<sup>7</sup>

Ang patotoong iyon ng Espiritu ang nagbigay sa kanya ng lakas na magtiis. Daranas siya ng pighati at ng kawalan ng pag-alo mula sa mga taong nakapaligid sa kanya para makita ang

kagalakan na maaaring dumating sa matatapat matapos malampasan nang buong katapatan ang mga pagsubok.

Nangyari ito kay Job. Dumating sa kanya ang mga pagpapala sa buhay na ito. Ang kuwento ni Job ay nagtapos sa himalang ito:

“Sa gayo’y pinagpala ng Panginoon ang huling wakas ni Job na higit kay sa kaniyang pasimula. . . .

“At sa buong lupain ay walang mga babaing masumpungan na totoong maganda na gaya ng mga anak na babae ni Job: at binigyan sila ng kanilang ama ng mana sa kasamahan ng kanilang mga kapatid.

“At pagkatapos nito’y nabuhay si Job na isang daan at apat na pung taon, at nakita niya ang kaniyang mga anak, at ang mga anak ng kaniyang mga anak, hanggang sa apat na saling lahi.

“Gayon namatay si Job, na matanda at puspos ng mga kaarawan.”<sup>8</sup>

Ang pagpapatotoo ng Espiritu sa parating na Pagbabayad-sala ang tumulong kay Job na mapagtiisan ang mga pagsubok ng buhay. Bahagi ito ng dakilang plano ng kaligayahan na ibinigay sa atin ng Ama. Tinulutan Niya ang Kanyang Anak na maglaan, sa pamamagitan ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, ng pag-asa na umaaliw sa atin kahit gaano kahirap ang daan pauwi sa Kanya.

Ipinadala ng Ama at ng Anak ang Espiritu Santo para aliwin at palakasin ang mga disipulo ng Panginoon sa kanilang paglalakbay.

Nakita ko ang himalang ito ng kapanatagan pagdating ko sa labas ng chapel kung saan ibinurol ang bata. Kinausap ako ng isang magandang babae na hindi ko nakilala. Sinabi niya na siya ay pumunta sa libing upang makidalamhati at upang magbigay-alo kung kaya niya.

Sinabi niya na siya ay pumunta rin sa libing para gumaan ang nadarama niya. Sinabi niya na ang panganay niyang anak ay namatay kamakailan. Karga niya sa kanyang mga bisig ang isang maliit na magandang batang babae. Lumapit ako at tiningnan ko ang mukha ng nakangiting batang babae. Tinanong ko ang ina ng bata, “Ano’ng

pangalan niya?” Mabilis at masaya ang sagot niya, “Joy [po], ang pangalan niya. Ang kagalakan ay laging dumarating pagkatapos ng kalungkutan.”

Nagpapatotoo siya sa akin. Nakita ko na napasakanya ang kapayapaan at kapanatagan na mula sa tanging tunay na pinagmumulan nito. Diyos lamang ang nakaaalam sa niloloob ng ating mga puso, at Siya lamang ang totoong makapagsasabi na, “Alam ko ang nadarama mo.” Kaya nakikinita ko kapwa ang kagalakan at kalungkutang nauna rito, ngunit ganap itong alam ng Panginoong nagmamahal sa kanya.

Bahagi lamang ng nadarama Niyang galak ang batid ko sa tuwing kayo, bilang Kanyang mga disipulo, ay tumutulong sa Kanya sa paghahatid ng kapayapaan at kagalakan sa anak ng ating Ama sa Langit.

Pinatotohanan ko na iniutos ng Panginoon sa bawat isa sa atin, na Kanyang mga disipulo, na tulungan ang isa’t isa na pagaanin ang mga pasanin. Nangako tayong gagawin ito. Pinatotohanan ko na ang Panginoon, sa Kanyang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli, ay kinalag ang gapos ng kapangyarihan ng kamatayan. Nagpapatotoo ako na isinusugo ng buhay na Cristo ang Espiritu Santo, ang Mang-aaliw, sa mga ipinangako natin sa Kanya na aaliwin.

Kayong lahat ay saksi, tulad ko, sa katotohanan ng nakasulat sa pin na mahigit dalawampung taong suot ng aking ina bilang miyembro ng Relief Society general board. Nakasaad doon, “Ang Pag-ibig ay Hindi Nagkukulang Kailanman.” Hindi ko rin alam ang buong kahulugan ng mga salitang iyon. Pero nasusulyapan ko ito sa tuwing makikita ko siyang tumutulong sa mga nangangailangan. Sinasabi sa atin ng banal na kasulatan ang katotohanang ito: “Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dali-say na pag-ibig ni Cristo.”<sup>10</sup>

Hindi kailanman nagkukulang ang kanyang pagmamahal, at nadarama natin tuwina sa ating mga puso ang hangaring “makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati . . . at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw.”<sup>11</sup> Hindi rin kailanman mapapawi



ang kapayapaan na ipinangako Niya habang pinaglilingkuran natin ang iba para sa Kanya.

Bilang Kanyang saksi, ipinaaabot ko ang pasasalamat sa ginagawa ninyo nang husto para sa buhay na Panginoong Jesucristo at sa Espiritu Santo, ang Mang-aaliw, sa pagpapalakas ng mga tuhod ng mahihina at pagtataas ng mga kamay na nakababa.<sup>12</sup> Nagpapasalamat ako, nang buong puso, sa mga babae sa aking buhay na nakatulong sa akin at nagpala sa akin bilang tunay

na disipulo ni Jesucristo. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Mateo 11:28–30.
2. Mosias 18:8–9.
3. Juan 14:16–17.
4. Juan 2:26–27.
5. Mosias 18:9.
6. Mosias 24:14–15.
7. Job 19:25–26.
8. Job 42:12, 15–17.
9. I Mga Taga Corinto 13:8.
10. Moroni 7:47.
11. Mosias 18:9.
12. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 81:5.



Ni Pangulong Henry B. Eyring  
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

## “Hindi Baga Ito ang Ayuno na Aking Pinili?”

*Marami pang magagawa ang inyong handog-ayuno maliban sa pagbibigay ng pagkain at kasuotan. Ito ay nagpapagaling at nagpapabago ng puso.*

Mahal kong mga kapatid, ikinagagalak kong ipaabot ang pagmamahal ko sa inyo sa pangkalahatang kumperensyang ito ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang kagalakang iyan ay mula sa Espiritu na nagpapatotoo na ang pagmamahal ng Tagapagligtas ay ipinadarama sa bawat isa sa inyo at sa lahat ng anak ng Ama sa Langit. Nais ng ating Ama sa Langit na pagpalain ang Kanyang mga anak sa espirituwal at temporal. Nauunawaan Niya ang bawat pangangailangan nila, ang kanilang mga pighati, at inaasam.

Kapag tinulungan natin ang sinuman, nadarama ito ng Tagapagligtas na para bang Siya ang tinulungan natin.

Sinabi Niya sa atin na totoo iyan nang ilarawan Niya ang pagdating ng araw na Siya ay makikita nating lahat matapos ang buhay natin sa mundong ito. Ang naiisip ko tungkol sa araw na iyon ay lalong luminaw sa mga araw na nagdasal ako at nag-ayuno para malaman kung ano ang sasabihin ko sa umagang ito. Ang paglalarawan ng Panginoon sa araw na iyon na darating

ay ibinigay sa Kanyang mga disipulo, at buong puso rin nating hinahangad na mangyari sa atin iyon:

“Kung magkagayo’y sasabihin ng Hari sa nangasa kaniyang kanan, Mag-siparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan:

“Sapagka’t ako’y nagutom, at ako’y inyong pinakain: “Ako’y nauhaw, at

ako’y inyong pinainom: Ako’y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy;

“Naging hubad, at inyo akong pinaramtan; Ako’y nagkasakit, at inyo akong dinalaw; Ako’y nabilanggo, at inyo akong pinaroonan.

“Kung magkagayo’y sasagutin siya ng mga matuwid, na mangagsasabi, Panginoon, kailan ka namin nakitang nagutom, at pinakain ka namin? o nauhaw, at pinainom ka?

“At kailan ka namin nakitang isang taga ibang bayan, at pinatuloy ka? o hubad, at pinaramtan ka?

“At kailan ka namin nakitang may-sakit, o nasa bilangguan, at dinalaw ka namin?

“At sasagot ang Hari at sasabihin sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa.”<sup>1</sup>

Hangad natin ang gayon kagiliw na pagtanggap ng Tagapagligtas. Ngunit paano tayo magiging karapat-dapat dito? Mas dumarami pa ang nagugutom, walang tahanan, at nalulungkot na mga anak ng Ama sa Langit kaysa natutulungan natin. At lalo pang dumarami ang hindi na natin kayang maabot para tulungan.

Kaya ang Panginoon ay nagbigay ng isang bagay na magagawa natin. Ito ay isang kautusang napakasimple na mauunawaan kahit ng isang bata. Ito ay isang kautusang may napakagandang





pangako para sa mga nangangailangan at para sa atin.

Ito'y ang batas ng ayuno. Inilarawan ng Panginoon sa mga salita sa aklat ni Isaias ang kautusang ito at ang pagpapalang makakamtan natin na mga kabilang sa Kanyang Simbahan:

“Hindi бага ito ang ayuno na aking pinili: na kalagin ang mga tali ng kasamaan, na pagaanin ang mga pasan at papaging layain ang napipighati, at iyong alisin ang lahat ng atang?”

“Hindi бага ang magbahagi ng iyong tinapay sa gutom, at dalhin mo sa iyong bahay ang dukha na walang tuluyan? pagka nakakakita ka ng hubad, na iyong bihisan; at huwag kang magkubli sa iyong kapuwa-tao?”


“Kung magkagayo'y sisikat ang iyong liwanag na parang umaga, at ang iyong kagalingan ay biglang lilitaw; at ang iyong katuwiran ay mangunguna sa iyo; ang kaluwalhatian ng Panginoon ay magiging iyong bantay likod.

“Kung magkagayo'y tatawag ka, at ang Panginoon ay sasagot; ikaw ay dadaing, at siya'y magsasabi, Narito ako. Kung iyong alisin sa gitna mo ang atang, ang pagtuturo, at ang pagsasalita ng masama;

“At kung magmamagandang-loob ka sa gutom, at iyong sisiyahan ng loob ang nagdadalamhating kaluluwa; kung magkagayo'y sisilang ang iyong liwanag sa kadiliman, at ang iyong kadiliman ay magiging parang katanghaliang tapat;

“At papatubayan ka ng Panginoon na palagi, at sisiyahan ng loob ang iyong kaluluwa sa mga tuyong dako, at palalakasin ang iyong mga buto; at ikaw ay magiging parang halamang nadilig, at parang bukal ng tubig, na ang tubig ay hindi naglilikat.”<sup>2</sup>

Kaya binigyan tayo ng Panginoon ng simpleng kautusan na may kagilagilalas na pangako. Sa Simbahan ngayon binibigyan tayo ng pagkakataong mag-ayuno minsan sa isang buwan at magbigay ng saganang handog-ayuno sa pamamagitan ng ating bishop o branch president para sa kapakanan ng mga maralita at nangangailangan. Ang ilan sa handog-ayuno na ibinibigay ninyo ay gagamitin upang tulungan



ang mga nasa paligid ninyo, marahil isa sa sarili ninyong pamilya. Ang mga lingkod ng Panginoon ay mananalingin at mag-aayuno para maipahayag sa kanila kung sino ang tutulongan at anong tulong ang ibibigay. Ang mga handog-ayuno na hindi kakailanganin ng mga tao sa inyong lokal na unit ng Simbahan ay gagamitin para pagpalain ang ibang mga miyembro ng Simbahan sa iba't ibang dako ng mundo na nangangailangan.

Ang kautusang mag-ayuno para sa kapakanan ng mga maralita ay maraming kalakip na pagpapala. Tinawag ni Pangulong Spencer W. Kimball ang hindi pagsunod sa batas na iyan bilang kasalanan na may mabigat na kaparusahan dahil hindi natin ginawa ang alam nating tama. Isinulat niya: “Natatanging mga pagpapala ang ipinangako ng Panginoon sa mga nag-aayuno at tumutulong sa mga nangangailangan. . . . Ang inspirasyon at espirituwal na patnubay ay darating dahil sa kabutihan at pagiging malapit sa ating Ama sa Langit. Ang hindi gawin ang mabuting gawaing ito ng pag-aayuno ay magkakaikait sa atin sa mga pagpapalang ito.”<sup>3</sup>

Natanggap ko ang isa sa mga pagpapalang iyon ilang linggo pa lang ang nakararaan. Dahil idinaraos ang pangkalahatang kumperensya nang Sabado't Linggo na karaniwa'y kinabibilangan ng fast and testimony meeting, ako ay nag-ayuno at nanalangin upang malaman kung paano ko pa rin susundin

ang kautusang pangalagaan ang mga nangangailangan.

Sa araw ng Sabado, habang nag-aayuno pa rin, gumising ako nang alas-6:00 ng umaga at muling nanalangin. Naisip kong tingnan ang balita sa iba't ibang dako ng mundo. Doo'y nabasa ko ang ulat na ito:

Winasak ng Tropical Cyclone Pam ang maraming kabahayan nang direkta itong tumama sa Port Vila, ang kabisera ng Vanuatu. Kumitil ito ng anim na katao sa Vanuatu, ang unang bali-tang nakumpirma na dulot ng isa sa pinakamalalakas na bagyong tumama sa kalupaan.

“Halos walang punong nakatayo sa pananalasa [ng bagyo] sa” islang bansa sa Pasipiko.<sup>4</sup>

Ang emergency assessment team ng World Vision ay nagplanong tingnan ang pinsala pagkatapos ng bagyo.

Pinayuhan nila ang mga residente na magkanlong sa matitibay na gusali gaya ng mga unibersidad at paaralan.

At pagkatapos ay sinabi nila: “‘Ang pinakamatibay na gusali na mayroon sila ay mga sementadong simbahan,’ sabi ni Inga Mephram [mula sa] CARE International. . . . ‘Ang ilan sa kanila ay wala nito. Mahirap maghanap ng istruktura na sa palagay mo ay hindi mawawasak ng isang (bagyong) Category 5.’”<sup>5</sup>

Nang mabasa ko iyan, naalala ko ang pagbisita ko sa maliliit na bahay sa Vanuatu. Parang nakikinita ko sa aking isipan ang mga taong nagsisiksikan sa



mga bahay na winawasak ng malakas na hangin. At pagkatapos ay naalala ko ang magiliw na pagtanggap sa akin ng mga taga-Vanuatu. Naisip ko sila at ang kanilang mga kapitbahay na papunta sa ating sementadong chapel para maging ligtas.

Pagkatapos ay naisip ko na pinuntahan sila ng bishop at Relief Society president, na nagbibigay ng kapanatagan, mga kumot, pagkain, at tubig na maiinom. Parang nakikita ko ang takot na takot na mga batang nagsisiksikan.

Napakalayo nila mula sa aking kinaroroonan kung saan ko nabasa ang ulat na iyon, ngunit alam ko ang ginagawa ng Panginoon sa pamamagitan ng kanyang mga lingkod. Alam ko na natulungan nila ang mga anak na iyon ng Ama sa Langit dahil sa mga handog-ayuno, na kusang ibinigay ng mga disipulo ng Panginoon na nasa malayong lugar ngunit malapit sa Panginoon.

Kaya hindi ko na hinintay pang sumapit ang araw ng Linggo. Dinala ko ang aking handog-ayuno sa bishop ko nang umagang iyon. Alam ko na magagamit ng bishop at Relief Society president ang aking handog-ayuno para tulungan ang isang tao sa lugar namin. Ang aking munting handog-ayuno ay maaaring hindi kailanganin sa lugar na malapit sa tinitirhan namin ng pamilya ko, ngunit ang sobra naming handog-ayuno ay maaaring makarating kahit sa Vanuatu.

Darating ang iba pang mga bagyo at trahedya sa iba't ibang dako ng mundo sa mga taong mahal ng Panginoon at ang kalungkutan nila ay Kanyang nadarama. Bahagi ng ating handog-ayuno

sa buwang ito ay gagamitin upang tulungan ang sinuman, saanman, at ang ginawang dulot nito sa kanila ay madarama ng Panginoon na para bang sa Kanya ito ginawa.

Marami pang magagawa ang inyong handog-ayuno maliban sa pagbibigay ng pagkain at kasuotan. Pagagalangin at babaguhin nito ang mga puso. Maaaring ang bunga ng kusang pagbibigay ng handog-ayuno ay maging dahilan upang ang taong natulungan nito ay hangarin ding tulungan ang ibang nangangailangan. Nangyayari iyan sa iba't ibang dako ng mundo.

Nangyari ito sa buhay ni Sister Abie Turay, na nakatira sa Sierra Leone. Isang giyera sibil ang sumiklab noong 1991. Winasak nito ang bansa sa loob ng ilang taon. Ang Sierra Leone ay isa na sa pinakamahihirap na bansa sa mundo. “Sa panahon ng digmaan, hindi malinaw kung sino ang nama-mahala sa bansa—sarado . . . ang mga bangko, sarado ang mga opisina ng gobyerno, ang kapulisan [ay walang magawa sa mga rebelde], . . . at may kaguluhan, patayan, at kalungkutan. Libu-libo ang nawalan ng buhay at mahigit dalawang milyong tao ang napilitang umalis sa kanilang tahanan upang hindi mapatay.”<sup>6</sup>

Kahit sa gayong panahon, lumago ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Inorganisa ang isa sa mga unang branch sa lungsod kung saan nakatira si Sister Turay. Ang kanyang asawa ang unang branch president. Naglingkod siya bilang district president noong giyera sibil.

“Kapag may mga bumibisita sa bahay ni Sister Turay [ngayon], gustung-gusto niyang ipakita sa kanila ang dalawang [mahalagang bagay] mula sa digmaan: isang kamisetang may stripe na asul at puti na [nakuha niya] sa mga damit na [ipinadala ng mga miyembro ng Simbahan] at isang kumot, na ngayon ay lumang-luma na at butas-butas.”<sup>7</sup>

Sabi niya, “Ang kamisetang ito ang unang . . . damit [na natanggap] ko. . . . Madalas kong gamitin ito papunta sa trabaho—napakaganda nito. [Parang napakaganda ko kapag suot ko ito.] Wala akong ibang damit.

“Noong panahon ng digmaan, ang kumot na ito ang nakatulong sa amin ng mga anak ko para hindi kami ginawin. Kapag nilulusob kami ng mga rebelde, ito lang ang dinadala ko [kapag tumatakas kami papunta sa mga palumpong para magtago]. Kaya dinadala namin ang kumot na ito. Hindi kami giniginaw at kinakagat ng mga lamok dahil dito.”<sup>8</sup>

“Binanggit ni Sister Turay ang pasasalamat niya sa mission president na nagpunta na may dalang [pera] sa bansang winasak ng digmaan.” Dahil sa pondong iyon, na nagmula sa mga donasyon ng handog-ayuno ng mga taong katulad ninyo, nakabili ang mga Banal ng pagkaing hindi kayang bilhin ng karamihan sa mga taga-Sierra Leone.<sup>9</sup>

Sabi ni Sister Turay, nang banggitin niya ang mga taong bukas-palad na nagbigay ng donasyon para makaligtas sila, “Kapag naiisip ko ang mga taong gumawa nito . . . nadarama ko na [sila ay] sugo ng Diyos, dahil mga karaniwang tao ang gumawa ng kabutihang ito sa [amin].”<sup>10</sup>

Isang bisita mula sa Estados Unidos ang nakausap ni Abie kama-kailan. Habang magkasama sila, ang kanyang mga mata ay “natuon sa set ng mga banal na kasulatan na nasa ibabaw ng mesa.” Masasabi niya na ang mga ito ay kayamanan, na “maraming tala sa mga column nito. Ang mga pahina ay [lumang-luma na]; napilas na ang ilan. Tanggal na ang pabalat.”

Kinuha niya ang mga banal na kasulatan “at maingat na binuklat ang mga pahina nito. Habang [binubuklat niya ito, nakakita siya ng isang] dilaw na kopya ng tithing donation slip. Nakita [niya] na, sa isang bansa kung saan [napakahalaga ng isang dolyar], si Abie Turay ay nagbayad ng isang dolyar para sa kanyang ikapu, isang dolyar para sa missionary fund, at isang dolyar para sa handog-ayuno para sa mga taong, ayon sa kanya, ay ‘talagang maralita.’”

Ininara ng bisita ang mga banal na kasulatan ni Sister Turay at naisip, habang nakatayong kasama ang matapat na inang ito na taga-Africa, na siya ay nakatayo sa banal na lugar.<sup>11</sup>

Tulad ng ang pagtanggap sa ating handog-ayuno ay nagpapabago ng puso, gayon din ang pag-aayuno para sa kapakanan ng iba. Madarama ito kahit ng isang bata.

Maraming bata, at ilang nasa hustong gulang, na dahil sa personal na mga kadahilanan ay maaaring mahirapang mag-ayuno nang 24 na oras. Maaari nilang madama na ang pag-aayuno, ayon sa mga salita ni Isaias, ay “nagpahirap sa kanilang kaluluwa.” Alam ng matatalinong magulang na posible iyan at mahigpit nilang sinunod ang payo ni Pangulong Joseph F. Smith: “Mas mainam na ituro sa kanila ang alituntunin, at hayaan silang sundin ito kapag sila ay nasa hustong gulang na para pumili nang matalino.”<sup>12</sup>

Nakita ko ang mga pagpapala sa payong iyan kamakailan. Nadama ng isa sa aking mga apong lalaki na imposible niyang makayang mag-ayuno

nang 24 na oras. Ngunit patuloy na itinimo ng kanyang matatalinong magulang ang alituntunin sa kanyang puso. Namatay sa aksidente ang batang pinsan ng isa sa kanyang mga kaibigan sa paaralan. Itinanong ng aking apo sa kanyang ina sa araw ng ayuno, noong panahon na nadama niyang napakahirap ituloy ang pag-aayuno, kung bubuti ang pakiramdam ng kanyang nagdadalamhating kaibigan kung itutuloy niya ang kanyang pag-aayuno.

Ang tanong niya ay patunay sa payo ni Pangulong Joseph F. Smith. Umabot ang apo ko sa puntong hindi lamang niya naunawaan ang alituntunin ng pag-aayuno, kundi natanim pa ito sa kanyang puso. Nadama niya na ang kanyang pag-aayuno at panalangin ay maaaring humantong sa isang pagpapala mula sa Diyos para sa isang taong nangangailangan. Kung madalas niyang ipamumuhay ang alituntunin, magdudulot ito ng mabubuting epekto sa kanyang buhay, gaya ng ipinangako ng Panginoon. Magkakaroon siya ng espirituwal na pagpapala na tumanggap ng inspirasyon at higit na kakayahang labanan ang tukso.

Hindi natin alam ang lahat ng dahilan kung bakit nagtungo si Jesucristo sa ilang para mag-ayuno at manalangin. Ngunit alam natin ang isa man lang sa mga epekto nito: lubos na napaglabanan ng Tagapagligtas ang mga tukso ni Satanas na gamitin sa hindi tamang paraan ang Kanyang banal na kapangyarihan.

Ang maikling oras ng pag-aayuno natin buwan-buwan at ang maliit

na halagang ibinibigay natin para sa mga maralita ay maaaring gumawa ng bahagyang pagbabago sa ating pagkatao na wala na tayong hangaring gumawa ng masama. Ngunit may isang dakilang pangako na ibinigay sa atin kapag ginawa natin ang lahat ng ating makakaya para manalangin, mag-ayuno, at mag-ambag para sa mga nangangailangan:

“Kung magkagayo’y sisikat ang iyong liwanag na parang umaga, at ang iyong kagalingan ay biglang lilitaw; at ang iyong katuwiran ay mangunguna sa iyo; ang kaluwalhatian ng Panginoon ay magiging iyong bantay likod.

“Kung magkagayo’y tatawag ka, at ang Panginoon ay sasagot; ikaw ay da-daing, at siya’y magsasabi, Narito ako.”<sup>13</sup>

Dalangin ko na makamtan natin ang mga dakilang pagpapalang iyon para sa ating sarili at sa ating pamilya.

Pinatotohanan ko na si Jesus ang Cristo, na sa Kanyang Simbahan tayo ay inaanyayahang tumulong sa Kanya sa pangangalaga Niya sa mga maralita ayon sa Kanyang pamamaraan, at na Siya ay nangangako na darating ang walang-hanggang mga pagpapala dahil sa pagtulong natin sa Kanya. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Mateo 25:34–40.
2. Isaias 58:6–11.
3. Spencer W. Kimball, *The Miracle of Forgiveness* (1969), 98.
4. Tingnan sa Steve Almasy, Ben Brumfield, at Laura Smith-Spark, “Cleanup Begins in Vanuatu after Cyclone Batters Islands,” Mar. 14, 2015, edition.cnn.com.
5. Tingnan sa Sean Morris, Steve Almasy, at Laura Smith-Spark, “Unbelievable Destruction Reported in Tropical Cyclone Pam’s Wake,” Mar. 14, 2015, edition.cnn.com.
6. Peter F. Evans, “Sister Abie Turay’s Story,” hindi inilathalang manuskrito.
7. Peter F. Evans, “Sister Abie Turay’s Story.”
8. Abie Turay, sinipi sa Peter F. Evans, “Sister Abie Turay’s Story.”
9. Peter F. Evans, “Sister Abie Turay’s Story.”
10. Abie Turay, sinipi sa Peter F. Evans, “Sister Abie Turay’s Story.”
11. Peter F. Evans, “Sister Abie Turay’s Story”; isang video tungkol kay Sister Turay, “We Did Not Stand Alone,” ay makukuha na sa [lds.org/media-library](http://lds.org/media-library).
12. Joseph F. Smith, “Editor’s Table,” *Improvement Era*, Dis. 1903, 149.
13. Isaias 58:8–9.





Ni Pangulong Boyd K. Packer  
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Plano ng Kaligayahan

*Ang katapusan ng lahat ng gawain sa Simbahan ay ang makita ang isang lalaki at isang babae at mga anak nila na masaya sa tahanan at ibinuklod para sa panahong ito at sa buong kawalang-hanggan.*

Maraming taon na ang nakalipas, matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nag-aral ako sa kolehiyo. Doon ko nakilala si Donna Smith. Nang panahong iyon nabasa ko na ang dalawang mahahalagang sangkap sa matagumpay na pag-aasawa ay biskwit at halik. Naisip ko na magandang kombinasyon iyon.

Nag-aaral ako noon sa umaga at pagkatapos ay bumabalik sa Brigham City para magtrabaho sa talyer ng aking ama pagsapit ng hapon. Ang huling klase ni Donna sa umaga ay home economics. Dumadaan ako sa silid-aralan niya bago ako umuwi. May kakapalan ang salamin sa pintuan ng kanilang silid, pero kapag tumayo ako sa tapat ng salamin, naaaninag niya ako. Tahimik siyang labas ng silid at bibigyan ako ng biskwit at halik. At alam naman ninyo ang magandang ibinunga nito. Ikinasal kami sa Logan Temple, at iyon na ang simula ng masayang pakikipagsapalaran namin sa buhay.

Sa paglipas ng mga taon madalas kong itinuro ang isang mahalagang alituntunin: ang katapusan ng lahat ng

gawain sa Simbahan ay ang makita ang isang lalaki at isang babae at ang kanilang mga anak na masaya sa tahanan at ibinuklod para sa panahong ito at sa buong kawalang-hanggan.

Sa simula:

“Bumaba ang mga Diyos upang buuin ang tao sa kanilang sariling anyo, sa anyo ng mga Diyos ay kanila siyang



huhubugin, lalaki at babae ay kanila silang huhubugin.

“At sinabi ng mga Diyos: Babasbasan natin sila. At sinabi ng mga Diyos: Gagawin natin sila na maging palaanakin at magpakarami, at kalatan ang lupa, at supilin ito” (Abraham 4:27–28).

Sa gayon ang takbo ng buhay ng tao ay nagsimula sa mundong ito nang “nakilala ni Adan ang kanyang asawa, at siya ay nagsilang sa kanya ng mga anak na lalaki at babae, at sila ay nagsimulang dumami at kinalatan ang lupa.

“At . . . ang mga anak na lalaki at babae ni Adan ay nagsimulang mahati nang dala-dalawa sa lupa, . . . at sila ay nagkaroon din ng mga anak na lalaki at babae” (Moises 5:2–3).

Ang utos na magpakarami at kalatan ang lupa ay hindi kailanman binawi. Ito ay mahalaga sa plano ng pagtubos at ito ang pinagmumulan ng kaligayahan ng tao. Sa matuwid na paggamit ng kapangyarihang ito, maaari tayong mapalapit sa ating Ama sa Langit at maranasan ang lubos na kagalakan, maging ang pagkadiyos. Ang kapangyarihang lumikha ng bata ay hindi nagkataon lang na bahagi ng plano ng kaligayahan; ito ang susi sa kaligayahan.

Ang hangaring magtalik ng mga tao ay hindi nagbabago at masidhi. Ang ating kaligayahan sa buhay na ito, ang ating kagalakan at kadakilaan ay depende sa paraan ng pagtugon natin sa masidhi at mapamukaw na pagnanasang ito. Kapag ang mga kabinataan at kadalagahan ay may kakayahan nang magkaanak, may damdaming likas na dumarating sa kanila, na kaiba sa iba pang nararanasan ng katawan.

Karaniwang nagsisimula ang pagtalik sa pag-iibigan. Magkakaiba man ang maaaring nakagawian, karaniwang pinatitindi ito ng mga nababasang kuwento ng pag-iibigan na nagpaparanas ng tuwa at pananabik, at kung minsan pa nga ay pagtanggap ng isang minamahal. Nariyan ang mga pagliligawan sa ilalim ng liwanag ng buwan, pagbibigay ng mga rosas, liham, awit, at tula ng pag-ibig, paghahawak-kamay, at iba pang pagpapakita ng pagmamahal ng dalaga’t binata. Parang wala nang ibang nakikita ang dalawang

nag-iibigan, masayang-masaya sila sa piling ng isa't isa.

At kung inaakala ninyo na ang ganap na kaligayahan sa pag-ibig ay mararanasan sa sandaling ang dalawang nagsisimula pa lang mag-ibigan ay may kakayahan nang lumikha ng buhay, marahil ay dapat muna ninyong maranasan ang katapatan at kapanataganang dulot ng matagal na pagsasama ng mag-asawang nagmamahalan. Ang mag-asawa ay sinusubok ng tukso, di-pagkakaunawaan, problema sa pera, krisis sa pamilya, at karamdaman, ngunit sa kabila nito ay lalo pang tumitibay ang pagmamahalan. Ang pag-aasawang subok na ng panahon ay may lubos na kaligayahang hindi aakalain ng mga bagong kasal.

Ang tunay na pagmamahal ay handang maghintay munang maikasal bago lubusang gamitin ang sagradong kapangyarihang lumikha ng buhay. Ibig sabihin ay iwasan ang sitwasyong maaaring pumukaw ng pagnanasa. Ipinapahiwatig ng dalisay na pagmamahal na kailangan ang lubusang katapatan, ang maikasal nang legal at ayon sa batas, at pagkatapos maibuklod ng ordenansa sa templo ay doon lamang gamitin ang kapangyarihang iyon na lumikha ng buhay ayon sa pahintulot ng Diyos upang maipahayag nang lubos ang pagmamahal. Ito ay ilalaan lamang sa iisa at tanging makakasama ninyo sa kawalang-hanggan.

Kapag ginawa nang karapat-dapat, ang prosesong ito ay kapapalooban ng lahat ng pinaka-katangi-tangi at dinakilang pisikal, emosyonal, at espirituwal na damdaming kaakibat ng salitang *pagmamahal*. Ang bahaging iyan ng buhay ay walang kapantay, walang katulad o katumbas, sa lahat ng mararanasan ng tao. Ito ay tatagal nang walang-hanggan, kapag ang mga tipan ay ginawa at tinupad “sapagkat naroroon ang mga susi ng banal na pagkasaserdote na inorden, upang kayo ay makatanggap ng karangalan at kaluwalhatian” (D at T 124:34), “kung aling kaluwalhatian ay magiging isang kaganapan at isang pagpapatuloy ng mga binhi magpakailanman at walang katapusan” (D at T 132:19).



Ngunit ang romantikong pag-ibig ay hindi kumpleto; ito ay simula lamang. Ang pag-ibig ay napapatatag sa pagdating ng mga anak, na bunga ng kapangyarihang lumikha na ipinagkatiwala sa mag-asawa. Ang pagdadalang-tao ay nagaganap bunga ng pagsasama ng mag-asawa. Isang munting katawan ang nagsisimulang mabuo sa isang kagila-gilalas na paraan. Iniluluwal ang sanggol sa mahimalang pagsilang, nilikha sa wangis ng kanyang ama at ina sa lupa. Nasa loob ng kanyang mortal na katawan ang isang espiritu na nakadarama at nakahihiwatig ng mga espirituwal na bagay. Sa mortal na katawan ng batang ito ay naroon ang hindi pa magagamit na kapangyarihang lumikha ng anak sa sarili nitong wangis.

“Ang espiritu at ang katawan ang kaluluwa ng tao” (D at T 88:15), at may espirituwal at pisikal na mga batas na susundin para tayo maging maligaya. May mga walang-hanggan batas, kabilang na ang batas na may kinalaman sa kapangyarihang ito na nagbibigay ng buhay, “hindi mababagong utos sa langit bago pa ang pagkakatatag ng daigdig na ito, kung saan ang lahat ng pagpapala ay nakasalalay” (D at T 130:20). Ito ay mga batas na espirituwal na naglalarawan sa pamantayan ng kagandahang-asal para sa lahat ng tao (tingnan sa Joseph Smith Translation, Mga Taga Roma 7:14–15 [sa Bible appendix]; 2 Nephi 2:5; D at T 29:34; 134:6). Ito ay mga tipan na nagbibigkis, nagbubuklod, at nangangalaga at nangangako ng walang-hanggan mga pagpapala.

Pinayuhan ni Alma ang kanyang anak na si Shiblon, “Tiyakin ding pigilin

ang lahat ng iyong silakbo ng damdamin; upang mapuspos ka ng pagmamahal” (Alma 38:12). Ang kabisada ay ginagamit upang gumabay, magbigay ng direksyon, at pumigil. Ang silakbo ng ating damdamin ay maaaring pigilin. Kapag ginamit nang ayon sa batas, ang kapangyarihang lumikha ng buhay ay magpapala at magpapabanal (tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* [1999], 191).

Ang mga tukso ay laging nariyan. Dahil ang kaaway ay hindi makalilikha ng buhay, naiinggit siya sa lahat ng nagtataglay ng sagradong kapangyarihang iyan. Siya at ang lahat ng sumunod sa kanya ay pinalayas at pinagkaitan ng karapatang magkaroon ng mortal na katawan. “Hinahangad niya na ang lahat ng tao ay maging kaaba-abang katulad ng kanyang sarili” (2 Nephi 2:27). Siya ay manunukso, kung kanyang magagawa, na hamakin, pasamain, at kung maaari, wasakin ang kaloob na ito na magbibigay sa atin ng walang-hanggan pag-unlad, kung tayo ay karapat-dapat (tingnan sa D at T 132:28–31).

Kung dudungisan natin ang ating kapangyarihang lumikha ng buhay o aakayin ang iba na magkasala, may parusang mas “masidhi” at “mahirap dalhin” (D at T 19:15) kaysa lahat ng pisikal na kasiyahang kapalit nito.

Sinabi ni Alma sa anak niyang si Corianton, “Hindi mo ba alam, anak ko, na ang mga bagay na ito ay karumaldumal sa paningin ng Panginoon; oo, pinakakarumaldumal sa lahat ng kasalanan maliban sa pagpapadanak ng dugo ng walang malay o sa pagtatatwa sa Espiritu Santo?” (Alma 39:5). Hindi

natin maliligtasan ang mga bunga ng ating pagsuway.

Ang tanging lehitimo at awtorisadong paggamit ng kapangyarihang lumikha ng bata ay tanging sa mag-asawa lamang, isang lalaki at isang babae, na ikinasal nang legal at ayon sa batas. Anumang bagay maliban dito ay paglabag sa mga utos ng Diyos. Huwag padaig sa kakila-kilabot na mga tukso ng kaaway, sapagkat lahat ng utang na pagkakasala ay dapat pagbayaran “hanggang sa . . . katapustapusang beles” (Mateo 5:26).

Walang ibang kakikitaan ng kabaitan at awa ng Diyos maliban sa pagsisisi.

Ang ating pisikal na katawan, kapag nasaktan, ay kayang gamutin ang sarili, kung minsan sa tulong ng isang doktor. Kung malaki ang pinsala, gayunman, kadalasang may naiiwang pilat na nag-papaalala sa sugat.

Hindi nangyayari ito sa ating mga espirituwal na katawan. Ang ating mga espiritu ay napipinsala kapag tayo ay nagkakamali at nagkakasala. Ngunit hindi tulad ng nangyayari sa ating mortal na katawan, kapag ganap na nagsisi, walang pilat na maiiwan dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ang pangako ay: “Masdan, siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, ay siya ring patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalala ang mga ito” (D at T 58:42).

Kapag nagsasalita tayo tungkol sa kasal at pamilya, may mga tanong na tiyak na papasok sa isipan, “Paano naman ang mga eksepsyon?” May mga tanong isinilang na may mga limitasyon at hindi magkakaanak. May ilan na wala namang kasalanan ngunit nasira ang pamilya dahil sa pagtataksil ng kaniyang asawa. Ang iba ay hindi nakapag-asawa at matwid na namumuhay.

Sa ngayon, ibinibigay ko ang kapanatagang ito: Ang Diyos ay ating Ama! Ang lahat ng pagmamahal at kabaitang makikita sa isang ulirang ama sa lupa ay makikita sa Kanya na ating Ama at ating Diyos nang higit pa sa kakayahang maunawaan ng isipan ng tao. Ang Kanyang mga paghatol ay makatarungan; ang Kanyang awa ay



walang limitasyon; ang Kanyang kapangyarihang magbigay ng gantimpala ay walang kapantay sa mundo. “Kung sa buhay lamang na ito tayo nagsisiasa kay Cristo, ay tayo sa lahat ng mga tao ang lalong kahabaghabag” (1 Mga Taga Corinto 15:19).

Mapitagan ko ngayong gagamitin ang salitang *templo*. Nakikinita ko ang isang sealing room at isang altar na may mag-asawang nakaluhod. Ang sagradong ordenansang ito ng templo ay higit pa sa isang kasalan, sapagkat ang pag-iisang dibdib na ito ay maaaring mabuklod ng Banal na Espiritu ng Pangako, at ipinahahayag ng mga banal na kasulatan na tayo ay “magmamana ng mga trono, kaharian, pamunuan, at kapangyarihan” (D at T 132:19). Nakikita ko ang galak na naghihintay sa mga tumatanggap ng makalangit na kaloob na ito at karapat-dapat na ginagamit ito.

Kami ni Sister Donna Smith Packer ay halos 70 taon nang kasal. Pagdating sa aking asawa, ang ina ng aming mga anak, wala akong sapat na masasabi. Napakasidhi ng aking damdamin at napakatindi ng aking pasasalamat na halos hindi ko ito maipahayag. Ang pinakadakilang gantimpalang natanggap namin sa buhay na ito, at sa buhay na darating, ay ang aming mga anak

at mga apo. Sa pagtatapos ng aming buhay sa lupa, nagpapasalamat ako sa bawat sandaling kapiling siya at sa pangako ng Panginoon na ito ay walang katapusan.

Pinatotohanan ko na si Jesus ang Cristo at ang Anak ng Diyos na buhay. Siya ang namumuno sa Simbahang ito. Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala at ng kapangyarihan ng priesthood, ang mga pamilya na nagsimula sa buhay na ito ay maaaring magkasama-sama sa kawalang-hanggan. Ang Pagbabayad-sala, na maaaring muling umangkin sa bawat isa sa atin, ay hindi nag-iiwan ng pilat. Ang ibig sabihin niyan anuman ang ating nagawa o saanman tayo naroon dati o paano man nangyari ang isang bagay, kung tunay tayong magsisisi, nangako Siya na magbabayad-sala Siya. At nang gawin Niya ang pagbabayad-sala, naisaayos ang lahat. Marami sa atin ang nahihirapang ituwid ang buhay, gaya ng dati, dahil sa panunurot ng budhi, at hindi alam kung paano ito tatakasan. Tumakas ka sa pamamagitan ng pagtanggap ng Pagbabayad-sala ni Cristo, at lahat ng sama-ng-loob ay magiging kagandahan at pag-ibig at kawalang-hanggan.

Nagpapasalamat ako sa mga pagpapala ng Panginoong Jesucristo, sa kapangyarihan ng pag-aanak, sa kapangyarihan ng pagtubos, sa Pagbabayad-sala—ang Pagbabayad-sala na makahuhugas sa bawat mantsa gaano man kahirap o katagal o ilang beses mang inulit. Maaari kang palayaing muli ng Pagbabayad-sala para makasulong, nang malinis at karapat-dapat, para tahakin ang landas na pinili mo sa buhay.

Pinatotohanan ko na buhay ang Diyos, na si Jesus ang Cristo, na ang Pagbabayad-sala ay hindi pangkalahatan para sa buong Simbahan. Ang Pagbabayad-sala ay sa bawat isa, at kung may bumabagabag sa iyo—kung mins’y napakatagal na kaya halos hindi mo na maalala ito—hayaang ang Pagbabayad-sala ang mag-ayos nito. Ito ang maglilinis, at ikaw, tulad Niya, ay hindi na maaalala pa ang iyong kasalanan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Linda K. Burton**  
Relief Society General President

# Magkasama Tayong Aangat

*Bilang kababaihan at kalalakihang tumutupad sa mga tipan, kailangan nating pasiglahin at tulungan ang isa't isa na maging mga taong nais ng Panginoon na kahinatnan natin.*

**B**ukod sa nagbibigay-inspirasyong mga mensahe, musika, at dalangin na laging umaantig sa ating puso sa pangkalahatang kumperensya, maraming nagsabi sa aking kababaihan na ang pinakagusto nila ay ang mapanood ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawa habang paalis sila sa podium na ito kasama ang kani-kanilang asawa. At hindi nga ba't tayo nasisiyahang lahat na marinig ang magiliw na pahayag ng pagmamahal ng mga Kapatid para sa kanila?

Patungkol sa asawa niyang si Donna, sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer, “Dahil sa katungkulang hawak ko, sagradong obligasyon ko na sabihin ang totoo: Siya ay perpekto.”<sup>1</sup>

“Siya ang nagbibigay-sigla sa buhay ko,”<sup>2</sup> sabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf tungkol sa kanyang asawang si Harriet.

Sinabi ni Pangulong Henry B. Eyring patungkol sa kanyang asawang si Kathleen, “Siya [ang] tao na palaging nagpapadama sa aking gustong kong pagbutihin ang lahat ng ginagawa ko hanggang sa abot ng aking makakaya.”<sup>3</sup>

At sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson, patungkol sa kanyang mahal na si Frances, “Siya ang tangi kong pag-ibig, ang taong pinagkaka-tiwalaan ko, at pinakamatalik kong kaibigan. Ang sabihing nangungulila ako sa kanya kailanman ay hindi mailalarawan ng tunay kong damdamin.”<sup>4</sup>

Gusto ko ring ipahayag ang pagmamahal ko sa pinakamamahal kong kabiyak na si Craig. Siya ay isang mahalagang kaloob sa akin!



Patungkol sa asawa ko, ipinangako sa isang natatangi at sagradong mga kataga sa patriarchal blessing ko na ang buhay ko at ng aking mga anak ay “ingatan niyang mabuti.” Malinaw sa akin na si Craig ang katuparan ng pangakong iyon. Mula sa mga salita ni Mark Twain, sinasabi ko na “hindi masaya ang buhay kung wala [si Craig].”<sup>5</sup> Mahal ko siya, nang buong puso ko't kaluluwa!

## Mga Banal na Tungkulin at Responsibilidad

Ngayon nais kong parangalan ang mga asawa, ama, kapatid, anak na lalaki, at tiyo na alam kung sino sila at ginagawa ang lahat para gampanan ang kanilang papel na bigay ng Diyos ayon sa nakasaad sa pagpapahayag tungkol sa pamilya, pati na ang matwid na pamumuno at pagtustos at pagprotekta sa kanilang pamilya. Dapat ninyong malaman na masakit mang aminin, ang mga paksang pagiging ama, pagiging ina, at kasal ay nakababahala sa marami. Alam ko na pakiramdam ng ilang miyembro ng Simbahan ay hindi magiging uliran ang kanilang tahanan kailanman. Marami ang nasasaktan dahil sa kapabayaang pang-aabuso, mga adiksiyon, at mga maling tradisyon at kultura. Hindi ko binabalewala ang mga kilos ng kalalakihan o kababaihan na sadya o di-sinasadyang nagdulot ng sakit, kalungkutan, at kawalan ng pag-asa sa kanilang tahanan. Pero ngayon iba ang tinatalakay ko.

Naniniwala ako na ang asawang lalaki ay kaakit-akit sa kanyang kabiyak kapag siya ay naglilingkod sa tungkuling bigay sa kanya ng Diyos bilang karapat-dapat na maytaglay ng priesthood—lalo na sa tahanan. Gustungusto ko at naniniwala ako sa mga salitang ito ni Pangulong Packer sa karapat-dapat na mga asawang lalaki at ama: “Taglay ninyo ang kapangyarihan ng priesthood mula mismo sa Panginoon para protektahan ang inyong tahanan. May mga panahon na lahat ng tumatayong kalasag sa pagitan ng inyong pamilya at ng kasamaan ng kaaway ang siyang magiging kapangyarihang iyon.”<sup>6</sup>



### Mga Espirituwal na Lider at Guro sa Tahanan

Sa simula ng taong ito dumalo ako sa burol ng isang pambihirang karanawang tao—ang Tito Don ng asawa ko. Isa sa mga anak ni Tito Don ang nagbahagi ng karanasan niya noong bata pa siya, matapos bilhin ng kanyang mga magulang ang unang bahay nila. Dahil may limang maliliit na anak na pakakainin at dadamitan, hindi sapat ang pera para makapagbakod. Sa pag-iisip na mabuti sa isa sa kanyang mga banal na tungkulin bilang tagapagtanggol ng kanyang pamilya, nagbaon si Tito Don ng ilang maliliit na istaka sa lupa, kumuha ng pisi, at itinali ito sa bawat istaka sa paligid ng bakuran. Pagkatapos ay pinalapit niya ang kanyang mga anak. Ipinakita niya sa kanila ang mga istaka at pisi at ipinaliwanag na kung mananatili sila sa loob ng pansamantalang bakod na iyon, magiging ligtas sila.

Isang araw hindi makapaniwala ang mga visiting teacher habang palapit sa bahay nila at makita ang limang maliliit na bata na masunuring nakatayo sa tabi ng pisi, may panghihinayang na nakatingin sa isang bolang tumalbog sa labas ng bakod at napunta sa kalye. Tumakbo ang isang maliit na bata para tagawin ang kanilang tatay, na tumakbo, bilang tugon, at kinuha ang bola.

Kalaunan sa burol, umtiyak na sinabi ng panganay na anak na lalaki na umaasa siya na sa buhay na ito

ay maging katulad siya ng kanyang mahal na ama.

Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson:

“Ah, mga asawa at ama sa Israel, marami kayong magagawa para sa kaligtasan at kadakilaan ng inyong pamilya! . . .

Tandaan ang sagrado ninyong tungkulin bilang ama sa Israel—ang pinakamahalaga ninyong tungkulin sa panahong ito at sa kawalang-hanggan—isang tungkulin kung saan hindi kayo mare-release kailanman.”

“Dapat kayong tumulong sa paglikha ng isang tahanan kung saan maaaring manahan ang Espiritu ng Panginoon.”<sup>7</sup>

Angkop na angkop ang mga salitang iyon ng propeta ngayon.

Napakahirap siguro sa mga pinagtipanang kalalakhian na mabuhay sa isang mundo na hindi lamang minamaliit ang kanilang mga banal na tungkulin at responsibilidad kundi naghahatid din ng maling mensahe tungkol sa kahulugan ng maging “tunay na lalaki.” Ang isang maling mensahe ay “Tungkol itong lahat sa akin.” Nasa kabilang dulo ng timbangan ang nakahihiya at nangungutyang mensahe na hindi na kailangan ang mga asawang lalaki at ama. Nakikiusap ako na huwag ninyong pakinggan ang mga kasinungalingan ni Satan! Tinalikuran na niya ang sagradong pribilehiyo na maging asawa o ama. Dahil naiinggit siya sa

mga taong may sagradong papel na hindi niya kailanman magagampanan, hangad niyang gawin “ang lahat ng tao . . . [na] kaaba-abang katulad ng kanyang sarili!”<sup>8</sup>

### Pagpapasigla at Pagtulong sa Ating Magkatuwang na mga Tungkulin

Mga kapatid, kailangan natin ang isa’t isa! Bilang kababaihan at kalalakihang tumutupad sa mga tipan, kailangan nating pasiglahin at tulungan ang isa’t isa na maging mga taong nais ng Panginoon na kahinatnan natin. At kailangan tayong magtulongan na pasiglahin ang lumalaking henerasyon at tulungan silang maabot ang kanilang banal na potensyal bilang mga tagapagmana ng buhay na walang hanggan. Magagawa natin ang ginagawa ni Elder Robert D. Hales at ng kanyang asawang si Maria at sundin ang kawikaang “Buhatin mo ako at bubuhatin kita, at magkasama tayong aangat.”<sup>9</sup>

Alam natin mula sa banal na kasulatan na “hindi mabuti na ang lalake ay nag-iisa.” Kaya nga ang ating Ama sa Langit ay gumawa ng “katulong niya.”<sup>10</sup> Ang ibig sabihin ng katagang *katulong* ay “katuwang na akma, karapat-dapat, o nauukol sa kanya.”<sup>11</sup> Halimbawa, ang dalawang kamay natin ay magkatulad ngunit hindi parehong-pareho. Sa katunayan, magkabaligtad ang mga ito, ngunit nagkakatulong ito at angkop sa isa’t isa. Sa pagtutulungan, mas malakas sila.<sup>12</sup>

Sa isang kabanata tungkol sa mga pamilya, ganito ang nakasaad sa hanbuk ng Simbahan: “Ang likas na katangian ng mga lalaki at babaeng espiritu ay kinukumpleto nila ang isa’t isa.”<sup>13</sup> Pansinin na hindi sinasabi roon na “nagpapagalingan sila,” kundi “kinukumpleto nila ang isa’t isa!” Narito tayo para tumulong, magpasigla, at magalak sa isa’t isa habang sinisikap nating magpakabuti. Matalinong itinuro ni Sister Barbara B. Smith, “Mas liligaya tayo kapag nagalak tayo sa mga tagumpay ng iba at hindi lamang sa ating sariling tagumpay.”<sup>14</sup> Kapag hinangad nating “makumpleto” ang isa’t isa sa halip na “magpagalingan,” mas madaling matuwa sa tagumpay ng isa’t isa!



Noong bata pa akong ina ng ilang maliliit na anak, pagkatapos ng maghapon pagpapalit ng diaper, paghuhugas ng pinggan, at pagdidisiplina, wala nang ibang mas marubdob na umaawit ng kanta sa Primary na “Natutuwa ako sa pag-uwi ni Itay.”<sup>15</sup> Inaamin ko na hindi ako laging masaya pagpasok ni Craig sa pintuan mula sa maghapon pagtatrabaho. Lagi niya kaming sinasalubong ng yakap at halik at ginagawang masasayang oras sa piling ni tatay ang maraming araw ng hirap at kaguluhan. Sana’y hindi ako naging gaanong abala sa mahabang listahan ng mga gagawin pa at mas nakapagtuon ako nang may talino, kagaya niya, sa mga bagay na pinakamahalaga. Mas maraming beses sana akong tumigil at ninamnam ang sagradong oras sa pamilya at mas napa-salamat ko sana siya dahil napagpala niya ang aming buhay!

#### Tayo nang Mag-usap nang Marahan

Hindi pa katagalan, isang matapat na babae sa Simbahan ang nagbahagi sa akin ng matinding alalahanin na matagal na niyang ipinagdarasal. Nag-aalala siya sa ilang kababaihan sa kanyang ward. Sinabi niya sa akin kung gaano siya nasasaktan kapag walang galang silang magsalita sa

kanilang asawa at tungkol sa kanilang asawa kung minsan, kahit sa harap ng kanilang mga anak. Pagkatapos ikinuwento niya sa akin kung paanong noong dalagita pa siya ay taimtim niyang hinangad at ipinagdasal na makatagpo ng isang karapat-dapat na maytaglay ng priesthood at makasal dito at makabuo ng isang masayang tahanan sa piling nito. Lumaki siya sa isang tahanan na ang kanyang ina ang “nagdidikta” at sunud-sunuran ang kanyang ama sa mga hiling ng kanyang ina para mapanatili ang kapayapaan sa tahanan. Nadama niya na may mas mainam na paraan. Hindi niya ito nakita sa tahanan kinalakhan niya, ngunit sa taimtim na pagdarasal para sa patnubay, pinagpala siya ng Panginoon na malaman kung paano lumikha ng isang tahanan sa piling ng kanyang asawa kung saan ang Espiritu ay magiliw na tatanggapin. Nakapunta na ako sa tahananang iyon at mapapato-tohanan ko na banal ang lugar na iyon!

Mga kapatid, gaano kadalas ba tayo sadyang “nag-uusap nang marahan [sa isa’t isa]?”<sup>16</sup>

Maaari nating subukan ang ating sarili gamit ang ilang tanong. Sa kaunting pag-aakma, maiaangkop ang mga tanong na ito sa karamihan sa atin,

may-asawa man tayo o wala, anuman ang sitwasyon sa ating tahanan.

1. Kailan ko huling pinuri nang taos-puso ang asawa ko, nag-iisa man kami o kaharap ang mga anak namin?
2. Kailan ako huling nagpasalamat, nagpahayag ng pagmamahal, o taimtim na nagsumamo sa panalangin para sa kanya?
3. Kailan ko huling pinigil ang aking sarili sa pagsasabi ng isang bagay na alam kong makakasakit?
4. Kailan ako huling humingi ng pamanhin at mapagpakumbabang humingi ng tawad—nang hindi sinasabing “pero kung ginawa mo lang” o “pero kung hindi mo lang ginawa”?
5. Kailan ko huling piniling maging masaya sa halip na igiit na “tama” ako?

Ngayon, kung napangiwi o nabagabag kayo sa alinman sa mga tanong na ito, alalahanin na itinuro ni Elder David A. Bednar na “ang nababagabag na budhi sa ating espiritu ay katumbas ng sakit na nadarama ng ating katawan—isang babala ng panganib at proteksyon mula sa karagdagang pinsala.”<sup>17</sup>

Inaanyayahan ko ang lahat na dinggin ang taos-pusong pakiusap ni Elder Jeffrey R. Holland: “Mga kapatid, sa matagal at walang-hanggang mithiin nating maging higit na katulad ng ating Tagapagligtas, nawa’y sikapin nating maging ‘sakdal’ na kalalakihan at kababaihan kahit man lang sa paraang ito ngayon—sa pamamagitan ng hindi paggamit ng masakit na salita, o sa mas positibong paraan, sa pagsasalita gamit ang bagong wika, ang wika ng mga anghel.”<sup>18</sup>

Habang naghahanda ako para sa pagkakataong ito ngayon, tinuruan ako ng Espiritu, at nangako akong mas madalas na magsalita nang may kabaitan sa aking mahal na kabiyak at tungkol sa kanya, na iangat ang kalalakihan sa aking pamilya at magpasalamat sa mga paraan ng pagganap nila sa kanilang mga banal na tungkuling magkakatugma. At nangako akong sundin ang kawikaang “Buhatin mo



ako at bubuhatin kita, at magkasama tayong aangat.”

Sasamahan ba ninyo ako sa paghingi ng tulong ng Espiritu Santo na turuan tayo kung paano natin mas maiaangat ang bawat isa sa ating magkakatumang tungkulin bilang mga pinagtipanang anak ng ating magmahal na mga magulang sa langit?

Alam ko na sa pamamagitan ng nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at ng ating pananampalataya sa Kanya, magagawa natin ito. Dalangin ko na magtiwala tayo na tutulungan Niya tayong tulungan ang isa’t isa na mamuhay nang maligaya at walang hanggan habang sama-sama tayong umaangat, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Boyd K. Packer, sa “Donna Smith Packer Receives Family History Certificate from BYU,” *news.byu.edu/archive12-jun-packer.aspx*.
2. Dieter F. Uchtdorf, sa Jeffrey R. Holland, “Elder Dieter F. Uchtdorf: Sa Bagong Pananaw,” *Liahona*, Mar. 2005, 10.
3. Henry B. Eyring, sa Gerald N. Lund, “Elder Henry B. Eyring: Molded by ‘Defining Influences,’” *Liahona*, Abr. 1996, 31.
4. Thomas S. Monson, “Hindi Kita Iiwan ni Pababayaan,” *Liahona*, Nob. 2013, 85.
5. Mark Twain, *Eve’s Diary* (1905), 107.
6. Boyd K. Packer, “Ang Kapangyarihan ng Priesthood,” *Liahona*, Mayo 2010, 9.
7. Ezra Taft Benson, “To the Fathers in Israel,” *Ensign*, Nob. 1987, 51, 50.
8. 2 Nephi 2:27.
9. Tingnan sa Robert D. Hales, “Strengthening Families: Our Sacred Duty,” *Liahona*, July 1999, 40; tingnan din sa LaRene Gaunt, “Elder Robert D. Hales: ‘Return with Honor,’” *Liahona*, Abr. 1995, 31.
10. Genesis 2:18.
11. Genesis 2:18, footnote b.
12. Tingnan sa Bruce K. Satterfield, “The Family under Siege: The Role of Man and Woman” (pagtatanghal na ibinigay sa Ricks College Education Week, Hunyo 7, 2001), 4; *emp.byui.edu/SATTERFIELD/PDF/RoleManWoman2.pdf*.
13. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 1.3.1.
14. Barbara B. Smith, “Hearts So Similar,” *Ensign*, Mayo 1982, 97.
15. “Daddy’s Homecoming,” *Children’s Songbook*, 210.
16. “Tayo nang Mag-usap nang Marahan,” *Mga Himno*, blg. 143.
17. David A. Bednar, “Naniniwala Kami sa Pagiging Malinis,” *Liahona*, Mayo 2013, 44.
18. Jeffrey R. Holland, “Ang Wika ng mga Anghel,” *Liahona*, Mayo 2007, 18.



Ni Elder Dallin H. Oaks

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

## Ang Talinghaga ng Manghahasik

*Tayo na ang magtatakda ng mga prayoridad at gagawa ng mga bagay para maging mabuti ang ating lupa at umani nang sagana.*

Ang mga paksa sa pangkalahatang kumperensya ay iniaatas—hindi sa pamamagitan ng mortal na awtoridad kundi sa mga pahiwatig ng Espiritu. Maraming pak-sang tutugon sa mga problema nating lahat. Ngunit gaya ng hindi itinuro ni Jesus kung paano daigin ang mga hamon sa buhay o paniniil ng mga pulitiko sa Kanyang panahon, karaniwa’y binibigyang-inspirasyon Niya ang Kanyang makabagong mga lingkod na magsalita tungkol sa kung ano ang magagawa natin para magbago ang ating buhay at makapaghanda sa pagbalik sa ating tahanan sa langit. Sa katapusan ng linggong ito sa Pasko ng Pagkabuhay nadama ko na dapat akong magsalita tungkol sa mahalaga at walang-kamatayang mga turo sa isa sa mga talinghaga ni Jesus.

Ang talinghaga ng manghahasik ay isa sa ilang talinghagang iniulat sa lahat ng tatlong buod na Ebanghelyo. Isa rin ito sa mas maliit pang grupo ng mga talinghagang ipinaliwanag ni Jesus sa Kanyang mga disipulo. Ang binhing inihasi ay ang “salita ng kaharian” (Mateo 13:19), “ang salita” (Marcos 4:14), o “ang salita ng Diyos”

(Lucas 8:11)—ang mga turo ng Panginoon at ng Kanyang mga lingkod.

Ang iba’t ibang lupang kinahulugan ng mga binhi ay kumakatawan sa iba’t ibang paraan ng pagtanggap at pagsunod ng mga tao sa mga turong ito. Dahil dito ang mga binhing “nangahulog sa tabi ng daan” (Marcos 4:4) ay hindi umabot sa lupa kung saan maaaring tumubo ang mga ito. Para itong mga turo na nahulog sa isang pusong matigas o hindi handa. Wala na akong sasabihin pa tungkol dito. Ang mensahe ko ay para sa atin na nangakong magiging mga alagad ni Cristo. Ano ang gagawin natin sa mga turo ng Tagapagligtas habang nabubuhay tayo?

Ang talinghaga ng manghahasik ay nagbababala sa atin tungkol sa mga sitwasyon at saloobin na maaaring humadlang sa sinumang nakatanggap ng binhi ng mensahe ng ebanghelyo na magkaroon ng magandang ani.

### I. Batuhan, Walang Ugat

Ang ilang binhi ay “nangahulog sa batuhan, na doo’y walang maraming lupa; at pagdaka’y sumibol, sapagka’t hindi malalim ang lupa: at nang sumikat ang araw, ay nangainitan; at



dahil sa walang ugat, ay nangatuyo” (Marcos 4:5–6).

Ipinaliwanag ni Jesus na ganito ang mga tao na “pagkarinig nila ng salita, pagdaka’y nagsisitanggap na may galak,” ngunit dahil “hindi nangaguugat sa kanilang sarili, . . . [nang magkaroon] ng kapighatian o ng mga paguusig dahil sa salita, pagdaka’y nangatisod sila” (Marcos 4:16–17).

Bakit “hindi nangaguugat sa kanilang sarili” ang mga tagapakinig? Ito ang kalagayan ng mga bagong miyembro na nagpabinyag lamang dahil sa mga missionary o sa maraming kaakit-akit na katangian ng Simbahan o sa magagandang bunga ng pagiging miyembro ng Simbahan. Dahil hindi nag-ugat sa salita, maaari silang mainitan at matuyot kapag nagkaroon ng oposisyon. Ngunit kahit yaong mga lumaki sa Simbahan—ang matatagal nang miyembro—ay maaaring hindi pa rin nagkakaugat. Nakilala ko ang ilan sa kanila—mga miyembrong walang

matibay at matatag na paniniwala sa ebanghelyo ni Jesucristo. Kung hindi tayo nag-ugat sa mga turo ng ebanghelyo at hindi natin ito regular na ipinamumuhay, sinuman sa atin ay magiging sintigas ng bato ang puso, na mabatong lupa para sa espirituwal na mga binhi.

Espirituwal na pagkain ang kailangan para sa espirituwal na kaligtasan, lalo na sa mundong lumalayo sa paniniwala sa Diyos at sa walang-alinlangang mga batas tungkol sa tama at mali. Sa panahong laganap ang paggamit ng Internet, na nakatuon sa mga mensaheng nagpapahina ng pananam-palataya, kailangan tayong malantad pa sa espirituwal na katotohanan para lumakas ang ating pananampalataya at manatili tayong nakaugat sa ebanghelyo.


Mga kabataan, kung ang aral na iyan ay lubhang karaniwan, narito ang partikular na halimbawa. Kung ang mga simbolo ng sakramento ay ipinapasa at kayo ay nagte-text o bumubulong

o naglalaro ng video games o may iba pang ginagawa na nagkakait sa inyong sarili ng mahalagang espirituwal na pagkain, pinuputol ninyo ang inyong mga espirituwal na ugat at lumilipat kayo sa mabatong lupa. Pinahihina ninyo ang inyong sarili at matutuyot kayo kapag naharap kayo sa matinding hirap na gaya ng pagkahiwalay sa iba, pananakot, o pangungutya. At totoo rin ito sa matatanda.

Ang isa pang makasisira ng mga espirituwal na ugat—na pinabibilis ng kasalukuyang teknolohiya ngunit hindi naiiba rito—ay ang makitid na pananaw tungkol sa ebanghelyo o sa Simbahan. Ang limitadong pananaw na ito ay nakatuon sa isang doktrina o gawi o napansing kakulangan sa isang pinuno at binabalewala ang maraming aspeto ng plano ng ebanghelyo at ang personal at panlahatang biyang dulot nito. Nagbigay si Pangulong Gordon B. Hinckley ng isang malinaw na paglalarawan ng isang aspeto ng makitid na pananaw na ito. Nagkuwento siya sa isang BYU audience tungkol sa mga komentarista sa pulitika na “nag-aapoy sa galit” sa isang kababalitang kaganapan. “Mahusay silang nagbuhos ng galit at insulto. Tiyak,” pagtatapos niya, “na katanggap-tanggap at popular ito sa panahong ito.”<sup>1</sup> Sa kabilang dako, para matatag na mag-ugat sa ebanghelyo, kailangan tayong maging mahinahon at maingat sa pamimintas at laging maghangad ng mas malawak na pananaw tungkol sa kagila-gilalas na gawain ng Diyos.

## II. Mga Tinik: Mga Alalahanin ng Mundong Ito at Pandaraya ng mga Kayamanan

Itinuro ni Jesus na “ang ilan ay nangahulog sa dawagan, at nagsilaki ang mga dawag, at ininis ang mga pananim, at ito’y hindi nangamunga” (Marcos 4:7). Ipinaliwanag Niya na ito ay “yaong nangakinig ng salita, at ang mga pagsusumakit na ukol sa sanglibutan, at ang daya ng mga kayamanan, at ang mga pita ng ibang mga bagay na nagsisipasok, ang nagsiinis sa salita, at ito’y nagiging walang bunga” (Marcos 4:18–19). Tiyak na isa itong babala na dapat nating pakinggang lahat.



Babanggitin ko muna ang pandaraya ng mga kayamanan. Saanman tayo naroon sa ating espirituwal na paglalakbay—anuman ang kalagayan ng ating paniniwala—lahat tayo ay natutukso nito. Kapag ang mga saloobin o prayoridad ay nakatuon sa pagtatamo, paggamit, o pagkakaroon ng ari-arian, tinatawag natin itong materyalismo. Napakarami nang nasabi at naisulat tungkol sa materyalismo kaya kaunti na lang ang idaragdag dito.<sup>2</sup> Yaong mga naniniwala sa tinatawag na teolohiya ng kaunlaran ay nadadaya ng mga kayamanan. Ang pagkakaroon ng kayamanan o malaking kita ay hindi tanda ng pagsang-ayon ng langit, at ang kawalan nito ay hindi katibayan ng di-pagsang-ayon ng langit. Nang sabihin ni Jesus sa matapat na alagad

na maaari siyang magmana ng buhay na walang hanggan kung ibibigay lang niya ang lahat ng mayroon siya sa mga maralita (tingnan sa Marcos 10:17–24), hindi Niya sinasabi na masamang *magkaroon* ng kayamanan kundi masama ang *saloobin* ng tagasunod tungkol dito. Gaya ng alam nating lahat, pinuri ni Jesus ang mabuting Samaritano, na gumamit ng salapi para maglingkod sa kanyang kapwa na katulad ng salaping ginamit ni Judas sa pagkakanulo sa kanyang Tagapagligtas. Ang ugat ng lahat ng kasamaan ay hindi salapi kundi ang *pag-ibig sa salapi* (tingnan sa I Kay Timoteo 6:10).

Ikinuwento sa Aklat ni Mormon ang isang pagkakataon na ang Simbahan ng Diyos ay “nagsimulang maantala . . . sa pag-unlad” (Alma 4:10) dahil “ang mga

tao ng simbahan ay nagsimulang . . . [ilagak] ang kanilang mga puso sa mga kayamanan at sa mga walang kabuluhang bagay ng daigdig” (Alma 4:8). Ang sinumang sagana sa materyal na bagay ay nanganganib na espirituwal na “mapakalma” ng mga kayamanan at ng iba pang mga bagay ng mundo.<sup>3</sup> Akmang pambungad ito sa sumunod na mga turo ng Tagapagligtas.

Ang pinakatusong mga tinik na magpapahina sa epekto ng salita ng ebanghelyo sa ating buhay ay ang mga makamundong puwersa na tinawag ni Jesus na “pagsusumakit at kayamanan at mga kalayawan sa buhay na ito” (Lucas 8:14). Napakarami nito para isa-isahin. Sapat na ang ilang halimbawa.

Minsa’y pinagsabihan ni Jesus ang Kanyang punong Apostol, na sinasabi kay Pedro, “Ikaw ay tisod sa akin: sapagka’t hindi mo [ninanamnam] ang mga bagay ng Dios, kundi ang mga bagay ng tao” (Mateo 16:23; tingnan din sa D at T 3:6–7; 58:39). Ang ibig sabihin ng ninanamnam ang mga bagay ng tao ay pag-una sa mga alalahanin ng mundong ito kaysa sa mga bagay ng Diyos sa ating mga kilos, prayoridad, at pag-iisip.

Sumusuko tayo sa “mga kalayawan sa buhay na ito” (1) kapag tayo ay nalulong, na nagpapahina sa mahalagang kaloob ng Diyos na kalayaan; (2) kapag nadaya tayo ng mga munting gambala, na naglalayo sa atin sa mga bagay na walang hanggan ang kahalagahan; at (3) kapag inisip natin na karapatan nating matanggap ang isang bagay, na hadlang sa personal na paglagong kailangan para maging marapat tayo sa ating walang-hanggang tadhana.

Nadaraig tayo ng “mga alalahanin . . . ng buhay na ito” kapag hindi tayo makakilos dahil sa takot sa hinaharap, na humahadlang sa pagsulong natin nang may pananampalataya, pagtitiwala sa Diyos at sa Kanyang mga pangako. Dalawampu’t limang taon na ang nakararaan nagsalita ang kagalang-galang kong guro sa BYU na si Hugh W. Nibley tungkol sa mga panganib ng pagsuko sa mga alalahanin ng mundo. Tinanong siya sa isang interbyu kung ang kalagayan ng mundo at ang tungkulin nating ipalaganap

ang ebanghelyo ang dahilan para hangarin natin kahit paano na “pagbigyan ang mundo sa ginagawa natin sa Simbahan.”<sup>4</sup>

Sagot niya: “Iyan ang buong kasaysayan ng Simbahan, hindi ba? Kailanga’y handa kayong manakit ng damdamin, kailanga’y handa kayong makipagsapalaran. Diyan pumapasok ang pananampalataya. . . . Ang ating katapatan ay kailangang subukan, maging mahirap, hindi praktikal ayon sa mga pamantayan ng mundong ito.”<sup>5</sup>

Ang prayoridad na ito ng ebanghelyo ay pinagtibay sa BYU campus ilang buwan lang ang nakararaan ng isang kilalang lider na Katoliko, si Charles J. Chaput, ang archbishop ng Philadelphia. Sa pagsasalita tungkol sa “mga problema kapwa ng mga komunidad na LDS at Katoliko,” tulad ng “tungkol sa kasal at pamilya, likas na katangian ng ating seksuwalidad, kabanalan ng buhay ng tao, at kahalagahan ng kalayaang pangrelihiyon,” sinabi niya:

“Gusto kong muling bigyang-diin ang kahalagahan ng patunay na pagsasabuhay ng ating pinaniniwalaan. Kailangan itong unahin—hindi lang sa buhay natin at ng ating pamilya kundi sa ating mga simbahan, mga pagpili natin sa pulitika, mga pakikitungo natin sa mga kasosyo sa negosyo, pakikitungo natin sa mga maralita; sa madaling-salita, sa lahat ng ating ginagawa.”

“Narito ang dahilan kung bakit ito mahalaga,” sabi pa niya. “Matuto mula sa karanasan ng Katoliko. Naniniwala kaming mga Katoliko na ang aming bokasyon ay maging lebadura sa lipunan. Ngunit napakaliit ng pagitan ng maging lebadura sa lipunan, at malamon ng lipunan.”<sup>6</sup>

Ang babala ng Tagapagligtas tungkol sa mga alalahanin ng mundong ito na magpapahina sa salita ng Diyos sa ating buhay ay talagang humahamon sa atin na ituon ang ating mga prayoridad—ituon ang ating puso—sa mga utos ng Diyos at ng pamunuan ng Kanyang Simbahan.

Ang mga halimbawa ng Tagapagligtas ay magpapaisip sa atin na ang talinghagang ito ay talinghaga ng mga lupa. Ang kaangkuhan ng lupa ay



nakasalalay sa puso ng bawat isa sa atin na nakalantad sa binhi ng ebanghelyo. Kapag inisip natin ang kahandaan ng tao na tumanggap ng espirituwal na mga turo, ang ilang puso ay matigas at hindi handa, ang ilan ay mabato dahil hindi nagagamit, at ang ilan ay naka-tuon sa mga bagay ng mundo.

### III. Nahulog sa Mabuting Lupa at Namunga

Ang talinghaga ng manghahasik ay nagtatapos sa paglalarawan ng Tagapagligtas sa binhing “nangahulog sa mabuting lupa, at nangagbunga” sa iba’t ibang paraan (Mateo 13:8). Paano natin maihahanda ang ating sarili na maging mabuting lupa at magkaroon ng magandang ani?

Ipinaliwanag ni Jesus na “sa mabuting lupa ay ang mga pusong timtiman at mabuti, na iniingatan ang salita pagkarinig, at nangagbubungang may pagtitiis” (Lucas 8:15). Nasa atin ang binhi ng salita ng ebanghelyo. Tayo na ang magtatakda ng mga prayoridad at gagawa ng mga bagay para maging mabuti ang ating lupa at umani tayo nang sagana. Kailangan nating hangaring maging matibay na nakaugat at nananampalataya sa ebanghelyo ni Jesucristo (tingnan sa Colosas 2:6–7). Nakakamtan natin ang pagbabagong-loob na ito sa pagdarasal, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, paglilingkod, at regular na pakikibahagi ng sakramento para mapasaatin tuwina ang Kanyang Espiritu. Kailangan din nating hangarin ang malaking pagbabago ng puso (tingnan sa Alma 5:12–14) na pumapawi sa masasamang hangarin

at mga makasariling mithiin at napaalitan ito ng pag-ibig sa Diyos at ng hangaring paglingkuran Siya at ang Kanyang mga anak.

Pinatotohanan ko na totoo ang mga bagay na ito at pinatotohanan ko ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo, na nagtuturo ng daan at ang Pagbabayad-sala ay ginawang posible ang lahat, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Gordon B. Hinckley, “Let Not Your Heart Be Troubled” (Brigham Young University devotional, Okt. 29, 1974), 1; speeches.byu.edu.
2. Tingnan, halimbawa, sa Dallin H. Oaks, “Materialism,” kabanata 5 sa *Pure in Heart* (1988), 73–87.
3. Utang na loob ko kay Elder Neal A. Maxwell ang di-malilimutang larawang ito (tingnan sa “These Are Your Days,” *Ensign*, Okt. 2004, 26).
4. James P. Bell, sa “Hugh Nibley, in Black and White,” *BYU Today*, Mayo 1990, 37.
5. Hugh Nibley, sa “Hugh Nibley, sa Black and White,” 37–38.
6. Charles J. Chaput, “The Great Charter at 800: Why It Still Matters,” *First Things*, Ene. 23, 2015, firstthings.com/web-exclusives/2015/01/the-great-charter-at-800; tingnan din sa Tad Walch, “At BYU, Catholic Archbishop Seeks Friends, Says U.S. Liberty Depends on Moral People,” *Deseret News*, Ene. 23, 2015, deseretnews.com/article/865620233/At-BYU-Catholic-archbishop-seeks-friends-says-US-liberty-depends-on-moral-people.html. Sinabi rin ni Archbishop Chaput na “ang ilan sa aming pinakamagandang institusyong Katoliko ay nawala na o labis na humina ang kaugnayan sa kanilang relihiyon. . . . Ang Brigham Young ay . . . isang pam-bihirang unibersidad . . . dahil ito ay isang sentro ng pag-aaral na pinayaman ng kaugnayan nito sa relihiyon. Huwag kalimutan iyan kailanman” (“The Great Charter at 800”).



**Ni Elder L. Whitney Clayton**  
Ng Panguluhan ng Pitumpu

## Piliing Maniwala

*Inilaan ng Tagapagligtas ang Kanyang ebanghelyo bilang liwanag na gagabay sa mga pumipiling maniwala at sumunod sa Kanya.*

Noong nakaraang Enero, ang pitong-taong-gulang na si Sailor Gutzler at ang kanyang pamilya ay lumipad sakay ng isang pribadong eroplano mula Florida hanggang Illinois. Ang ama ni Sailor ang piloto. Nang dumilim na, nagkaproblema ang makina ng eroplano at bumagsak sa napakadilim na kaburulan ng Kentucky, nang patiwari sa napakamabatong lupa. Si Sailor lang ang nakaligtas sa aksidente. Nabali ang kanyang pulsuhan sa pagbagsak ng eroplano. Marami siyang sugat at gasgas at nawala ang kanyang sapatos. Ang temperatura noon ay 38 degrees Fahrenheit (3 degrees Celsius)—maginaw at maulan ang gabing iyon ng taglamig sa Kentucky—at nakasuot lang si Sailor ng shorts, T-shirt, at isang medyas.

Sumigaw siya para hanapin ang kanyang ama at ina, ngunit walang sumagot. Matapos tipunin ang lahat ng lakas, naglakad siya nang walang sapin sa paa papunta sa bayan para humingi ng tulong, lumusong sa mga sapa, tumawid ng mga kanal, at dumaan sa matitinik na blackberry. Mula sa tuktok ng isang munting burol, nakakita si Sailor ng isang liwanag, na mga isang milya ang layo. Kandarapa sa dilim at mga palumpong patungo sa liwanag

na iyon, sa huli ay nakarating siya sa tahanan ng isang mabait na lalaki na noon lang niya nakilala at agad na tumulong sa kanya. Ligtas na si Sailor. Hindi magtatagal dadalhin siya sa ospital at tutulongang gumaling.<sup>1</sup>

Nakaligtas si Sailor dahil nakita niya ang isang liwanag mula sa malayo at sinikap na makarating doon—sa kabila ng masukal na paligid, matinding trahedyang dinanas niya, at mga sugat na kanyang tinamo. Mahirap isipin kung paano nagawa ni Sailor ang ginawa niya noong gabing iyon. Ngunit ang alam namin ay nakita niya sa liwanag ng bahay na iyon sa malayo na maaari siyang masagip. May pag-asa pa. Nagkaroon siya ng lakas-ng-loob sa katotohanan na gaano man kasama ang nangyari, masasagip siya sa liwanag na iyon.




Ilan lang sa atin ang makatitiis sa malagim na karanasang katulad ng kay Sailor. Ngunit lahat tayo, balang-araw, ay kailangang makayanan ang sarili nating espirituwal na pagsubok at mga kapighatian. Sa mga sandaling iyon, gaano man kadilim o kahit tila wala nang pag-asa, kung hahanapin natin, *laging* may maghihikayat na espirituwal na liwanag sa atin, na nagbibigay sa atin ng pag-asang masagip at matulungan. Ang liwanag na iyan ay nagmumula sa Tagapagligtas ng buong sangkatauhan, na siyang Ilaw ng Sanlibutan.

Ang pagkakita sa espirituwal na liwanag ay kaiba sa pagkakita sa pisikal na liwanag. Ang pagkilala sa espirituwal na liwanag ng Tagapagligtas ay nagsisimula sa kahandaan nating maniwala. Gusto ng Diyos na magkaroon muna tayo ng hangaring maniwala. “Kung kayo ay gigising at pupukawin ang inyong kaisipan . . . at gagamit ng kahit *bahagyang* pananampalataya,” pagtuturo ng propetang si Alma, “oo, kahit na wala kayong higit na *nais* kundi ang maniwala, hayaan na ang pagnanais na ito ay umiral sa inyo, maging hanggang sa kayo ay maniwala sa isang pamamaraan na kayo ay magbibigay-puwang para sa isang bahagi ng [mga salita ng Tagapagligtas].”<sup>2</sup>

Ang panawagan sa atin ni Alma na hangaring maniwala at “bigyang-puwang” sa ating puso ang mga salita ng Tagapagligtas ay nagpapaalala sa atin na ang paniniwala at pananampalataya ay nangangailangan ng personal nating pagpapasiya at pagkilos. Kailangan nating “gisingin at pukawin ang [ating] kaisipan.” Tayo ay humihingi bago tayo bigyan; naghahanap bago tayo makasumpong; kumakatok bago tayo pagbuksan. Sa gayo’y ibinigay sa atin ang pangakong ito: “Sapagkat ang bawat humihingi ay tumatangap, at siya na naghahanap ay makasumpong; at sa kanya na kumakatok, siya ay pagbubuksan.”<sup>3</sup>

Wala nang mas taos-pusong panawagan na maniwala tayo kaysa sa yaong nagmula mismo sa Tagapagligtas noong Kanyang ministeryo sa lupa, nang manawagan Siya sa Kanyang mga tagapakinig na ayaw maniwala:



“Kung hindi ko ginagawa ang mga gawa ng aking Ama, ay huwag ninyo akong sampalatayanan.

“Datapuwa’t kung ginagawa ko ang mga yaon kahit hindi kayo magsisampalataya sa akin, ay magsisampalataya kayo sa mga gawa; upang maalaman ninyo at mapag-unawa na ang Ama ay nasa akin, at ako’y nasa Ama.”<sup>4</sup>

Araw-araw bawat isa sa atin ay nahaharap sa pagsubok. Ito ang pagsubok natin sa buhay: pipiliin ba nating maniwala sa Kanya at tutulutan ang liwanag ng Kanyang ebanghelyo na lumago sa ating kalooban, o tatanggi tayong maniwala at ipipilit na maglakbay nang mag-isa sa dilim? Inilaan ng Tagapagligtas ang Kanyang ebanghelyo bilang liwanag na gagabay sa mga pumipiling maniwala at sumunod sa Kanya.

Pagkatapos ng aksidente, may pagpipilian si Sailor. Maaari niyang piliing manatili sa eroplano sa dilim,

na nag-iisa at takot. Ngunit may mahabang gabing daraan, at lalo pang lalamig. Pumili siya ng ibang paraan. Inakyat ni Sailor ang burol, at nakakita siya ng liwanag sa abot-tanaw.

Unti-unti, habang naglalakad siya sa gabi patungo sa liwanag, lalo itong lumiliwanag. Gayunpaman, may mga pagkakataon siguro na hindi niya iyon makita. Marahil ay hindi niya iyon matanaw kapag nasa bangin siya o sa likod ng mga puno o palumpong, ngunit nagpatuloy siya. Tuwing makikita niya ang liwanag, natitiyak ni Sailor na nasa tamang landas siya. Hindi pa niya alam talaga kung ano ang liwanag na iyon, ngunit patuloy siyang naglakad patungo roon batay sa alam niya, na nagtitiwala at umaasa na makikita niya iyong muli kung magpatuloy siya sa tamang direksyon. Sa paggawa nito, maaari niyang mailigtas ang kanyang buhay.



### Ipakita ang Inyong Paniniwala

Maaaring hindi alam ni Sailor noong una kung talagang may kahihinatnan ang ginagawa niya nang sikapin niyang makaraan sa mga palumpong. Nawawala siya at sugatan; madilim at malamig. Ngunit nilisan niya ang pinagbagsakan ng eroplano at nagbaksakali sa pag-asang masagip, na gumagapang at nagagasgasan habang daan hanggang sa makita niya ang liwanag sa malayo. Nang makita niya ito, agad niyang ginawa ang lahat para marating iyon, na tinatandaan kung ano ang kanyang nakita.

Gayundin kailangan nating bigyang-puwang ang pag-asa na matatagpuan natin ang espirituwal na liwanag nang may paniniwala kaysa piliing mag-alinlangan. Ang ating mga kilos ay katibayan ng ating paniniwala at nagiging mahalagang bahagi ng ating pananampalataya. Pinipili nating maniwala kapag nanalangin tayo at nagbasa ng mga banal na kasulatan. Pinipili nating maniwala kapag nag-ayuno tayo, kapag pinanatili nating banal ang araw ng Sabbath, at kapag sumamba tayo sa templo. Pinipili nating maniwala kapag nagpabinyag tayo at nakibahagi ng sakramento. Pinipili nating maniwala kapag nagsisi tayo at naghangad ng banal na kapatawaran at nagpapagaling na pagmamahal.

### Huwag Sumuko Kailanman

Kung minsang'y tila mabagal o paudlut-udlut ang pag-unlad sa mga espirituwal na bagay. Kung minsang'y nadarama natin na naligaw tayo ng landas, na nakagawa tayo ng mga pagkakamali, o na walang sagsay ang mga pagsisikap nating matagpuan ang Tagapagligtas. Kung ganito ang pakiramdam ninyo, huwag sana kayong sumuko—kailanman. Patuloy na maniwala sa Kanya at sa Kanyang ebanghelyo at sa Kanyang Simbahan. Iayon ang inyong mga kilos sa paniniwalang iyan. Sa mga sandaling humina na ang inyong pananampalataya, hayaang madaig ng inyong pag-asa sa pagmamahal at biyaya ng Tagapagligtas, na matatagpuan sa kanyang ebanghelyo at sa Kanyang Simbahan, ang inyong pag-aalinlangan.

Maaari ding maging gayon ang buhay natin. Maaaring may mga pagkakataon na nasaktan tayo, na napagod tayo, at tila madilim at malamig ang ating buhay. Maaaring may mga pagkakataon na wala tayong makitang anumang liwanag sa kapaligiran, at gusto na nating sumuko. Kung handa tayong maniwala, kung nais nating maniwala, kung pipiliin nating maniwala, ipapakita sa atin ng mga turo at halimbawa ng Tagapagligtas ang tamang landas.

### Piliing Maniwala

Tulad noong kailangang maniwala ni Sailor na masusumpungan niya ang kaligtasan sa liwanag na iyon sa malayo, kailangan din nating piliing buksan ang ating puso sa banal na katotohanan tungkol sa Tagapagligtas—sa Kanyang walang-hanggang liwanag at nagpapagaling na awa. Ang mga propeta sa iba't ibang panahon ay naghikayat at nanawagan pa na maniwala tayo kay Cristo. Ang kanilang mga pangaral ay nagpapakita ng isang mahalagang katotohanan: Hindi tayo pinipilit ng Diyos na maniwala. Sa halip ay inaanayahan Niya tayong maniwala sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga buhay na propeta at apostol para turuan tayo, sa pagbibigay ng mga banal na kasulatan, at paghihikayat sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu. Tayo ang kailangang pumili

na tanggapin ang mga espirituwal na paanyayang iyon, na pinipiling makita ng espirituwal na mga mata ang espirituwal na liwanag na ginagamit Niya sa pagtawag sa atin. Ang desisyong maniwala ang pinakamahalagang pagpiling ginagawa natin. Nakakaapekto ito sa lahat ng iba pa nating desisyon.

Hindi tayo pinipilit ng Diyos na maniwala ni pinipilit tayong sundin ang anumang kautusan, sa kabila ng Kanyang sakdal na pagnanais na pagpalain tayo. Subalit ang Kanyang panawagan sa atin na maniwala sa Kanya—na gumamit ng kahit bahagyang pananampalataya at bigyang-puwang ang Kanyang mga salita—ay patuloy pa rin ngayon. Tulad ng sabi ng Tagapagligtas, “Ako ay nagpapatotoo na inuutusan ng Ama ang lahat ng tao, saan man, na magsisi at maniwala sa akin.”<sup>5</sup>

Ang paniniwala at patotoo at pananampalataya ay hindi mga alituntunin na wala ka nang gagawin. Hindi ito basta nangyayari sa atin. Ang paniniwala ay isang bagay na pinipili nating gawin—inaasam natin ito, pinagsisikap natin ito, at nagsasakripisyo tayo para dito. Hindi tayo maniniwala sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo ni mananalangin o magbabayad ng ikapu nang hindi sinasadya. Sadyang pinipili nating maniwala, tulad ng pagpili nating sundin ang iba pang mga kautusan.



Ipinapangako ko na handa Siyang tanggapin kayo. Sa pagdaan ng panahon makikita ninyo na nagawa na ninyo ang pinakamagandang pagpiling posibleng magawa ninyo. Ang matapang na desisyon ninyong maniwala sa Kanya ay magpapala sa inyo nang napakalaki at magpakailanman.

#### Mga Pagpapala ng Paniniwala

Nadama ko na ang maawaing pagmamahal ng Tagapagligtas sa buhay ko. Nahanap ko na Siya sa sariling mga sandali ng kadiliman, at natulungan na Niya ako sa Kanyang nagpapagaling na liwanag. Ang isa sa pinakamalalaking kagalakan ko sa buhay ay ang paglalakbay namin ng asawa kong si Kathy, para makausap ang mga miyembro ng Simbahan sa maraming sulok ng daigdig. Ang magagandang paghaharap na ito ay nagturo sa akin at sa atin tungkol sa pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga anak. Naipakita nila sa akin ang walang-hanggang potensyal na lumigaya na nagiging pagpapala sa mga yaon na pumipiling sumunod sa mga turo ng Panginoong Jesucristo. Nalaman ko na ang maniwala sa Kanya at sa Kanyang tumutubos na kapangyarihan ang tamang landas tungo sa “kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating.”<sup>6</sup>

Pinatototohanan ko na si Jesucristo ang pinagmumulan ng liwanag at pag-asa para sa ating lahat. Dalangin ko na nawa’y piliin nating lahat na maniwala sa Kanya. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Tingnan sa Lindsey Bever, “How 7-Year-Old Sailor Gutzler Survived a Plane Crash,” *Washington Post*, Ene. 5, 2015, washingtonpost.com; “Girl Who Survived Plane Crash Hoped Family ‘Was Just Sleeping,’” Ene. 4, 2015, myfox8.com; “Kentucky Plane Crash: Four Killed, Little Girl Survives” Ene. 4, 2015, news.com.au; “Young Girl, Sole Survivor of Kentucky Plane Crash,” Associated Press, Ene. 3, 2015, jems.com.
2. Alma 32:27; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. 3 Nephi 14:8; tingnan din sa talata 7.
4. Juan 10:37–38.
5. 3 Nephi 11:32.
6. Doktrina at mga Tipan 59:23.



Ni Elder L. Tom Perry

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

## Bakit Mahalaga ang Kasal at Pamilya—sa Lahat ng Dako ng Mundo

*Pamilya ang sentro ng buhay at susi sa walang-hanggang kaligayahan.*

Noong nakaraang Nobyembre, nagkaroon ako ng pribilehiyong maanyayahan—kasama nina Pangulong Henry B. Eyring at Bishop Gérald Caussé—na dumalo sa isang kumperensya tungkol sa kasal

at pamilya sa Vatican sa Rome, Italy. Naroon ang mga kinatawan ng 14 na iba’t ibang relihiyon at anim sa pitong kontinente, na pawang inimitahang magpahayag ng kanilang paniniwala tungkol sa nangyayari sa pamilya sa mundo ngayon.

Binuksan ni Pope Francis ang unang sesyon ng pulong sa pahayag na ito: “Nabubuhay tayo ngayon sa isang kulturang pansamantala ang mga bagay-bagay, kung saan parami nang parami ang mga taong umaayaw sa kasal bilang pagpapakita ng katapatan. Ang pagbabagong ito sa pag-uugali at moralidad ay madalas pangatwiranang pagpapahayag ng kalayaan, ngunit ang totoo ay nagdudulot ito ng espirituwal at pisikal na pagkawasak sa napakaraming tao, lalo na sa mga pinakadukha at pinakamahina. . . . Sila palagi ang higit na nagdurusa sa krisis na ito.”<sup>1</sup>

Sa pagtukoy sa lumalaking henerasyon, sinabi niya na mahalagang “huwag patangay sa maling ideya





pagkakatulad na iyon sa prayoridad at mga paniniwala tungkol sa pamilya, kung lahat ng pananampalataya at relihiyong iyon ay nagkasundo talaga kung ano dapat ang kasal, at kung nagkasundo silang lahat tungkol sa pagpapahalagang dapat ibigay sa mga

*Kumperensya tungkol sa kasal at pamilya, Vatican City*

[mentalidad] na pansamantala lamang ang mga bagay-bagay, sa halip ay maging magigiting na may tapang na hanapin ang tunay at walang-hanggang pagmamahal, na naninindigan laban sa mga bagay na naging karaniwan na”; kailangang gawin ito.<sup>2</sup>

Sinundan ito ng tatlong araw na paglalahad at pakikipagtalakayan sa mga pinuno ng relihiyon ukol sa paksa ng kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae. Nang pakinggan ko ang napakaraming pinuno ng mga relihiyon sa iba't ibang dako ng mundo, narinig ko silang lubos na sumasang-ayon sa isa't isa at nagpapahayag ng suporta sa mga paniniwala ng isa't isa tungkol sa kasagraduhan ng kasal at kahalagahan ng mga pamilya bilang pangunahing yunit ng lipunan. Nadama ko ang pagkakatulad at pagkakaisa ng kanilang mga mithiin, interes, at pananaw.

Maraming nakakita at nagpahayag ng pagkakaisang ito, at ginawa nila iyon sa iba't ibang paraan. Ang isa sa mga paborito ko ay nang banggitin ng isang Muslim scholar na taga-Iran ang dalawang talata mula sa ating sariling pagpapahayag tungkol sa pamilya.

Sa kumperensya, napuna ko na kapag nagkakaisa ang iba't ibang pananampalataya at sekta at relihiyon tungkol sa kasal at pamilya, nagkakaisa rin sila tungkol sa mga pinahalagahan at katapatan at debosyon na likas sa mga yunit ng pamilya. Kapansin-pansin para sa akin kung paano naging mas mahalaga ang kasal at mga prayoridad na nakasentro sa pamilya kaysa anumang pagkakaiba-iba sa pulitika, ekonomiya, o relihiyon. Pagdating sa pagmamahal sa asawa at mga inaasam, pag-aalala,



at pangarap para sa mga anak, parepareho tayong lahat.

Kagila-gilalas na dumalo sa mga puulong kasama ang mga kinatawan mula sa iba't ibang lugar habang inilalahad nila ang kanilang damdamin tungkol sa kahalagahan ng kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae. Bawat mensahe nila ay sinundan ng mga patotoo mula sa ibang mga pinuno ng relihiyon. Nagbigay si Pangulong Henry B. Eyring ng huling patotoo sa kumperensya. Malakas ang patotoong binitiwang niya tungkol sa kagandahan ng isang kasal na puno ng katapatan at sa paniniwala natin sa ipinangakong pagpapala ng mga walang-hanggang pamilya.

Ang patotoo ni Pangulong Eyring ay angkop na pagtatapos sa tatlong espesyal na araw na iyon.

Ngayon, maitatanong ninyo, “Kung nadama ng karamihan ang

tahanan at ugnayan ng pamilya, ano ang ipinagkaiba natin? Paano namumukod at naiiba ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa ibang relihiyon sa mundo?”

Narito ang sagot: kahit magandang tingnan at maramdaman na marami tayong pagkakatulad sa iba pang relihiyon sa mundo tungkol sa ating pamilya, tayo lamang ang may walang-hanggang pananaw tungkol sa ipinangakong pagpapala ng mga walang-hanggang pamilya.

Ang hatid ng ipinangakong pagpapala ng mga walang-hanggang pamilya ay napakalaki at napakahalaga at dapat bigyang-diin: ginagawa nating pangwalang-hanggang ang paksang ito! Lalo pa nating pinag-iibayo ang katapatan at kasagraduhan ng kasal dahil pinaniniwalaan at nauunawaan natin na ang mga pamilya ay babalik sa pinagmulan nito bago pa

nilikha ang mundo at na maaari silang sumulong sa kawalang-hanggan.

Ang doktrinang ito ay itinuro nang napakasimple, nakaantig, at napakaganda sa teksto ni Ruth Gardner para sa awit sa Primary na “Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan.” Tumigil sandali at isipin ang mga batang Primary sa buong mundo na kinakanta ang mga salitang ito sa kanilang katutubong wika, nang napakalakas, nang buong sigasig, na pinag-iibayo ng matinding pagmamahal sa pamilya:

*Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan*

*Sa plano ng Ama.*

*Nais kong kapiling ang mag-anak namin,*

*Paraan nito’y bigay ng Diyos.<sup>3</sup>*

Ang buong teolohiya ng ating ipinambalik na ebanghelyo ay nakasentro sa mga pamilya at sa bago at walang-hanggan tipan ng kasal. Sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, naniniwala tayo sa buhay bago pa tayo isinilang kung saan tayo nabuhay na lahat bilang literal na mga espiritung anak ng ating Diyos Ama sa Langit. Tayo ay naniniwala na noon, at hanggang ngayon, tayo ay mga miyembro ng Kanyang pamilya.

Naniniwala tayo na ang kasal at mga ugnayan ng pamilya ay maaaring magpatuloy sa kabilang buhay—na ang mga kasal na isinagawa ng mga yaong may wastong awtoridad sa Kanyang mga templo ay patuloy na magkakaroon ng bisa sa daigdig na darating. Hindi natin sinasabi sa mga seremonya natin sa kasal ang “hanggang sa tayo’y paghiwalayin ng kamatayan” sa halip ay sinasabi nating, “para sa panahon at sa buong kawalang-hanggan.”

Naniniwala rin tayo na ang matibay na mga tradisyonal na pamilya ay hindi lamang mga pangunahing yunit ng isang matatag na lipunan, isang matatag na ekonomiya, at isang matatag na kultura ng mga alituntunin o pamantayang moral—kundi mga pangunahing yunit din sila ng kawalang-hanggan at ng kaharian at pamahalaan ng Diyos.



Naniniwala tayo na ang organisasyon at pamahalaan ng langit ay isasalig sa mga pamilya at kamag-anak.

Dahil naniniwala tayo na ang kasal at pamilya ay walang hanggan, nais natin, bilang isang simbahan, na mamuno at makabahagi sa mga pagsisikap sa iba’t ibang dako ng mundo para patagin ang mga ito. Alam natin na hindi lamang yaong mga aktibong nagsisimba ang naniniwala sa mga alituntuning moral at mga prayoridad ng kasal na pangwalang-hanggan at matatag na ugnayan ng pamilya. Napatunayan ng maraming tao na ang katapatan sa asawa at pagkakaroon ng pamilya ang pinakamabuti, pinakamatipid, at pinakamasayang paraan ng pamumuhay.

Wala pang nakakaisip ng mas magandang paraan para palakihin ang susunod na henerasyon kaysa sa isang tahanan ng kasal na mga magulang na may mga anak.

Bakit dapat maging mahalaga ang kasal at pamilya—sa lahat ng dako? Makikita sa mga pampublikong opinyon na kasal pa rin ang uliran at inaasam ng karamihan anuman ang edad nila—kahit sa henerasyong isinilang sa pagitan ng 1980’s at 2000’s, kung saan

marami tayong naririnig tungkol sa mga taong piniling huwag mag-asawa, manatiling malaya, at magsama nang hindi kasal sa halip na magpakasal. Ang totoo’y halos lahat ng tao sa buong mundo ay nais pa ring magkaanak at bumuo ng matatag na pamilya.

Sa sandaling tayo’y mag-asawa at magkaanak, nagiging mas malinaw ang tunay na pagkakatulad ng buong sangkatauhan. Bilang “mga taong may pamilya”—saanman tayo nakatira o anuman ang ating relihiyon—pareho ang ating mga paghihirap, pakikitungo, at ating mga inaasam, pag-aalala, at pangarap para sa ating mga anak.

Tulad ng sinabi ng kolumnista ng *New York Times* na si David Brooks: “Hindi umiigi ang buhay ng mga tao kapag binigyan sila ng lubos na kalayaang gawin ang gusto nila. Umiigi ang buhay nila kapag puno sila ng mga obligasyon at responsibilidad na higit pa sa personal nilang pinili—mga obligasyon sa pamilya, sa Diyos, sa trabaho at sa bayan.”<sup>4</sup>

Ang isang problema ay na karamihan sa media at libangan sa buong mundo ay hindi naaayon sa mga prayoridad at pinahalalagahan ng karamihan.



Anuman ang mga dahilan, karamihan sa napapanood at naririnig natin sa telebisyon, sine, musika, at Internet ay nagpapakita ng karaniwang sitwasyon kung saan ang kakaunti ay nagmumukhang nakararami. Ang imoralidad at kawalan ng moralidad, mula sa matinding karamihan hanggang sa pakikipagseks para lang masiyahan, ay inilalarawang normal at maaaring maging dahilan para madama nating may moralidad na parang tayo ay nahuhuli sa uso o makaluma. Sa mundong ito na naiimpluwensyahan ng media at Internet, mas mahirap magpalaki ng responsableng mga anak at panatiliing buo ang pagsasama ng mga mag-asawa at pamilya.

Gayunman, sa kabila ng iminungkahing iba't ibang uri ng media at libangan at sa kabila ng kitang-kitang kawalan ng interes ng ilan sa kasal at pamilya, naniniwala pa rin ang karamihan ng mga tao na ang kasal ay nararapat lamang sa pagitan ng isang lalaki at isang babae. Naniniwala sila sa katapatan sa asawa, at sa mga sumpaan sa kasal na “sa karamdaman at kalusugan” at “hanggang sa tayo’y paghiwalayin ng kamatayan.”

Kailangan nating ipaalala sa ating sarili paminsan-minsan, tulad noong maalala ko iyon sa Rome, ang nakapayapa at nakapapanatag na katotohanan na kasal at pamilya pa rin ang mithiin at uliran ng karamihan at na hindi tayo nag-iisa sa mga paniniwalang iyon. Mas mahirap balansehin ang trabaho, pamilya, at personal na mga pangangailangan sa ating panahon kaysa rati. Bilang isang simbahan, nais nating tumulong hangga’t kaya natin upang makabuo ng matibay na pagsasama ng mag-asawa at pamilya at masuportahan ito.

Iyan ang dahilan kaya aktibo ang Simbahan sa pakikibahagi at pamumuno sa iba’t ibang koalisyon at pagsisikap ng iba’t ibang relihiyon na patatagin ang pamilya. Iyan ang dahilan kaya tayo nagbabahagi ng mga pinahahalagahan ng ating pamilya sa media at sa social media. Iyan ang dahilan kaya tayo nagbabahagi ng mga genealogical at family record ng ating mga kamag-anak sa lahat ng bansa.

Nais nating iparinig ang ating tinig laban sa lahat ng mali at alternatibong

uri ng pamumuhay na nagtatangkang pumalit sa organisasyon ng pamilya na itinatag mismo ng Diyos. Nais din nating iparinig ang ating tinig sa pagsuporta sa kagalakan at tagumpay na hatid ng tradisyonal na pamilya. Kailangan nating patuloy na iparinig ang tinig na iyan sa buong mundo na nagpapahayag kung bakit napakahalaga ng kasal at pamilya, bakit tala-gang mahalaga ang kasal at pamilya, at bakit mananatiling mahalaga ang mga ito.

Mga kapatid, ang ipinanumbalik na ebanghelyo ay nakasentro sa kasal at pamilya. Sa kasal at pamilya rin tayo maaaring makipagkaisa nang lubusan sa iba pang mga relihiyon. Sa kasal at pamilya natin matatagpuan ang ating pinakamalaking pagkakatulad sa iba sa mundo. Sa kasal at pamilya may pinakamalaking pagkakataon ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na maging liwanag sa tuktok ng burol.

Magtatapos ako sa pagbibigay ng patotoo (at lubos ang karapatan kong sabihin ito dahil siyamnapung taon na ako sa mundong ito) na habang tuma-tanda ako, mas natatanto ko na ang pamilya ang sentro ng buhay at susi sa walang-hanggang kaligayahan.

Salamat sa aking asawa, mga anak, mga apo at apo-sa-tuhod, at lahat ng pinsan at pamilya ng asawa ko at kamag-anak na nagpapayaman sa buhay ko at, oo, maging magpasawalang-hanggan. Iniiwan ko ang aking pinakamalakas at pinakasagradong patotoo tungkol sa walang-hanggang katotohanang ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Pope Francis, mensahe sa Humanum: An International Interreligious Colloquium on the Complementarity of Man and Woman, Nov. 17, 2014, [humanum.it/en/videos](http://humanum.it/en/videos); tingnan din sa [zenit.org/en/articles/pope-francis-address-at-opening-of-colloquium-on-complementarity-of-man-and-woman](http://zenit.org/en/articles/pope-francis-address-at-opening-of-colloquium-on-complementarity-of-man-and-woman).
2. Pope Francis, Colloquium on the Complementarity of Man and Woman.
3. “Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan,” *Mga Himno*, blg. 188.
4. David Brooks, “The Age of Possibility,” *New York Times*, Nob. 16, 2012, A35, [nytimes.com/2012/11/16/opinion/brooks-the-age-of-possibility.html](http://nytimes.com/2012/11/16/opinion/brooks-the-age-of-possibility.html).



Inilahad ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf  
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan

Mga kapatid, iminumungkahing sang-ayunan natin si Thomas Spencer Monson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; si Henry Bennion Eyring bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan; at si Dieter Friedrich Uchtdorf bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang mga di sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita lamang.

Ang pagboto ay itinala.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Boyd Kenneth Packer bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at ang sumusunod bilang mga miyembro ng korum na iyon: Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M.

Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, at Neil L. Andersen.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang di sang-ayon, ipakita lamang.

Salamat. Ang pagboto ay itinala.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Lahat ng sang-ayon, ipakita lamang.

Ang di sang-ayon, kung mayroon man, ipakita lamang.

Ang pagboto ay itinala.

Iminumungkahing i-release natin ang sumusunod bilang mga Area Seventy, mula sa Mayo 1, 2015:

Juan C. Avila, Philip K. Bussey, René J. Cabrera, Renato Capelletti, Paul D. M. Christensen, Samuel W. Clark, Rogério G. R. Cruz, George R. Donaldson, Ini B. Ekong, Christian H. Fingerle, Craig G. Fisher, Jerryl L. Garna, M. Keith Giddens, Allen D. Haynie, Jui Chang Juan, George M. Keele, Von G. Keetch, Katsumi Kusume, German Laboriel, J. Christopher Lansing, Gustavo Lopez, Dmitry V. Marchenko, Peter F. Meurs, T. Jackson Mkhabela, Hugo Montoya, Valentín F. Nuñez, Hee Keun Oh, Jeffery E. Olson,





Osvaldo R. Dias, Michael M. Dudley, Mark P. Durham, James E. Evanson, Paschoal F. Fortunato, Patricio M. Giuffra, Daniel P. Hall, Toru Hayashi, Paul F. Hintze, J. K. Chukwuemeka Igwe, Seung Hoon Koo, Ming-Shun Kuan, Johnny L. Leota, Carlo M. Lezano, Joel Martinez, J. Vaun McArthur, Kyle S. McKay, Helamán Montejó, A. Fabio Moscoso, Michael R. Murray, Norman R. Nemrow, S. Mark Palmer, Ferdinand P. Pangan, Jairus C. Perez, Steven M. Petersen, Wolfgang Pilz, Jay D. Pimentel, John C. Pingree Jr., Edvaldo B. Pinto Jr., Evan A. Schmutz, K. David Scott, Paul H. Sinclair, Benjamin T. Sinjoux, Rulon F. Stacey, David L. Stapleton, Karl M. Tilleman, William R. Titera, Seiji Tokuzawa, Carlos R. Toledo, Cesar E. Villar, Juan Pablo Villar, David T. Warner, Gary K. Wilde, at Robert K. William.

Lahat ng sang-ayon, ipakita lamang.  
Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Cheryl A. Esplin para maglingkod ngayon bilang unang tagapayo sa Primary general presidency at si Mary R. Durham para maglingkod bilang pangalawang tagapayo.

Iminumungkahi rin na sang-ayunan natin si Brother Stephen W. Owen bilang Young Men general president, kasama si Douglas Dee Holmes bilang unang tagapayo at si Monte Joseph Brough bilang pangalawang tagapayo.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Pangulong Monson, naitala na po ang pagboto. Inaanyayahan namin ang mga tumutol sa alinman sa mga iminungkahi na kontakin ang kanilang stake president. Minamahal kong mga kapatid, salamat sa inyong pananam-palataya at mga dalangin sa ngalan ng mga lider ng Simbahan.

Inaanyayahan namin ang mga bagong General Authority at mga bagong miyembro ng general auxiliary presidency na maupo sa kanilang lugar sa rostrum. ■

R. Ingvar Olsson, Norbert K. Ounleu, Robert N. Packer, Nathaniel R. Payne, Cesar A. Perez Jr., Michael J. Reall, Edson D. G. Ribeiro, Brad K. Risenmay, Walter C. Selden, Mozart B. Soares, Carlos Solis, Norland Souza, Vern P. Stanfill, T. Marama Tarati, Kouzou Tashiro, Ruben D. Torres, Omar Villalobos, Jack D. Ward, Alan J. Webb, Gerardo J. Wilhelm, at Jim L. Wright.

Ang mga nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mahusay nilang paglilingkod, mangyaring ipakita.

Iminumungkahi na i-release natin nang may taos-pusong pasasalamat sina Brother David L. Beck, Larry M. Gibson, at Randall L. Ridd bilang Young Men general presidency. Inirelease din natin ang lahat ng miyembro ng Young Men general board.

Sa sandaling ito inire-release din natin si Sister Jean A. Stevens bilang unang tagapayo sa Primary general

presidency at si Sister Cheryl A. Esplin bilang pangalawang tagapayo sa Primary general presidency.

Lahat ng nais makiisa sa amin sa pagpapakita ng pasasalamat sa mga kapatid na ito sa kanilang kahanga-hangang paglilingkod at katapatan, mangyaring ipakita.

Iminumungkahing sang-ayunan natin bilang mga bagong miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu sina Kim B. Clark, Von G. Keetch, Allen D. Haynie, Hugo Montoya, at Vern P. Stanfill.

Lahat ng sang-ayon, ipakita lamang.

Ang mga hindi sang-ayon, ipakita rin.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang sumusunod bilang mga bagong Area Seventy: Nelson Ardila, Jose M. Batalla, Lawrence P. Blunck, Bradford C. Bowen, Mark A. Bragg, Sergio Luis Carboni, Armando Carreón, S. Marc Clay Jr., Z. Dominique Dekaye,

# Ulat ng Auditing Department ng Simbahan, 2014

**Inilahad ni Kevin R. Jergensen**

Managing Director, Church Auditing Department

*Sa Unang Panguluhan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw*

**M**ga Minamahal na Kapatid: Tulad ng nakasaad sa paghahayag sa bahagi 120 ng Doktrina at mga Tipan, ang Council on the Disposition of the Tithes—na binubuo ng Unang Panguluhan, ng Korum ng Labindalawang Apostol, at ng Presiding Bishopric—ang nagpapahintulot sa paggugol ng pondo ng Simbahan. Ginugol ng mga unit ng Simbahan ang mga pondo alinsunod sa inaprubahang mga badyet, patakaran, at pamamaraan.

Ang Church Auditing Department, na binubuo ng mga lisensyadong propesyonal at hiwalay sa lahat ng iba pang mga departamento ng Simbahan, ang may tungkuling magsagawa ng mga audit sa layon na makapagbigay ng katiyakan hinggil sa natanggap na mga kontribusyon, pondong ginugol,

at sa pangangalaga ng mga ari-arian ng Simbahan.

Batay sa isinagawang mga audit, naniniwala ang Church Auditing Department na, sa lahat ng materyal na aspeto, ang natanggap na mga kontribusyon, pondong ginugol, at ari-arian ng Simbahan para sa taong 2014 ay naitala at napangasiwaan alinsunod sa inaprubahang badyet ng Simbahan, mga patakaran, at angkop na mga gawain sa accounting. Sinusunod ng Simbahan ang mga itinuturo sa mga miyembro nito na mamuhay ayon sa kinikita, iwasan ang mangutang, at mag-impok para sa panahon ng pangangailangan.

Buong paggalang na isinumite,  
Church Auditing Department  
Kevin R. Jergensen  
Managing Director ■



# Ulat sa Estadistika, 2014

**Inilahad ni Brook P. Hales**

Kalihim sa Unang Panguluhan

**I**pinalabas ng Unang Panguluhan ang sumusunod na ulat sa estadistika tungkol sa paglago at kalagayan ng Simbahan noong Disyembre 31, 2014.

## Mga Unit ng Simbahan

Mga Stake.....	3,114
Mga Mission.....	406
Mga District.....	561
Mga Ward at Branch.....	29,621

## Mga Miyembro ng Simbahan

Kabuuang Bilang ng mga Miyembro.....	15,372,337
Mga Bagong Children of Record.....	116,409
Mga Convert na Nabinyagan.....	296,803

## Mga Missionary

Mga Full-Time Missionary.....	85,147
Mga Church-Service Missionary...	30,404

## Mga Templo

Mga Templong Inilaan noong 2014 (Fort Lauderdale Florida, Gilbert Arizona, at Phoenix Arizona).....	3
Mga Templong Muling Inilaan (Ogden Utah).....	1
Mga Templong Gumagana sa Katapusan ng Taon.....	144



**Ni Elder David A. Bednar**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Anupa't Nabawasan ang Kanilang Pagkatakot

*Di-tulad ng makamundong takot na lumilikha ng pangamba at pagkabalisa, ang takot sa Diyos ay pinagmumulan ng kapayapaan, katiyakan, at tiwala.*

**M**alinaw kong naaalala ang isang karanasan noong bata pa ako. Isang araw habang naglalaro kami ng mga kaibigan ko, di-sinasadyang nabasag ko ang bintana ng isang tindahan malapit sa bahay namin. Nang madurog ang salamin at tumunog nang malakas ang security alarm, nanigas sa takot ang aking puso't isipan. Agad kong naisip na makukulong ako habang buhay. Ka-launan ay hinimok ako ng aking mga magulang na lumabas mula sa aking pinagtataguan sa ilalim ng kama at tinulungan akong humingi ng tawad sa may-ari ng tindahan. Mabuti na lang, hindi ako ipinakulong.

Ang takot na nadama ko noong araw na iyon ay sagad at totoo. Walang dudang nakaranas na kayo ng mas matinding takot matapos malaman ang isang personal na problema sa kalusugan, matuklasan na nahihirapan o nanganganib ang buhay ng isang kapamilya, o mapuna ang nakagagambalang mga pangyayari sa mundo. Sa gayong mga pagkakataon, dumarating ang nakababalisang takot dahil sa nakaambang panganib, kawalang-katiyakan,

o sakit at sa pamamagitan ng mga karanasang di-inaasahan, na kung minsan ay bigla, at malamang na hindi maganda ang kalalabasan.

Sa ating pang-araw-araw na buhay, maaaring magdulot ng takot at pangamba ang walang-katapusang mga ulat tungkol sa karahasan ng mga kriminal, taggutom, mga digmaan, katiwalian, terorismo, lumalalang imoralidad, sakit, at mapaminsalang mga kalamidad. Tunay ngang nabubuhay tayo sa

panahong ipinropesiya ng Panginoon: “At sa araw na iyon . . . ang buong mundo ay magkakagulo, at ang puso ng mga tao ay magsisipanlupaypay” (D at T 45:26).

Ang layunin ko ay ipaliwanag kung paano napapawi ang takot sa pamamagitan ng tamang kaalaman at panampalataya sa Panginoong Jesucristo. Dalangin ko na pagpalain ng Espiritu Santo ang bawat isa sa atin habang magkasama nating pinag-iisipan ang mahalagang paksang ito.

## Takot sa Buhay

Nang marinig ang tinig ng Diyos matapos kumain ng bawal na bunga, nagtago sina Adan at Eva sa Halamanan ng Eden. Tinawag ng Diyos si Adan at tinanong, “Saan ka naroon? At [sumagot si Adan], Narinig ko ang iyong tinig . . . , at ako’y natakot” (Genesis 3:9–10). Kapansin-pansin na ang isa sa mga unang epekto ng Pagkahulog ay pagkaramdam ng takot nina Adan at Eva. Ang matinding damdaming ito ay isang mahalagang bahagi ng ating buhay sa mundo.

Tampok sa isang halimbawa mula sa Aklat ni Mormon ang kapangyarihan ng kaalaman tungkol sa Panginoon (tingnan sa II Ni Pedro 1:2–8; Alma 23:5–6) na pawiin ang takot at magbigay ng kapayapaan kahit nahaharap tayo sa malaking kagipitan.

Sa lupain ng Helam, natakot ang mga tao ni Alma sa sumusugod na hukbo ng mga Lamanita.





“Subalit humayo si Alma at tumindig sa gitna nila, at pinagpayuhan sila na hindi dapat matakot, kundi . . . alalahanin ang Panginoon nilang Diyos at kanyang ililigtas sila.

“Anupa’t nabawasan ang kanilang pagkatakot” (Mosias 23:27–28).

Pansinin na hindi binawasan ni Alma ang takot ng mga tao. Bagkus, pinayuhan ni Alma ang mga naniniwala na alalahanin ang Panginoon at ang pagliligtas na Siya lamang ang maaaring magkaloob (tingnan sa 2 Nephi 2:8). At ang kaalaman tungkol sa nagpoprotektang pangangalaga ng Tagapagligtas ay nagbigay-kakayahan sa mga tao na bawasan ang sarili nilang takot.

Ang tamang kaalaman tungkol sa at pananampalataya sa Panginoon ay nagbibigay-kakayahan sa atin na bawasan ang ating takot dahil si Jesucristo ang tanging pinagmumulan ng walang-maliw na kapayapaan. Ipinahayag Niya, “Matuto ka sa akin, at makinig sa aking mga salita; lumakad sa kaamuan ng aking Espiritu, at ikaw ay magkakaroon ng kapayapaan sa akin” (D at T 19:23).

Ipinaliwanag din ng Panginoon, “Siya na gumagawa ng mga gawa ng kabutihan ay makatatanggap ng kanyang gantimpala, maging kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating” (D at T 59:23).

Ang tiwala at pananalig kay Cristo at kusang pag-asa sa Kanyang mga kabutihan, awa, at biyaya ay humahantong sa pag-asa sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, Pagkabuhay na Mag-uli, at buhay na walang hanggan (tingnan sa Moroni 7:41). Ang gayong pananampalataya at pag-asa ay inaanyayahan sa ating buhay ang tamis ng kapayapaan ng budhi na hangad nating lahat. Ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ay ginagawang posible ang pagsisisi at sinusugpo ang kawalang-pag-asang dulot ng kasalanan; pinalalakas din tayo nitong makita, magawa, at maging mahusay sa mga paraang hinding-hindi natin makikita o maisasagawa gamit ang ating limitadong kakayahan bilang mortal. Totoo, isa sa mga dakilang pagpapala ng tapat na pagkadisipulo “ang



kapayapaan ng Dios, na di masayod ng pagiisip” (Filipos 4:7).

Ang kapayapaang bigay ni Cristo ay tinutulutan tayong tingnan ang mortalidad sa pamamagitan ng natatanging pananaw ng kawalang-hanggan at nagbibigay ng espirituwal na kapanatagan (tingnan sa Colosas 1:23) na tumutulong sa atin na manatiling nakatuon sa ating hantungan sa langit. Sa gayon, maaari tayong pagpalaing mabawasan ang ating takot dahil nagbibigay ng layunin at direksyon ang Kanyang doktrina sa lahat ng aspeto ng ating buhay. Ang Kanyang mga ordenansa at tipan ay nagpapatibay at nagpapanatag kapwa sa panahon ng kabutihan at kasamaan. At ang Kanyang awtoridad ng priesthood ay nagbibigay ng katiyakan na ang mga bagay na pinakamahalaga ay maaaring magtagal sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.

Ngunit mababawasan ba natin ang takot na napakadali at napakadulas bumagabag sa atin sa kasalukuyang mundong ito? Ang sagot sa tanong na ito ay isang maliwanag na “oo.” May tatlong pangunahing alituntuning mahalaga sa pagtanggap ng pagpapalang ito sa ating buhay: (1) umasa kay Cristo, (2) sumalig sa pundasyon ni Cristo, at (3) sumulong nang may pananampalataya kay Cristo.

### *Umasa Kay Cristo*

Ang payong ibinigay ni Alma sa kanyang anak na si Helaman ay angkop na angkop sa bawat isa sa atin ngayon: “Oo, tiyaking aasa ka sa Diyos at mabubuhay [ka]” (Alma 37:47). Dapat tayong umasa at magtuon nang husto sa Tagapagligtas sa lahat ng oras at sa lahat ng lugar.

Gunitain kung ano ang nangyari noong ang mga Apostol ng Panginoon ay nasa isang barko, na sinisiklut-siklot sa gitna ng dagat. Nagpunta si Jesus sa kanila, na naglalakad sa tubig; ngunit hindi nila Siya nakilala, at humiyaw sila sa takot.

“Nagsalita sa kanila si Jesus, na nagsasabi, Laksan ninyo ang inyong loob; ako nga: huwag kayong mangatakot.

“At sumagot sa kaniya si Pedro, at nagsabi, Panginoon, kung ikaw nga, ay papariyanin mo ako sa iyo sa ibabaw ng tubig.

“At sinabi niya, Halika” (Mateo 14:27–29).

At naglakad si Pedro sa tubig patungo kay Jesus

“Datapuwa’t pagkakita niyang malakas ang hangin, ay natakot siya,” nagsimulang lumubog, at malakas na nagsabi, “Panginoon, iligtas mo ako.

“At pagdaka’y iniunat ni Jesus ang kaniyang kamay at hinawakan siya, at



sa kaniya’y sinabi, Oh ikaw na kakaunti ang pananampalataya, bakit ka [nag-alinlangan]?” (Mateo 14:30–31).

Nakikinita ko si Pedro na tumutugon nang taimtim at kaagad sa paanyaya ng Tagapagligtas. Habang nakatuon ang kanyang mga mata kay Jesus, humakbang siya palabas ng bangka at mahimalang naglakad sa tubig. Natakot lamang siya at nagsimulang lumubog nang malihis ang kanyang tingin sa hangin at mga alon.

Mapagpapala tayong magapi ang ating takot at mapatatag ang ating pananampalataya kapag sinunod natin ang tagubilin ng Tagapagligtas: “Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot” (D at T 6:36).

#### **Sumalig sa Pundasyon ni Cristo**

Sinabi ni Helaman sa kanyang mga anak na sina Nephi at Lehi: “Tandaan, tandaan na sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan; nang sa gayon kapag ipinadala ng diyablo ang kanyang malalakas na hangin, oo, ang kanyang mga palaso sa buhawi, oo, kapag ang lahat ng kanyang ulang yelo at kanyang malakas na bagyo ay humampas sa inyo, hindi ito magkakaroon ng kapangyarihan sa inyo na hilahin kayong pababa sa look ng kalungkutan at walang katapusang

kapighatian, dahil sa bato kung saan kayo nakasandig, na tunay na saligan, isang saligan na kung sasandigan ng mga tao ay hindi sila maaaring bumagsak” (Helaman 5:12).

Mga ordenansa at tipan ang mga saligang batong ginagamit natin sa pagtayo ng ating buhay sa pundasyon ni Cristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala. Ligtas tayong nakaugnay sa Tagapagligtas kapag marapat nating tinanggap ang mga ordenansa at pumasok sa mga tipan, tapat nating inalala at iginalang ang mga sagradong pangakong iyon, at ginawa natin ang lahat para mamuhay alinsunod sa mga obligasyong tinanggap natin. At ang bigkis na iyon ang pinagmumulan ng espirituwal na lakas at katatagan sa lahat ng panahon ng ating buhay.

Maaari tayong pagpalaing mabawasan ang ating takot kapag matatag nating itinatag ang ating mga hangarin at gawain sa tiyak na pundasyon ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng ating mga ordenansa at tipan.

#### **Sumulong nang May Pananampalataya Kay Cristo**

Ipinahayag ni Nephi: “Kaya nga, kinakailangan kayong magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao. Samakatwid, kung kayo

ay magpapatuloy, nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan” (2 Nephi 31:20).

Ang disiplinadong pagtitiis na inilarawan sa talatang ito ay resulta ng espirituwal na pang-unawa at pananaw, pagpupumilit, pagtitiyaga, at biyaya ng Diyos. Ang pagsampalataya sa banal na pangalan ni Jesucristo, mapakumbabang pagsuko sa Kanyang kaloo-ban at takdang oras sa ating buhay, at mapakumbabang pagkilala sa Kanyang kamay sa lahat ng bagay ay nagdudulot ng payapang mga bagay ng kaharian ng Diyos na naghahatid ng kagalakan at buhay na walang hanggan (tingnan sa D at T 42:61). Kahit maharap tayo sa mga paghihirap at kawalang-katiyakan ng hinaharap, maaari tayong magsumigasig nang masaya at mabuhay nang “payapa [nang] buong kabanalan at kahusayan” (I Kay Timoteo 2:2).

Maaari tayong pagpalaing mabawasan ang ating takot kapag tinanggap natin ang tibay ng loob na dumarating mula sa pagkaalam at pamumuhay ayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo at may matibay na pagpapasiya na sumulong sa landas ng tipan.

#### **Ang Takot sa Panginoon**

Naiiba ngunit nauugnay sa mga takot na madalas nating madama ang tinatawag sa mga banal na kasulatan na “katakutan [sa Diyos]” (Sa Mga Hebreo 12:28) o “pagkatakot sa Panginoon” (Job 28:28; Mga Kawikaan 16:6; Isaias 11:2–3). Di-tulad ng makamundong takot na lumilikha ng pangamba at pagkabalisa, ang takot sa Diyos ay pinagmumulan ng kapayapaan, katiyakan, at tiwala.

Ngunit paano nakalulugod o espirituwal na nakakatulong ang anumang may kaugnayan sa takot?

Ang matwid na takot na pinipilit kong ilarawan ay kinapapalooban ng malalim na pagpipitagan, paggalang, at paghanga sa Panginoong Jesucristo (tingnan sa Mga Awit 33:8; 96:4), pagsunod sa Kanyang mga kautusan (tingnan sa Deuteronomio 5:29; 8:6; 10:12; 13:4; Mga Awit 112:1), at pag-asam sa

Huling Paghuhukom at katarungan sa Kanyang kamay. Sa gayon, ang takot sa Diyos ay nagmumula sa tamang pagka-unawa sa likas na kabanalan at misyon ng Panginoong Jesucristo, kahandaang isuko ang ating kalooban sa Kanyang kalooban, at sa kaalaman na bawat lalaki at babae ay mananagot sa kanyang sariling mga kasalanan sa Araw ng Paghuhukom (tingnan sa D at T 101:78; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:2).

Tulad ng pinagtitibay sa mga banal na kasulatan, takot sa Diyos “ang pasimula ng kaalaman” (Mga Kawikaan 1:7), “turo ng karunungan” (Mga Kawikaan 15:33), “matibay na pagkakatiwala” (Mga Kawikaan 14:26), at “bukal ng kabuhayan” (Mga Kawikaan 14:27).

Pansinin lamang na ang takot sa Diyos ay hindi maihihiwalay sa pag-unawa sa Huling Paghuhukom at sa ating indibiduwal na pananagutan para sa ating mga hinahangad, iniisip, sinasabi, at ginagawa (tingnan sa Mosias 4:30). Ang takot sa Panginoon ay hindi isang pangamba tungkol sa pagpasok sa Kanyang presensya upang mahatulan. Hindi ako naniniwala na matatakot tayo sa Kanya. Bagkus, ito ang pag-asam na harapin sa Kanyang presensya ang mga bagay tungkol sa ating tunay na pagkatao at magkaroon ng “ganap na kaalaman” (2 Nephi 9:14; tingnan din sa Alma 11:43) ng lahat ng ating pangangatwiran, pagkukunwari, at pandaraya sa sarili. Sa huli, wala na tayong maikakatwiran.

Bawat taong nabuhay o mabubuhay pa sa ibabaw ng lupa ay “dadalhin upang tumayo sa harapan ng hukuman ng Diyos, upang hatulan niya alinsunod sa [kanyang] mga gawa maging mabuti man yaon o maging yaon man ay masama” (Mosias 16:10). Kung ang ating mga ninanais ay para sa kabutihan at ang ating mga ginagawa ay mabuti, magiging kasiya-siya ang pagharap sa hukuman ng Diyos (tingnan sa Jacob 6:13; Enos 1:27; Moroni 10:34). At sa huling araw tayo’y “gagantimpalaan sa kabutihan” (Alma 41:6).

Sa kabilang dako, kung ang ating mga hinahangad ay para sa kasamaan at ang ating mga ginagawa ay masama, matatakot tayong humarap sa hukuman. “Tayo ay hindi mangangahas na tumingnan sa ating Diyos; at tayo ay magagalak kung ating mauutusan ang mga bato at ang mga bundok na bumagsak sa atin upang itago tayo mula sa kanyang harapan” (Alma 12:14). At sa huling araw tayo’y “magtatamo ng [ating] gantimpala na masama” (Alma 41:5).

Tulad ng ibinuod sa Ecclesiastes:

“Ikaw ay matakot sa Dios, at sundin mo ang kaniyang mga utos; sapagka’t ito ang buong katungkulan ng tao.

“Sapagka’t dadalhin ng Dios ang bawat gawa sa kahatulan, pati ng bawat kubling bagay, maging ito’y mabuti o maging ito’y masama” (Ecclesiastes 12:13–14).

Minamahal kong mga kapatid, pinapawi ng makadiyos na takot ang

mortal na takot. Sinusupil pa nito ang malagim na alalahanin na kailanma’y hindi sasapat ang ating espirituwal na kabutihan at hindi natin magagampanan ang mga ipinagagawa at inaasahan ng Panginoon. Ang totoo, hindi magiging sapat ang ating kabutihan o hindi natin magagampanan ang lahat na nakaasa lamang sa sarili nating kakayahan at pagganap. Hindi tayo inililigtas at hindi tayo maililigtas ng ating mga ginagawa at hinahangad lamang. “Sa kabila ng lahat ng ating magagawa” (2 Nephi 25:23), magiging ganap lamang tayo sa pamamagitan ng awa at biyayang hatid ng walang-katapusan at walang-hanggang nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas (tingnan sa Alma 34:10, 14). Walang alinlangang, “naniniwala [tayo] na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo” (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3).

Ang takot sa Diyos ay ang mahalina at magtiwala sa Kanya. Kapag mas lubos ang takot natin sa Diyos, mas lubos natin Siyang mahal. At “ang ganap na pag-ibig ay nagwawaksi ng lahat ng takot” (Moroni 8:16). Ipinapangako ko na ang maningning na liwanag ng pag-asang dulot ng takot sa Diyos ay papawi sa dilim ng kawalan ng pag-asang dulot ng mga takot natin sa buhay (tingnan sa D at T 50:25) kapag umasa tayo sa Tagapagligtas, sumalig tayo sa Kanya bilang ating pundasyon, at sumulong sa landas ng Kanyang tipan nang may buong katapatan.

#### Patotoo at Pangako

Mahal ko at sinasamba ko ang Panginoon. Ang Kanyang kapangyarihan at kapayapaan ay tunay. Siya ang ating Manunubos, at pinatotohanan ko na Siya ay buhay. At dahil sa Kanya, hindi kailangang maligalig o matakot man ang ating puso (tingnan sa Juan 14:27), at pagpapalain tayong mabawasan ang ating takot. Pinatotohanan ko ito sa sagrado at banal na pangalan ni Jesucristo, amen. ■





Ni Elder D. Todd Christofferson  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Bakit Dapat Mag-asawa at Bumuo ng Pamilya

*Ang pamilyang binuo ng isang lalaki at isang babaeng ikinasal ang pinakaakmang kalagayan upang magtagumpay ang plano ng Diyos.*

Sa ibabaw ng Great West Door ng bantog na Westminster Abbey sa London, England, nakatayo ang estatuwa ng 10 Kristiyanong martir ng ika-20 siglo. Kabilang sa kanila si Dietrich Bonhoeffer, isang matalinong German theologian na isinilang noong 1906.<sup>1</sup> Hayagang tinuligsa ni Bonhoeffer ang diktadura ng mga Nazi at ng pagtrato nito sa mga Judio at sa iba pa. Siya ay ibinilanggo dahil sa kanyang matinding pagsalungat at sa huli ay pinatay sa isang concentration camp. Maraming kathang naisulat si

Bonhoeffer, at ilan sa kanyang mga pinakakilalang akda ay ang mga liham na naipuslit niya sa bilangguan sa tulong ng nakikisimpatiyang mga guwardya, na kalaunan ay inilathala bilang *Letters and Papers from Prison*.

Ang isa sa mga liham na iyon ay para sa kanyang ikakasal na pamangking babae. Naglalaman ito ng mga makabuluhang pananaw na ito: “Ang pag-aasawa ay higit pa sa pag-ibig ninyo sa isa’t isa. . . . Sa inyong pag-iibigan sa inyong dalawa lang umiikot ang mundo ninyo, ngunit sa pag-aasawa ay nagsisilbi kayong kawing sa mga henerasyon, na tinulutan ng Diyos na pumarito sa lupa at bumalik sa kanyang kaluwalhatian, at pumasok sa kanyang kaharian. Sa inyong pag-iibigan ang nakikita lamang ninyo ay sariling kaligayahan, ngunit sa pag-aasawa ay nagkakaroon kayo ng responsibilidad sa mundo at sa sangkatauhan. Ang inyong pag-iibigan ay sarili ninyong pag-aari, ngunit ang pag-aasawa ay hindi lang pansarili—ito ay isang katayuan, isang katungkulan. Tulad ng ang korona, at hindi lamang ang kagustuhang mamuno, ang naglalarawan sa isang hari, gayon din

ang pag-aasawa, at hindi lamang ang inyong pag-iibigan, ang nagbubuklod sa inyo sa paningin ng Diyos at ng tao. . . . Kaya ang pag-ibig ay nagmumula sa inyo, ngunit ang pag-aasawa ay nagmumula sa itaas, mula sa Diyos.”<sup>2</sup>

Sa anong paraan nahihigitan ng pagpapakasal ng isang lalaki at isang babae ang kanilang pag-iibigan at ang sarili nilang kaligayahan upang magkaroon “ng responsibilidad sa mundo at sa sangkatauhan”? Sa anong paraan ito nagmumula “sa itaas, sa Diyos”? Para maunawaan ito, kailangan tayong bumalik sa simula.

Inihayag na ng mga propeta na nabuhay muna tayo bilang mga kata-linuhan at na pinagkalooban tayo ng anyo, o mga espiritung katawan, ng Diyos, kaya tayo naging Kanyang mga espiritung anak—mga anak na lalaki at babae ng mga magulang sa langit.<sup>3</sup> Dumating ang panahon sa premortal na buhay na ito ng mga espiritu kung kailan, sa hangad Niyang magkaroon tayo ng “pribilehiyong umunlad na katulad niya,”<sup>4</sup> naghanda ng plano ang ating Ama sa Langit upang maisakatu-paran iyan. Sa mga banal na kasulatan iba’t iba ang tawag dito, kabilang na ang “plano ng kaligtasan,”<sup>5</sup> “dakilang plano ng kaligayahan,”<sup>6</sup> at “plano ng pagtubos.”<sup>7</sup> Ang dalawang pangunahing layunin ng plano ay ipinaliwanag kay Abraham sa mga salitang ito:

“At may isang nakatayo sa kanila na tulad ng Diyos, at kanyang sinabi sa mga yaong kasama niya: Bababa tayo, sapagkat may puwang doon, at tayo ay magdadala ng mga sangkap na ito, at tayo ay lilikha ng mundo kung saan [ang mga espiritu ay] makapaninirahan;

“At susubukin natin sila upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos;

“At sila na mga nakapanatili sa kanilang unang kalagayan ay madaragdagan; . . . at sila na mga nakapanatili sa kanilang ikalawang kalagayan ay magtatamo ng kaluwalhatiayang idaragdag sa kanilang mga ulo magpakailanman at walang katapusan.”<sup>8</sup>

Salamat sa ating Ama sa Langit, dahil naging mga espiritung nilalang na tayo.



Ngayon ay inaalok Niya tayo ng landas para makumpleto o maging sakdal ang .nilalang na iyon. Ang pagdaragdag ng katawan ay mahalaga sa kaganapan ng pag-iral at kaluwalhatiang tinatamasa ng Diyos Mismo. Kung, habang nasa piling ng Diyos sa premortal na daigdig ng mga espiritu, sasang-ayon tayong makibahagi sa Kanyang plano—o sa madaling salita ay “nakapanatili sa ating unang kalagayan”—tayo ay “madragdagan” ng pisikal na katawan sa paninirahan natin sa mundong nilikha Niya para sa atin.

Kung, habang nabubuhay tayo sa lupa, pinili nating “gawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos [sa atin] ng Panginoon [nating] Diyos,” napanatili natin ating “ikalawang kalagayan.” Ibig sabihin ay ipapamalas natin sa Diyos (at sa ating sarili) sa ating mga pagpasiya ang ating tapat na pangako at kakayahang ipamahay ang Kanyang selestiyal na batas habang wala tayo sa piling Niya at nasa pisikal na katawan na taglay ang lahat ng kapangyarihan, gana, at silakbo ng damdamin. Mapipigilan ba natin ang laman para maging kasangkapan ito sa halip na maging panginoon ng espiritu? Mapagtitiwalaan ba tayo kapwa sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan ng mga kapangyarihan ng langit, kabilang na ang kapangyarihang lumikha ng buhay? Madadaig ba ng bawat isa sa atin ang kasamaan? Yaong mga nakagawa nito ay “magtamtamo ng kaluwalhatiang idaragdag sa kanilang mga ulo magpakailanman at walang katapusan”—isang napakahalagang aspeto ng kaluwalhatiang iyon ang magkaroon ng nabuhay na mag-uli, imortal, at niluwalhatiang pisikal na katawan.<sup>9</sup> Kaya pala tayo “[naghiyawan] sa kagalakan” sa napakagandang mga posibilidad at pangakong ito.<sup>10</sup>

Kailangan ang apat na bagay man lang para magtagumpay ang banal na planong ito:

Una ay ang Paglikha ng daigdig bilang ating tirahan. Anuman ang mga detalye sa proseso ng paglikha, alam natin na ito ay hindi nagkataon lamang kundi ito ay pinamahalaan ng Diyos Ama at ipinatupad ni Jesucristo—“lahat ng mga bagay



ay ginawa sa pamamagitan niya; at alin man sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala siya.”<sup>11</sup>

Ang pangalawa ay ang kundisyon ng mortalidad. Kumilos sina Adan at Eva para sa lahat na pumiling makibahagi sa dakilang plano ng kaligayahan ng Ama.<sup>12</sup> Ang kanilang Pagkahulog ay lumikha ng mga kundisyong kailangan para sa ating pisikal na pagsilang at karanasan bilang mortal at matuto nang malayo sa presensya ng Diyos. Dahil sa Pagkahulog nalaman natin ang mabuti at masama at ang kapangyarihang pumili na bigay ng Diyos.<sup>13</sup> Sa huli, ang Pagkahulog ay naghatid ng pisikal na kamatayan na kailangan upang ang ating panahon sa lupa ay maging pansamantala lamang upang hindi tayo mabuhay sa ating mga kasalanan magpakailanman.<sup>14</sup>

Ang pangatlo ay pagkatubos mula sa Pagkahulog. Nakikita natin ang papel ng kamatayan sa plano ng ating Ama sa Langit, ngunit mawawalan ng saysay ang planong iyon kung walang anumang paraan para madaig ang kamatayan sa huli, kapwa pisikal at espirituwal. Kaya nga, isang Manunubos, ang Bugtong na Anak ng Diyos na si Jesucristo, ang nagdusa at namatay upang magbayad-sala para sa paglabag nina Adan at Eva, sa gayon ay nailaan ang pagkabuhay na mag-uli at imortalidad para sa lahat. At dahil walang sinuman sa atin ang lubos at palaging makasusunod sa batas ng

ebanghelyo, tinutubos din tayo ng Kanyang Pagbabayad-Sala mula sa ating sariling mga kasalanan kung tayo ay magsisisi. Sa nagbabayad-salang biyaya ng Tagapagligtas na nagpapatawad ng mga kasalanan at nagpapatubal ng kaluluwa, tayo ay maaaring espirituwal na isilang na muli at makipagkasundo sa Diyos. Ang ating espirituwal na kamatayan—pagkahiwalay sa Diyos—ay magwawakas.<sup>15</sup>

Ang pang-apat, at huli, ay ang kalagayan para sa ating pisikal na pagsilang at ang susunod na espirituwal na muling pagsilang sa kaharian ng Diyos. Para magtagumpay ang Kanyang gawain at “[tayo] ay mapadakilang kasama niya,”<sup>16</sup> inorden ng Diyos na ang mga lalaki at babae ay dapat makasal at magkaroon ng mga anak, nang sa gayo’y makalikha, sa pakikipagtuwang sa Diyos, ng mga pisikal na katawan na mahalaga sa pagsubok ng mortalidad at kailangan sa walang-hanggan kaluwalhatian sa piling Niya. Inorden din niya na ang mga magulang ay dapat bumuo ng mga pamilya at palakihin ang kanilang mga anak sa liwanag at katotohanan,<sup>17</sup> na maghihikayat sa kanila na umasa kay Cristo. Iniutos sa atin ng Ama:

“Malayang ituro ang mga bagay na ito sa iyong mga anak, nagsasabing:

“ . . . Yayamang kayo ay isinilang sa daigdig sa pamamagitan ng tubig, at dugo, at ng espiritu, na aking nilikha, at sa gayon ang alabok ay naging isang kaluluwang may buhay, gayon man

kayo ay kinakailangang isilang na muli sa kaharian ng langit, sa tubig, at sa [Banal na] Espiritu, at malinisan sa pamamagitan ng dugo, maging ng dugo ng aking Bugtong na Anak; upang kayo ay mapabanal mula sa lahat ng kasalanan, at magtamasa ng mga salita ng buhay na walang hanggan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating, maging ang walang kamatayang kaluwalhatian.”<sup>18</sup>

Dahil alam natin kung bakit natin nilisan ang presensya ng ating Ama sa Langit at kung ano ang kailangang gawin para makabalik at mapadakilang kasama Niya, napakalinaw na ngayon na walang anumang may kinalaman sa ating buhay sa lupa na mas mahalaga kaysa pisikal na pagsilang at espirituwal na muling pagsilang, ang dalawang kailangan para sa buhay na walang hanggan. Ayon sa mga salita ni Dietrich Bonhoeffer, ito ang “katungkulan” ng pag-aasawa, na “responsibilidad sa . . . sangkatuhan,” na saklaw ng banal na institusyong ito “mula sa itaas, mula sa Diyos.” Ito ang “kawing sa mga henerasyon” kapwa sa buhay na ito at sa hinaharap—ang kaayusan ng langit.

Ang pamilyang binuo ng isang lalaki at isang babae ikinasal ang pinakaakmang kalagayan upang magtagumpay ang plano ng Diyos—ang kalagayan para sa pagsilang ng mga anak, na darating na dalisay at walang-malay mula sa Diyos, at ang kapaligiran para sa pag-aaral at paghahandang kailangan nila para sa isang matagumpay na buhay sa mundo at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating. Ang sapat na bilang ng mga pamilyang binuo ng gayong mga pag-aasawa ay mahalaga para mabuhay at umunlad ang lipunan. Kaya nga hinikayat at pinrotektahan ng mga komunidad at bansa ang kasal at ang pamilya bilang mapapalad na institusyon. Kailanma’y hindi ito naging tungkol lamang sa pag-iibigan at kaligayahan ng matatanda.

Makabagbag-damdamin ang argumento ng pag-aaral ng lipunan na pabor sa kasal at mga pamilyang pinamumunuan ng mag-asawang lalaki at babae.<sup>19</sup> Kaya nga “kami ay nagbababala na ang pagkakawatak-watak

ng mag-anak ay magdudulot sa mga tao, mga komunidad, at mga bansa ng mga kapahamakang sinabi na noon pa ng mga sinauna at makabagong propeta.”<sup>20</sup> Ngunit ang pananaw natin sa papel na ginagampanan ng kasal at pamilya ay hindi batay sa pag-aaral ng lipunan kundi sa katotohanan na sila ay likha ng Diyos. Siya ang sa simula ay lumikha kina Adan at Eva sa Kanyang larawan, lalaki at babae, at pinag-isa sila bilang mag-asawa upang maging “isang laman” at magpakarami at kalatan ang lupa.<sup>21</sup> Taglay ng bawat tao ang banal na larawang iyan, ngunit marahil ay sa pag-iisandibdib ng lalaki at babae natin matatamo ang pinakabuong kahulugan ng paglikha sa atin sa larawan ng Diyos—lalaki at babae. Hindi natin mababago ni ng sinumang iba pang tao ang banal na orden na ito ng kasal. Hindi ito inimbento ng tao. Ang gayong kasal ay tunay ngang “mula sa itaas, mula sa Diyos” at mahalagang bahagi ng plano ng kaligayahan na tulad ng Pagkahulog at ng Pagbabayad-sala.

Sa premortal na daigdig, naghimagsik si Satanas laban sa Diyos at sa Kanyang plano, at ang kanyang pagsalungat ay lalo lamang tumitindi. Sinasalungat niya ang kasal at pagbuo ng mga pamilya, at sa mga nag-asawa at nagbuo ng pamilya, ginagawa niya ang lahat para sirain ito. Inaatake niya ang lahat ng bagay na sagrado tungkol sa seksuwalidad ng tao, at marahas na inilalayo ito mula sa konteksto ng kasal sa tila walang-katapusang iba’t ibang uri ng malalasang ideya at gawain. Hinahangad niyang kumbinsihin ang kalalakihan at kababaihan na ang ang mga prayoridad na mag-asawa at magpamilya ay maaaring balewalain o talikuran, o mas unahin ang propesyon, iba pang mga natamong tagumpay, at paghahanap ng kasiyahan para sa sarili at kalayaang gawin ang anumang gusto. Tiyak na natutuwa ang kaaway kapag kinaligtaang turuan at sanayin ng mga magulang ang kanilang mga anak na manampalataya kay Cristo at espirituwal na maisilang na muli. Mga kapatid, maraming bagay na maganda, maraming bagay na mahalaga, ngunit iilan lang ang kailangang-kailangan.

Ang pagpapahayag ng mga pangunahing katotohanang nauukol sa kasal at pamilya ay hindi para kaligtaan o maliitin ang mga sakripisyo at tagumpay ng mga taong walang pagkakataong makamtan ito. Ang ilan sa inyo ay hindi pinagpalang makapag-asawa sa ilang kadahilanan tulad ng kawalan ng mapupusuan, pagkaakit sa kaparehong kasarian, mga kapansanan sa katawan o pag-iisip, o dahil lang sa takot na mabigo na mas nananaig, kahit sa sandaling ito man lang, kaysa sa pananalig. O maaaring nakapag-asawa kayo, ngunit nagwakas ang pagsasama, at naiwan kayong mag-isa sa responsibilidad na halos di-kakayanin kahit ng dalawang tao pa. Ang ilan sa inyo na may-asawa ay hindi magkaanak sa kabila ng napakatinding hangarin at nagsusumamong mga panalangin.

Gayon pa man, lahat ay may mga kaloob; lahat ay may mga talento; lahat ay makakatulong sa pagpapahayag ng banal na plano sa bawat henerasyon. Maraming kabutihan, maraming mahalagang bagay—kahit kung minsa’y kailangang lahat iyan ngayon—ay makakamit hindi man perpekto ang sitwasyon. Ginagawa ng napakarami sa inyo ang lahat ng inyong makakaya. At kapag kayong may mabibigat na pasanin sa mortalidad ay nanindigan sa pagtatanggol sa plano ng Diyos na dakilain ang Kanyang mga anak, handa tayong lahat na humayo. Buong pananalig naming pinatotohanan na ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay nakinita nang lahat ito at pupunan, sa huli, ang lahat ng kasalanan at kawalan ng mga taong bumabaling sa Kanya. Walang sinumang nakatadhanang tumanggap ng mas kaunti kaysa lahat ng mayroon ang Ama para sa Kanyang mga anak.

Isang bata pang ina kamakailan ang nagtapat sa akin ng kanyang pag-aalala tungkol sa kakulangan niya sa pinakamataas na tungkuling ito. Nadama ko na ang mga bagay na bumagabag sa kanya ay maliliit at hindi niya dapat ipag-alala; maayos ang lahat sa kanya. Ngunit alam ko na gusto lamang niyang malugod ang Diyos at pahalagahan ang Kanyang pagtitiwala. Pinanatang ko ang kanyang loob, at sa puso ko

ay nagsumamo ako na palakasin siya ng Diyos, na kanyang Ama sa Langit, sa Kanyang pagmamahal at Kanyang pagsang-ayon habang ginagawa niya ang Kanyang gawain.

Iyan ang dalangin ko para sa ating lahat ngayon. Nawa'y makatanggap tayo ng pagsang-ayon sa Kanyang paningin. Nawa'y dumami pa ang mga nag-aasawa at umunlad ang bawat pamilya, at lubos man nating matanggap sa buhay na ito ang kabuuan ng mga pagpapalang ito o hindi, nawa'y magdulot ng kaligayahan ang biyaya ng Panginoon ngayon at ng pananalig sa mga pangakong tiyak na darating. Sa pangalan ni Jesucrito, amen. ■



#### MGA TALA

1. Tingnan sa Kevin Rudd, "Faith in Politics," *The Monthly*, Okt. 2006, themonthly.com.au/monthly-essays-kevin-rudd-faith-politics--300.
2. Dietrich Bonhoeffer, *Letters and Papers from Prison*, inedit ni Eberhard Bethge (1953), 42–43.
3. Tingnan, halimbawa, sa Awit 82:6; Mga Gawa 17:29; Mga Hebreo 12:9; Doktrina at mga Tipan 93:29, 33; Moises 6:51; Abraham 3:22. Ibinigay ni Propetang Joseph Smith ang detalyeng ito: "Ang mga pangunahing tuntunin tungkol sa tao ay umiiral na kasama ng Diyos. Ang Diyos mismo, nang makitang naliligiran siya ng mga espiritu [o katalinuhan] at kaluwalhatian, at dahil Siya ay mas matalino, ay nakita na wastong magtatag ng mga batas na nagbibigay sa iba ng pribilehiyong umunlad na katulad niya. . . . Siya ay may kapangyarihang bumuo ng mga batas para maturuan ang di gaanong matatalino, upang sila ay mapadakilang kasama niya" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 244).
4. *Mga Turo: Joseph Smith*, 244.
5. Alma 24:14.
6. Alma 42:8.
7. Alma 12:25; tingnan din sa mga talata 26–33.
8. Abraham 3:24–26.
9. Ibinigay ni Propetang Joseph Smith ang buod na pahayag na ito: "Ang plano ng Diyos bago pa itinatag ang daigdig ay magkaroon tayo ng mga tabernakulo [katawan], nang sa pamamagitan ng ating katapatan ay manaig tayo at sa gayon ay mabuhay tayong mag-uli mula sa mga patay, at sa ganitong paraan ay magtamo ng kaluwalhatian, karangalan, kapangyarihan, at nasasakupan." Ipinahayag din ng Propeta: "Naparito tayo sa mundong ito upang magkaroon ng katawan at dalisay itong iharap sa Diyos sa kahariang selestiyal. Ang dakilang alituntunin ng kaligayahan ay kinapapalooban ng pagkakaroon ng katawan. Ang diyablo ay walang katawan, at iyon ang kanyang kaparusahan. Nasisiyahan siya kapag nakakakuha siya ng katawan ng tao, at nang palayasin ng Tagapagligtas ay hiniling niyang makapasok sa kawan ng mga baboy, na nagpapakitang mas gugustuhin pa niya ang katawan ng baboy kaysa wala. Lahat ng nilalang na may katawan ay higit ang lakas kaysa mga yaong wala nito" (*Mga Turo: Joseph Smith*, 245).
10. Job 38:7.
11. Juan 1:3; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 76:23–24.
12. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:21–22; 2 Nephi 2:25.
13. Tingnan sa 2 Nephi 2:15–18; Alma 12:24; Doktrina at mga Tipan 29:39; Moises 4:3. Sinabi ni Joseph Smith: "Lahat ng tao ay may karapatang pumili, sapagkat ito ay inorden ng Diyos. Nilikha Niya ang sangkatauhan na may kalayaang pumili, at binigyan sila ng kakayahang piliin ang mabuti o masama; hangarin ang yaong mabuti, sa pamamagitan ng pagtatak sa landas ng kabanalan sa buhay na ito, na nagdulot ng kapayapaan ng isipan, at kagalakan dito kasama ang Espiritu Santo, at ganap na kagalakan at kaligayahan sa Kanyang kanang kamay sa kabilang buhay; o tahakin ang masamang landas, patuloy na magkasala at maghimagsik sa Diyos, na maghahatid ng kapahamakan sa kanilang kaluluwa sa mundong ito, at ng walang hanggang kapahamakan sa mundong darating." Ipinahayag din ng Propeta: "Hindi tayo maaakit ng mga panunukso ni Satanas maliban kung payagan o pahintulutan natin ito sa ating kalooban. Ang likas nating pagkatao ay nilikhang gayon upang malabanan natin ang diyablo; kung hindi tayo nilikha nang gayon, mawawalan tayo ng layang pumili" (*Mga Turo: Joseph Smith*, 247–48).
14. See Genesis 3:22–24; Alma 42:2–6; Moises 4:28–31.
15. Maging yaong mga hindi nagsisisi ay tinubos ng Pagbabayad-sala mula sa espirituwal na kamatayan upang sila ay makatayong muli sa harapan ng Diyos para sa Huling Paghuhukom (tingnan sa Helaman 14:17; 3 Nephi 27:14–15).
16. *Mga Turo: Joseph Smith*, 244.
17. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:36–40.
18. Moises 6:58–59.
19. Maaring maging tapat sa isa't isa ang mga taong hindi kasal, at maaaring maisilang at mapalaki ang mga anak, na kung minsang medyo matagumpay, sa pamilyang nagsasama ang mga magulang nang hindi kasal. Ngunit karaniwan at sa karamihan ng mga sitwasyon, malaki ang katibayan ng mga pakinabang ng kasal sa lipunan at ng medyo nakalalamang na mga resulta para sa mga anak sa mga pamilyang pinamumunuan ng isang mag-asawang lalaki at babae. Sa kabilang banda, hindi maganda ang mga epekto ng tinatawag ng isang komentarista na "pag-iwas sa iba't ibang dako ng mundo na bumuo ng pamilya" sa lipunan at ekonomiya. Inuri ni Nicholas Eberstadt ang pagtanggap ng mga tao na mag-asawa at magkaanak at ang mga kalakaran hinggil sa mga tahanang walang ama at sa diborsyo at ipinahayag ito: "Malinaw ang masamang epekto sa di-mabilang na mga anak ng pag-iwas na magbuo ng pamilya. Gayon din ang masamang epekto ng diborsyo at pagsilang ng mga anak sa mga magulang na hindi kasal sa lumalaking pagkakaiba sa kinikita at kasaganaan sa buhay—sa lipunan sa kabuuan, ngunit lalong-lalo na sa mga bata. Oo, ang mga bata ay matatag at kung anu-ano pa. Ngunit ang pag-iwas na magbuo ng pamilya ay walang-alinlangang makakaapekto sa walang-malay na mga bata. Ang pag-iwas na iyon ay mayroon ding hindi katanggap-tanggap na mga epekto sa mahihinang matanda." (Tingnan sa "The Global Flight from the Family," *Wall Street Journal*, Feb. 21, 2015, wsj.com/articles/nicholas-eberstadt-the-global-flight-from-the-family-1424476179.)
20. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona*, Nob. 2010, 129.
21. Tingnan sa Genesis 1:26–28; 2:7, 18, 21–24; 3:20; Moises 2:26–28; 3:7–8, 18, 20–24; 4:26.



Ni Elder Wilford W. Andersen  
Ng Pitumpu

# Ang Musika ng Ebanghelyo

*Ang musika ng ebanghelyo ay masayang espirituwal na damdaming nagmumula sa Espiritu Santo. Binabago nito ang puso.*

Lang taon na ang nakakaraan nakinig ako sa isang interbyu sa radyo ng isang bata pang doktor na nagtrabaho sa isang ospital sa Navajo Nation. Ikinuwento niya ang karanasan niya isang gabi nang pumasok sa emergency room ang isang matandang lalaking Native American na may mahabang buhok na nakatirintas. Kinuha ng batang doktor ang kanyang clipboard, nilapitan ang lalaki, at sinabi, “Ano po ang maitutulong ko?” Nakatingin lang sa kawalan ang matandang lalaki at hindi umimik. Ang doktor, na medyo nayamot, ay muling nagtanong. “Hindi ko kayo matutulongan kung hindi ninyo ako kakausapin,” sabi niya. “Sabihin po ninyo sa akin kung bakit kayo naparito sa ospital.”

Sa gayo’y tiningnan siya ng matandang lalaki at sinabing, “Marunong ka bang magsayaw?” Habang pinag-iisipan ng batang doktor ang kakaibang tanong na iyon, naisip niya na marahil ay isang albularyo ang pasyente niya na nanggagamot ng maysakit, ayon sa sinaunang mga kagalian ng tribo, sa pamamagitan ng kanta at sayaw sa halip na magreseta ng gamot.

“Hindi po,” sabi ng doktor, “hindi ako marunong sumayaw. Marunong po ba kayong sumayaw?” Tumango ang matandang lalaki. Pagkatapos ay itina-nong ng doktor, “Matuturuan ba ninyo akong sumayaw?”

Ang sagot ng matanda ay nagpaisip sa akin sa loob ng maraming taon. “Matuturuan kitang sumayaw,” sabi nito, “pero kailangan mong marinig ang musika.”

Kung minsan sa ating tahanan, matagumpay nating naituturo ang mga step

ng sayaw ngunit hindi tayo gaanong matagumpay sa pagtulong sa ating mga kapamilya na marinig ang musika. At tulad ng alam ng matandang albularyo, mahirap sumayaw nang walang musika. Asiwa at hindi masayang sumayaw nang walang musika—at nakakahiya pa. Nasubukan na ba ninyo ito?

Sa bahagi 8 ng Doktrina at mga Tipan, itinuro ng Panginoon kina Joseph Smith at Oliver Cowdery, “Oo, masdan, sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na pasasaiyo at manahanan sa iyong puso” (talata 2). Natututuhan natin ang mga step ng sayaw gamit ang ating isipan, ngunit naririnig natin ang musika gamit ang ating puso. Ang mga step ng sayaw ng ebanghelyo ang mga bagay na ginagawa natin; ang musika ng ebanghelyo ang espirituwal na kagalakang nagmumula sa Espiritu Santo. Binabago nito ang puso at ito ang pinagmumulan ng lahat ng matwid na hangarin. Ang mga step ng sayaw ay nangangailangan ng disiplina, ngunit ang galak sa pagsasayaw ay mararanasan lamang kapag narinig natin ang musika.

May mga nangungutya sa mga miyembro ng Simbahan dahil sa mga bagay na ginagawa natin. Nauunawaan natin iyan. Yaong mga madalas sumayaw ay mukhang kakatwa o nakakahiya o, ayon sa mga banal na kasulatan, “[kakaibal]” (I Ni Pedro 2:9) sa mga hindi makarinig sa musika. Naihinto na ba ninyo ang inyong sasakyan sa





isang spotlight sa tabi ng isa pang kotse kung saan nagsasayaw at kumakanta nang napakalakas ang drayber—ngunit hindi ninyo marinig ang tugtog dahil nakasara ang bintana ninyo? Hindi ba medyo kakaiba siya? Kung matututuhan ng ating mga anak ang mga step ng sayaw nang hindi sila natututong makinig at makiramdam sa magandang musika ng ebanghelyo, sila kalaunan ay hindi na magiging komportable sa pagsasayaw at titigil o, halos kasinsama nito, mapipilitang magpatuloy dahil sa mga ibang nagsasayaw sa paligid nila.

Ang hamon sa ating lahat na nagahangad na ituro ang ebanghelyo ay ipaunawa ito nang higit pa sa pagtuturo ng mga step ng sayaw. Ang kaligayahan ng ating mga anak ay depende sa kakayahan nilang marinig at magustuhan ang magandang musika ng ebanghelyo. Paano natin ito gagawin?

Una, kailangan nating mamuhay ayon sa ebanghelyo para madama ang mga panghihikayat ng Espiritu Santo. Noong unang panahon, bago nagkaroon ng mga computer, nahahanap namin ang aming paboritong istasyon sa radyo sa maingat na pag-iikot ng pihitan ng radyo hanggang sa tumapat ito sa frequency ng istasyon. Kapag malapit na kami sa numero, ingay lang ang naririnig namin. Ngunit kapag natapat na kami sa mismong istasyon, malinaw na naririnig ang paborito naming musika. Sa ating buhay, kailangan tayong tumapat sa tamang frequency para marinig ang musika ng Espiritu.

Kapag tinanggap natin ang kaloob na Espiritu Santo pagkatapos ng bin-yag, napupuspos tayo ng makalangit na musikang lakip ng pagbabalik-loob. Nagbago ang ating puso, at tayo ay “wala nang hangarin pang gumawa ng masama, kundi ang patuloy na gumawa ng mabuti” (Mosias 5:2). Ngunit hindi paroroon ang Espiritu kapag may kasamaan o kapalaluan o inggit. Kung mawala ang magiliw na impluwensyang iyan sa ating buhay, ang saganang himig ng ebanghelyo ay mabilis na mawawala at tuluyan nang hindi maririnig. Nakaaantig ang tanong ni Alma: “Kung inyo nang nadama ang umawit ng awit ng mapagtubos na



pag-ibig, itinatanong ko, nadarama ba ninyo ang gayon ngayon?” (Alma 5:26).

Mga magulang, kung ang ating buhay ay hindi nakaayon sa musika ng ebanghelyo, kailangan nating iyon ito. Tulad ng itinuro sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson noong Oktubre, kailangan nating panatagin ang landas ng ating mga paa (tingnan sa “Papanatagin Mo ang Landas ng Iyong mga Paa,” *Liahona*, Nob. 2014, 86–88). Alam natin kung paano gawin ito. Kailangan nating tumahak sa landas ding iyon na nilakaran natin nang una nating marinig ang makalangit na himig ng musika ng ebanghelyo. Sumasampalataya tayo kay Cristo, nagsisi, at nakikibahagi ng sakramento; higit nating nadarama ang impluwensya ng Espiritu Santo; at nagsisimulang muli ang musika ng ebanghelyo sa ating buhay.

Pangalawa, kapag narinig natin mismo ang musika, kailangan nating gawin ang lahat para patugtugin ito sa ating tahanan. Hindi ito isang bagay na maipipilit o mapupuwersa. “Walang kapangyarihan o impluwensiya na maaari o nararapat na panatilihin sa pamamagitan ng kabanalan ng pagkasaserdote”—o ng pagiging ama o ina o ng pinakamalaki o pinakamalakas na boses—“tanging sa pamamagitan lamang ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, . . . ng hindi pakunwaring pag-ibig; [at] ng kabaitan” (D at T 121:41–42).

Bakit humahantong ang mga katangiang ito sa pagkakaroon ng mas

matinding kapangyarihan at impluwensya sa tahanan? Dahil ito ang mga katangiang nag-aanyaya sa Espiritu Santo. Ang mga katangiang ito ang nagtutuo ng ating puso sa musika ng ebanghelyo. Kapag tinaglay natin ang mga ito, mas natural at masayang masasayaw ng lahat ng mananayaw sa pamilya ang mga step ng sayaw, nang hindi na sila binabantaan o tinatakot o pinipilit.

Kapag maliliit pa ang ating mga anak, mapapatulog natin sila sa awit ng hindi pakunwaring pag-ibig, at kapag nagmatigas sila at ayaw nilang matulog sa gabi, baka kailangan natin silang patulugin sa awit ng mahabang pagtitiis. Kapag sila ay mga tinedyer na, maaari nating alisin ang mga pagtatalo at pagbabanta at, sa halip, gamitin ang magandang musika ng panghihikayat—at marahil ay kantahin ang pangalawang taludtod ng awit ng mahabang pagtitiis. Maaaring magkaisa ang mga magulang na ipakita ang magkaparehang mga katangian ng kahinahunan at kaamuan. Maaanyayahan natin ang ating mga anak na sumabay sa pagkanta natin habang nagpapakita tayo ng kabaitan sa isang kapitbahay na nangangailangan.

Hindi ito darating kaagad. Tulad ng alam ng lahat ng mahusay na musikero, kailangan ng masigasig na praktis para makapagtanghal ng magandang musika. Kung ang mga pagsisikap nating kumanta nang maayos sa umpisa ay tila disintonado at wala sa tono, alalahanin na ang

pagkadisintonado ay hindi maitatama ng pamimintas. Ang pagtatalu-talo sa tahanan ay parang kadiliman sa isang silid. Walang gaanong buting idudulot ang pagalitan ang kadiliman. Kailangan nating *pawin* ang kadiliman sa pagpapasok ng liwanag.

Kaya't kung masyadong malakas at dominante ang mga bass sa inyong tahanan, o kung medyo matinis o wala sa tono ang mga kuwerdas, o kung wala sa tono o hindi mapigilan ang pabigla-biglang mga piccolo na iyon, magpasensya. Kung hindi ninyo naririnig ang musika ng ebanghelyo sa inyong tahanan, alalahanin sana ang tatlong salitang ito: *patuloy na magsanay*. Sa tulong ng Diyos, darating ang araw na mapupuno ng di-masambit na kagala-kan ng musika ng ebanghelyo ang inyong tahanan.

Kahit mamuhay tayo nang matwid, hindi malulutas ng musika ang lahat ng ating problema. Nariyan pa rin ang mga panahon ng kaginhawahan at kahirapan, ng pagkakaisa at di-pagkakasundo sa ating buhay. Ganyan talaga ang buhay sa lupa.

Ngunit kapag nagdagdag tayo ng musika sa mga step ng sayaw, ang kung minsa'y kumplikadong ritmo ng pagsasama ng mag-asawa at pamilya ay humahantong sa pagkakasundo. Kahit ang ating mga hamon ay magdagdag ng magagandang tono at malalambing na himig sa ating buhay. Ang mga doktrina ng priesthood ay magsisimulang magpadalisay sa ating kaluluwa gaya ng hamog mula sa langit. Makakasama natin ang Espiritu Santo sa tuwina, at ang ating setro—na malinaw na tumutukoy sa kapangyarihan at impluwensya—ay magiging di-nagbabagong setro ng kabutihan at katotohanan. At ang ating pamamahala ay magiging walang-hanggang pamamahala. At kahit hindi natin pilitin ay dadaloy ito sa atin magpakailanman at walang katapusan (tingnan sa D at T 121:45–46).

Nawa'y mangyari ito sa ating buhay at sa bawat tahanan natin ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder Dale G. Renlund  
Ng Pitumpu

## Patuloy na Nagsisikap ang mga Banal sa mga Huling Araw


*Kapag tayo ay nagsisikap, nagtitiyaga, at tumutulong sa iba na gawin din ang gayon, tayo ay tunay na mga Banal sa mga Huling Araw.*

Mahal kong mga kapatid, noong Disyembre 2013 nagluksa ang mundo sa pagpanaw ni Nelson Mandela. Matapos ang 27 taong pagkabilanggo dahil sa pagsalungat niya sa kilusan laban sa apartheid, si Mandela ang unang halal na pangulo sa South Africa sa ilalim ng demokrasya. Ang pagpapatawad niya sa mga nagkulong sa kanya ay kahanga-hanga. Nakatanggap ng papuri at pagkilala sa buong

mundo.<sup>1</sup> Madalas sansalain ni Mandela ang mga papuring ito sa pagsasabing, “Hindi ako banal—maliban kung iniisip ninyo na ang banal ay isang makasalanan na patuloy na nagsisikap.”<sup>2</sup>

Ang pahayag na ito—“ang banal ay isang makasalanan na patuloy na nagsisikap”—ay dapat makapanatag at makahikayat sa mga miyembro ng Simbahan. Bagama't tinatawag tayong “mga Banal sa mga Huling Araw,” kung minsa'y napapangiwi tayo sa katawagang ito. Ang katagang *mga Banal* ay karaniwang tawag sa mga taong nagtamo ng mataas na antas ng kabanalan o maging ng pagiging sakdal. At alam na alam natin na hindi tayo sakdal.

Magkagayunman, itinuturo talaga sa atin ng ating teolohiya na maaari tayong maging sakdal kung paulit-ulit at palagi tayong “umaasa nang lubos sa” doktrina ni Cristo: nananampataya sa Kanya, nagsisisi, nakikibahagi ng sakramento para panibaguhin ang ating mga tipan at pagpapala ng binyag, at tumatanggap ng Espiritu Santo upang makasama natin nang



mas palagian. Kapag ginawa natin ito, higit tayong nagiging katulad ni Cristo at nakakatiis hanggang wakas.<sup>3</sup> Sa madaling salita, mas mahalaga sa Diyos kung ano tayo ngayon at kung ano tayo sa hinaharap kaysa sa kung ano tayo noon.<sup>4</sup> Mahalaga sa Kanya na patuloy tayong nagsisikap.

Ang komedyang *As You Like It*, na kinatha ng English playwright na si William Shakespeare, ay naglalarawan ng madamdaming pagbabago sa buhay ng isang tauhan. Tinangka ng isang nakatatandang kapatid na lalaki na ipapatay ang kanyang nakababatang kapatid. Kahit alam ito ng nakababatang kapatid, iniligtas pa rin niya ang masamang kapatid mula sa kamatayan. Nang malaman ng nakatatanda ang habag na ito na hindi nararapat sa kanya, lubos siyang nagbago magpakailanman at nagkaroon ng tinatawag niyang “pagbabagong-loob.” Kalaunan nilapitan at tinanong ng ilang kababaihan ang nakatatandang kapatid, “Hindi ba ikaw ang nagtangkang pumatay sa [kapatid mo]?”

Sagot ng nakatatanda, “Ako nga; pero nagbago na ako: Hindi ako nahihiyang sabihin sa inyo kung ano ako noon, dahil napakaganda ng aking pagbabago, dahil iba na ako ngayon.”<sup>5</sup>

Para sa atin, dahil sa awa ng Diyos at sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang gayong pagbabago ay hindi kathang-isip lamang. Sa pamamagitan ni Ezekiel, sinabi ng Panginoon:

“Tungkol sa kasamaan ng masama, hindi niya kabubuwalan sa araw na kaniyang hiwalayan ang kaniyang kasamaan. . . .

“. . . Kung kaniyang iwan ang kaniyang kasalanan, at gawin ang tapat at matuwid;

“. . . Ibigay uli ang kinuha sa pagnanakaw, lumakad sa palatuntunan ng buhay, na di gumawa ng kasamaan; siya’y walang pagsalang mabubuhay. . . .

“Wala sa kaniyang mga kasalanan na kaniyang ginawa na aalalahanin laban sa kaniya; kaniyang ginawa ang tapat at matuwid.”<sup>6</sup>

Sa Kanyang awa, nangako ang Diyos ng kapatawaran kapag tayo ay nagsisi at tumalikod sa kasamaan—kaya nga

ang ating mga kasalanan ay ni hindi na babanggitin sa atin. Para sa atin, dahil sa Pagbabayad-sala ni Cristo at sa ating pagsisisi, mababalikan natin ang ating mga ginawa noon at masasabing. “Ako nga; pero nagbago na ako.” Gaano man kasama, masasabi nating, “Ganyan ako dati. Pero ang kasamaan ko noon ay wala na ngayon.”<sup>7</sup>

Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson, “Ang isa sa pinakadakilang mga kaloob sa atin ng Diyos ay ang galak na magsikap na muli, dahil hindi kailangang magwakas ang anuman sa kabiguan.”<sup>8</sup> Kahit sinadya pa nating magkasala o paulit-ulit tayong makaranas ng kabiguan at kalungkutan, sa sandaling ipasiya nating magsikap na muli, makakatulong sa atin ang Pagbabayad-sala ni Cristo. At kailangan nating alalahanin na hindi ang Espiritu Santo ang nagsasabi sa atin na huli na ang lahat kaya mabuti pang sumuko na tayo.

Ang hangad ng Diyos na patuloy na magsikap ang mga Banal sa mga Huling Araw ay hindi lamang ang iwasang magkasala. Nagdurusa man tayo dahil sa magugulong relasyon, mga problema sa pera, o mga karamdaman o dahil sa mga kasalanan ng iba, ang walang-hanggang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay mapapagaling maging—at lalo na siguro—ang mga nagdusa nang walang kasalanan. Lubos Niyang nauunawaan kung paano magdusa nang walang kasalanan dahil sa kasalanan ng iba. Tulad ng ipinropesiya, ang Tagapagligtas ay “[pagagalangin ang] mga bagbag na puso, . . . [bibigyan] . . . ng putong na bulaklak na kahalili ng mga abo, ng langis ng kagalakan, [at] ng damit ng kapurihan na kahalili ng kabigatan ng loob.”<sup>9</sup> Anuman ang mangyari, sa tulong Niya, inaasahan ng Diyos na patuloy na magsisikap ang mga Banal sa mga Huling Araw.

Tulad ng nagalak ang Diyos kapag nagsisikap tayo, nalulungkot Siya kung hindi natin kinikilala na nagsisikap din ang iba. Ikinuwento ng mahal naming kaibigang si Thoba kung paano niya natutuhan ang aral na ito mula sa kanyang inang si Julia. Sina Julia at Thoba ay kabilang sa



naunang mga nabinyagang lahing itim sa South Africa. Nang magwakas ang rehimeng apartheid, ang mga miyembro ng Simbahan na lahing itim at puti ay pinayagang magsimba nang sabay. Para sa marami, ang pagkakapantay sa pakikihalubilo sa mga ibang lahi ay bago at hindi madali para sa kanila. Minsan, nang magsimba sina Julia at Thoba, nadama nila na hindi maganda ang trato sa kanila ng ilang miyembrong puti. Nang paalis na sila, may hinanakit na nagsumbong si Thoba sa Kanyang ina. Mahinahong nakinig si Julia habang nagbubuga ng sama ng loob si Thoba. Pagkatapos ay sinabi ni Julia, “Ah, Thoba, ang Simbahan ay parang malaking ospital, at lahat tayo ay may kani-kanyang sakit. Nagsisimba tayo para matulungan.”

Ang sumbong ni Julia ay mahalagang pag-isipan. Hindi lamang tayo kailangang magparaya habang nilulunasan ng iba ang kanilang sariling karamdaman; kailangan din tayong maging mabait, mapagpasensya, matulungin, at maunawain. Dahil hinihikayat tayo ng Diyos na patuloy na magsikap, inaasahan Niyang hahayaan din natin ang iba na gawin din iyon, sa sarili nilang bilis. Madarama natin ang Pagbabayad-sala sa ating buhay nang mas matindi. Sa gayo’y mauunawaan natin na anuman ang makita nating mga pagkakaiba, kailangan nating lahat



ang walang-hanggang Pagbabayad-salang iyon.

Ilang taon na ang nakaraan isang mabait na binatang nagngangalang Curtis ang tinawag na magmision. Siya ang klase ng missionary na inaasam ng lahat ng mission president. Nakatuon siya sa pagmimision at masipag. Minsa'y nagkaroon siya ng missionary companion na batang-isip, hindi sanay humarap sa tao, at di-gaanong interesadong tapusin ang trabaho.

Isang araw, habang nagbibisikleta sila, lumingon si Curtis at nakita niyang biglang bumaba ng bisikleta ang companion niya at naglakad. Tahimik na inihinga ni Curtis sa Diyos ang kanyang sama ng loob; kayhirap palang magkaroon ng companion na kailangan pa niyang hatakin para may matapos na gawain. Pagkaraan ng ilang sandali, may matinding nadama si Curtis, na para bang sinasabi sa kanya ng Diyos na, "Alam mo, Curtis, kumpara sa akin, hindi nagkakalayo ang ugali ninyong dalawa." Natutuhan ni Curtis na kailangan niyang maging matiyaga sa isang di-perpektong companion na nagsisikap naman sa sarili niyang paraan.

Ang paanyaya ko sa ating lahat ay suriin ang ating buhay, magsisi, at patuloy na magsikap. Kung hindi tayo magsisikap, tayo ang mga makasalanang sa mga huling araw; kung hindi tayo

magtitiyaga, tayo ang susuko sa mga huling araw; at kung hindi natin hahayaang magsikap ang iba, tayo ang mga mapagkunwari sa mga huling araw.<sup>10</sup> Kapag tayo ay nagsikap, nagtiyaga, at tumulong sa iba na gawin din iyon, tayo ay tunay na mga Banal sa mga Huling Araw. Kapag nagbago tayo, makikita natin na talagang mas mahalaga sa Diyos kung ano tayo ngayon at kung ano ang kahihinatnan natin sa hinaharap kaysa sa kung ano tayo noon.<sup>11</sup>

Lubos akong nagpapasalamat sa Tagapagligtas, sa Kanyang walang-hanggang Pagbabayad-Sala, at sa mga propeta sa mga huling araw na hinihikayat tayong maging mga Banal sa mga Huling Araw, na patuloy na magsikap.<sup>12</sup> Pinatotohanan ko na totoong buhay ang Tagapagligtas sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Tingnan sa Nelson Rolihlahla Mandela, *Long Walk to Freedom* (1994); "Biography of Nelson Mandela," [nelsonmandela.org/content/page/biography](http://nelsonmandela.org/content/page/biography); at sa parangal ni President Barack Obama noong Dis. 10, 2013, kay Nelson Mandela, sa [whitehouse.gov/the-press-office/2013/12/10/remarks-president-obama-memorial-service-former-south-african-president](http://whitehouse.gov/the-press-office/2013/12/10/remarks-president-obama-memorial-service-former-south-african-president). Ang pagkakaiba-iba ng mga award ay makikita sa pagtanggap ni Mandela ng Nobel Peace Prize, ang United States Presidential Medal of Freedom, at ng Soviet Order of Lenin
2. Tingnan, halimbawa, sa talumpati ni Nelson Mandela sa Rice University's Baker Institute

noong Okt. 26, 1999, [bakerinstitute.org/events/1221](http://bakerinstitute.org/events/1221). Malamang na ginamitan niya ng ibang mga salita ang kilalang pahayag na iniugnay kay Robert Louis Stevenson: "Ang mga banal ay ang mga makasalanang patuloy na nagsisikap." Sa paglipas ng mga taon maraming nagpahayag ng gayon ding palagay. Halimbawa, pinapurihan si Confucius sa pagsasabing, "Ang pinakadakila nating karangalan ay hindi sa hindi natin pagkadapa kailanman kundi sa pagbangon tuwing madarapa tayo."

3. Tingnan, halimbawa, sa 2 Nephi 31:2–21; 3 Nephi 11:23–31; 27:13–21; Moroni 6:6; Doktrina at mga Tipan 20:77, 79; 59:8–9; *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 2.1.2.
4. Ang pagsasabing mas mahalaga sa Diyos kung ano tayo ngayon at kung ano tayo sa hinaharap kaysa sa kung ano tayo noon ay hindi nangangahulugan na hindi na isinasalang-alang ng Tagapagligtas ang mga bunga ng kasalanan ng isang tao sa iba. Katunayan, tunay na nagmamalasakit ang Tagapagligtas sa mga taong nasaktan. nagdusa, at naghinanakit dahil sa kasalanan ng iba. "Dadalhin [ng Tagapagligtas] ang . . . mga kahinaan [ng Kanyang mga tao], upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, . . . upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan" (Alma 7:12).
5. William Shakespeare, *As You Like It*, act 4, scene 3, lines 134–37.
6. Ezekiel 33:12, 14–16.
7. Ang paggamit ng pangkasalukuyan sa mga pandiwa ay makikita sa maraming talata sa banal na kasulatan na may kaugnayan sa Huling Paghuhukom. Tingnan, halimbawa, sa 2 Nephi 9:16; Mormon 9:14; Doktrina at mga Tipan 58:42–43.
8. Thomas S. Monson, "The Will Within," *Ensign*, Mayo 1987, 68.
9. Isaias 61:1–3; tingnan din sa Lucas 4:16–21.
10. Ang *mapagkunwari* ayon sa gamit nito sa Bagong Tipan ay maaaring isalin mula sa Griyego bilang "mapagpanggap"; "ang ibig sabihin ng salitang Griyego ay 'isang artista sa dula-dulaan,' o 'isang taong nagkukunwari, madula ang pagganap, o pinalalabis ang papel na ginagampanan'" (Mateo 6:2, footnote a). Kung hindi natin bibigyan ng pagkakataon ang iba na magbago sa sarili nilang bilis, nagkukunwari lamang tayong mga Banal sa mga Huling Araw.
11. Tingnan sa tala 4, sa itaas.
12. Kapansin-pansin na ilang beses lumabas ang mensaheng ito sa mga sermon ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labin-dalawang Apostol. Nilinaw ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf ang puntong ito nang sabihin niyang, "Sa lahat ng alituntuning itinuro ng mga propeta sa paglipas ng mga siglo, ang isang bagay na paulit-ulit na binibigyang-diin ay ang mensaheng puno ng pag-asa at panghihikayat na ang tao ay maaaring magsisi, magbago, at magbalik sa totoong landas ng pagkadisipulo" ("Magagawa Na Ninyo Iyan Ngayon!" *Liahona*, Nob. 2013, 56).



Ni Elder Michael T. Ringwood  
Ng Pitumpu

# Tunay na Mabuti at Hindi Mapagkunwari

*Ang mabuting balita ng ebanghelyo ni Jesucristo ay na ang mga hangarin ng ating puso ay maaaring mabago at ang ating mga layunin ay maaaring turuan at linangin.*

Sa kasamaang-palad, may panahon sa buhay ko na naganyak ako ng mga titulo at awtoridad [o kapangyarihan]. Nagsimula talaga ito nang wala akong kamalay-malay. Habang naghahanda akong maglingkod sa full-time mission, ang kuya ko ang ginawang zone leader sa kanyang mission. Napakarami kong narinig na positibong bagay tungkol sa kanya kaya hindi ko mapigilang naisin na masabi rin ang mga ito tungkol sa akin. Inasam ko at marahil ay ipinagdasal ko rin na mapunta sa gayong katungkulan.

Mabuti na lang, nang maglingkod ako sa aking mission, may natutuhan akong magandang aral. Noong huling kumperensya ay naalala ko ang aral na iyon.

Noong Oktubre, sinabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf: “Sa edad kong ito, nagkaroon na ako ng pagkakataong makasalamuha ang ilan sa pinakamagaling at pinakamatatalinong lalaki at babae sa daigdig. Noong bata pa ako, hangang-hanga ako sa mga taong nakapag-aral, marunong, matagumpay, at pinupuri ng mundo. Ngunit sa

paglipas ng mga taon, natanto ko na mas hanga ako sa mababait at mapapalad na tao na *tunay na mabuti at hindi mapagkunwari*.”<sup>1</sup>

Ang idolo ko sa Aklat ni Mormon ay isang sakdal na halimbawa ng kahanga-hanga at mapalad na kaluluwa na tunay na mabuti at hindi mapagkunwari. Si Shiblón ay isa sa mga anak ni Naka-babatang Alma. Mas kilala natin ang kanyang mga kapatid na si Helaman, na sumunod sa kanyang ama bilang tagapag-ingat ng mga talaan at propeta ng Diyos, at si Corianton, na medyo naging bantog bilang missionary na nangailangan ng kaunting payo mula sa kanyang ama. Para kay Helaman, sumulat si Alma ng 77 taludtod (tingnan sa Alma 36–37). Para kay Corianton, naglaan si Alma ng 91 taludtod (tingnan sa Alma 39–42). Para kay Shiblón, ang kanyang gitnang anak, sumulat si Alma ng 15 taludtod lamang (tingnan sa Alma 38). Ngunit ang kanyang mga salita sa 15 taludtod na iyon ay makapangyarihan at may aral.

“At ngayon, anak ko, ako ay nagtitiwalang magkakaroon ako ng labis na kagalakan sa iyo, dahil sa iyong katatagan at iyong katapatan sa Diyos; sapagkat nang magsimula kang umasa sa Panginoon mong Diyos sa iyong kabataan, maging sa ako’y umaasang magpapatuloy ka sa pagsunod sa kanyang mga kautusan; sapagkat pinagpala siya na makapagtitiis hanggang sa katapusan.

“Sinasabi ko sa iyo, anak ko, na ako ay nagkaroon na ng labis na kagalakan sa iyo, dahil sa iyong katapatan at iyong pagkamasigasig, at iyong tiyaga at iyong mahabang pagtitiis sa mga tao” (Alma 38:2–3).

Bukod sa pagkausap kay Shiblón, binanggit din ni Alma ang *tungkol* sa kanya kay Corianton. Sabi ni Alma: “Hindi mo ba napuna ang katatagan ng iyong kapatid, ang kanyang katapatan, at ang kanyang pagsusumigasig sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos? Masdan, siya ba ay hindi nagbigay ng magandang halimbawa sa iyo?” (Alma 39:1).<sup>2</sup>

Mukhang si Shiblón ay isang anak na gustong bigyang-kasiyahan





Woodbury, Minnesota, USA

ang kanyang ama at patuloy na gumawa ng tama dahil iyon ang tama sa halip na dahil sa papuri, katungkulan, kapangyarihan, mga parangal, o awtoridad. Alam siguro at iginalang ni Helaman ang bagay na ito tungkol sa kanyang kapatid, dahil si Shiblón ang pinagbilinan niya ng mga sagradong talaang natanggap niya mula sa kanyang ama. Siguradong pinagkatiwalaan ni Helaman si Shiblón dahil “siya’y isang makatarungang tao, at lumakad siya nang matwid sa harapan ng Diyos; at pinagsikapan niyang patuloy na gumawa ng mabuti, sinusunod ang mga kautusan ng Panginoon niyang Diyos” (Alma 63:2). Dahil mukhang likas iyon kay Shiblón, walang ganong nakatala tungkol sa kanya mula nang makuha niya ang mga sagradong talaan hanggang sa ibigay niya ito sa anak ni Helaman na si Helaman (tingnan sa Alma 63:11).

Si Shiblón ay tunay na mabuti at hindi mapagkunwari. Siya ay isang taong nagsakripisyo ng kanyang oras, mga talento, at pagsisikap para matulungan at mapasigla ang iba dahil sa pagmamahal sa Diyos at sa kanyang kapwa-tao (tingnan sa Alma 48:17–19; 49:30). Lubos siyang



nailarawan ng mga salita ni Pangulong Spencer W. Kimball: “Ang mga dakilang babae at lalake ay laging mas sabik na maglingkod kaysa magkaroon ng kapangyarihan.”<sup>3</sup>

Sa isang daigdig kung saan ang papuri, katungkulan, kapangyarihan, mga parangal, at awtoridad ay hinahangad sa lahat ng panig, kinikilala ko ang mga kahanga-hanga at mapapalad na kaluluwa na tunay na mabuti at hindi mapagkunwari, ang mga taong nagaganyak ng pagmamahal sa Diyos at sa kanilang kapwa, ang mga dakilang babae at lalake na “mas sabik na maglingkod kaysa magkaroon ng kapangyarihan.”

May ilan ngayon na nais tayong piniwalain na ang ating paghahanap ng

kabuluhan ay mabibigyang-kasiyahan lamang sa pagtatamo ng katungkulan at kapangyarihan. Gayunpaman, mabuti na lamang at maraming hindi na-impluwensyahan ng ganitong pananaw. Nakasusumpung sila ng kabuluhan sa paghahangad na maging tunay na mabuti at hindi mapagkunwari. Nakita ko sila sa lahat ng katayuan sa buhay at sa maraming relihiyon. At nakita ko ang malalaking grupo nila na kasama ng mga tunay na nagbalik-loob na mga alagad ni Cristo.<sup>4</sup>

Iginagalang ko ang mga taong naglilingkod na hindi iniisip ang sarili bawat linggo sa mga ward at branch sa lahat ng panig ng mundo sa paggawa ng higit pa sa kanilang tungkulin. Ngunit dumarating at nawawala ang mga tungkulin. Mas hanga pa ako sa marami na kahit walang opisyal na tungkulin ay humahanap ng mga paraan para patuloy na mapaglingkuran at mapasigla ang iba. May isang lalaki na maagang dumarating sa simbahan para ayusin ang mga upuan at naiwan pagkatapos para linisin ang chapel. Sinasadyang tabihan ng isang babae sa upuan ang isang babaeng bulag sa kanyang ward hindi lamang para mabati ito kundi para makanta rin niya nang malakas ang mga himno para marinig at makanta rin ito ng babaeng bulag. Kung titingnan ninyong mabuti ang inyong ward o branch, makakakita kayo ng mga halimbawang katulad nito. Palaging may mga miyembrong tila alam kung sino ang nangangailangan ng tulong at kung kailan mag-aalok nito.

Marahil ay natutuhan ko ang unang aral ko tungkol sa tunay na mabubuting Banal na hindi mapagkunwari noong missionary ako. Nalipat ako sa isang lugar na kasama ang isang elder na hindi ko kilala. Narinig ko na pinag-uusapan ng ibang mga missionary kung bakit hindi pa siya nabibigyan ng assignment na maging lider at kung paano siya nahirapan sa wikang Korean kahit matagal na siya roon sa bansa. Ngunit nang higit kong makilala ang elder na ito, nalaman ko na isa siya sa mga pinakamasunurin at tapat na missionary na nakilala ko. Nag-aaral

siya kapag oras na para mag-aral; nagtatrabaho siya kapag oras na para magtrabaho. Umaalis siya ng apartment sa tamang oras at bumabalik sa tamang oras. Masipag siya sa pag-aaral ng Korean kahit na nahihirapan siya sa wikang iyon.

Nang matanto ko na ang mga punang narinig ko ay hindi totoo, nadama ko na mali ang paghugsa sa missionary na ito na hindi siya matagumpay. Gusto kong sabihin sa buong mission ang natuklasan ko tungkol sa elder na ito. Sinabi ko sa aking mission president na gusto kong itama ang maling pagkaunawaang ito. Ang sagot niya ay, “Alam ng Ama sa Langit na ang binatang ito ay matagumpay, at alam ko rin naman.” Dagdag pa niya, “At ngayo’y alam mo na rin, kaya mahalaga bang malaman pa ito ng iba?” Naituro sa akin ng matalinong mission president na ito kung ano ang mahalaga sa paglilingkod, at iyon ay hindi ang papuri, katungkulan, kapangyarihan, parangal, o awtoridad. Malaking aral ito sa isang binatang missionary na masyadong nakatuon sa mga titulo.

Nasasaisip ang aral na ito, sinimulan kong balikan ang buhay ko at tiningnan kung gaano kadalas akong naimpluwensyahan ng mga lalaki at babae na noon ay walang anumang mataas na titulo o katungkulan. Isa sa mga kaluluwang katulad ni Shiblón ang guro ko sa seminary noong junior high school ako. Nagturo ng seminary ang butihing lalaking ito sa loob lamang ng dalawa o tatlong taon, ngunit binuksan niya ang puso ko sa paraang nakatulong para magkaroon ako ng patotoo. Hindi siya ang pinakasikat na guro sa paaralan, ngunit lagi siyang handa at matindi at walang-kupas ang impluwensya niya sa akin. Ang isa sa ilang pagkakataon na nakita ko ang lalaking ito pagkaraan ng 40 taon simula nang turuan niya ako ay nang puntahan niya ako sa libing ng aking ama. Tunay na ginawa niya ito hindi dahil sa naganyak siya ng titulo o kapangyarihan.

Iginagalang ko ang dedikadong gurong ito at ang maraming katulad niya na tunay na mabuti at hindi

mapagkunwari. Iginagalang ko ang guro sa Sunday School na hindi lamang sa klase ng Sunday School nagtuturo sa kanyang mga estudyante tuwing Linggo kundi nagtuturo at nag-iimpluwensya rin sa mga estudyanteng ito sa pamamagitan ng pag-aanyaya sa kanila na sumama sa kanyang pamilya sa agahan. Iginagalang ko ang mga lider ng mga kabataan na dumadalo sa mga aktibidad sa palakasan at kultural na gawain ng young men at young women sa kanilang ward. Iginagalang ko ang lalaking nagsusulat ng maiikling liham ng panghihikayat sa mga kapitbahay at ang babaeng hindi lamang nagpapadala sa koreo ng mga Christmas card kundi inihahatid pa ito nang personal sa mga kapamilya at kaibigang kailangang bisitahin. Iginagalang ko ang lalaking laging ipinapasyal sa kotse ang isang kapitbahay noong nahihirapan na ito sa sakit na Alzheimer’s—na nagbigay sa kanya at sa kanyang asawa ng kailangang-kailangan nilang pahinga.

Ang mga bagay na ito ay hindi ginawa para sa papuri o mga parangal. Ang mga lalaki at babae ay hindi naganyak ng posibilidad na tumanggap ng mga titulo o awtoridad. Sila ay mga disipulo ni Cristo, na patuloy na gumagawa ng mabuti, at katulad ni Shiblón, sinisikap nilang bigyang-kasiyahan ang kanilang Ama sa Langit.

Nalulungkot ako kapag naririnig ko na huminto ang ilan sa paglilingkod o kahit sa pagsisimba dahil na-release sila sa isang tungkulin o hindi sila nabibigyan ng katungkulan o titulo. Sana balang-araw ay matutuhan nila ang aral na natutuhan ko noong missionary ako—na ang pinakamahalagang paglilingkod ay kadalasang Diyos lamang ang nakapapansin. Sa paghahangad natin ng sariling interes, nalimutan na ba natin ang mga interes ng Diyos?

Maaaring sabihin ng iba, “Pero napakalayo ko pa sa pagiging katulad ng mga binanggit mo.” Ang mabuting balita ng ebanghelyo ni Jesucristo ay na ang mga hangarin ng ating puso ay maaaring mabago at ang ating mga layunin ay maaaring turuan at linangin. Noong tayo ay nabinyagan sa tunay na

kawan ng Diyos, sinimulan natin ang proseso ng pagiging bagong nilalang (tingnan sa II Mga Taga Corinto 5:17; Mosias 27:26). Tuwing pinaninibago natin ang ating tipan sa binyag sa pakikibahagi ng sakramento, napapalapit tayo nang isang hakbang sa ating tunay na mithiin.<sup>5</sup> Kapag nakatagal tayo sa tipang iyon, magkakaroon tayo ng lakas na makidalamhati sa mga nagdadalamhati at aliwin ang mga nangangailangan ng aliw (tingnan sa Mosias 18:9). Sa tipang iyon, matatagpuan natin ang biyaya na nagbibigay sa atin ng kakayahang maglingkod sa Diyos at masunod ang Kanyang mga utos, kabilang na ang mahalín ang Diyos nang buong puso at mahalín ang ating kapwa tulad sa ating sarili.<sup>6</sup> Sa tipang iyon, tinutulungan tayo ng Diyos at ni Cristo na matulungan ang mga nangangailangan ng ating tulong (tingnan sa Mosias 4:16; tingnan din sa mga talata 11–15).

Ang tanging gusto ko sa buhay ay mabigyang-kasiyahan ang aking mga ama—kapwa dito sa mundo at sa langit—at maging higit na katulad ni Shiblón.<sup>7</sup>

Nagpapasalamat ako sa aking Ama sa Langit para sa mga kaluluwang katulad ni Shiblón na ang halimbawa ay nag-aalok sa akin—at sa ating lahat—ng pag-asa. Sa kanilang buhay, nakikita natin ang patotoo na may isang mapagmahal na Ama sa Langit at isang mapag-alaga at mahabaging Tagapagligtas. Idinaragdag ko ang aking patotoo sa kanilang patotoo na may kasamang pangako na sisikapin kong maging higit na katulad nila, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Dieter F. Uchtdorf, “Ako Baga, Panginoon?” *Liahona*, Nob. 2014, 58; idinagdag ang pagbibigay-diin.
2. Hindi nagturo si Helaman sa mga Zoramita, kaya alam natin na si Shiblón ang binabanggit ni Alma nang sabihin niyang “iyong kapatid” (tingnan sa Alma 31:7; 39:2).
3. Spencer W. Kimball, “The Role of Righteous Women,” *Ensign*, Nob. 1979, 104.
4. “Itinuro sa atin ng Panginoon na kapag tunay tayong nagbalik-loob sa Kanyang ebanghelyo, ang ating puso ay hindi na magiging makasarili at matutuon sa paglilingkod upang iangat ang iba habang

sumusulong sila tungo sa buhay na walang hanggan. Para magtamo ng gayong uri ng pagbabalik-loob, maaari tayong magdasal at kumilos nang may pananam-palataya upang maging bagong nilikha na ginawang posible ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Makapagsisimula tayo sa pagdarasal na magkaroon ng pananam-palatayang magsisi sa pagiging makasarili at tumanggap ng kaloob na magmalasakit sa iba nang higit kaysa ating sarili. Maaari nating ipagdasal na magkaroon tayo ng lakas na iwaksi ang kapalaluan at inggit” (Henry B. Eyring, “Patotoo at Pagbabalik-loob,” *Liahona*, Feb. 2015, 4–5).

5. “[Ang Diyos] ay imortal at sakdal. Tayo ay mortal at hindi sakdal. Gayon pa man ay naghahanap tayo ng mga paraan sa mortalidad upang maging kaisa Niya tayo sa espirituwal. Sa paggawa nito nagtatamo tayo kapwa ng kaunting biyaya at ng kamahalan ng Kanyang kapangyarihan. Kabilang sa mga natatanging sandali . . . ang pagbibinyag at pagkukumpirma . . . [at] pakikibahagi sa mga simbolo ng Hapunan ng Panginoon” (Jeffrey R. Holland, *To My Friends* [2014], 80).
6. “Ang mga Banal sa mga Huling Araw na nakikita ang kanilang sarili sa lahat ng ginagawa nila bilang mga anak ng Diyos ay natural na gumawa at tumupad ng mga pangako. Ang plano ng kaligtasan ay namamarkahan ng mga tipan. Nangangako tayong susundin ang mga kautusan. Bilang kapalit, nangangako ang Diyos ng mga biyaya sa buhay na ito at sa walang-hanggan. Tumpak siya sa kanyang mga hinihingi, at sakdal siya sa pagtupad sa kanyang salita. Dahil mahal niya tayo at dahil ang layunin ng plano ay maging katulad niya tayo, humihingi siya ng katumpakan sa atin. At ang mga pangako niya sa atin ay laging kinapapalooban ng kapangyarihang lumago sa kakayahan nating tumupad ng mga tipan. Ginagawa niyang posible para sa atin na malaman ang kanyang mga tuntunin. Kapag buong puso nating sinikap na tumugon sa kanyang mga pamantayan, binibigyan niya tayo ng patnubay ng Espiritu Santo. Ito naman ay kapwa nagpapaibayo ng ating kapangyarihang tumupad sa mga pangako at mahiwatigan kung ano ang mabuti at totoo. At iyan ang kapangyarihang matuto, kapwa sa ating temporal na mga pag-aaral at sa pagkatutong kailangan natin sa kawalang-hanggan” (Henry B. Eyring, “A Child of God” [Brigham Young University devotional, Okt. 21, 1997], 4–5; speeches.byu.edu). Tingnan din sa David A. Bednar, “Mabata Nila ang Kanilang mga Pasanin nang May Kagaanan,” *Liahona*, Mayo 2014, 87–90.
7. Ang naaalala ko, gusto ko noon na mabigyang-kasiyahan ang aking ama. Nang lumaki na ako at nagkaroon ng patotoo, nagkaroon din ako ng hangaring bigyang-kasiyahan ang Ama sa Langit. Kalaunan sa buhay ko, nalaman ko ang tungkol kay Shiblón at idinagdag ko sa mga mithiin ko sa buhay ang pagiging higit na katulad niya.



Ni Elder Quentin L. Cook  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

## Tanglaw Ko ang Diyos

*Ang kakayahan nating manatiling matatag at tapat at sumusunod sa Tagapagligtas sa kabila ng malalaking pagbabago sa buhay ay lubos na napapalakas ng matwid na mga pamilya at ng pagkakaisang nakasentro kay Cristo sa ating mga ward at branch.*

Sa panahong ito ng Pasko ng Pagkabuhay pinagninilayan at ikinagagalak natin ang pagtubos na inilaan ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo.<sup>1</sup>

Ang lagapan ng kaguluhan sa buong daigdig dahil sa kasamaan ng mundo ay nakapanghihina ng loob. Sa makabagong komunikasyon ang epekto ng kasamaan, di-pagkakapantay-pantay, at kawalang-katarungan ay nagpapa-dama sa marami na sadyang hindi patas ang buhay. Mabibigat man ang mga pagsubok na ito, hindi ito dapat makahadlang sa ating kagalakan at pasasalamat sa banal na pamamagitan ni Cristo para sa atin. Ang Tagapagligtas ay talagang “nakamtan ang tagumpay [laban] sa kamatayan.” Sa awa at habag inako Niya ang ating kasamaan at mga paglabag, sa gayo’y natubos tayo at natugunan ang hinihingi ng katarungan para sa lahat ng magsisisi at maniniwala sa Kanyang pangalan.<sup>2</sup>

Ang kahalagahan ng kanyang dakila at nagbabayad-salang sakripisyo ay higit pa sa kayang unawain ng tao. Ang pagpapakitang ito ng biyaya ay nagla-laan ng kapayapaang hindi maarok ng pang-unawa.<sup>3</sup>



Kung gayon, paano natin haharapin ang malulupit na katotohanang nakapalibot sa atin?

Mahilig sa sunflowers ang asawa kong si Mary. Tuwang-tuwa siya kapag tumutubo ito sa tabing-daan, sa mga lugar na medyo di-inaasahan. May di-sementadong daan patungo sa bahay na tinirhan ng mga lolo’t lola ko. Kapag binabagtas namin ang daang iyon, madalas ibulalas ni Mary, “Palagay mo ba makikita natin ngayon ang magagandang sunflower na iyon?”





Ang isa sa kakaibang mga katangian ng bagong usbong na bulaklak ng ligaw na mga sunflower ay kung paano sinusundan nito ang galaw ng araw sa kalangitan.

Nagulat kami na dumami ang mga sunflower na iyon sa lupang dinaanan ng mga makinang pang-araro at pantanggal ng niyebe at nasiksikan ng mga bagay na maituturing na hindi tutubuan ng mga ligaw na bulaklak.

Ang isa sa kakaibang mga katangian ng bagong sibol na ligaw na mga sunflower, bukod pa sa pagtubo sa lupang hindi magandang tani-man, ay kung paano sinusundan ng bagong sibol na bulaklak ang sikat ng araw. Dahil dito, tumatanggap ito ng enerhiyang nagbibigay-buhay bago ito

mamukadkad at maging napakagandang dilaw na bulaklak.

Tulad ng bagong sibol na sunflower, kapag sinunod natin ang Tagapagligtas ng mundo, ang Anak ng Diyos, umuunlad tayo at nagiging kalugud-lugod sa kabila ng maraming nakapanghihilakbot na sitwasyon sa paligid natin. Tala-gang Siya ang ating tanglaw at buhay.

Sa talinghaga ng trigo at mga agingay, ipinahayag ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo na yaong mga nagpapatod at gumagawa ng kasamaan ay titipunin sa *labas* ng Kanyang kaharian.<sup>4</sup> Ngunit patungkol sa

matatapat, sinabi Niya, “Kung magkaga-yo’y mangagliliwanag ang mga matuwid na katulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama.”<sup>5</sup> Bilang mga indibidwal, mga disipulo ni Cristo, na nabubuhay sa mundong puno ng pagtatalo na literal na nagkakagulo, maaari tayong mabuhay at lumago kung matibay ang ugat ng ating pagmamahal sa Tagapagligtas at mapakumbaba nating sinusunod ang Kanyang mga turo.

Ang kakayahan nating manatiling matatag at tapat at sumusunod sa Tagapagligtas sa kabila ng malalaking pagbabago sa buhay ay lubos na napa-palakas ng matuwid na mga pamilya at ng pagkakaisang nakasentro kay Cristo sa ating mga ward at branch.<sup>6</sup>

#### Ang Tamang Oras sa Tahanan

Ang papel ng pamilya sa plano ng Diyos ay “paligayahin tayo, tulungan tayong malaman ang mga tamang alituntunin sa isang mapagmahal na kapaligiran, at ihanda tayo para sa buhay na walang hanggan.”<sup>7</sup> Ang magagandang espirituwal na tradisyon sa tahanan ay kailangang ikintal sa puso ng ating mga anak.

Ang aking tito na si Vaughn Roberts Kimball ay isang mahusay na estudyante, may pangarap na maging manunulat, at isang BYU football quarterback. Noong Disyembre 8, 1941, isang araw matapos ang pag-atake sa Pearl Harbor, pumasok siya sa U.S. Navy. Nang atasan siyang mag-recruit sa Albany, New York, nagsumite siya ng maikling artikulo sa *Reader's Digest*. Binayaran siya ng magasin ng \$200 at inilathala ang kanyang artikulo, na may pamagat na “The Right Time at Home” [Ang Tamang Oras sa Tahanan] sa isyu ng Mayo 1944.

Sa kanyang kontribusyon sa *Reader's Digest*, kung saan ginampanan niya ang papel ng maglalayag, mababasa ito:

“Ang Tamang Oras sa Tahanan:

“Isang gabi sa Albany, New York, tinanong ko ang isang maglalayag kung anong oras na. Naglabas siya ng isang malaking relo at sumagot, ‘Alas-7:20 na.’ Alam kong mali ang oras na iyon. ‘Huminto ba ang relo mo?’ tanong ko.



“Hindi,’ sabi niya, ‘Mountain Standard Time pa rin ang gamit ko. Taga-southern Utah ako. Nang pumasok ako sa Navy, ibinigay sa akin ni Itay ang relong ito. Makakatulong daw ito sa akin na maalala ang pamilya.

“Kapag alas-5 n.u. sa relo ako alam kong nasa labas na si Itay para gata-san ang mga baka. At sa gabi kapag alas-7:30 sa relo ko alam kong nakapalibot na ang buong pamilya sa mesang puno ng pagkain, at nagpapasalamat si Itay sa Diyos sa anumang nakahain at hinihiling sa Diyos na pangalagaan ako . . .’ pagtatapos niya. ‘Madali kong malalaman kung anong oras na sa kinaroroonan ko. Ang gusto kong malaman ay kung anong oras na sa Utah.’”<sup>8</sup>

Di-nagtagal matapos isumite ang artikulo, nadehinong magserbisyo si Vaughn sa isang barko sa Pacific Ocean. Noong Mayo 11, 1945, habang nagseserbisyo sa barkong USS *Bunker Hill* malapit sa Okinawa, binomba ng dalawang suicide plane ang barko.<sup>9</sup> Halos 400 marino ang namatay, kabilang na ang aking tito Vaughn.

Ipinaabot ni Pangulong Spencer W. Kimball ang kanyang tapat na pakikiramay sa ama ni Vaughn, at binanggit ang kabaitan ni Vaughn at pagtiyak ng Panginoon na “yaong namatay sa akin ay hindi matitikman ang kamatayan, sa-pagkat ito ay magiging matamis para sa kanila.”<sup>10</sup> Magiliw na sinabi ng ama ni Vaughn na kahit nalibing si Vaughn sa

kailaliman ng dagat, aakayin si Vaughn ng kamay ng Diyos patungo sa kanyang tahanan sa langit.<sup>11</sup>

Dalawampu’t walong taon kalaunan, binanggit ni Pangulong Spencer W. Kimball si Vaughn sa pangkalahatang kumperensya. Sabi niya: “Kilalangkilala ko ang pamilyang ito. . . . Nakasama ko na [silang] lumuhod sa taimtim na panalangin. . . . Ang disiplina sa tahanan ay nagdulot ng walang-hanggang pagpapala sa malaking pamilyang ito.” Hinamon ni Pangulong Kimball ang bawat pamilya “na lumuhod . . . at ipagdasal ang kanilang mga anak dalawang beses bawat araw.”<sup>12</sup>

Mga kapatid, kung tayo ay tapat na magdaraos ng panalangin ng pamilya, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, ng family home evening, mga basbas ng priesthood, at igagalang natin ang araw ng Sabbath, malalaman ng ating mga anak kung anong oras na sa tahanan. Magiging handa sila para sa isang walang-hanggang tahanan sa langit, anuman ang mangyari sa kanila sa mundong ito na puno ng pagsubok. Napakahalaga na alam ng ating mga anak na minamahal at ligtas sila sa tahanan.

Ang mga mag-asawa ay magkasama na may pantay na pananagutan.<sup>13</sup> Magkaiba ngunit magkatugma ang kanilang mga responsibilidad. Maaaring magsilang ng mga anak ang babae, na nagpapala sa buong pamilya. Maaaring

tumanggap ng priesthood ang lalaki, na nagpapala sa buong pamilya. Ngunit sa family council, ang mga mag-asawa, na may pantay na pananagutan, ang gumagawa ng mahahalagang desisyon. Sila ang nagpapasiya kung paano tuturuan at didisiplinahin ang mga anak, paano gugugulin ang pera, saan sila titira, at maraming iba pang desisyon sa pamilya. Magkasama nila itong ginagawa matapos humingi ng patnubay sa Panginoon. Ang mithiin ay maging walang-hanggang pamilya.

Ang Liwanag ni Cristo ang nagtanim ng likas na kawalang-hanggan ng pamilya sa puso ng lahat ng anak ng Diyos. Isa sa paborito kong mga manunulat, na hindi natin miyembro, ang nagsabi ng ganito: “Napakaraming bagay sa buhay na walang kabuluhan, [ngunit] . . . ang pamilya ang tunay, ang talagang mahalaga, ang walang hanggan; ang bagay na dapat bantayan at pangalagaan at tapat na panigan.”<sup>14</sup>

#### Tinutulungan Tayo ng Simbahan na Magtuon sa Tagapagligtas bilang Nagkakaisang Pamilya

Maliban sa pamilya, mahalaga rin ang papel ng Simbahan. “Ang Simbahan ay naglalaan ng organisasyon at paraan upang maituro ang ebanghelyo ni Jesucristo sa lahat ng anak ng Diyos. Nagbibigay ito ng awtoridad ng priesthood na mangasiwa sa mga ordenansa ng kaligtasan at kadakilaan sa lahat ng

karapat-dapat at handang tanggapin ang mga ito.”<sup>15</sup>

Laganap sa mundo ang pagtatalo at kasamaan at labis na pagbibigay-diin sa magkakaibang kultura at di-pagkapantay-pantay. Sa Simbahan, maliban sa mga unit na inorganisa ayon sa wika, ang mga ward at branch natin ay inorganisa ayon sa sakop na lugar. Hindi tayo hinahati ayon sa uri o katayuan.<sup>16</sup> Nagagalak tayo sa katotohanan na lahat ng lahi at kultura ay pinagsama-sama sa isang matwid na kongregasyon. Ang pamilya natin sa ward ay mahalaga sa ating pag-unlad, kaligayahan, at personal na pagsisikap na maging mas katulad ni Cristo.

Ang mga kultura kadalasan ay hinahati ang mga tao at kung minsan ay pinagmumulan ng karahasan at diskriminasyon.<sup>17</sup> Sa Aklat ni Mormon ang ilan sa pinaka-nakababalisang pananalita ay ginamit para ilarawan ang mga tradisyon ng masasamang ama na humantong sa karahasan, digmaan, kasamaan, kasalanan, at maging sa pagkawasak ng mga tao at bansa.<sup>18</sup>

Wala nang mas magandang panimula sa mga banal na kasulatan kaysa sa 4 Nephi pagdating sa paglalarawan ng kultura ng Simbahan na mahalaga sa ating lahat. Sa talata 2 mababasa ito, “Ang mga tao ay nagbalik-loob na lahat sa Panginoon, sa ibabaw ng buong lupain, kapwa ang mga Nephita at Lamanita, at hindi nagkaroon ng mga alitan at pagtatalu-talo sa kanila, at bawat tao ay makatarungan ang pakikitungo sa

isa’t isa.” Sa talata 16 mababasa natin, “At tunay na wala nang mas maliligayang tao pa sa lahat ng tao na nilikha ng kamay ng Diyos.” Ang katotohanan na walang pagtatalu-talo ay dahil sa “pag-ibig sa Diyos na nananahan sa mga puso ng tao.”<sup>19</sup> Ito ang kulturang hinahangad natin.

Ang mga pinahahalagahan ng kultura at paniniwala ay mahalagang bahagi ng ating tunay na pagkatao. Ang mga tradisyon ng sakripisyo, pasasalamat, pananampalataya, at kabutihian ay kailangang itangi at pangalagaan. Kailangang pahalagahan at protektahan ng mga pamilya ang mga tradisyong nagpapalakas ng pananampalataya.<sup>20</sup>

Isa sa pinakamahahalagang tam-pok ng anumang kultura ay ang wika nito. Sa San Francisco, California, kung saan ako nanirahan, may pitong unit na hindi katutubo ang wika. Ang ating doktrina hinggil sa wika ay inilarawan sa bahagi 90, talata 11 ng Doktrina at mga Tipan: “Sapagkat mangyayari sa araw na yaon, na ang bawat tao ay maririnig ang kabuuan ng ebanghelyo sa kanyang sariling wika, at sa kanyang sariling salita.”

Kapag nagdarasal ang mga anak ng Diyos sa Kanya sa sarili nilang wika, iyan ang wika ng kanilang puso. Malinaw na ang wika ng puso ay mahalaga sa lahat ng tao.

Ang kuya Joseph ko ay isang doktor at nagpraktis nang maraming taon sa San Francisco Bay area. Isang matandang Samoan na miyembro ng

Simbahan, na bagong pasyente, ang pumunta sa kanyang opisina. Nanghihina na siya sa napakatinding sakit. Nasuri na may sakit siya sa bato, at agad siyang nilapatan ng lunas. Ayon sa tapat na miyembrong ito ang orihinal niyang plano ay malaman lang kung ano ang kanyang sakit para maipagdasal niya sa wikang Samoan sa kanyang Ama sa Langit ang kanyang sakit.

Mahalagang maunawaan ng mga miyembro ang ebanghelyo sa wika ng kanilang puso nang sa gayo’y makapagdasal sila at makakilos alinsunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo.<sup>21</sup>

Kahit iba-iba ang mga wika at magaganda at nagpapasigla ang mga tradisyong pangkultura, kailangang mabuklod ang ating mga puso sa pagkakaisa at pagmamahal.<sup>22</sup> Binigyang-diin ng Panginoon: “Pahalagahan ng bawat tao ang kanyang kapatid gaya ng kanyang sarili. . . . Maging isa; at kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin.”<sup>23</sup> Kahit pinahahalagahan natin ang angkop na pagkakaiba-iba ng mga kultura, ang ating mithiin ay magkaisa sa kultura, mga kaugalian, at mga tradisyon ng ebanghelyo ni Jesucristo sa lahat ng aspeto.

#### **Mas Matatag Ngayon ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw**

Alam namin na may mga tanong at alalahanin ang ilang miyembro sa paghahangad nilang palakasin ang kanilang pananampalataya at patotoo. Dapat nating ingatang huwag pinta-san o husgahan ang mga taong may gayong mga alalahanin—malaki man o maliit. Kasabay nito, yaong mga may alalahanin ay dapat gawin ang lahat ng makakaya nila upang mapalakas ang sarili nilang pananampalataya at patotoo. Matiyaga at mapagpakumbabang pag-aaral, pagninilay, pagdarasal, pamumuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo, at pagsangguni sa angkop na mga lider ang pinakamainam na mga paraan para malutas ang mga tanong o alalahanin.

Iginigiit ng ilan na mas maraming miyembrong umaalis sa Simbahan ngayon at mas maraming



nag-aalinlangan at nawawalan ng pananalig kaysa noon. Hindi totoo iyan. Mas matatag ngayon ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang bilang ng mga miyembrong nagpapaalis ng kanilang pangalan sa mga talaan ng Simbahan ay napakaliit na noon pa man at di-hamak na mas kaunti nitong nakaraang mga taon kaysa noon.<sup>24</sup> Ang pagtaas ng bilang sa ilang aspeto, tulad ng na-endow na mga miyembro na may current temple recommend, mga nasa hustong edad na nagbabayad ng buong ikapu, at mga naglilingkod sa misyon, ay lumaki nang husto. Inuulit ko, mas matatag ngayon ang Simbahan kaysa rati. Ngunit, “tandaan na ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos.”<sup>25</sup> Tumutulong tayo sa lahat.

Kung ang mga kahila-hilakbot na katotohanang kinakaharap ninyo sa panahong ito ay tila madilim at mabigat at halos hindi ninyo makayanan, tandaan na sa matinding pagdurusa sa espirituwal na kadiliman ng Getsemani at sa mahirap-unawaing dusa at pasakit ng Kalbaryo, naisagawa ng Tagapagligtas ang Pagbabayad-sala, na lumulutas sa pinakamatitinding pasaning mararanasan sa buhay na ito. Ginawa niya ito para sa inyo, at ginawa Niya ito para sa akin. Ginawa niya iyon dahil mahal

Niya tayo at dahil sinusunod at mahal Niya ang Kanyang Ama. Maliligtas tayo mula sa kamatayan—maging mula sa kailaliman ng dagat.

Ang mga proteksyon natin sa buhay na ito at magpasawalang-hanggan ay magmumula sa kabutihan ng bawat tao at ng pamilya, sa mga ordenansa ng Simbahan, at sa pagsunod sa Tagapagligtas. Ito ang ating kanlungan mula sa unos. Para sa mga tao na ang pakiramdam ay nag-iisa sila, makakakilos kayo nang matatag sa kabutihan batid na ang Pagbabayad-sala ay pangangalagaan at pagpapalain kayo nang higit sa kakayahan ninyong lubos na makaunawa.

Dapat nating alalahanin ang Tagapagligtas, tuparin ang ating mga tipan, at sundin ang Anak ng Diyos tulad ng pagsunod ng bagong sibol na sunflower sa sikat ng araw. Ang pagsunod sa Kanyang liwanag at halimbawa ay maghahatid sa atin ng kagalakan, kaligayahan, at kapayapaan. Tulad ng pahayag sa Awit 27 at sa isang paboritong himnong, “Tanglaw ko ang Diyos at kaligtasan.”<sup>26</sup>

Sa linggong ito ng Pagkabuhay, bilang isa sa mga Apostol ng Tagapagligtas, taimtim kong pinatotohanan ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo. Alam kong Siya ay buhay. Kilala ko ang Kanyang tinig. Pinatotohanan ko ang

Kanyang kabanalan at ang katotohanan ng Pagbabayad-sala sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Tingnan sa 2 Nephi 9:20–22.
2. Tingnan sa Mosias 15:8–9.
3. Tingnan sa Mga Taga Filipos 4:7.
4. Tingnan sa Mateo 13:41.
5. Mateo 13:43.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 115:5–6.
7. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 1.1.4.
8. Vaughn R. Kimball, “The Right Time at Home,” *Reader’s Digest*, Mayo 1944, 43.
9. Tingnan sa liham ni Captain G. A. Seitz, U.S. Navy, USS *Bunker Hill*, na may petsang Mayo 25, 1945, sa ama ni Vaughn Kimball na si Crozier Kimball, Draper, Utah.
10. Tingnan sa liham ni Spencer W. Kimball, na may petsang Hunyo 2, 1945, kay Crozier Kimball; Doktrina at mga Tipan 42:46.
11. Tingnan sa Crozier Kimball, sa Marva Jeanne Kimball Pedersen, *Vaughn Roberts Kimball: A Memorial* (1995), 53.
12. Spencer W. Kimball, “The Family Influence,” *Ensign*, Hulyo 1973, 17. Si Spencer W. Kimball ang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol noon.
13. Tingnan sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
14. Carla Carlisle, “Pray, Love, Remember,” *Country Life*, Set. 29, 2010, 120.
15. *Handbook 2*, 1.1.5.
16. Tingnan sa 4 Nephi 1:26.
17. Ang kultura ay labis na pinag-uusapan sa mundo ngayon. Para sa taong 2014 ang salitang *kultura* ay itinuring pang salita ng taon [word of the year] ng Merriam-Webster.com.
18. Tingnan sa Alma 9; Helaman 5.
19. 4 Nephi 1:15.
20. Isinulat ng German philosopher na si Goethe ang bantog na pahayag na, “Anumang hiniram na pamana mula sa iyong ama, sikaping matamo itong muli, upang tunay mo itong maangkin!” (Johann Wolfgang von Goethe, *Faust*, isinalin ni Bayard Taylor [1912], 1:28).
21. Ito ang isa sa mga dahilan kaya itinuturo ng Simbahan ang ebanghelyo sa 50 wika at isinasalin ang Aklat ni Mormon sa 110 wika. Gayunman, ang isa sa mga hamon sa iba’t ibang panig ng mundo ay ang matutuhan ang wika ng bansang tinitirhan mo. Bilang mga magulang kailangan nating magsakripisyo upang matulungan ang lumalaking henerasyon na matutuhan ang wika ng bansang tinitirhan nila ngayon. Tulungan silang gawing wika ng kanilang puso ang wikang iyon.
22. Tingnan sa Mosias 18:21.
23. Doktrina at mga Tipan 38:25, 27.
24. Sa nakalipas na 25 taon, ang totoong bilang ng mga miyembrong umaalis sa Simbahan ay bumaba at halos dumoble ang laki ng Simbahan. Lubhang bumaba ang porsiyento ng mga umaalis.
25. Doktrina at mga Tipan 18:10.
26. Awit 27:1; tingnan din sa “Tanglaw Ko ang Diyos,” *Mga Himno*, blg. 49.





**Ni Elder M. Russell Ballard**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Pinakadakilang Henerasyon ng mga Young Adult

*Kailangan namin ngayon ang pinakadakilang henerasyon ng mga young adult sa kasaysayan ng Simbahan. Kailangan namin ang buong puso't kaluluwa ninyo.*

Isa sa malalaking kasiyahan ko kapag naglalakbay ako sa buong mundo ang pagkakataon na makilala at mabati ang ating mga missionary. Ang mahuhusay na elder at sister na ito ay may sinag ng Liwanag ni Cristo, at lagi akong nagkakainspirasyon sa kanilang pagmamahal sa Panginoong Jesucristo at sa kanilang tapat na paglilingkod sa Kanya. Tuwing kakamayan ko sila at nadarama ko ang pambihira nilang espiritu at pananampalataya, sinasabi ko sa sarili ko, “Ang kahanga-hangang mga anak na lalaki at babae natin ay tunay na isang himala!”

Sa pangkalahatang pulong ng priesthood ng Oktubre 2002, hinamon ko ang mga bishop, magulang, at prospective missionary na “itaas ang pamantayan” para sa paglilingkod sa full-time mission.

Pagkatapos ay sinabi ko na “kailangan namin . . . ang pinadakilang henerasyon ng mga misyonero sa kasaysayan ng Simbahan. Kailangan namin ang mararapat, may

kakayahan, espirituwal na masisiglang misyonero. . . .

“ . . . Kailangan namin ang puso at kaluluwa ninyo. Kailangan namin ng mga misyonerong masisigla, nag-iisip, at alam kung paano makinig at tumugon sa mga bulong ng Banal na Espiritu.”<sup>1</sup>



Sa maraming paraan, ang mundo ngayon ay mas mapanghamon kaysa 13 taon na ang nakararaan. Mas maraming gumagambala sa ating mga kabataang lalaki at babae na magpapalihin ng tuon nila sa paghahanda para sa misyon at sa maligayang buhay sa hinaharap. Umunlad na ang teknolohiya, at halos bawat isa ay may access sa mga mga handheld device na maaaring bumihag sa pansin ng mag-anak ng Diyos kapwa para sa malaking kabutihan at sa malaking kasamaan.

Sa gabing ito ay magsasalita ako sa mga missionary na naglilingkod ngayon, sa mga magmimisyon, sa mga returned missionary, at sa lahat ng young adult na kalalakihan sa Simbahan. Dalangin ko na maunawaan at masinsinan ninyong pag-isipan ang mga sasabihin ko sa inyo habang kayo ay naglalakbay sa masasaya at mahihirap na taon sa inyong buhay.

Noong mga unang araw ng Simbahan, ininterbyu ng isang General Authority ang mga missionary bago sila nagpunta sa kanilang misyon. Sa mga panahong ito iniinterbyu kayo ng inyong mga bishop at stake president upang maglingkod bilang mga missionary, at karamihan sa inyo ay habambuhay na hindi iinterbyuhin ng isang General Authority. Pagpapakita lamang iyan ng katotohanan sa isang pandaigdigang simbahan na may mahigit 15 milyong miyembro. Alam ko na kaisa ko ang aking mga kapatid sa pagsasabi sa inyo na sana'y posibleng makilala namin kayong lahat nang personal at masabi namin sa inyo na mahal namin kayo at sinusupportahan.

Mabuti na lang at naglaan ng mga paraan ang Panginoon para masupportahan namin kayo. Halimbawa, isang miyembro ng Korum ng Labindalawa ang nagtatalaga ng bawat missionary sa kanyang mission. Kahit ginagawa ito nang walang tradisyonal na harapang interbyu, ang teknolohiya at paghahayag ay nagsasama upang makapaglaan ng karanasan na lubhang matalik at personal. Sasabihin ko sa inyo kung paano ito nangyayari.

Lumalabas ang inyong larawan sa computer screen, kasama ang

mahahalagang impormasyong ibinigay ng inyong bishop at stake president. Paglitaw ng larawan ninyo, tinititigan namin ang inyong mga mata at nire-repaso ang inyong mga sagot sa mga tanong sa missionary recommendation. Sa maikling sandaling iyon, parang naroon kayo at sumasagot nang direkta sa amin.

Habang nakatingin kami sa inyong larawan, tiwala kami na nakapasa kayo sa lahat ng “itinaas na pamantayan” na kailangan ngayon upang maging tapat at tagumpay na missionary. Pagkatapos, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu ng Panginoon at sa ilalim ng pamamahala ni Pangulong Thomas S. Monson, itinatalaga namin kayo sa isa sa 406 na mission ng Simbahan sa buong mundo.

Hindi, hindi ito katulad ng personal at harapang interbyu. Pero halos ganoon na rin iyon.

Ang videoconferencing ay isa pang paraan para matulungan kaming suportahan ang mga pinuno at miyembro ng Simbahan na malayo ang tirahan sa headquarters ng Simbahan.

Nasaisip iyan, gusto ko kayong mga naghahanda sa mission, kayong nakabalik na, at kayong mga young adult na mag-ukol ng ilang minuto na kasama ako na para bang may personal video chat tayo ngayon mismo. Tingnan lamang ninyo ako nang ilang minuto na para bang kayo at ako

lamang ang nasa silid, saanman kayo naroon ngayong gabi.

Ako naman, ipapalagay ko na nakatitig ako sa inyong mga mata at nakikinig na mabuti sa inyong mga sagot sa ilang tanong na sa paniwala ko ay maraming masasabi sa akin tungkol sa lalim na inyong patotoo at debosyon sa Diyos. Kung sasabihin ko sa ibang mga salita ang sinabi ko sa mga missionary 13 taon ang nakalipas, ang kailangan namin ngayon ay ang pinakadakilang henerasyon ng mga young adult sa kasaysayan ng Simbahan. Kailangan namin ang [inyong buong] puso at kaluluwa. Kailangan namin ng masigla, mapag-isip, at magiliw na mga young adult na marunong makinig at tumugon sa mga bulong ng Banal na Espiritu habang dumaranas kayo ng mga pagsubok at tukso araw-araw bilang kabataan at Banal sa mga Huling Araw sa panahong ito.

Sa madaling salita, panahon na para itaas ang pamantayan hindi lamang para sa mga missionary kundi para din sa mga returned missionary at sa inyong buong henerasyon. Para mangyari ito, pagnilayin lamang sa inyong puso ang mga sagot ninyo sa mga tanong na ito:

1. Ikaw ba ay regular na nagsasaliksik sa mga banal na kasulatan?
2. Ikaw ba ay lumuluhod sa panalagin para kausapin ang iyong Ama

sa Langit bawat umaga at bawat gabi?

3. Ikaw ba ay nag-aayuno at nagbibigay ng handog-ayuno bawat buwan—kahit ikaw ay isang mahirap at nagpupunyaging estudyante na hindi kayang magbigay ng malaki?
4. Ikaw ba ay nag-iisip nang malalim tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo para sa iyo kapag hinihilingan kang maghanda, magbasbas, magpasa, o makibahagi ng sakramento?
5. Ikaw ba ay dumadalo sa iyong mga miting at nagsisikap na panatilihin banal ang araw ng Sabbath?
6. Ikaw ba ay matapat sa tahanan, paaralan, simbahan, at trabaho?
7. Ikaw ba ay malinis sa isipan at sa espiritu? Ikaw ba ay umiiwas na ma-nood ng pornograpiya o tumingin sa mga website, magasin, pelikula, o apps, pati na sa mga larawan sa Tinder o Snapchat, na mapapahiya ka kung makita ka ng iyong mga magulang, ng mga pinuno ng Simbahan, o ng Panginoon Mismo?
8. Ikaw ba ay maingat gumamit ng iyong oras—na umiiwas sa di-angkop na teknolohiya at social media, pati na sa mga video game, na magpapamanhid sa iyong espirituwal na pakiramdam?
9. Mayroon bang anuman sa buhay mo na kailangan mong baguhin at ayusin, simula ngayong gabi?



Salamat sa maikling personal na pagbisitang ito. Umaasa ako na sinagot mo nang tapat at maingat ang bawat isa sa mga tanong na ito. Kung may pagkukulang ka sa anuman sa mga simpleng alituntuning ito, hinihimok kita na lakas-loob na magsisi at iayong muli ang inyong buhay sa mga pamantayan ng ebanghelyo ng matwid na pagkadisipulo.

Ngayon, mga kapatid, maaari ba akong magbigay ng karagdang payo na makakatulong sa inyo na itanim sa inyong puso’t kaluluwa ang inyong patotoo?

Ipinapaalala ko sa inyong mga returned missionary na dapat ay patuloy kayong maghanda para sa buhay

at para sa isang pamilya. Ang “RM” ay hindi nangangahulugang “retired Mormon!” Bilang returned missionary, kayo ay “nararapat na maging sabik sa paggawa ng mabuting bagay, at gumawa ng maraming bagay sa [inyong] sariling kalooban, at isakatuparan ang maraming kabutihan.”<sup>2</sup>

Gamitin lamang ang mga kasanayang natutuhan ninyo sa inyong misyon para pagpalain ang buhay ng mga tao sa inyong paligid araw-araw. Huwag ibaling ang pagtutuon ninyo sa paglilingkod sa iba sa pagtutuon lamang sa pag-aaral, pagtatrabaho, o pakikihalubilo sa iba. Sa halip, balansehin ang inyong buhay sa mga espirituwal na karanasang nagpapaalala at naghahanda sa inyo para sa patuloy at araw-araw na paglilingkod sa iba.

Sa inyong misyon natutuhan ninyo ang kahalagahan ng pagbisita sa mga tao sa bahay nila. Umaasa ako na nauunawaan ninyong lahat na young adult, naglingkod man kayo sa full-time mission o hindi, na mahalagang kausapin ang mga taong nalulungkot, maysakit, o pinanghihinaan ng loob— hindi lamang dahil sa tungkulin kundi dahil din sa tunay na pagmamahal ninyo sa Ama sa Langit at sa Kanyang mga anak.

Kayong mga nasa high school at naghahandang magmisyon, hinihikayat ko kayong makilahok at magtapos sa seminary. Kayong mga young adult ay dapat mag-enrol sa institute of religion.<sup>3</sup> Kung dumadalo kayo sa isang paaralan ng Simbahan, magsama ng isang klase sa religious education bawat semestre. Sa mahalagang panahong ito ng paghahanda para sa misyon, kasal na pangwalang-hanggan, at buhay bilang adult, kailangan ay patuloy kayong maghanap ng mga paraan para matuto at lumago at tumanggap ng inspirasyon at patnubay ng Espiritu Santo. Ang maingat at mapanalanging pag-aaral ng ebanghelyo sa pamamagitan ng mga klase sa seminary, institute, o religious education ay makakatulong sa inyo na makamit ang mithiing iyon.

Pumapasok man kayo sa isang paaralan ng Simbahan o hindi, nag-aaral man kayo sa kolehiyo o hindi, huwag



ninyong isipin na masyado na kayong abala para pag-aralan ang ebanghelyo. Ang mga klase sa seminary, institute, o religion ay maglalaan ng balanse sa inyong buhay at magdaragdag sa inyong sekular na edukasyon sa pagbibigay sa inyo ng isa pang oportunidad na mag-ukol ng oras sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at mga turo ng mga propeta at apostol. May apat na magagandang bagong kurso na hinihikayat ko ang bawat young adult na usisain at daluhan.<sup>4</sup>

At huwag kalimutan na ang mga klase at aktibidad na inaalok ng inyong lokal na institute o young single adult ward o stake ay magiging lugar din kung saan makakasama ninyo ang ibang mga binata’t dalaga at mapapasigla at mabibigyang-inspirasyon ang isa’t isa habang kayo’y natututo at espirituwal na lumalago at nakikihalubilo. Mga kapatid, kung isasantabi ninyo ang inyong cell phone at talagang titingin kayo nang kaunti sa paligid, baka makita pa ninyo ang inyong magiging asawa sa institute.

Na nagbunsod sa akin na magbigay ng isa pang payo na sigurado kong inaasahan ninyo: Kayong mga

single adult ay kailangang magdeyt at magpakasal. Huwag na sana kayong magpaliban! Alam kong ang ilan sa inyo ay takot magpamilya. Gayunman, kung pakakasal kayo sa tamang tao sa tamang panahon at sa tamang lugar, hindi kayo kailangang matakot. Sa katunayan, maiiwasan ninyo ang maraming problemang nararanasan kung kayo ay “sabik sa paggawa” ng matwid na pakikipagdeyt, panliligaw, at pag-aasawa. Huwag siyang i-text! Gamitin ninyo ang boses ninyo para magpakilala sa matatapat na anak na babae ng Diyos na nasa buong paligid ninyo. Ang marinig ang tunay na boses ng isang tao ay makakasindak sa kanya— baka mapasagot pa siya ng oo.

Ngayon, mga kapatid, pinatotohanan ko sa inyo na matutulungan tayo ng Panginoong Jesucristo na ayusin ang anumang kailangang ayusin sa ating buhay sa pamamagitan ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo.

Ngayong gabi, habang naghahanda tayong gunitain ang Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay bukas, samahan sana ninyo ako sandali sa pag-alaala ng kaloob na Pagbabayad-sala ni Cristo. Tandaan na ang ating Ama sa Langit at ang

ating Tagapagligtas na si Jesucristo ang nakakakilala at nagmamahal sa inyo nang lubos.

Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, inako ng Manunubos ang ating mga problema, pasakit, at kasalanan. Naparito ang Tagapagligtas ng sanlibutan upang unawain ang bawat isa sa atin sa pamamagitan ng pagdanas ng ating mga bigong pag-asa, hamon, at trahedyang sa pamamagitan ng Kanyang paghihirap sa Getsemani at sa krus.<sup>5</sup> Siya ay namatay bilang huling patunay ng pagmamahal sa atin at nalibing sa isang bagong libingan noong makasaysayang gabing iyon.

Sa Linggo ng umaga, nagbangon si Jesus mula sa kamatayan—na nangangako ng bagong buhay para sa bawat isa sa atin. Pagkatapos ay inutusan ng nagbangong Panginoon ang Kanyang mga disipulo na turuan ang lahat na manampalataya kay Cristo, magsisi sa kasalanan, magpabinyag, tanggapin ang kaloob na Espiritu Santo, at magtiis hanggang wakas. Mga kapatid, alam namin na ang ating Diyos Ama at ang Kanyang Pinakamamahal na Anak ay nagpakita kay Propetang Joseph Smith at ipinanumbalik sa pamamagitan niya ang kabuuan ng walang-hanggang ebanghelyo ni Jesucristo.

Maging matatag, mga kapatid. Sundin ang mga utos ng Diyos. Nangako ang Panginoong Jesucristo na mapapasaatin ang lahat ng bagay na nais nating gawin sa kabutihan. Ang mga pinuno ng Simbahan ay umaasa sa inyo. Kailangan namin ang bawat isa sa inyong mga young adult na maghandang magpakasal, maglingkod, at mamuno sa mga araw na darating, na aking idinadalangin sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. M. Russell Ballard, “Ang Pinakadakilang Henerasyon ng mga Misyoner,” *Liahona*, Nob. 2002, 47.
2. Doktrina at mga Tipan 58:27.
3. Tingnan sa Lihang ng Unang Panguluhan, Abr. 21, 2011.
4. Tingnan sa “New Religion Classes to Be Offered at Church Universities and Institutes of Religion,” [lds.org/topics/education/new-religion-classes](http://lds.org/topics/education/new-religion-classes).
5. Tingnan sa Mosias 3:5–13.



Ni Elder Ulisses Soares  
Ng Panguluhan ng Pitumpu

## Oo, Kaya at Mapagtatagumpayan Natin!

*Kailangan nating manangan nang mas mahigpit sa ating patotoo sa ebanghelyo ni Jesucristo. Sa gayo’y magtatagumpay tayo sa araw-araw na pakikidigma laban sa kasamaan.*

Mahal na mga kapatid, napakumbaba ako sa pribilehiyong magsalita sa inyo, na mga maytaglay ng priesthood ng Diyos sa buong Simbahan ngayon.

Minsa’y sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson:

“Ang mundo kung minsan ay isang nakakatakot na lugar upang tirhan. Ang kagandahang-asal ng lipunan ay tila gumuguhu sa napakabilis na paraan. Walang sinuman—bata o matanda o nasa gitna—ang hindi malalantad sa gayong mga bagay na posibleng sumira sa ating kalooban at wasakin tayo. . . .

“ . . . Ngunit hindi tayo dapat mawalan ng pag-asa. . . . Nakikipagdigmaan tayo sa kasalanan. . . . Ito ay digmaang kaya at mapagtatagumpayan natin. Ang ating Ama sa Langit ay nagbigay ng mga kagamitang kailangan natin para magawa ito.”<sup>1</sup>

Lahat tayo, bata at matanda, ay nahaharap sa araw-araw na pakikidigmang binanggit ni Pangulong Monson. Sinisikap ng kaaway at ng kanyang

mga anghel na lituhin tayo. Layon nilang hikayatin tayo na lumihis sa mga tipang ginawa natin sa Panginoon, kaya nawawala ang tuon natin sa ating walang-hanggang pamana. Alam na alam nila ang plano ng ating Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak, sapagkat naroo’t kasama natin sila sa malaking Kapulungan sa Langit nang ilahad ang lahat ng ito. Sinisikap nilang samantalain ang ating mga kahinaan at kakulangan, nilililang tayo sa “abubo ng kadiliman . . . , na bumubulag sa mga mata, at nagpapatigas sa mga puso ng mga anak ng tao, na umaakay sa kanila palayo patungo sa maluluwang na lansangan, kaya sila nasasawi at naliligaw.”<sup>2</sup>

Sa kabila ng oposisyong kinakaharap natin, tulad ng itinuro ni Pangulong Monson, ito ay isang digmaang kaya at mapagtatagumpayan natin. Tiwala ang Panginoon sa ating kakayahan at determinasyong gawin ito.

Napakaraming halimbawa sa mga banal na kasulatan tungkol sa mga





# Mga General Authority at Pangkalahatang Pinuno ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

## ANG UNANG PANGULUHAN



Henry B. Eyring  
Unang Tagapayo



Thomas S. Monson  
Pangulo



Dieter F. Uchtdorf  
Pangalawang Tagapayo

## ANG KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL



Boyd K. Pecker



L. Tom Perry



Russell M. Nelson



Dallin H. Oaks



M. Russell Ballard



Richard G. Scott



Robert D. Hales



Jeffrey R. Holland



David A. Bednar



Quentin L. Cook



D. Todd Christofferson



Neil L. Andersen

## ANG PANGULUHAN NG PITUMPU



Ronald A. Rasband



L. Whitney Clayton



Donald L. Hallstrom



Richard J. Maynes



Craig C. Christensen




Ulisses Soares



Lynn G. Robbins

# ANG PANGALAWANG KORUM NG PITUMPU

(sunud-sunud ayon sa alpabeto)



Wilford W. Andersen  
Bruce A. Carlson  
Randall K. Bennett  
Koichi Aogagi  
Timothy J. Dydtes  
J. Dean Comish  
O. Vincent Haleck  
Lawrence E. Conbridge  
Carl B. Cook  
Don R. Clarke  
Kim B. Clark  
Yoon Hwan Choi  
Craig A. Candon  
Shayne M. Bowen  
David S. Baxter  
Mervyn B. Arnold  
Ian S. Ardern  
Jose L. Alonso  
Marcos A. Aloukalis  
Jairo Mazzagardi  
James B. Mattino  
Gregory A. Schwizer  
Terence M. Vinson  
Hugo E. Martinez  
Kent E. Richards  
Adrian Ochoa  
Larry Y. Wilson  
Per G. Malm  
Adrian Ochoa  
Larry Y. Wilson  
Erich W. Kopschke  
Michael T. Ringwood  
Kazuhiko Yamashita  
W. Craig Zwick  
Jing Kleibingat  
Dale G. Reiland  
Chi Hong (Sam) Wong  
Claudio D. Zivic  
Von G. Keetich  
Bruce D. Porter  
Scott D. Whiting  
Jorge F. Zeballos  
Patrick Keanon  
Rafael E. Pino  
W. Christopher Waddell  
Francisco J. Vilfas  
Amilfo Valencuela  
Juan A. Uceda  
Jose A. Teixeira  
Michael John U. Teh  
S. Gifford Nielsen  
Ven P. Stanfill  
Steven E. Snow  
Joseph W. Sjati





Carlos A. Godby  
Robert C. Gay  
Eduardo Gaviaret  
Enrique R. Falabella  
Stanley G. Ellis  
Larry J. Echo Hawk  
Allen D. Heynie  
James J. Hamub  
Allan F. Backer  
Jose A. Teixeira  
Michael John U. Teh  
S. Gifford Nielsen  
Ven P. Stanfill  
Steven E. Snow  
Joseph W. Sjati

Don R. Clarke  
Kim B. Clark  
Yoon Hwan Choi  
Craig A. Candon  
Shayne M. Bowen  
David S. Baxter  
Mervyn B. Arnold  
Ian S. Ardern  
Jose L. Alonso  
Marcos A. Aloukalis  
Eduardo Gaviaret  
Enrique R. Falabella  
Stanley G. Ellis  
Larry J. Echo Hawk  
Allen D. Heynie  
James J. Hamub  
Allan F. Backer  
Jose A. Teixeira  
Michael John U. Teh  
S. Gifford Nielsen  
Ven P. Stanfill  
Steven E. Snow  
Joseph W. Sjati

Carl B. Cook  
Don R. Clarke  
Kim B. Clark  
Yoon Hwan Choi  
Craig A. Candon  
Shayne M. Bowen  
David S. Baxter  
Mervyn B. Arnold  
Ian S. Ardern  
Jose L. Alonso  
Marcos A. Aloukalis  
Jing Kleibingat  
Dale G. Reiland  
Chi Hong (Sam) Wong  
Claudio D. Zivic  
Von G. Keetich  
Bruce D. Porter  
Scott D. Whiting  
Jorge F. Zeballos  
Patrick Keanon  
Rafael E. Pino  
W. Christopher Waddell  
Francisco J. Vilfas  
Amilfo Valencuela  
Juan A. Uceda  
Jose A. Teixeira  
Michael John U. Teh  
S. Gifford Nielsen  
Ven P. Stanfill  
Steven E. Snow  
Joseph W. Sjati

# ANG UNANG KORUM NG PITUMPU

(sunud-sunud ayon sa alpabeto)



William W. O'Brien  
Joseph B. Brough  
Stephen W. Owen  
Douglas D. Holmes  
Uniang Tagapayo  
Lawrence E. Conbridge  
Carl B. Cook  
Don R. Clarke  
Kim B. Clark  
Yoon Hwan Choi  
Craig A. Candon  
Shayne M. Bowen  
David S. Baxter  
Mervyn B. Arnold  
Ian S. Ardern  
Jose L. Alonso  
Marcos A. Aloukalis  
Lawrence E. Conbridge  
Carl B. Cook  
Don R. Clarke  
Kim B. Clark  
Yoon Hwan Choi  
Craig A. Candon  
Shayne M. Bowen  
David S. Baxter  
Mervyn B. Arnold  
Ian S. Ardern  
Jose L. Alonso  
Marcos A. Aloukalis  
Jairo Mazzagardi  
James B. Mattino  
Gregory A. Schwizer  
Terence M. Vinson  
Hugo E. Martinez  
Kent E. Richards  
Adrian Ochoa  
Larry Y. Wilson  
Per G. Malm  
Adrian Ochoa  
Larry Y. Wilson  
Erich W. Kopschke  
Michael T. Ringwood  
Kazuhiko Yamashita  
W. Craig Zwick  
Jing Kleibingat  
Dale G. Reiland  
Chi Hong (Sam) Wong  
Claudio D. Zivic  
Von G. Keetich  
Bruce D. Porter  
Scott D. Whiting  
Jorge F. Zeballos  
Patrick Keanon  
Rafael E. Pino  
W. Christopher Waddell  
Francisco J. Vilfas  
Amilfo Valencuela  
Juan A. Uceda  
Jose A. Teixeira  
Michael John U. Teh  
S. Gifford Nielsen  
Ven P. Stanfill  
Steven E. Snow  
Joseph W. Sjati

Carlos A. Godby  
Robert C. Gay  
Eduardo Gaviaret  
Enrique R. Falabella  
Stanley G. Ellis  
Larry J. Echo Hawk  
Allen D. Heynie  
James J. Hamub  
Allan F. Backer  
Jose A. Teixeira  
Michael John U. Teh  
S. Gifford Nielsen  
Ven P. Stanfill  
Steven E. Snow  
Joseph W. Sjati

Don R. Clarke  
Kim B. Clark  
Yoon Hwan Choi  
Craig A. Candon  
Shayne M. Bowen  
David S. Baxter  
Mervyn B. Arnold  
Ian S. Ardern  
Jose L. Alonso  
Marcos A. Aloukalis  
Eduardo Gaviaret  
Enrique R. Falabella  
Stanley G. Ellis  
Larry J. Echo Hawk  
Allen D. Heynie  
James J. Hamub  
Allan F. Backer  
Jose A. Teixeira  
Michael John U. Teh  
S. Gifford Nielsen  
Ven P. Stanfill  
Steven E. Snow  
Joseph W. Sjati

Carl B. Cook  
Don R. Clarke  
Kim B. Clark  
Yoon Hwan Choi  
Craig A. Candon  
Shayne M. Bowen  
David S. Baxter  
Mervyn B. Arnold  
Ian S. Ardern  
Jose L. Alonso  
Marcos A. Aloukalis  
Jing Kleibingat  
Dale G. Reiland  
Chi Hong (Sam) Wong  
Claudio D. Zivic  
Von G. Keetich  
Bruce D. Porter  
Scott D. Whiting  
Jorge F. Zeballos  
Patrick Keanon  
Rafael E. Pino  
W. Christopher Waddell  
Francisco J. Vilfas  
Amilfo Valencuela  
Juan A. Uceda  
Jose A. Teixeira  
Michael John U. Teh  
S. Gifford Nielsen  
Ven P. Stanfill  
Steven E. Snow  
Joseph W. Sjati

# ANG PRESIDING BISHOPIC



Dean M. Davies  
Pangalawang Tagapayo  
Gay E. Stevenson  
Presiding Bishop  
Uniang Tagapayo  
Gerald Causse  
Uniang Tagapayo

# SUNDAY SCHOOL



John S. Tanner  
Uniang Tagapayo  
Tad R. Callister  
Pangulo  
Dean G. Durrant  
Pangalawang Tagapayo

# YOUNG WOMEN




Carol F. McConkie  
Uniang Tagapayo  
Bonnie L. Osarson  
Pangulo  
Neill F. Marriott  
Pangalawang Tagapayo

# RELIEF SOCIETY




Linda K. Burton  
Pangulo  
Linda S. Reeves  
Pangalawang Tagapayo  
Cheryl A. Espin  
Uniang Tagapayo

# PRIMARY



Rosemary M. Nixon  
Pangulo  
Mary K. Duffman  
Pangalawang Tagapayo

# YOUNG MEN



Douglas D. Holmes  
Uniang Tagapayo  
Stephen W. Owen  
Pangulo  
M. Joseph Brough  
Pangalawang Tagapayo

# MGA PANGKALAHATANG PINUNO



*Nakalarawan paikot sa kanan mula sa itaas sa kaliwa ang mga miyembro at missionary ng Simbahan sa McMinnville, Oregon, USA; San Martín de Los Andes, Neuquén, Argentina; Johannesburg, South Africa; Helsinki, Finland; Natal, Rio Grande do Norte, Brazil; Ciudad del Carmen, Campeche, Mexico; Perpignan, France; Montreal, Quebec, Canada; London, England.*



taong nagtagumpay sa kanilang mga pakikidigma kahit sa gitna ng napakasa-samang sitwasyon. Isa sa mga halimbawang ito si Kapitan Moroni sa Aklat ni Mormon. Ang kahanga-hangang binatang ito ay nagkaroon ng tapang na ipagtanggol ang katotohanan sa panahong maraming alitan at digmaan na nagbantang magwasak sa buong bansang Nephita. Bagama't napakatalino niya sa pagganap sa kanyang mga responsibilidad, nanatiling mapagpakumbaba si Moroni. Dahil dito at sa iba pang mga katangian niya, naging pambihirang kasangkapan siya sa mga kamay ng Diyos sa panahong iyon. Ipinaliwanag sa aklat ni Alma na kung lahat ng tao ay kagaya ni Moroni, “ang yaon ding kapangyarihan ng impiyerno ay mayayanig magpakailanman; [at] ang diyablo ay hindi magkakaroon ng kapangyarihan sa mga puso ng mga anak ng tao.”<sup>3</sup> Lahat ng katangian ni Moroni ay nagmula sa kanyang malaking panampalataya sa Diyos at sa Panginoong Jesucristo<sup>4</sup> at sa kanyang matibay na determinasyong sundin ang tinig ng Diyos at ng Kanyang mga propeta.<sup>5</sup>

Sa matalinghagang salita, kailangan nating baguhing lahat ang ating sarili na maging katulad ni Kapitan Moroni sa panahong ito upang magtagumpay sa mga digmaan laban sa kasamaan. May kilala akong isang napakatapat na deacon na binago ang kanyang sarili upang maging katulad ni Kapitan Moroni sa panahong ito. Yayamang hinangad niyang sundin ang payo ng kanyang mga magulang at lider ng Simbahan, sinubok ang kanyang panampalataya at determinasyon araw-araw, kahit bata pa siya. Sinabi niya sa akin isang araw na nagulat siya sa isang napakahirap at nakababalisang sitwasyon—tumitingin ang mga kaibigan niya sa mga pornograpihong larawan sa kanilang cell phone. Sa sandaling iyon mismo, nagpasiya ang binatangyong ito kung ano ang pinakamahalaga—ang kanyang popularidad o ang kanyang kabutihan. Sa sumunod na ilang sandali, buong tapang niyang sinabi sa kanyang mga kaibigan na hindi tama ang ginagawa nila. Bukod pa roon, sinabi niya na dapat nilang



itigil ang ginagawa nila o aalipinin sila nito. Kinutya ng karamihan sa kanyang mga kaklase ang kanyang payo, na sinasabing bahagi iyon ng buhay at walang masama roon. Gayunman, nakinig ang isa sa kanila sa payo ng binatangyong iyon at nagpasiyang itigil ang ginagawa niya.

Ang halimbawa ng deacon na ito ay nagkaroon ng magandang impluwensya kahit sa isa man lang sa kanyang mga kaklase. Walang pagsalang kinutya at inusig silang magkaibigan dahil sa desisyong iyon. Sa kabilang banda, sinunod nila ang payo ni Alma sa kanyang mga tao nang sabihin nito, “Lumabas kayo mula sa masasama, at humiwalay, at huwag hipuin ang kanilang maruruming bagay.”<sup>6</sup>

Ang polyetong *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ay naglalaman ng sumusunod na payo, na inaprubahan ng Unang Panguluhan para sa mga kabataan ng Simbahan: “Kayo ang may pananagutan sa mga pagpiling ginagawa ninyo. Ang Diyos ay nagmamalasakit sa inyo at tutulungan kayong gumawa ng mabubuting pagpili, kahit ginagamit ng inyong pamilya at mga kaibigan ang kanilang karapatang pumili sa hindi tamang paraan. Magkaroon ng matatag na paninindigan sa pagsunod sa kaloo-ban o kagustuhan ng Diyos, kahit kailanganin ninyong gawin ito nang mag-isa. Sa paggawa nito, nagpapakita kayo ng halimbawang tutularan ng iba.”<sup>7</sup>

Ang pakikidigma ng kabutihan laban sa kasamaan ay magpapatuloy habang nabubuhay tayo dahil layunin ng kaaway na gawing kaaba-abang katulad niya ang lahat ng tao. Tatangkain ni Satanas at ng kanyang mga anghel na lituhin ang ating isipan at kontrolin tayo sa pamamagitan ng panunukso sa atin na magkasala. Kung magagawa nila ito, wawasakin nila ang lahat ng mabuti. Magkagayunman, mahalagang maunawaan na magkakaroon lamang sila ng kapangyarihan sa atin kung tutulutan natin ito.

Ang mga banal na kasulatan ay naglalaman din ng ilang halimbawa ng mga taong nagbigay-pahintulot sa kaaway at humantong sa pagkalito at maging sa pagkawasak, tulad nina Nehor, Korihor, at Serem. Kailangang maging alisto tayo sa panganib na ito. Huwag nating hayaang lituhin tayo ng popular na mga mensaheng madaling tinanggap ng mundo at salungat sa doktrina at mga tunay na alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo. Walang ibang kinakatawan ang marami sa mga makamundong mensaheng ito maliban sa pagtatangka ng ating lipunan na pangatwiranan ang kasalanan. Kailangan nating alalahanin na, sa huli, lahat ay tatayo sa harapan ni Cristo upang mahatulan sa ating mga gawa, mabuti man ang mga iyon o masama.<sup>8</sup> Kapag naharap tayo sa mga makamundong mensaheng ito, kailangan natin ng



matinding katapangan at matibay na kaalaman tungkol sa plano ng ating Ama sa Langit para mapili ang tama.

Lahat tayo ay makatatanggap ng lakas na piliin ang tama kung sasamo tayo sa Panginoon at lubos na magtiwala at sasampalataya sa Kanya. Ngunit, ayon sa turo sa mga banal na kasulatan, kailangan tayong magkaroon ng “matapat na puso” at “tunay na layunin.” Sa gayon ang Panginoon, sa Kanyang walang-hanggang awa, “ay ipaalam ang katotohanan sa [atin], sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. At sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman [natin] ang katotohanan ng lahat ng bagay.”<sup>9</sup>

Ang kaalamang ito na natamo sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay walang iba kundi ang ating patotoo, na nagpapalakas sa ating pananampalataya at determinasyong sundin ang mga turo ng ipinanumbalik na ebanghelyo sa mga huling araw na ito, anumang popular na mensahe ang marinig natin mula sa mundo. Ang ating patotoo ay kailangang maging pananggalang natin laban sa nag-aapoy na mga sibat ng kaaway sa mga pagtatangka niyang

salakayin tayo.<sup>10</sup> Gagabayan tayo nito nang ligtas sa kadiliman at kalituhang umiiral sa daigdig ngayon.<sup>11</sup>

Nalaman ko ang alituntuning ito noong missionary ako. Naglingkod kami ng kompanyon ko sa isang napakaliit at malayong branch ng Simbahan. Sinikap naming makausap ang bawat tao sa lungsod. Tinanggap nila kami nang maayos, ngunit gusto nilang makipagdebate tungkol sa mga banal na kasulatan at humingi ng matibay na katibayan tungkol sa katotohanang itinuturo namin.

Naalala ko na tuwing tatangkain naming magkompanyon na patunayan ang isang bagay sa mga tao, lumilisan sa amin ang Espiritu ng Diyos at nakadarama kami ng kahungkagan at kalituhan. Nadama namin na dapat naming mas iayon ang aming patotoo sa mga katotohanan ng ebanghelyo na itinuturo namin. Mula noon, naaalala ko na kapag nagpapatotoo kami nang buong puso, napupuspos ng tahimik at nagpapatibay na kapangyarihan mula sa Espiritu Santo ang silid, at walang puwang para malito o makipagtalo. Nalaman ko na walang masamang puwersang may kakayahang lituhin,

linlangin, o sirain ang kapangyarihan ng taos-pusong patotoo ng isang tunay na disipulo ni Jesucristo.

Tulad ng itinuro ng Tagapagligtas Mismo, hangad ng kaaway na ligligin tayong parang trigo, para mawalan tayo ng kakayahang impluwensyahan sa kabutihan ang mundo.<sup>12</sup>

Mahal kong mga kapatid, dahil sa malaking kalituhan at pag-aalinlangang lumalaganap sa iba’t ibang dako ng mundo ngayon, kailangan nating manangan nang mas mahigpit sa ating patotoo sa ebanghelyo ni Jesucristo. Sa gayo’y lalong mag-iibayo ang ating kakayahang ipagtanggol ang katotohanan at katarungan. Magtatagumpay tayo sa araw-araw na pakikidigma laban sa kasamaan, at, sa halip na mahulog sa mga digmaan ng buhay, hihikayatin natin ang iba na ipamuhay ang mga pamatayan ng Panginoon.

Inaanyayahan ko ang lahat na makasumpong ng kaligtasan sa mga turo sa mga banal na kasulatan. Iniayon ni Kapitan Moroni ang kanyang pananampalataya sa Diyos at patotoo sa katotohanan sa kaalaman at karunungan matatagpuan sa mga banal na kasulatan. Sa ganitong paraan, nagtiwala siya na tatanggap siya ng mga pagpapala ng Panginoon at magtamo ng maraming tagumpay, na siya ngang nangyari.

Inaanyayahan ko ang lahat na makasumpong ng kaligtasan sa mataalinong salita ng ating mga propeta sa kasalukuyan. Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: “Tayong mga inorden sa priesthood ng Diyos ay makagagawa ng kaibhan. Kapag pinananatili natin ang ating kadalisan at iginalang ang ating priesthood, nagiging mabuting halimbawa tayo na tutularan ng iba . . . [at tayo ay] makatutulong na pagliwanagin ang mundong lalo pang dumidilim.”<sup>13</sup>

Inaanyayahan ko ang lahat na magtiwala sa lakas at kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Sa pamamagitan ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, magkakaroon tayo ng tapang na mapagtagumpayan ang lahat ng digmaan sa ating panahon, maging sa gitna ng ating mga

paghihirap, hamon, at tukso. Magtiwala tayo sa Kanyang pagmamahal at kapangyarihang iligtas tayo. Sinabi ni Cristo Mismo:

“Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko.”<sup>14</sup>

“Ako ang ilaw ng sanglibutan: ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan.”<sup>15</sup>

“Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang kayo’y magkaroon sa akin ng kapayapaan. Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni’t laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan.”<sup>16</sup>

Pinatotohanan ko ang mga katoohanang ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Thomas S. Monson, “Paglilingon at Pagsulong,” *Liahona*, Mayo 2008, 90.
2. 1 Nephi 12:17.
3. Alma 48:17.
4. Tingnan sa Alma 48:13.
5. Tingnan sa Alma 43:23–24; 48:16.
6. Alma 5:57.
7. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 2.
8. Tingnan sa 3 Nephi 27:14.
9. Moroni 10:4–5.
10. Tingnan sa Mga Taga Efeso 6:16; Doktrina at mga Tipan 27:17.
11. Tingnan sa Apocalipsis 12:11.
12. Tingnan sa Lucas 22:31–32.
13. Thomas S. Monson, “Ligtas na Nagabayan Pauwi,” *Liahona*, Nob. 2014, 68.
14. Juan 14:6.
15. Juan 8:12.
16. Juan 16:33.



Ni Larry M. Gibson

Kare-release na Unang Tagapayo sa Young Men General Presidency

## Pagiging Ama—ang Ating Walang-Hanggang Tadhana

*Nawa’y matamasa ng bawat isa sa atin ang kaganapan ng mga pagpapala ng Ama sa buhay na ito at ang katuparan ng Kanyang gawain at Kanyang kaluwalhatian sa pagiging mga ama sa ating mga pamilya magpasawalang-hanggan.*

**T**inuruan ako ng aking ama ng mahalagang aral noong bata pa ako. Nadama niya na labis kong nagugustuhan ang mga temporal na bagay. Noong may pera ako, ginastos ko ito kaagad—halos laging sa sarili ko. Isang hapon isinama niya akong bu-mili ng bagong sapatos. Sa ikalawang

palapag ng department store, niyaya niya akong dumungaw kami sa bintana.

“Ano’ng nakikita mo?” tanong niya.

“Mga gusali, langit, mga tao” ang sagot ko.

“Ilan?”

“Marami po!”

Pagkatapos ay dumukot siya ng barya sa bulsa niya. Nang iabot niya iyon sa akin, itinanong niya, “Ano ito?”

Alam ko kaagad: “Isang dolyar na pilak!”

Dahil sa kaalaman niya sa chemistry, sinabi niya, “Kung tutunawin mo ang dolyar na pilak at hahaluan mo ito ng mga tamang sangkap, magkakaroon ka ng silver nitrate. Kung papahiran natin ng silver nitrate ang bintanang ito, ano’ng makikita mo?”

*“Kung nakatuon ka sa pilak,” sagot ng aking ama, “sarili mo lang ang makikita mo, at hindi mo makikita nang malinaw ang walang-hanggang tadhanang inihanda ng Ama sa Langit para sa iyo.”*



Wala akong ideya, kaya sinamahan niya ako sa isang malaking salamin na kita ang buong katawan at itinanong, “Ano’ng nakikita mo?”

“Sarili ko.”

“Hindi,” sagot niya, “ang nakikita mo ay ang pilak na nakabanaag ka. Kung nakatuon ka sa pilak, sarili mo lang ang makikita mo, at parang tabing, hindi mo makikita nang malinaw ang walang-hanggang tadhanang inihanda ng Ama sa Langit para sa iyo.”

“Larry,” sabi pa niya, “huwag [mong] hanapin ang mga bagay ng daigdig na ito [kundi iyo] munang hangarin . . . ang kaharian ng Diyos, at pagtibayin ang [Kanyang] katwiran; at ang lahat ng bagay na ito ay pawang idaragdag sa [iyo]” (Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 6:38 [sa Mateo 6:33, footnote a]).

Ipinatago niya sa akin ang dolyar at huwag ko raw itong iwala. Tuwing titingnan ko ito, dapat kong isipin ang walang-hanggang tadhanang laan ng Ama sa Langit para sa akin.

Mahal ko ang aking ama at kung pano siya nagturo. Gusto kong maging katulad niya. Itinanim niya sa puso ko ang hangaring maging mabuting ama,

at ang pinakaasam ko ay matularan ko ang kanyang halimbawa.

Madalas sabihin ni Pangulong Thomas S. Monson na ang ating mga desisyon ang nagpapasiya sa ating tadhana at walang hanggan ang bunga ng mga ito (tingnan sa “Decisions Determine Destiny” [Church Educational System fireside, Nob 6, 2005], 2; lds.org/broadcasts).

Hindi ba nararapat, kung gayon, na magkaroon tayo ng malinaw na pananaw sa ating *walang-hanggang tadhana*, lalo na yaong nais ng Ama sa Langit na marating natin—ang pagiging walang-hanggang ama? Hayaan nating ang ating *walang-hanggang tadhana* ang magtulak sa *lahat* ng ating desisyon. Gaano man kahirap ang mga desisyong iyon, palalakasin tayo ng Ama.

Nalaman ko ang tungkol sa kangeparyarian ng gayong pananaw nang samahan ko ang aking 12- at 13-taong-gulang na mga anak na lalaki sa isang 50/20 competition. Ang 50/20 ay binubuo ng paglakad nang 50 milya (80 km) nang wala pang 20 oras. Nagsimula kami nang alas-9:00 n.g. at naglakad kami nang buong magdamag

at halos buong araw kinabukasan. Napakasakit sa likod ang 19 na oras, pero nagtagumpay kami.

Nang makauwi kami, talagang hilahod kaming pumasok sa bahay, kung saan naghanda ang isang napakabait na asawa at ina ng masarap na hapunan, na hindi namin nagalaw. Humandusay ang mas bata kong anak, sa sobrang pagod, sa sopa, samantalang ang mas matanda ay hilahod na bumaba sa kanyang silid.

Matapos akong makapagpahinga nang kaunti, pinuntahan ko ang aking nakababatang anak para tiyakin kung buhay pa siya.

“OK ka lang ba?” tanong ko.

“Dad, iyon ang pinakamahirap na bagay na nagawa ko, at ayaw ko nang ulitin iyon.”

Ayaw kong sabihin sa kanya na hinding-hindi ko na rin iyon uulitin. Sa halip, sinabi ko sa kanya kung gaano ko ipinagmamalaki na nagawa niya ang gayon kahirap na bagay. Alam kong ihahanda siya nito para sa mas mahihirap na bagay na daranasin niya sa hinaharap. Nasasaisip iyon, sinabi ko, “Anak, mangangako ako sa iyo. Kapag nagmisyon ka, hinding-hindi ka na maglalakad nang 50 milya sa isang araw.”

“Mabuti naman po, Dad! Kung gayo’y magmimisyon ako.”

Napuspos ng pasasalamat at galak ang kaluluwa ko sa simpleng mga salitang iyon.

Pagkatapos ay bumaba ako sa panganay ko. Tinabihan ko siya—at saka ko siya hinaplos. “Anak, OK ka lang ba?”

“Dad, iyon ang pinakamahirap na bagay na nagawa ko sa buong buhay ko, at hinding-hindi ko na uulitin iyon.” Pumikit siya—at dumilat—at sinabi niya, “Puwera na lang kung gusto ng anak ko.”

Tumulo ang luha ko nang sabihin ko kung gaano kalaki ang pasasalamat ko para sa kanya. Sinabi ko sa kanya na alam kong magiging mas mabuti siyang ama kaysa sa akin. Napuspos ang puso ko na sa bata at murang edad niya ay naunawaan na niya na isa sa kanyang mga pinaka-sagradong tungkulin sa priesthood ang maging ama. Hindi siya takot sa





tungkulin at titulong iyon—ang mismong titulong nais ng Diyos mismo na gamitin natin kapag kausap natin Siya. Alam ko na responsibilidad kong pangalagaan ang ningas ng pagiging ama na nag-aalab sa kalooban ng aking anak.

Ang mga salitang ito ng Tagapagligtas ay nagkaroon ng mas malalim na kahulugan sa akin bilang ama:

“Hindi makagagawa ang Anak ng anoman sa kaniyang sarili kundi ang makita niyang gawin ng Ama; sapagka’t [anumang bagay] na kaniyang ginagawa, ay ang mga ito rin naman ang ginagawa ng Anak sa gayon ding paraan” (Juan 5:19).

“Wala akong ginagawa sa aking sarili, kundi . . . ayon sa itinuro sa akin ng Ama” (Juan 8:28).

Gustung-gusto ko ang maging asawa at ama—na kasal sa isang piling anak na babae ng mga magulang sa langit. Mahal ko siya. Ito ang isa sa mga pinaka-nakasisiyang bahagi ng aking buhay. Inasam ko noong gabing iyon na ang limang anak kong lalaki at ang kanilang kapatid na babae ay lagi akong makitaan ng galak na nagmumula sa walang-hanggang kasal, sa pagiging ama, at sa pamilya.

Mga ama, tiyak ko na narinig na ninyo ang kasabihang “Ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng oras, at kapag kailangan magsalita kayo” (mula kay Francis ng Assisi). Araw-araw itinuturo ninyo sa inyong mga anak ang kahulugan ng pagiging ama. Naglalatag kayo ng pundasyon para sa susunod na henerasyon. Matututo ang inyong mga anak na lalaki kung paano maging asawa at ama sa pagmamasid sa pagganap ninyo sa mga tungkuling ito. Halimbawa:

Alam ba nila kung gaano ninyo kamahal at itinatangi ang kanilang ina at kung gaano ninyo kagusto ang pagiging ama?

Malalaman nila kung paano tratuhin ang kanilang magiging asawa at mga anak kapag minasdan nila ang pagtrato ninyo sa *bawat isa sa kanila* tulad ng gagawin ng Ama sa Langit.

Sa inyong halimbawa, matutuhan nila kung paano igoalang,



bigyang-dangal, at protektahan ang mga babae.

Sa inyong tahanan, matututo silang mangulo sa kanilang pamilya nang may pagmamahal at kabanalan. Matututo silang maglaan ng mga pangangailangan sa buhay at ng proteksyon para sa kanilang pamilya—sa temporal at sa espirituwal (tingnan sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129).

Mga kapatid, buong lakas ng kaluluwang hinihiling ko na isipin ninyo ang tanong na ito: Nakikita ba ng inyong mga anak na lalaki na sinisikap ninyong gawin ang nais ng Ama sa Langit na gawin *nila*?

Sana’y oo ang sagot ninyo. Kung ang sagot ay hindi, hindi pa huli para magbago, ngunit kailangan na ninyong magsimula ngayon. Pinatotohanan ko na tutulungan kayo ng Ama sa Langit.

Ngayon, kayong mga binatilyo, na mahal na mahal ko, alam ninyo na naghahanda kayong tumanggap ng Melchizedek Priesthood, tumanggap ng mga sagradong ordenansa sa templo, gumanap ng inyong *tungkulin* at *obligasyon* na maglingkod sa full-time mission, at pagkatapos, magpakasal sa templo sa isang anak na babae ng Diyos at magkaroon ng pamilya nang hindi na naghihintay nang matagal. Sa gayon ay mamumuno kayo sa inyong

pamilya sa mga espirituwal na bagay ayon sa patnubay ng Espiritu Santo (tingnan sa D at T 20:44; 46:2; 107:12).

Natanong ko na ito sa maraming binatilyo sa iba’t ibang panig ng mundo, “Bakit kayo narito?”

Hanggang ngayon, wala pang sumasagot ng, “Para matutong maging ama, nang maging handa at karapat-dapat akong tanggapin ang lahat ng mayroon ang Ama sa Langit.”

Suriin natin ang *inyong* mga tungkulin sa Atonic Priesthood na ipinaliwanag sa bahagi 20 ng Doktrina at mga Tipan. Maging sensitibo sa nadarama *ninyo* habang inaangkop ko ang mga tungkuling ito sa paglilingkod ninyo sa inyong pamilya.

“Mag-anyaya sa lahat [ng inyong pamilya] na lumapit kay Cristo” (talata 59).

“Pangalagaan [sila] tuwina, at makapiling at palakasin sila” (talata 53).

“Mangaral, magturo, magpaliwanag, manghikayat, at magbinyag” sa mga miyembro ng inyong pamilya (talata 46).

“Hikayatin silang manalangin nang malakas at nang lihim at isagawa ang lahat ng tungkulin na pangmag-anak” (talata 47).

“Tiyakin na walang kasamaan sa [inyong pamilya], ni samaan ng loob sa bawat isa, ni pagsisinungaling, paninirang-puri, ni pagsasalita ng masama” (talata 54).

“Tiyakin na ang [inyong pamilya ay] madalas na sama-samang nagtiti-pon” (talata 55).

Tulungan ang inyong ama sa kanyang mga tungkulin bilang patriarch. Suportahan ng lakas ng priesthood ang inyong ina kapag wala ang ama (tingnan sa mga talata 52, 56).

Kapag hinilingan, “ordenan ang ibang mga [priest, teacher, at deacon]” sa inyong pamilya (talata 48).

Hindi ba mukhang ito *ang gawain at tungkulin ng isang ama?*

Ang pagganap sa inyong mga tungkulin sa Aaronic Priesthood ay naghahanda sa inyong mga binatilyo sa *pagiging ama*. Ang sangguniang *Tungkulin sa Diyos* ay makatutulong sa inyo na malaman ang tungkol sa at gumawa ng partikular na mga plano sa pagganap sa inyong mga tungkulin. Magsisilbi itong gabay at tulong kapag hinangad ninyo ang kalooban ng Ama sa Langit at nagtakda kayo ng mga mithiin para maisagawa ito.

Dinala kayo ng Ama sa Langit dito sa partikular na panahong ito para sa isang espesyal na gawain at walang-hanggang layunin. Nais Niyang makita ninyo nang malinaw at maunawaan kung ano ang layuning iyon. Siya ang inyong Ama, at maaari kayong humingi ng patnubay sa Kanya sa tuwina.

Alam ko na nagmamalasakit ang Ama sa Langit sa bawat isa sa atin at may personal na plano Siya para sa atin upang makamantan natin ang ating walang-hanggang tadhana. Ipinadala Niya ang Kanyang Bugtong na Anak na si Jesucristo upang tulungan tayong madaig ang ating mga pagkakamali sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala. Biniyayaan Niya tayo ng Espiritu Santo upang maging saksi, kasama, at gabay tungo sa *ating walang-hanggang hantungan* kung aasa tayo sa Kanya. Nawa’y matamasa ng bawat isa sa atin ang kaganapan ng mga pagpapala ng Ama sa buhay na ito at ang katuparan ng *Kanyang gawain* at *Kanyang kahuwalhatian* sa pagiging mga ama sa ating mga pamilya magpasawalang-hanggan (tingnan sa Moises 1:39). Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf  
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

## Sa Pagiging Tapat

*Dalangin ko na labanan natin ang tuksong magtuon sa ating sarili at, sa halip, magsikap para sa mas dakilang karangalan: maging mapagpakumbaba at tapat na disipulo ni Jesucristo.*

Noong mga huling taon ng ika-18 siglo, ipinahayag ni Catherine the Great ng Russia na lalakbayin niya ang katimugang bahagi ng kanyang kaharian, kasama ang ilang dayuhang embahador. Gustung-gusto ng gobernador sa lugar, na si Grigory Potemkin, na pahangain ang mga bisitang ito. Kaya ginawa niya ang lahat-lahat para itanghal ang mga nagawa ng bansa.

Sa isang bahagi ng paglalakbay, nagbalsa si Catherine pababa ng



Dnieper River, at nagmamalaking itinuro sa mga embahador ang maliliit na nayon sa tabing ilog, na puno ng masisipag at masasayang mamamayan. Isa lang ang problema: palabas lang iyon. Sinasabi na nagpagawa si Potemkin ng mga pekeng tindahan at bahay na yari sa pasteboard. Naglagay pa siya ng mga magsasaka na tila abala para pagmukhaing maunlad ang ekonomiya. Nang makalampas na ang grupo sa pagliko sa ilog, tinatanggal ng mga tauhan ni Potemkin ang pekeng nayon at nagmamadaling ibinababa ito ng ilog para paghandaan ang pagdaan naman doon ni Catherine.

Bagama’t pinagdudahan ng mga makabagong mananalaysay ang katotohanan ng kuwentong ito, ang katagang “Potemkin village” ay pumasok sa bokabularyo ng mundo. Tumutukoy na ito ngayon sa anumang pagtatangkang paniwalain ang iba na mas mabuti tayo kaysa tunay nating pagkatao.

**Mabuti ba ang Layunin ng Ating Puso?**

Bahagi ng likas na ugali ng tao na gustuhing maging maganda sa paningin ng iba. Kaya nga marami sa atin ang pinagaganda nang husto ang labas ng ating bahay at tinitiyak ng ating mga binatilyong Aaronic Priesthood

na nakaayos ang bawat hibla ng kanilang buhok, sakaling makasalubong nila ang kanilang nililigawan. Hindi masamang pakintabin ang ating sapatos, magpabango, o itago ang maruruming pinggan bago dumating ang mga home teacher. Gayunman, kapag lumabis na, ang hangaring ito na pahangain ang iba ay hindi na makabuluhan kundi panloloko na.

Ang mga propeta ng Panginoon ay laging nagbababala laban sa mga taong “luma[lal]pit [sa Panginoon], at pinapurihan [Siya] ng kanilang bibig at ng kanilang mga labi, nguni’t inilayo ang kanilang puso sa [Kanya].”<sup>1</sup>

Maunawain at mahabagin ang Tagapagligtas sa mga makasalanang na ang puso ay mapagpakumbaba at taos. Ngunit pinagalitan Niya ang mga ipokritong gaya ng mga eskriba, Fariseo, at Saduceo—yaong mga pakunwaring mabait para sila ay mapuri, makaimpluwensya, at yumaman sa mundo, samantalang inaapi ang mga taong dapat ay pinagpapala nila. Ikinumpara sila ng Tagapagligtas sa “mga libingang pinaputi, na may anyong maganda sa labas, datapuwa’t sa loob ay puno ng mga buto ng mga patay na tao, at ng lahat na karumaldumal.”<sup>2</sup>

Sa ating panahon, gayon din katindi ang sinabi ng Panginoon sa mga mayhawak ng priesthood na nagtangkang “pagtakpan ang [kanilang] mga kasalanan, o bigyang-kasiyahan ang [kanilang] kapalaluan, [o ang kanilang] walang kabuluhang adhikain.” Kapag ginawa nila ito, wika Niya, “ang kalangitan ay lalayo; ang Espiritu ng Panginoon ay magdadalamhati; at kapag ito ay lumayo, Amen sa pagkakasaserdote o sa kapangyarihan ng taong iyon.”<sup>3</sup>

Bakit nangyayari ito? Bakit natin tinatangka kung minsan na magmukhang masigla, maunlad, at tapat sa panlabas na anyo samantalang sa ating kalooban—sabi nga ng Tagapaghayag tungkol sa mga taga-Efeso—ating “inwan ang [ating] unang pagibig?”<sup>4</sup>

Sa ilang sitwasyon, maaaring nawalang ang tuon natin sa diwa ng ebanghelyo, na ipinagkakamali ang “anyo ng kabanalan” sa “kapangyarihan nito.”<sup>5</sup>



Mapanganib ito lalo na kapag ginagampanan lang natin ang ating pagkadi-sipulo upang pahangain ang iba para tayo makinabang o makaimpluwensya. Sa gayon ay nanganganib tayong maging tulad ng mga Fariseo, at panahon na para suriin ang ating puso upang maituwid kaagad ang ating landasin.

#### Mga Programa ni Potemkin

Ang tuksong magmukhang mas mabuti kaysa tunay nating pagkatao ay matatagpuan hindi lamang sa ating personal na buhay kundi maging sa ating mga tungkulin sa Simbahan.

Halimbawa, may alam akong isang stake kung saan nagtakda ng matatayog na mithiin ang mga lider para sa buong taon. Samantalang mukhang makabuluhan ang lahat ng mithiin, nagtuon sila sa mataas at kahanga-hangang mga pahayag o sa bilang at porsiyento.

Matapos talakayin at pagkasunduan ang mga mithiin ito, may bagay na nagsimulang bumagabag sa stake president. Naisip niya ang mga miyembro ng kanyang stake—gaya ng bata pangina na may maliliit na anak at kamamatay lang ng asawa. Naisip niya ang mga miyembrong nahihirapan sa mga pagdududa o kalumbayan o may matitinding karamdaman at walang insurance. Naisip niya ang mga miyembrong nakipaghiwalay sa asawa, may adiksiyon, walang trabaho, at may sakit sa pag-iisip. At habang lalo niya silang naiisip, lalo siyang napapakumbaba sa tanong na ito: gagawa ba ng kaibhan ang mga bago naming mithiin sa buhay ng mga miyembrong ito?

Naisip niya kung paano maiiba ang mga mithiin ng kanilang stake kung itinanong muna nila, “Ano ang maitutulong natin?”

Kaya bumalik ang stake president na ito sa kanyang mga council, at magkakasama nilang binago ang pagtutuhan ng kanilang pansin. Naipasiya nila na hindi nila tutulutan “ang nagugutom, . . . ang nangangailangan, . . . ang hubad, . . . ang may karamdaman at ang naghihirap na dumaraan sa [kanilang] harapan, nang hindi sila pinapansin.”<sup>6</sup>

Nagtakda sila ng mga bagong mithiin, na kinikilala na ang tagumpay sa mga bagong mithiin *ito* ay hindi palaging nasusukat, kahit ng tao—sapagkat paano susukatin ng isang tao ang personal na patotoo, pag-ibig ng Diyos, o habag para sa iba?

Ngunit batid din nila na “marami sa mga bagay na mabibilang mo, ang hindi mahalaga. Marami sa mga bagay na hindi mo mabibilang ang tunay na mahalaga.”<sup>7</sup>

Iniiisip ko kung ang mga personal na mithiin natin at ng ating organisasyon ay makabagong halimbawa kung minsan ng Potemkin village. Mukha ba silang kahanga-hanga sa malayo ngunit hindi nila malutas ang tunay na mga pangangailangan ng minamahal nating kapwa-tao?

Mahal kong mga kaibigan at kapwa mayhawak ng priesthood, kung uupo sa ating tabi si Jesucristo at magtatanong tungkol sa mga ginawa natin, hindi ako nakatitiyak na magtutuhan Siyang masyado sa mga programa at estadistika. Ang nanaising malaman



village ang inyong pagsisimba, ang magandang balita ay na masasandigan ninyo ang anumang lakas na taglay ninyo. Dito sa Simbahan ni Jesucristo maaaring mahusto ang inyong espirituwalidad at mas mapalapit kayo sa Tagapagligtas sa pamamagitan



Natal, Rio Grande do Norte, Brazil

ng Tagapagligtas ay ang kundisyon ng ating puso. Nanaisin Niyang malaman kung paano natin minamahal at pinaglilingkuran ang ating mga pinangangalagaan, paano natin ipinapakita ang ating pagmamahal sa ating asawa at pamilya, at paano natin pinagagaan ang kanilang pasanin sa araw-araw. At nanaising malaman ng Tagapagligtas kung paano tayo mas napalapit sa Kanya at sa ating Ama sa Langit.

#### Bakit Tayo Narito?

Makabubuting suriin natin ang ating sariling puso. Halimbawa, maitatanong natin sa sarili, bakit tayo naglilingkod sa Simbahan ni Jesucristo?

Maitatanong pa nga natin, bakit tayo narito sa miting na ito ngayon?

Palagay ko kung sasagutin ko nang mababaw ang tanong na iyan, masasabi kong narito ako dahil inatasan ako ni Pangulong Monson na magsalita.

Kaya wala talaga akong magagawa.

Bukod pa rian, ang asawa ko, na mahal na mahal ko, ay inaasahan akong dumalo. At paano ako makaka-hindi sa kanya?

Ngunit alam nating lahat na may mas magandang dahilan sa pagdalo

sa ating mga miting at pamumuhay bilang tapat na mga disipulo ni Jesucristo.

Narito ako dahil buong puso kong hinahangad na sundin ang aking Panginoong Jesucristo. Nais kong gawin ang lahat ng ipagagawa Niya sa akin sa dakilang layuning ito. Hangad kong maliwanagan ng Banal na Espiritu at marinig ang tinig ng Diyos kapag nagsalita Siya sa pamamagitan ng Kanyang inorden na mga lingkod. Narito ako para maging mas mabuting tao, para mapasigla ng nagbibigay-inspirasyong mga halimbawa ng aking mga kapatid kay Cristo, at matuto kung paano mas epektibong mapaglilingkuran ang mga nangangailangan.

Sa madaling salita, narito ako dahil mahal ko ang aking Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo.

Tiyak kong iyan din ang dahilan ninyo. Kaya nga handa tayong magsakripisyo at hindi lang magsabi na susundin natin ang Tagapagligtas. Kaya nga ikinararangal nating taglayin ang Kanyang banal na priesthood.

#### Ningas na Naging Siga

Malago at malakas man ang inyong patotoo o mas mukhang Potemkin

ng *pamumuhay* ng mga alituntunin ng ebanghelyo *araw-araw*.

Sa pagtitiis at pagtitiyaga, kahit ang pinakamaliit na gawain ng pagkadisipulo o pinakamaliit na ningas ng paniniwala ay maaaring maging naglilibab na siga ng isang banal na buhay. Katunayan, ganyan nagsisimula ang karamihan sa mga siga—sa isang simpleng ningas.

Kaya kung nanliliit at nanghihina kayo, lumapit lamang kay Cristo, na ginagawang malakas ang mahihinang bagay.<sup>8</sup> Ang pinakamahina sa atin, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ay maaaring maging malakas sa espirituwal, dahil ang Diyos ay “hindi nagtangi . . . ng mga tao.”<sup>9</sup> Siya ang ating “tapat na Dios, na nag-iingat ng tipan at naggagawad ng kagandahang-loob sa mga umiibig sa kaniya, at tumutupad ng kaniyang mga utos.”<sup>10</sup>

Naniniwala ako na kung kayang tulungan at suportahan ng Diyos ang isang kaawa-awang German refugee mula sa isang simpleng pamilya sa bansang winasak ng digmaan sa kabilang panig ng mundo malayo sa headquarters ng Simbahan, kaya Niya kayong tulungan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, ang Diyos ng Paglikha, na nagbigay ng

hininga ng buhay sa sansinukob, ay tiyak na may kapangyarihang bigyan kayo ng hininga ng buhay. Tiyak na magagawa Niya kayong tapat at espirituwal na nilalang ng liwanag at katotohanan na nais ninyong kahinatnan.

Ang mga pangako ng Diyos ay tiyak at sigurado. Maaari tayong patawarin sa ating mga kasalanan at malinis mula sa lahat ng kasamaan.<sup>11</sup> At kung patuloy nating tatanggapin at ipamumuhay ang mga tunay na alituntunin sa ating personal na sitwasyon at sa ating pamilya, sa huli ay darating tayo sa punto na tayo’y “hindi na magugutom pa, ni mauuhaw pa man. . . . Sapagka’t ang Cordero na nasa gitna ng luklukan ay siyang magiging pastor [natin], at [tayo’y] papatnugutan sa mga bukal ng tubig ng buhay: at papahirin ng Dios ang bawa’t luha ng [ating] mga mata.”<sup>12</sup>

#### Ang Simbahan ay Lugar ng Pagpapagaling, Hindi Lugar na Pagtatagan

Ngunit hindi ito mangyayari kung magtatago tayo sa likod ng pagkukunwari sa personal, doktrina, o organisasyon. Sa gayong huwad na pagkadisipulo, bukod sa hindi natin nakikita ang ating sarili kung sino tayo talaga, hindi pa tayo tunay na nagbabago sa pamamagitan ng himala ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas.

Ang Simbahan ay hindi isang automotible showroom—isang lugar na

maidisplay natin ang ating sarili para mahangaan ng iba ang ating espirituwalidad, kakayahan, o kasaganaan. Mas mukha itong talyer, kung saan dinadala ang mga sasakyang kailangang kumpunihin at baguhin para tumakbo nang maayos.

At hindi nga ba tayo, lahat tayo, ay kailangang kumpunihin, ayusin, at baguhin?

Nagsisimba tayo hindi para itago ang ating mga problema kundi para lutasin ang mga ito.

At bilang mga mayhawak ng priesthood, may karagdagan tayong responsibilidad—ang “pangalagaan . . . ang kawan ng Dios . . . , na hindi sapilitan, kundi may kasayahan; . . . ni hindi dahil sa [personal] na kapakinabangan, kundi sa handang pagiiisip; ni hindi din naman ang gaya ng kayo’y may pagkapanginoon sa pinangangasiwaang ipinagtagubilin sa inyo, kundi kayo’y maging mga uliran ng kawan.”<sup>13</sup>

Tandaan, mga kapatid, “ang Dios ay sumasalansang sa mga palalo, datapuwa’t nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba.”<sup>14</sup>

Ang pinakadakila, pinakamahusay, pinakatagupay na taong nabuhay sa daigdig na ito ang siya ring pinakamapagkumbaba. Isinagawa Niya ang ilan sa Kanyang lubhang kahanga-hangang paglilingkod sa mga pribadong sandali, na iilan lang ang nakamasid, na sinabihan Niyang “huwag sabihin kanino

man” ang Kanyang ginawa.<sup>15</sup> Nang may tumawag sa Kanya na “mabuti,” agad Niyang tinanggihan ang papuri, na iginigiit na Diyos lamang ang tunay na mabuti.<sup>16</sup> Malinaw na walang halaga sa Kanya ang papuri ng mundo; ang tanging layunin Niya ay paglilingkod ang kanyang Ama at “[gawing] lagi ang mga bagay na sa kaniya’y nakalulugod.”<sup>17</sup> Makabubuting tularan natin ang halimbawa ng ating Panginoon.

#### Nawa’y Magmahal Tayo na Katulad Niya

Mga kapatid, ito ang ating mataas at banal na tungkulin—ang maging mga kinatawan ni Jesucristo, magmahal na katulad Niya, maglingkod na katulad Niya, “itaas ang mga kamay na nakababa, at palakasin ang tuhod na mahihina,”<sup>18</sup> “[mangalaga] sa mga maralita at sa nangangailangan,”<sup>19</sup> at pangalagaan ang mga balo at ulila.<sup>20</sup>

Dalangin ko, mga kapatid, na habang naglilingkod tayo sa ating mga pamilya, korum, ward, stake, komunidad, at bansa ay labanan natin ang tuksong magtuon sa ating sarili at, sa halip, magsikap para sa mas dakilang karangalan: maging mapagpakumbaba at tapat na mga disipulo ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo. Kapag ginawa natin ito, lalakad tayo sa landas na humahantong sa ating pinakamaganda, pinakatapat, at pinakamarangal na pagkatao. Pinatototohanan ko ito sa pangalan ng ating Panginoong Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Isaias 29:13.
2. Mateo 23:27.
3. Doktrina at mga Tipan 121:37.
4. Apocalipsis 2:4.
5. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:19; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 84:20.
6. Mormon 8:39.
7. Mula kay Albert Einstein.
8. Tingnan sa Eter 12:27.
9. Ang mga Gawa 10:34.
10. Deuteronomio 7:9.
11. Tingnan sa I Ni Juan 1:9.
12. Apocalipsis 7:16–17.
13. I Ni Pedro 5:2–3.
14. Santiago 4:6.
15. Tingnan sa Lucas 8:56.
16. Tingnan sa Marcos 10:17–18.
17. Juan 8:29.
18. Doktrina at mga Tipan 81:5.
19. Doktrina at mga Tipan 38:35.
20. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 83:6.





Ni Pangulong Henry B. Eyring  
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Priesthood at Personal na Panalangin

*Mapagkakalooban tayo ng Diyos ng kapangyarihan ng priesthood anuman ang kalagayan natin. Ang kailangan lamang ay humiling tayo nang may pagpapakumbaba.*

**N**agpapasalamat ako sa tiwalang ibinigay sa akin na magsalita sa mga mayhawak ng priesthood ng Diyos sa buong mundo. Dama ko ang bigat ng oportunidad na iyan dahil alam ko ang tungkol sa pagtitiwalang ibinigay sa inyo ng Panginoon. Dahil natanggap ninyo ang priesthood, natanggap ninyo ang karapatang magsalita at kumilos sa pangalan ng Diyos.

Ang karapatang iyan ay magkakatotoo lamang kapag tumanggap kayo ng inspirasyon mula sa Diyos. Sa pagkakataong iyon lamang kayo makapagsasalita sa Kanyang pangalan. At sa pagkakataong iyon lamang kayo makakakilos sa Kanyang pangalan. Maaaring nagkamali na kayo sa pag-aakalang, “Ah, hindi naman pala gayon kahirap. Makakatanggap ako ng inspirasyon kung sakali mang hilingan akong magbigay ng mensahe o ng priesthood blessing.” O baka iniisip ng binatilyong deacon o teacher, “Kapag mas matanda na ako o tinawag ako bilang missionary, malalaman ko na kung ano ang sasabihin at gagawin ng Diyos.”

Isipin ang araw na kailangan ay alam na ninyo ang sasabihin at gagawin ng

Diyos. Dumating na ito sa ating lahat— anuman ang katungkulan ninyo sa priesthood. Lumaki ako sa mission field sa silangang Estados Unidos noong World War II. Magkakalayo ang tirahan ng mga miyembro, at mahigpit ang pagrarasyon ng gasolina. Ako lang ang deacon sa branch. Ang mga miyembro ay nagbibigay ng mga sobre ng kailang fast-offering sa branch president kapag nagpunta sila sa fast and testimony meeting sa bahay namin.



Noong 13 anyos ako, lumipat kami sa Utah at napabilang sa isang malaking ward. Naalala ko ang unang tungkulin kong magbahay-bahay para mangolekta ng mga fast offering. Tiningnan ko ang pangalan sa isa sa mga sobre at napan-sin ko na ang apelyido roon ay kapareho ng isa sa Tatlong Saksi ng Aklat ni Mormon. Kaya kampante akong kumatok sa pinto. Binuksan ng lalaki ang pinto, tumingin sa akin, sumimangot, at pagkatapos ay sinigawan ako na umalis. Umalis akong malungkot.

Nangyari iyan halos 70 taon na ang nakararaan, ngunit naaalala ko pa rin ang nadama ko noong araw na iyon sa harapan ng pintuang iyon na dapat ay may sinabi o ginawa ako. Kung nana-langin sana ako nang may pananampalataya nang lumabas ako noong araw na iyon, nabigyang-inspirasyon sana akong magtagal pa sa harapan ng pintuang iyon, ngumiti, at magsabi nang ganito: “Natutuwa po akong makilala kayo. Salamat po sa naibigay ninyo at ng inyong pamilya noong nakaraan.” Inaasam ko pong makita kayo sa susunod na buwan.”

Kung sinabi at ginawa ko iyon, baka lalo pa siyang nainis—at nagalit. Ngunit alam ko na ngayon kung ano ang maaaring nadama ko. Sa halip na makadama ng lungkot sa pag-alis ko sa tahananang iyon, maaaring nadama ko ang banayad na papuri sa aking puso’t isipan: “Mabuting gawa.”

Lahat tayo ay dapat mangusap at kumilos sa pangalan ng Diyos sa mga sandaling ang ating sariling paghatol ay hindi sasapat nang walang inspirasyon. Ang mga sandaling iyon ay maaaring dumating sa atin kapag walang oras para maghanda. Madalas mangyari sa akin iyan. Nangyari ito maraming taon na ang nakararaan sa isang ospital nang sabihin ng isang ama sa amin ng kompanyon ko na sinabihan siya ng mga doktor na mamamatay na ang kanyang sugatang tatlong-taong-gulang na anak na babae sa loob ng ilang minuto. Nang ipatong ko ang mga kamay ko sa isang bahagi ng kanyang ulo na hindi nakabenda, kinailangan kong malaman, bilang lingkod ng Diyos, ang Kanyang gagawin at sasabihin.



Dumating ang mga salita sa aking isipan at namutawi sa aking mga labi na siya ay mabubuhay. Sumingasing sa yamot ang doktor na nakatayo sa tabi ko at pinatabi ako. Lumabas ako ng silid na iyon sa ospital na dama ang kapayapaan at pagmamahal. Nabuhay ang batang babae at naglakad sa pasilyo papasok sa sacrament meeting noong huling araw ko sa lungsod na iyon. Naaalala ko pa ang kagalakan at kasiyahang nadama ko sa nasabi at nagawa ko sa paglilingkod sa Panginoon para sa batang musmos na iyon at sa kanyang pamilya.

Ang kaibhan ng nadama ko sa ospital at ng lungkot na nadama ko habang palayo ako mula sa pintuang iyon noong deacon ako ay nagmula sa natutuhan ko tungkol sa kaugnayan ng panalangin sa kapangyarihan ng priesthood. Noong deacon ako, hindi ko pa alam na ang kapangyarihang magsalita at kumilos sa pangalan ng Diyos ay nangangailangan ng paghahayag, at para magkaroon nito kapag kailangan natin ito, kailangang manalangin at kumilos nang may pananampalataya para mapatnubayan ng Espiritu Santo.

Noong gabi bago ako kumatok sa pintuang iyon para sa mga fast offering, nagdasal ako bago matulog. Ngunit sa loob ng maraming linggo at buwan

bago ang tawag na iyon sa telepono mula sa ospital, sinunod ko ang huwaran ng panalangin at sinikap kong sundin ang itinuro ni Pangulong Joseph F. Smith na magtutulot sa Diyos na bigyan tayo ng inspirasyong kailangan natin para magkaroon ng kapangyarihan sa priesthood. Ito lang ang sinabi niya:

“Hindi natin kailangang magsu-mamo sa kanya [sa] maraming salita. Hindi natin siya [kailangang pagurin] sa mahahabang panalangin. Ang [talagang] kailangan natin, at ang dapat nating gawin bilang mga Banal sa mga Huling Araw, para sa ating kabutihan, ay magtungo sa kanya sa tuwina, patunayan sa kanya na naaalala natin siya at na pumapayag tayo na taglayin sa ating sarili ang kanyang pangalan, [sundin] ang kanyang mga kautusan, [gumawa] ng kabutihan; at ninanais natin ang kanyang Espiritu [na] tulongan tayo.”<sup>1</sup>

At pagkatapos ay sinabi sa atin ni Pangulong Smith kung ano ang dapat nating ipagdasal, bilang kanyang mga lingkod na nangakong magsalita at kumilos para sa Diyos. Sinabi niya: “Ano ang mga idinadalangin ninyo? Idalangin ninyo na maalaala kayo ng Diyos, nang sa gayon ay pakinggan niya ang inyong mga panalangin, at na pagpalain kayo ng kanyang Espiritu.”<sup>2</sup>

Hindi ito gaanong tungkol sa kung aling mga salita ang gagamitin, kundi kailangan dito ang kaunting tiyaga. Paglapit ito sa inyong Ama sa Langit nang may layunin na personal Niya kayong maalaala. Siya ang Diyos ng lahat, ang Ama ng lahat, subalit handa siyang lubos na magtuon sa isa sa Kan-yang mga anak. Kaya siguro ginamit ng Tagapagligtas ang mga salitang “Ama namin na nasa langit ka, Sambahin nawa ang pangalan mo.”<sup>3</sup>

Mas madaling angkop na makadama ng pagpipitagan kapag kayo ay nakaluhod o nakayuko, ngunit posible ring madama na lumalapit kayo sa inyong Ama sa Langit sa di-gaanong pormal na paraan at maging sa tahimik na panalangin, na kakailanganin ninyong gawin nang madalas sa inyong paglilingkod sa priesthood. Magkakaroon ng ingay at mga tao sa inyong paligid sa halos buong maghapon na gising kayo. Dinirinig ng Diyos ang inyong tahimik na mga panalangin, ngunit maaari ninyong kailanganing matuto na huwag pansinin ang mga gambala dahil maaaring hindi dumating sa mga oras ng katahimikan ang sandali na kailangan ninyong makipag-ugnayan sa Diyos.

Iminungkahi ni Pangulong Smith na kakailanganin ninyong ipagdasal na kilalanin ng Diyos ang inyong tungkuling maglingkod sa Kanya. Alam na Niya ang kumpletong detalye ng inyong tungkulin. Tinawag niya kayo, at sa pagdarasal sa Kanya tungkol sa inyong tungkulin, mas marami pa Siyang ihahayag na dapat ninyong malaman.<sup>4</sup>

Bibigyan ko kayo ng isang halimbawa ng maaaring gawin ng isang home teacher habang nagdarasal siya. Maaaring alam na ninyo na kailangan ninyong:

“Dumalaw sa bahay ng bawat kasapi, hinihikayat silang manalangin nang malakas at nang lihim at isagawa ang lahat ng tungkulin na pangmag-anak. . . .

“ . . . Pangalagaan ang simbahan tuwina, at makapiling at palakasin sila;

“At tiyakin na walang kasamaan sa simbahan, ni samaan ng loob sa bawat isa, ni pagsisinungaling, paninirang-puri, ni pagsasalita ng masama;

“At tiyakin na ang simbahan ay madalas na sama-samang nagtitipon, at tiyakin din na lahat ng kasapi ay gumagawa ng kanilang mga tungkulin.”<sup>5</sup>

Ngayon, kahit para sa bihasang home teacher at sa kanyang junior companion, malinaw na imposible iyan nang walang tulong ng Espiritu Santo. Isipin ang mga pamilya o kahit ang mga tao na iniatas sa inyong paglilingkuran. Ang paghatol at mabubuting hangarin ng tao ay hindi sasapat.

Kaya ipagdarasal ninyong malaman ang nasa puso nila, malaman kung ano ang mali sa buhay at puso ng mga taong hindi ninyo gaanong kilala at hindi sabik na makilala ninyo sila. Kakailanganin ninyong malaman ang gustong ipagawa sa inyo ng Diyos para tulungan sila at gawin ang lahat ng ito, hangga’t kaya ninyo, na nadarama ang pagmamahal ng Diyos sa kanila.

Dahil napakahalaga at napakahirap ng mga tungkulin ng priesthood, iminungkahi ni Pangulong Smith na kapag nagdasal kayo, lagi kayong magsumamo sa Diyos na patnubayan kayo ng Kanyang Espiritu. Kakailanganin ninyo ang Espiritu Santo hindi lang minsan kundi hangga’t maipagkakaloob ito sa inyo ng Diyos para makasama ninyo sa tuwina. Kaya nga kailangan tayong laging manalangin

na gabayan tayo ng Diyos sa paglilingkod natin sa Kanyang mga anak.

Dahil hindi ninyo maaabot ang lubos na potensyal ng inyong priesthood nang walang patnubay ng Espiritu, kayo mismo ang pinupuntirya ng kaaway ng lahat ng kaligayahan. Kung matutukso niya kayong magkasala, mapapahina niya ang kakayahan ninyong paakay sa Espiritu kaya hihina ang kapangyarihan ng inyong priesthood. Kaya nga sinabi ni Pangulong Smith na dapat ninyong ipagdasal palagi na balaan at protektahan kayo ng Diyos laban sa kasamaan.<sup>6</sup>

Binabalaan Niya tayo sa maraming paraan. Ang mga babala ay bahagi ng plano ng kaligtasan. Ang mga propeta, apostol, stake president, bishop, at missionary ay pawang nagbibigay ng babala para matakasan ang kapahamakan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, at paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan.

Bilang mayhawak ng priesthood, kayo ay dapat maging bahagi ng tinig ng babala ng Panginoon. Ngunit kailangan ninyong pakinggan mismo ang babala. Hindi kayo espirituwal na makaliligtas nang walang proteksyon ng patnubay ng Espiritu Santo sa inyong buhay araw-araw.

Kailangan ninyong ipagdasal ito at pagsikapang mapasainyo ito. Sa

pamamagitan ng gabay na iyan lamang ninyo matatahak ang makipot at makitid na landas sa gitna ng abu-abo ng kasamaan. Ang Espiritu Santo ang inyong magiging gabay habang iniha-hayag Niya ang katotohanan kapag pinag-aralan ninyo ang mga salita ng mga propeta.

Ang pagkakaroon ng patnubay na iyan ay nangangailangan ng higit pa sa kampanteng pakikinig at pagbabasa. Kakailanganin ninyong manalangin at magsikap nang may pananampalataya para maitimo ang mga salita ng katotohanan sa inyong puso. Kailangan ninyong ipagdasal na ipagkaloob sa inyo ng Diyos ang Kanyang Espiritu, na akayin Niya kayo sa lahat ng katotohanan at ipakita sa inyo ang tamang daan. Ganyan Niya kayo babalaan at gagabayan sa tamang landas sa inyong buhay at sa inyong paglilingkod sa priesthood.

Ang pangkalahatang kumperensya ay nagbibigay ng malaking pagkakataong hayaan ang Panginoon na palakasin ang inyong kakayahang maglingkod sa priesthood ng Diyos. Maihahanda ninyo ang inyong sarili, tulad ng tiyak kong ginawa ninyo para sa kumperensyang ito, nang may panalangin. Maaari kayong makiisa sa pananampalataya sa mga taong magdarasal sa kumperensya. Ipagdarasal nila





na bigyan ng maraming pagpapala ang maraming tao.

Ipagdarasal nila na patnubayan ng Espiritu ang propeta bilang tagapagsalita ng Panginoon. Ipagdarasal nila ang mga Apostol at lahat ng lingkod na tinawag ng Diyos. Kasama kayo riyan, mula sa pinakabagong deacon hanggang sa bihasang high priest, at ang ilan, kapwa matatanda at bata, na hindi maglalaon ay paroroon sa daigdig ng mga espiritu, kung saan maririnig nila, “Mabuting gawa, mabuti at tapat na [lingkod].”<sup>7</sup>

Ang papuring iyan ay ibibigay sa ilan na magugulat dito. Maaaring hindi sila magkaroon ng mataas na katungkulan sa kaharian ng Diyos sa lupa kailanman. Maaaring madama ng ilan na kakaunti ang nakikita nilang bunga ng kanilang mga pagsisikap o na hindi pa sila nabigyan ng ilang pagkakataong maglingkod kailanman. Maaaring madama ng iba na umikli ang panahon ng kanilang paglilingkod sa buhay na ito kaysa inasam nila.

Hindi mga katungkulang hinawakan o haba ng panahong ipinaglingkod ang mahalaga sa Panginoon. Nalalaman natin ito mula sa talinghaga ng Panginoon tungkol sa mga manggagawa sa ubasan, kung saan pare-pareho ang bayad sa kanila gaano man katagal o saanman sila naglingkod. Gagantimpalaan sila ayon sa paraan ng kanilang paglilingkod.<sup>8</sup>

May kilala akong isang lalaki na ang panahon sa ubasan ay natapos kahapon nang alas-onse ng gabi. Ilang taon siyang ginamot sa sakit na kanser. Sa mga taon ng gamutang iyon at sa matinding sakit at hirap, tinanggap niya ang tawag na magdaos ng mga miting at maging responsable sa mga miyembro sa kanyang ward na ang mga anak ay hindi na nila kasama sa bahay nila; ang ilan ay mga balo. Ang kanyang tungkulin ay tulungan silang maging masaya sa pagsasalamuha at pag-aaral ng ebanghelyo.

Nang malaman niya sa huling pag-susuri sa kanya na maikling panahon na lang siyang mabubuhay, nasa business trip ang bishop niya. Pagkaraan ng dalawang araw, nagpadala siya ng



mensahe sa kanyang bishop sa pamamagitan ng kanyang high priests group leader. Ganito ang sinabi niya tungkol sa kanyang tungkulin: “Nauunawaan ko na nasa ibang lugar ang bishop, kaya ako na ang kumilos. Iniisip kong pulungin ang grupo namin sa susunod na Lunes. Ililibot kami ng dalawang miyembro sa Conference Center. Mahihilingan namin ang ilang miyembro na ipagmaneho sila at ang ilang Scout na magtulak ng mga wheelchair. Depende kung sino ang sasama, maaaring sapat ang bilang ng matatanda para magawa namin ito, pero maganda ring malaman kung may tutulong sa amin kung kailanganin. Maganda rin itong gawing gabing pampamilya para maisama ng mga kasambahay ang kanilang pamilya. Ano’t anuman ipaalam lang ninyo sa akin bago ko ipaskil ang plano. . . . Salamat po.”

Pagkatapos ay sinorpresa niya ang bishop nang tawagan niya ito sa telepono. Walang binanggit tungkol sa sariling kalagayan o sa masigasig niyang pagsisikap sa tungkulin, itinamong niya, “Bishop, may magagawa po ba ako para sa inyo?” Ang Espiritu Santo lamang ang makapagpapadama sa kanya ng bigat ng pasanin ng bishop bagama’t napakabigat ng sarili niyang pasanin. At ang Espiritu lamang ang maaaring gumabay sa kanya sa pagbubuo ng plano na paglingkuran ang kanyang mga kapatid gamit ang paraang ginamit niya sa pagpapalano ng mga kaganapan sa Scouting noong bata pa siya.

Sa pagdarasal nang may pananampalataya, mapagkakalooban tayo ng Diyos ng kapangyarihan sa priesthood para sa anumang sitwasyong mapasukan natin. Ang kailangan lamang ay humiling tayo nang may pagpapakumbaba na ipakita sa atin ng Espiritu ang nais ng Diyos na sabihin at gawin natin, gawin ito, at patuloy na mamuhay nang marapat sa kaloob na iyan.

Pinatotohanan ko sa inyo na ang Diyos Ama ay buhay, mahal Niya tayo, at pinakikinggan ang ating mga dalangin. Pinatotohanan ko na si Jesus ang buhay na Cristo, na dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala ay naging posibleng mapadalisa at maging marapat tayo sa patnubay ng Espiritu Santo. Pinatotohanan ko na sa pamamagitan ng ating pananampalataya at kasigasigan, maririnig natin balang-araw ang mga salitang maghahatid sa atin ng kagalakan: “Mabuting gawa, mabuti at tapat na [lingkod].”<sup>9</sup> Dalangin ko na tanggapin natin ang dakilang pagpapalang iyan mula sa Panginoong ating pinaglilingkuran. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1998), 27.
2. *Mga Turo: Joseph F. Smith*, 30.
3. Lucas 11:2.
4. Tingnan sa Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine*, ika-5 edisyon (1939), 215–21.
5. Doktrina at mga Tipan 20:51, 53–55.
6. Tingnan sa *Mga Turo: Joseph F. Smith*, 30.
7. Mateo 25:21.
8. Tingnan sa Mateo 20:1–16.
9. Mateo 25:21.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

# Ang Priesthood— Isang Sagradong Kaloob

*Bawat isa sa atin ay pinagkatiwalaan ng isa sa mga pinakamahalagang kaloob na iginawad sa sangkatauhan.*

Isa sa mga alaalang napakalinaw pa sa aking isipan ay ang pagdalo sa priesthood meeting bilang bagong orden na deacon at pagkanta sa pambungad na himnong, “[Halina,] mga anak ng Diyos, [na mayhawak ng] pagkasaserdote.”<sup>1</sup> Ngayong gabi, sa lahat ng nakatipon dito sa Conference Center at, katunayan, sa buong mundo, inuulit ko ang diwa ng espesyal na himnong iyon at sinasabi ko sa inyo: *[Halina,] mga anak ng Diyos, [na mayhawak ng] pagkasaserdote*, isipin natin ang ating mga katungkulan; pagnilayan natin ang ating mga responsibilidad; gawin natin ang ating tungkulin; at sundin natin si Jesucristo na ating Panginoon. Kahit magkakaiba ang ating edad, kaugalian, o nasyonalidad, tayo’y nagkakaisa sa ating mga tungkulin sa priesthood.

Sa bawat isa sa atin, ang pagpapalumbalik ng Aaronic Priesthood kina Oliver Cowdery at Joseph Smith ni Juan Bautista ay napakahalaga. Gayundin, ang pagpapanumbalik ng Melchizedek Priesthood kina Joseph at Oliver nina Pedro, Santiago at Juan ay isang natatanging kaganapan.

Pag-isipan nating mabuti ang mga katungkulan, responsibilidad,

at tungkuling kaakibat ng priesthood na taglay natin.

Dama ko ang malaking responsibilidad nang tawagin akong secretary ng aking deacons quorum. Tapat kong inihanda ang mga talaang iningatan ko, sapagkat nais kong gawin ang lahat ng alam ko sa pagganap sa tungkuling iyan. Natuwa ako sa aking nagawa. Ang gawin ang lahat, sa abot ng makakaya ko, ay naging mithiin ko sa anumang katungkulang hinawakan ko.

Sana bawat kabataang naorden sa Aaronic Priesthood ay mabigyan ng espirituwal na kaalaman tungkol sa kasagraduhan ng kanyang inorden na tungkulin, gayundin ng mga pagkaka-taong gampanan ang tungkuling iyan. Nagkaroon ako ng gayong pagkakataon noong deacon ako nang atasan ako ng bishopric na dalhan ng sakramento ang isang may karamdaman na nakatira mga isang milya ang layo mula sa chapel namin. Noong espesyal na Linggo ng umagang iyon, nang kumatok ako sa pinto ni Brother Wright at marinig ko ang mahina niyang boses na nagsabing, “Pasok,” pinasok ko hindi lamang ang kanyang abang tahanan kundi maging ang isang silid na puspos ng Espiritu

ng Panginoon. Lumapit ako sa tabi ng kama ni Brother Wright at maingat na inilagay ang isang pirasong tinapay sa kanyang mga labi. Pagkatapos ay hinawakan ko ang kopita ng tubig, para mainom niya. Nang lumisan ako, nakita ko ang mga luha sa kanyang mga mata nang sabihin niyang, “Pagpalain ka ng Diyos, anak.” At pinagpala nga ako ng Diyos—ng pagpapahalaga sa sagradong mga sagisag ng sakramento at sa priesthood na taglay ko.

Hinding-hindi malilimutan ng sinumang deacon, teacher, o priest mula sa ward namin ang mga pagbisita namin sa Clarkston, Utah, sa puntod ni Martin Harris, na isa sa Tatlong Saksi sa Aklat ni Mormon. Nang paligiran namin ang mataas na haliging granito na tanda sa kanyang puntod, at basahin sa amin ng isa sa mga lider ng korum ang nakaaantig na mga salita mula sa “Ang Patotoo ng Tatlong Saksi,” na matatagpuan sa simula ng Aklat ni Mormon, nakadama kami ng pagmamahal sa sagradong talaang iyon at sa mga kato-tohanang naroon.

Noong mga taong iyon ang aming layunin ay maging katulad ng mga anak ni Mosias. Sinabi tungkol sa kanila:

“Sila ay naging malakas sa kaalaman ng katotohanan; sapagkat sila’y mga lalaking may malinaw na pang-unawa at sinaliksik nila nang masigasig ang mga banal na kasulatan upang malaman nila ang salita ng Diyos.

“Subalit hindi lamang ito; itinuon nila ang kanilang sarili sa maraming



panalangin, at pag-aayuno; kaya nga taglay nila ang diwa ng propesiya, at ang diwa ng paghahayag, at kapag sila ay nagturo, sila ay nagtuturo nang may kapangyarihan at karapatan ng Diyos.”<sup>2</sup>

Wala akong maisip na mas karapat-dapat na mithiin ng isang kabataang lalaki kaysa mailarawan siya na katulad ng magiging at matwid na mga anak ni Mosias.

Nang malapit na ang ika-18 kaa-rawan ko at handa nang pumasok sa paglilingkod sa militar na hinihingi sa mga kabataang lalaki noong World War II, inirekomenda akong tumanggap ng Melchizedek Priesthood, ngunit kinailangan ko munang tawagan sa telepono ang aking stake president na si Paul C. Child para interbyuhin niya. Mahal niya at naunawaan ang mga banal na kasulatan, at hangad niya na dapat mahalín at unawain din ng lahat ang mga ito. Dahil narinig ko na sa ilang kaibigan ko ang medyo detalyado at mabusising pag-iinterbyu niya, hinangad kong huwag gaanong malantad ang kaalaman ko tungkol sa mga banal na kasulatan; kaya, nang tawagan ko siya iminungkahi kong magkita kami sa susunod na Linggo na alam kong isang oras na lang ay sacrament meeting na nila.

Ang sagot niya: “Naku, Brother Monson, hindi sapat ang oras na iyan para mabasa nating mabuti ang mga banal na kasulatan.” Pagkatapos ay iminungkahi niyang magkita kami tatlong oras bago magsimula ang kani-ang sacrament meeting, at pinagbilinan niya akong dalhin ang sarili kong mga banal na kasulatan na may mga marka at reperensya.

Pagdating ko sa bahay niya noong Linggo, magiliw niya akong sinalubong, at nagsimula na ang interbyu. Sabi ni President Child, “Brother Monson, taglay mo ang Aaronic Priesthood. Naglilingkod na ba sa iyo ang mga anghel?” Sumagot ako na hindi pa. Nang itanong niya kung alam ko na may karapatan akong tumanggap niyon, muli akong sumagot na hindi ko alam.

Sinabi niya, “Brother Monson, sabihin mo nga sa akin nang walang kopya ang ika-13 bahagi ng Doktrina at mga Tipan.”



Nagsimula ako, “Sa inyo na aking kapwa tagapaglilingkod, sa pangalan ng Mesiyas aking iginagawad ang Pagkasaserdoteng Aaron, na may hawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel . . .”

“Hanggang diyan na lang,” pagutos ni President Child. Pagkatapos, sa mahinahon at mabait na tinig, ipinayo niya, “Brother Monson, huwag na huwag mong kalimutan na bilang mayhawak ng Aaronic Priesthood may karapatan ka sa paglilingkod ng mga anghel.”

Para tuloy may isang anghel sa silid noong araw na iyon. Hindi ko nalimutan kailanman ang interbyung iyon. Nadarama ko pa rin ang diwa ng sagradong kaganapang iyon nang magkasama naming basahin ang mga responsibilidad, tungkulin, at pagpapala ng Aaronic Priesthood at Melchizedek Priesthood—mga pagpapalang dumarating hindi lamang sa atin kundi maging sa ating pamilya at sa iba na pribilehiyo nating paglilingkuran.

Inorden akong isang elder, at sa araw ng paglisan ko para sa pumasok

sa navy, sumama ang isang miyembro ng aming ward bishopric sa aking pamilya at mga kaibigan sa istasyon ng tren para magpaalam. Bago umalis ang tren, inilagay niya sa kamay ko ang isang maliit na aklat na pinamagatang *Missionary Handbook*. Natawa ako at sinabi ko na hindi ako papunta sa misyon.

Sagot niya, “Dalhin mo na rin. Baka makatulong.”

Nakatulong nga iyon. Kinailangan ko ng matigas at parihabang bagay na ilalagay sa ilalim ng seabag ko para manatiling maayos at di-gaanong malukot ang mga damit ko. Ang *Missionary Handbook* talaga ang kailangan ko, at malaki ang naging silbi niyon sa seabag ko sa loob ng 12 linggo.

Noong gabi bago kami nagbakasyon para sa Pasko, naisip namin ang aming pamilya. Tahimik sa kuwartel, ngunit ang katahimikan ay binasag ng kaibigan ko sa katabing tulugan—isang Mormon, si Leland Merrill—na nagsimulang dumaing sa sakit. Tinanong ko siya kung bakit, at sinabi niya na tala-gang masama ang pakiramdam niya.



Ayaw niyang magpunta sa pagamutan ng himpilan, dahil alam niya na kapag ginawa niya iyon ay hindi siya makakuwi kinabukasan.

Tila lumalala ang kalagayan niya sa paglipas ng mga oras. Sa huli, batid na elder ako, hiniling niyang bigyan ko siya ng basbas ng priesthood.

Hindi pa ako nakapagbigay ng basbas, hindi pa ako nakatanggap ng basbas, at hindi pa ako nakasaksi ng pagbibigay ng basbas. Habang tahimik akong nanalangin na tulungan kami, naalala ko ang *Missionary Handbook*

sa ilalim ng seabag ko. Agad kong inalisang laman ang bag ko at dinala ko ang aklat sa malamlam na ilaw. Doon ko nabasa kung paano magbasbas ng maysakit. Habang nakamasid ang maraming marinong mausisa, nagpatuloy akong magbasbas. Bago ko naibalik ang lahat ng gamit sa bag ko, tulog nang parang bata si Leland Merrill. Nagising siya kinabukasan ng umaga na maayos na ang pakiramdam. Napakalaki ng pasasalamat na nadama ng bawat isa sa amin sa kapangyarihan ng priesthood.

Ang mga taon ay nagbigay sa akin ng mas maraming pagkakataong magbigay ng basbas sa mga nangangailangan na hindi ko na mabilang. Bawat pagkakataon ay lubos kong ipinagpasalamat na ipinagkatiwala sa akin ng Diyos ang sagradong kaloob na ito. Iginagalang ko ang priesthood. Paulit-ulit ko nang nasaksihan ang kapangyarihan nito. Nakita ko na ang lakas nito. Namangha na ako sa mga himalang nagawa nito.

Mga kapatid, bawat isa sa atin ay ipinagkatiwalaan ng isa sa pinakamahahalagang kaloob na iginawad sa sangkatauhan. Kapag iginalang natin ang ating priesthood at namuhay tayo sa paraan na karapat-dapat tayo sa lahat ng panahon, ang mga pagpapala ng priesthood ay dadaloy sa pamamagitan natin. Gustung-gusto ko ang mga salita sa Doktrina at mga Tipan bahagi 121, talata 45, na nagsasabi sa atin ng kailangan nating gawin upang maging karapat-dapat: “Punuin . . . ang iyong sisidlan ng pag-ibig para sa lahat ng tao, at sa sambahayan ng pananampalataya, at puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humapay; sa gayon ang iyong pagtiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos; at ang doktrina ng pagkasaserdote ay magpapadalisay sa iyong kaluluwa gaya ng hamog mula sa langit.”

Bilang mga maytaglay ng priesthood ng Diyos, ginagawa natin ang gawain ng Panginoong Jesucristo. Tinugon natin ang Kanyang pagtawag; tayo ay nasa Kanyang gawain. Kilalanin natin Siya. Sundan natin ang Kanyang mga yapak. Ipamuhay natin ang Kanyang mga tuntunin. Sa gayon, magiging handa tayo sa anumang paglilingkod na ipagagawa Niya sa atin. Ito ang Kanyang gawain. Ito ang Kanyang Simbahan. Tunay ngang Siya ang ating kapitan, ang Hari ng Kaluwalhatian, maging ang Anak ng Diyos. Pinatotohanan ko na Siya ay buhay at pinatotohanan ko ito sa Kanyang banal na pangalan, ang pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. “Mga Anak ng Diyos,” *Mga Himno*, blg. 200.
2. Alma 17:2–3.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

# Mga Pagpapala ng Templo

*Sa pagpunta natin sa templo, maaaring madagdagan ang ating espirituwalidad at makadarama tayo ng kapayapaan.*

**M**ahal kong mga kapatid, labis akong nagpapasalamat na makasama kayo sa magandang umagang ito ng Pasko ng Pagkabuhay kung kailan bumabaling ang ating isipan sa Tagapagligtas ng sanlibutan. Ipinapaabot ko ang aking pagmamahal at pagbati sa bawat isa sa inyo at dalangin ko na bigyang-inspirasyon ng ating Ama sa Langit ang aking mga salita.

Ang kumperensyang ito ang ikapitong taon simula nang sang-ayunan ako bilang Pangulo ng Simbahan. Abala tayo sa nagdaang mga taon, na puno hindi lamang ng ilang hamon kundi maging ng di-mabilang na mga pagpapala. Kabilang sa pinakamasasaya at sagradong mga pagpapalang ito ang pagkakataon kong maglaan at muling maglaan ng mga templo.

Nitong huli, noong nakaraang Nobyembre nagkaroon ako ng pribilehiyong ilaan ang maganda at bagong Phoenix Arizona Temple. Sinamahan ako nina Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Elder Dallin H. Oaks, Elder Richard J. Maynes, Elder Lynn G. Robbins, at Elder Kent F. Richards. Noong gabi bago ang paglalaan, isang kahangahangang kultural na pagdiriwang ang

idinaos kung saan mahigit 4,000 sa ating mga kabataan mula sa temple district ang nagsagawa ng napakagandang pagtatanghal. Kinabukasan inilaan ang templo sa tatlong sagrado at nagbibigay-inspirasyong mga sesyon.

Ang pagtatayo ng mga templo ay napakalinaw na pahiwatig ng pag-unlad ng Simbahan. Tayo sa kasalukuyan ay may 144 na mga templong ginagamit sa buong mundo, 5 ang sumasailalim ng renobasyon at 13 iba pa ang



kasalukuyang itinatayo. Bukod dito, 13 templo na ibinalita noon ang nasa iba't ibang bahagi na ng paghahanda bago simulan ang pagtatayo. Sa taong ito inasam naming muling ilaan ang 2 templo at ilaan ang 5 pang bagong templo na nakaiskedyul nang matapos.

Sa nakaraang dalawang taon, dahil itinuon namin ang ating pagsisikap sa pagkumpleto ng dati nang ibinalitang mga templo, ipinagpaliban namin ang mga planong magdagdag ng mga templo. Gayunman, ngayong umaga, nasisiyahan akong ibalita ang tatlong bagong templong itatayo sa mga lugar na ito: Abidjan, Ivory Coast; Port-au-Prince, Haiti; at Bangkok, Thailand. Kagila-gilalas ang mga pagpapalang naghihintay sa ating matatapat na miyembro sa mga lugar na ito, at totoo ito sa lahat ng dako ng mundo na may mga templo.

Patuloy ang proseso ng pag-alam sa mga pangangailangan at paghahanap ng mga lugar para sa karagdagang mga templo, dahil hangad namin na hangga't maaari ay maraming miyembro ang magkaroon ng pagkakataong makapunta sa templo nang di-gaanong nagsasakripisyo ng oras at salapi. Tulad ng ginawa namin noon, ipaalam namin sa inyo kapag may mga desisyon na ukol dito.

Kapag iniisip ko ang mga templo, bumabaling ang isipan ko sa maraming pagpapalang tinatanggap natin sa loob nito. Kapag pumasok tayo sa mga pintuan ng templo, tinatalikuran natin ang mga pangagambala at kaguluhan ng mundo. Sa loob ng sagradong santuwaryong ito, nakakakita tayo ng kagan-dahan at kaayusan. May kapahingahan para sa ating kaluluwa at kapanatagan mula sa mga problema natin sa buhay.

Sa pagpunta natin sa templo, maaaring madagdagan ang ating espirituwalidad at makadarama tayo ng kapayapaan na higit pa sa anumang damdaming maaaring dumating sa puso ng tao. Mauunawaan natin ang tunay na kahulugan ng mga salita ng Tagapagligtas nang sabihin Niyang: "Ang kapayapaan ay iniwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo. . . . Huwag

magulumihanang ang inyong puso, ni matakot man.”<sup>1</sup>

Ang gayong kapayapaan ay maaaring tumagos sa puso ninuman—mga pusong nagugulumihanang, mga pusong nagdadalamhati, mga pusong nalilito, mga pusong humihingi ng tulong.

Nalaman ko mismo kamakailan ang tungkol sa isang binata na nagpunta sa templo nang may pusong humihingi ng tulong. Maraming buwan bago iyon natanggap niya ang kanyang tawag na magmisyon sa South America. Gayunman, matagal na naatraso ang kanyang visa kaya idinestino siya sa isang mission sa Estados Unidos. Bagama’t nalungkot na hindi siya makapaglilingkod sa lugar kung saan siya orihinal na tinawag, nagsikap pa rin siya nang husto sa kanyang bagong assignment, na determinadong maglingkod sa abot ng kanyang makakaya. Gayunman, pinanghinaan siya ng loob dahil sa di-magandang mga karanasan niya sa mga missionary na sa tingin niya ay mas interesadong magpakasaya kaysa magbahagi ng ebanghelyo.

Pagkaraan ng ilang buwan nagkasakit nang malubha ang binatang ito at bahagya siyang naparalisado, kaya pinauwi siya para magpagaling.

Makalipas ang ilang buwan lubusang gumaling ang binatang ito, at naglaho ang pagkaparalisado niya. Ipinaalam sa kanya na muli siyang makapagmisyon, isang pagpapalang araw-araw niyang ipinagdarasal. Ang malungkot lang na balita ay babalik siya sa dating mission na iniwan niya, kung saan niya nadama na ang mga asal at pag-uugali ng ilang missionary ay hindi nararapat.

Nagpunta siya sa templo para humingi ng kapanatagan at katibayan na magkakaroon siya ng magandang karanasan bilang missionary. Ipinagdadal din ng kanyang mga magulang na sana ang pagpunting ito sa templo ay makatulong sa kanilang anak.

Nang pumasok ang binata sa celestial room pagkatapos ng sesyon, naupo siya sa isang silya at nagsimulang manalangin na patnubayan siya ng kanyang Ama sa Langit.

Maya-maya ay isa pang binata ang pumasok sa celestial room na ang



pangalan ay Landon. Pagpasok nito sa silid, agad natuon ang kanyang tingin sa binatang nakaupo sa silya, na nakapikit at halatang nagdarasal. Nakatanggap si Landon ng malinaw na pahiwatig na dapat niyang kausapin ang binata. Gayunman, kahit nag-aalangang makagambala, nagpasiya siyang maghintay. Nakaraan na ang ilang minuto, nagdarasal pa rin ang binata. Batid ni Landon na hindi na niya maipagpapaliban ang pahiwatig. Nilapitan niya ang binata at marahan itong tinapik sa balikat. Nagmulat ng mata ang binata, gulat na may umabala sa kanya. Mahinang sinabi ni Landon, “Nadama ko na kailangan kitang kausapin, kahit hindi ko tiyak kung bakit.”

Nang magsimula silang mag-usap, ibinuhos ng binata kay Landon ang niloloob niya, ipinaliwanag ang kanyang sitwasyon at nagwakas sa hangarin niyang tumanggap ng kaunting kapanatagan at panghihikayat hinggil sa kanyang misyon. Ikinuwento ni Landon, na nakauwi na mula sa isang matagumpay na misyon isang taon lamang bago iyon, ang sarili niyang mga karanasan sa misyon, ang mga pagsubok at problemang kinaharap

niya noon, kung paano siya humingi ng tulong sa Panginoon, at ang mga pagpapalang natanggap niya. Naka-papanatag at nagbibigay ng katiyakan ang kanyang mga salita, at nakakahawa ang sigla niya sa kanyang misyon. Kalaunan, habang napapawi ang mga pangamba ng binata, nakadama ito ng kapayapaan. Nakadama siya ng malaking pasasalamat nang matanto niya na nasagot ang kanyang panalangin.

Magkasamang nanalangin ang dalawang binata, pagkatapos ay naghanda nang umalis si Landon, na masaya dahil nakinig siya sa inspirasyong dumating sa kanya. Nang tumayo na siya para umalis, tinanong ng binata si Landon, “Saan ka nagmisyon?” Sa puntong ito, hindi nila nabanggit sa isa’t isa ang pangalan ng mission kung saan sila naglingkod. Nang sabihin ni Landon ang pangalan ng kanyang mission, napuno ng luha ang mga mata ng binata. Naglingkod si Landon sa mismong mission na babalikan ng binata!

Sa isang liham sa akin kamakailan, ibinahagi ni Landon sa akin ang sinabi ng binata bago sila naghiwalay: “Nanalig ako na pagpapalain ako ng Ama sa Langit, pero hindi ko sukatakalain na magpapadala Siya ng isang

taong tutulong sa akin na nakapaglingkod sa sarili kong mission. Alam ko na ngayon na magiging maayos ang lahat.”<sup>2</sup> Ang mapagpakumbabang panalangin ng isang pusong taos ay dininig at sinagot.

Mga kapatid, sa ating buhay magkakaroon tayo ng mga tukso; magkakaroon tayo ng mga pagsubok at hamon. Kapag nagpunta tayo sa templo, kapag inalala natin ang mga tipang ginawa natin doon, mas kakanin nating daigin ang mga tuksong iyon at malalagpasan natin ang mga pagsubok. Sa templo makasusumpung tayo ng kapayapaan.

Ang mga pagpapala ng templo ay walang katumbas. Ang isang pinasalamatan ko araw-araw sa buhay ko ay ang natanggap namin ng mahal kong asawang si Frances nang lumuhod kami sa harap ng sagradong altar at gumawa ng mga tipan na nagbigkis sa amin para sa buong kawalang-hanggan. Walang ibang pagpapalang mas mahalaga sa akin kaysa sa kapayapaan at kapanatagang natanggap ko mula sa kaalaman na siya at ako ay magkakasamang muli.

Nawa’y pagpalain tayo ng ating Ama sa Langit na magkaroon tayo ng hangarin sa tuwina na pumunta at maglingkod sa templo, na tayo ay maging masunurin sa Kanyang mga utos, at na nawa’y sundan nating mabuti ang mga yapak ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo. Pinatotohanan ko na Siya ang ating Manunubos. Siya ang Anak ng Diyos. Siya yaong nagbangon mula sa libingan noong unang umaga ng Pasko ng Pagkabuhay, at taglay Niya ang kaloob na buhay na walang hanggan para sa lahat ng anak ng Diyos. Sa magandang araw na ito, sa pagdiriwang natin ng mahalagang kaganapang ito, nawa’y manalangin at magpasalamat tayo para sa Kanyang dakila at kagila-gilalas na mga kaloob sa atin. Nawa’y mangyari ito, ang mapagpakumbabang dalangin ko sa Kanyang banal na pangalan, amen. ■

#### MGA TALA

1. Juan 14:27.

2. Sulat na hawak ni Thomas S. Monson.



Ni Rosemary M. Wixom  
Primary General President

## Pagbalik sa Pananampalataya


*Mapapalakas nating lahat ang ating pananampalataya kay Jesucristo sa ating kani-kanyang paglalakbay at paghahanap ng kagalakan.*

Sa umagang ito ng Pasko ng Pagkabuhay, Pangulong Monson, lubos kaming nagpapasalamat na marinig ang tinig ng aming buhay na propeta. Pinahahalagahan namin ang inyong mga salita, at ang inyong payo na “Magkaroon ng kagalakan sa paglalakbay”<sup>1</sup> at “Ang hinaharap ay kasingliwanag ng inyong pananampalataya.”<sup>2</sup>

Sa taong ito ang mga batang Primary ay magbabahagi ng kagalakan at liwanag ng kanilang pananampalataya

kay Jesucristo sa pagkanta ng awiting “Ako ay Minamahal Niya.” Kinanta nila ang katotohanang “Alam Ko na Siya ay buhay! . . . Puso’y ibibigay.”<sup>3</sup> Gaya ng mga batang Primary, mapapalakas nating lahat ang ating pananampalataya kay Jesucristo sa ating kani-kanyang paglalakbay at paghahanap ng kagalakan.

Sa isang miting ng Relief Society kamakailan, narinig kong nagkuwento ang isang bata pang ina tungkol sa





kanyang lubos na pagbabalik-loob. Pinalaki siya sa Simbahan ng mga magulang na nagturo sa kanya ng ebanghelyo. Dumalo siya sa Primary, Young Women, at seminary. Gusto niyang matuto at tumuklas ng mga katotohanan. Lagi niyang hangad na malaman kung *bakit*. Sabi ni Elder Russell M. Nelson, “Tanging ang isipang nagtatanong ang matuturuan ng Panginoon.”<sup>4</sup> At ang dalagitang ito ay madaling turuan.

Pagkatapos ng high school nag-aral siya sa isang unibersidad, ibinuklod sa templo sa isang returned missionary, at biniyayaan ng magagandang anak.

Dahil palatanong, patuloy na nagtanong ang inang ito. Ngunit habang lumalalim ang mga tanong, gayon din ang mga sagot. At kung minsan ay walang mga sagot—o walang mga sagot na naghahatid ng kapayapaan. Kalaunan nang hangarin niyang malaman ang mga sagot, lalong dumami ang mga tanong, at nagsimula siyang magduda sa ilan sa mismong pundasyon ng kanyang pananampalataya.

Sa panahong ito ng kalituhan, sabi ng ilan sa mga nakapaligid sa kanya, “Sumandig ka lang sa pananampalataya ko.” Ngunit naisip niya, “Hindi puwede. Hindi mo naiintindihan; hindi ikaw ang may problema.” Paliwanag niya, “Handa akong igalang ang mga taong walang pagdududa, kung igagalang nila ako.” At iginalang ng marami ang pananaw niyang iyon.

Sabi niya, “Alam ng mga magulang ko ang nilalaman ng puso ko at

hinayaan nila ako. Pinili nilang mahalín ako habang sinisikap kong unawain itong mag-isa.” Gayundin, ang bishop ng bata pang inang ito ay madalas siyang kausapin at sabihing may tiwala ito sa kanya.

Hindi nag-atubili ang mga miyembro ng ward na pakitaan siya ng pagmamahal, at nadama niyang kabilang siya. Ang kanyang ward ay hindi isang lugar kung saan nagkukunwaring perpekto ang mga tao; doon ay pinangangalagaan nila ang isa’t isa.

“Nakakatuwa,” paggunita niya. “Sa panahong ito ko nadama ang tunay na kaugnayan ko sa mga lolo’t lola kong pumanaw na. Pinalalakas nila ako at hinihimok na magsikap pa. Nadama kong sinasabi nila, ‘Magtuon ka sa alam mo.’”

Sa kabila ng maraming taong sumusuporta sa kanya, hindi na siya nagsimba. Sabi niya, “Hindi ako lumayo sa Simbahan dahil sa masamang asal, kawalan ng pagpapahalaga sa espirituwal, sa paghahanap ng katwiran na hindi sundin ang mga kautusan, o paghahanap ng solusyon. Pakiramdam ko kailangan ko ng sagot sa tanong na ‘Ano ba talaga ang pinaniniwalaan ko?’”

Sa panahong ito binasa niya ang isang aklat ng mga isinulat ni Mother Teresa, na nagbahagi ng gayon ding damdamin. Sa isang liham noong 1953, isinulat ni Mother Teresa: “Ipagdasal sana ninyo lalo na ako nang hindi ko masira ang Kanyang gawain at nang ipakita ng ating Panginoon ang Kanyang Sarili—sapagkat may

nakakikilabot na kadiliman sa aking kalooban, na para bang lahat ay patay na. Ganito na ang pakiramdam ko noon pa mang simulan ko ‘ang gawain.’ Hilingin ninyo sa ating Panginoon na palakasin ang loob ko.”

Sagot ni Archbishop Périer: “Ginagabayan ka ng Diyos, mahal na Mother [Teresa]; wala ka sa kadiliman na tulad ng iniisip mo. Ang landas na tatahakin ay maaaring hindi palaging maliwanag kaagad. Ipagdasal na magkaroon ka ng kaliwanagan; huwag kaagad-agad magpasiya, makinig sa sasabihin ng iba, isaisip ang mga katwiran nila. Laging may makakatulong sa iyo. . . . Sa paggabay ng pananampalataya, panalangin, at katwiran na may tamang layunin, sapat na ang nasa iyo.”<sup>5</sup>

Naisip ng kaibigan ko na kung nai-pamumuhay ni Mother Teresa ang kanyang relihiyon kahit di nasasagot ang lahat ng tanong niya at di malinaw ang lahat sa kanya, siguro magagawa niya rin iyon. Maaari siyang sumulong nang may pananampalataya—sa paisa-isang hakbang. Maaari siyang magtuon sa mga katotohanang pinaniwalaan niya at hayaang puspusin nito ang kanyang puso’t isipan.

Nang mapag-isipan niya ito, sinabi niya, “Ang aking patotoo ay nauwi na sa wala. Nawala nang lahat. Ang tanging natira ay si Jesucristo.” Sabi pa niya, “Ngunit hindi ka Niya iiwanan kapag may mga tanong ka. Kapag may nagsisikap na sundin ang mga kautusan, malalapitan nila ang Taga-pagligtas. Naging napakahalaga ng panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan.”

Ang una niyang hakbang para magkaroon muli ng pananampalataya ay magsimula sa mga pangunahing katotohanan ng ebanghelyo. Nagdala siya ng isang Primary songbook at sinimulan niyang basahin ang mga titik ng mga awitin. Napamahal sa kanya ang mga iyon. Ipinagdasal niyang pagaanin ng pananampalataya ang bigat na kanyang nadama.

Nalaman niya na kapag may nabasa siyang pahayag na magiging sanhi para magduda siya, “maaari siyang tumigil, isipin ang kaugnayan nito sa mga



pinaniniwalaan niya, at kung ano ang epekto nito sa buhay niya.” Sabi niya, “Itinatanong ko, ‘Ito ba ang tamang landas para sa amin ng pamilya ko?’ Kung minsan itinatanong ko sa sarili ko, ‘Ano ang gusto ko para sa mga anak ko?’ Nantanto ko na gusto ko silang makasal sa templo. Noon nagbalik ang paniniwala sa puso ko.”

Sabi ni Elder Jeffrey R. Holland, “Ang pagpapakumbaba, pananampalataya, at impluwensya ng Banal na Espiritu palagi ang maging mga elemento ng *bawat* paghahanap ng katotohanan.”<sup>6</sup>

Kahit may mga tanong siya tungkol sa kung paano nagawa ang Aklat ni Mormon, hindi niya maitatangi ang mga katotohanang nalaman niya sa Aklat ni Mormon. Nagtuon siya sa pag-aaral ng Bagong Tipan para mas maunawaan ang Tagapagligtas. “Ngunit kalaunan,” sabi niya, “binalikan ko ang Aklat ni Mormon dahil gustung-gusto ko ang nadama ko nang mabasa ko ang tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala.”

Pagtatapos niya, “Kailangang magkaroon ka ng sariling espirituwal na karanasan sa mga katotohanan na nasa aklat na iyon,” at naranasan niya iyon. Paliwanag niya, “Binasa ko ang Mosias at lubos akong napatnubayan: ‘Maniwala sa Diyos; maniwala na siya nga, at na siya ang lumikha ng lahat ng bagay . . . ; maniwala na taglay niya ang lahat ng karunungan, at lahat ng kapangyarihan, kapwa sa langit at sa lupa; maniwalang hindi nauunawaan ng tao ang lahat ng bagay na nauunawaan ng Panginoon.’”<sup>7</sup>

Sa panahong ito, tinawag siyang maglingkod sa Primary bilang piyanista. “Masaya iyon,” sabi niya. “Gusto kong maisama ang mga anak ko sa Primary, at ngayo’y makakasama ko na sila. At hindi pa ako handang magturo.” Nang maglingkod siya, patuloy niyang nadama ang pagmamahal ng mga nakapaligid sa kanya: “Halika, gusto ka namin anuman ang espirituwalidad mo ngayon, at tutulungan ka namin. Gawin mo lang ang kaya mo.”

Sa pagtugtog ng mga awitin sa Primary, madalas naiisip niya na: “Narito ang mga katotohanang gusto



ko. Makakapagpatotoo pa rin ako. Sasabihin ko lang ang mga bagay na alam ko at pinagtitiwalaan ko. Hindi man ito perpektong pag-aalay ng kaalaman, ngunit ito ang magiging alay ko. Lumalakas ang patotoo ko sa mga bagay na pinatotohanan ko. Magandang balikan ang diwa ng ebanghelyo at makadama ng kaliwanagan.”

Sa Linggo ng umagang iyon, nang makinig ako sa kuwento ng miyembro ng ito tungkol sa kanyang lubos na pagbabalik-loob, naalala ko na “sa bato na ating Manunubos” dapat nating itayo ang ating saligan.<sup>8</sup> Naalala ko rin ang payo ni Elder Jeffrey R. Holland: “Manangan nang mahigpit sa nalalaman na ninyo at manindigan hanggang sa dumating ang karagdagang kaalaman.”<sup>9</sup>

Sa kanyang aralin, nalaman ko nang mas taimtim na ang mga sagot sa ating tapat na mga tanong ay dumarating kapag masigasig nating hinahanap at sinusunod ang mga kautusan. Naalala ko na matutulungan tayo ng ating pananampalataya na maniwala sa mga bagay na walang kabuluhan sa atin sa oras na iyon.

At, gustung-gusto kong maging katulad ng mga taong nakapaligid sa bata pang inang ito, na nagmahal at sumuporta sa kanya. Sabi nga ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf: “Lahat tayo ay mga manlalakbay na naghahanap ng liwanag ng Diyos habang tumatahak tayo sa landas ng pagkadisipulo. Hindi natin isinusumpa ang iba sa laki ng liwanag na maaari o hindi maaaring taglay nila; bagkus, pinangangalagaan at hinihikayat natin ang lahat ng liwanag hanggang sa luminaw ito, maging maningning, at tunay.”<sup>10</sup>

Nang kantahin ng mga batang Primary ang “Panalangin ng Isang Bata,” itinanong nila: “Ama sa Langit, kayo ba’y nar’yan? Dalangin ba ng musmos, pinakikingan?”<sup>11</sup>

Maaari din nating maisip, “Nariyan kaya ang Ama sa Langit?” para lamang magalak—tulad ng kaibigan ko—kapag dumating ang mga sagot sa tahimik at simpleng mga pagtiyak. Pinatotohanan ko na dumarating ang mga simpleng pagtiyak na iyon kapag umayon tayo sa Kanyang kalooban. Pinatotohanan ko na ang katotohanang iyan ay nasa mundo ngayon at ang Kanyang ebanghelyo ay matatagpuan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Thomas S. Monson, “Pagkakaroon ng Kagalakan sa Paglalakbay,” *Liahona*, Nob. 2008, 85.
2. Thomas S. Monson, “Magalak,” *Liahona*, Mayo 2009, 92.
3. “Ako ay Minamahal Niya,” sa *Alam Kong Buhay ang Aking Tagapagligtas: 2015 Outline para sa Oras ng Pagbabahagi* (2014), 28–29.
4. Russell M. Nelson, sa M. Russell Ballard, “What Came from Kirtland” (Brigham Young University fireside, Nob. 6, 1994); speeches.byu.edu.
5. Sa *Mother Teresa: Come Be My Light; The Private Writings of the Saint of Calcutta*, ed. Brian Kolodiejchuk (2007), 149–50; inayon sa pamantayan ang pagbabantas.
6. Jeffrey R. Holland, “Huwag Kang Matakot, Manampalataya Ka Lamang” (isang gabi na kasama si Elder Jeffrey R. Holland, Feb. 6, 2015); lds.org/broadcasts.
7. Mosias 4:9.
8. Tingnan sa Helaman 5:12.
9. Jeffrey R. Holland, “Panginoon, Nanampalataya Ako,” *Liahona*, Mayo 2013, 94.
10. Dieter F. Uchtdorf, “Pagtanggap ng Patotoo sa Liwanag at Katotohanan,” *Liahona*, Nob. 2014, 22.
11. “Panalangin ng Isang Bata,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 6–7.



Ni Elder José A. Teixeira  
Ng Pitumpu

# Paghahanap sa Panginoon

*Habang pinalalawak natin ang ating pang-unawa tungkol sa Tagapagligtas, mag-iibayo ang hangarin nating mamuhay nang may galak at pananalig na posible tayong magalak.*

**M**ahal kong mga kapatid, malaking kagalakan para sa akin ang tumayo sa inyong harapan habang sama-sama tayong nakikibahagi sa pangkalahatang kumperensyang ito. Ang pakikinig sa mga salita ng karunungan, payo, pag-aliw, at babalang ibinibigay sa mga pangkalahatang kumperensya sa loob ng maraming taon ay naging malaking pagpapala kay Sister Teixeira, sa aming pamilya, at sa akin.

Sa espesyal na panahong ito ng taon, lalo na sa Sabbath na ito ng Pasko ng Pagkabuhay, hindi ko maiwasang pagnilayan ang kahalagahan ng mga turo ng Tagapagligtas at ang Kanyang mabait at mapagmahal na halimbawa sa aking buhay.

Ang mas malawak na pang-unawa tungkol kay Jesucristo ay magbibigay sa atin ng mas malaking pag-asa para sa hinaharap at, sa kabila ng ating mga pagkakamali, mas malaking tiwala sa pagkakamit ng ating mabubuting mithiin. Pagkakalooban din tayo nito ng mas matinding hangaring maglingkod sa ating kapwa.

Sabi ng Panginoon, “[Hana-pin] ako sa bawat pag-iisip; huwag

mag-alinlangan, huwag matakot.”<sup>1</sup> Ang paghahanap sa Panginoon at pagdama sa Kanyang presensya ay pinagsisikap araw-araw at makabuluhang gawin.

Mga kapatid, ngayon higit kailanman, mayroon tayong mga pambihirang pagkakataon at paraan para mapalawak ang ating pang-unawa sa mga turo ni Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Ang angkop na paggamit ng mga paraang ito ay makatutulong sa atin upang mamuhay nang sagana na puspos ng kagalakan.

Sa talinghaga ng Tagapagligtas tungkol sa puno ng ubas at mga sanga, sinabi Niya: “Kayo’y manatili sa akin, at ako’y sa inyo. Gaya ng sanga na di makapagbunga sa kaniyang sarili maliban na nakakabit sa puno; gayon din naman kayo, maliban na kayo’y manatili sa akin.”<sup>2</sup>

Kapag higit nating naunawaan ang pambihirang tungkulin ni Cristo sa ating buhay, higit nating malalaman ang ating layunin dito sa lupa, ang magalak sa buhay. Gayunman, hindi dahil sa nagagalak tayo ay hindi na tayo daranas ng mga pagsubok at paghihirap, na ang ilan ay napakatindi at

napakabigat kaya maaari nating isipin na hindi posibleng lumigaya sa gayong sitwasyon.

Alam ko sa aking personal na karanasan na ang kagalakang mamuhay sa kabutihan at manatili kay Cristo ay maaaring magpatuloy sa kabila ng mga pagdurusang likas sa mortalidad. Sa huli, ang mga pagdurusang ito kadalasan ay nagpapayaman, nagdadalisay, at gumagabay sa atin sa mas malawak na pang-unawa sa layunin ng ating buhay at sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Tunay ngang ang lubos na kagalakan ay makakamtan lamang sa pamamagitan ni Jesucristo.<sup>3</sup>

Sabi Niya, “Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako’y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka’t kung kayo’y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa.”<sup>4</sup>

Naniniwala ako na habang pinalalawak natin ang ating pang-unawa tungkol sa Tagapagligtas, mag-iibayo ang hangarin nating mamuhay nang may galak at pananalig na posible tayong magalak. Dahil diyan, magkakaroon tayo ng higit na kakayahang kumilos bawat araw na may higit na kasigasi-gan sa buhay at sa pagsunod sa mga utos ng Diyos, maging sa mga oras ng pagsubok.

Huwag na nating ipagpabukas ang magagawa natin ngayon. Ngayon tayo kailangang lumapit kay Cristo dahil “kung naniniwala [tayo] sa [Kanya], [tayo] ay gagawa habang ito ay [ipinagagawa] ngayon.”<sup>5</sup>

Araw-araw ay dapat nating isiping dalasan ang pagkakaroon ng ugnayan sa mga turo ni Cristo. Ang maliliit at simpleng galaw at kilos natin araw-araw ay:

1. Magpapalawak sa ating pang-unawa tungkol sa kahalagahan ng Panginoon sa ating buhay, at
2. Makakatulong sa atin na ibahagi ang pang-unawang ito sa darating na mga henerasyon, na tiyak na makadarama ng pagmamahal ng Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na si Jesucristo kapag nakita nila ang ating halimbawa ng tapat na pamuhay ng ebanghelyo.

Kaya ano ang ilan sa mga simpleng pag-uugali sa makabagong panahong ito na magiging balsamo para sa ating kaluluwa sa pagpapalakas ng ating patotoo kay Cristo at sa Kanyang misyon?

Noong 2014, nagsumite sa National Geographic photo contest ang 9,200 mga propesyonal na retratista at mga taong interesado mula sa 150 bansa. Ang nanalong retrato ay nagpapakita ng isang babae sa gitna ng isang tren na puno ng mga pasahero. Inilawan ng liwanag na nagmumula sa kanyang



*Itaas: Brodcast ng pangkalahatang kumperensya habang nasa himpapawid ang isang eroplano. Kaliwa: Ang nanalong retrato mula sa 2014 National Geographic photo contest ay nagpapakita ng isang babaeng nagpapaabot ng malinaw na mensahe sa iba pang mga pasahero sa tren: kahit naroon siya, wala siya talaga roon.*

mobile phone ang kanyang mukha. Ipinarating niya ang malinaw na mensahe sa iba pang mga pasahero: kahit naroon siya, wala siya talaga roon.<sup>6</sup>

Lubos na binago ng mobile data, mga smartphone, at mga social network ang paraan ng ating pamumuhay sa mundo at pakikipag-ugnayan natin sa iba.

Sa panahong ito ng mga digital device, mabilis nating maililipat ang ating sarili sa mga lugar at aktibidad na mabilis na maglalayo sa atin sa kung ano ang mahalaga para sa buhay na puno ng walang-maliw na kagalakan.

Ang buhay na ito na ginugugol natin sa Internet, kung pababayaan natin, ay mas nagpapahalaga sa pakikipag-ugnayan sa mga taong hindi natin kilala o hindi pa natin nakita nang

personal kaysa sa mga taong kasama natin—ang ating sariling pamilya!

Sa kabilang dako alam nating lahat na biniyayaan tayo ng napakagandang online resources, kabilang na ang mga ginawa ng Simbahan tulad ng mga text at audio version ng mga banal na kasulatan at pangkalahatang kumperensya, mga video production ng buhay at mga turo ni Jesucristo, apps para maitala ang ating family history, at mga pagkakataong makinig sa nagbibigay-inspirasyong musika.

Malaki ang impluwensya ng mga pasiya at prioridad na ginagawa natin sa ating oras online. Maiimpluwensyahan ng mga ito ang ating espirituwal na pag-unlad at kahustuhan sa ebanghelyo at ang hangarin nating makatulong para mapaganda

ang mundo at mas mapaunlad ang buhay.

Sa mga kadahilanang ito, gusto kong bumanggit ng tatlong simpleng gawi na magpapasimula ng mabuting aktibidad online. Ang mga gawi na ito ay maghihikayat sa atin na magmuni-muni araw-araw na kailangan para mas mapalapit tayo sa mga turo ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na si Jesucristo.

#### **Gawi Bilang 1: Bisitahin ang mga Official Website ng Simbahan para sa mga Resources**

Kadalasan ang mga pagbisita sa loob ng isang linggo sa mga resources na ito ay makatutulong sa atin na laging maging sensitibo sa mga turo ng ebanghelyo at hikayatin ang ating pamilya at mga kaibigan na isipin at pagnilayan kung ano ang pinakamahalaga.

#### **Gawi Bilang 2: Mag-subscribe sa mga Official Social Network ng Simbahan**

Ang pasiyang ito ay maghahatid sa inyong screen ng content na mahalaga para palawakin ang inyong pagsasaliksik at paghahanap sa Panginoon at sa Kanyang mga turo at palalakasin nito ang inyong hangaring maunawaan ang ebanghelyo. Ang mas mahalaga pa, tutulungan kayo nitong maalala ang inaasahan ni Cristo sa bawat isa sa atin.

Tulad ng kasabihan na “walang mabuting lupa kapag walang mabuting magsasaka,”<sup>7</sup> wala ring mabuting aanihin sa Internet maliban kung uunahin natin sa simula pa lang ang maaabot ng ating mga daliri at isipan.

### Gawi Bilang 3: Magtakda ng Oras na Isantabi ang Inyong mga Mobile Device

Nagdudulot ng ginhawa ang sandaling pagsasantabi ng ating mga electronic device at sa halip ay buklatin ang mga pahina ng banal na kasulatan o kausapin ang pamilya at mga kaibigan. Lalo na sa araw ng Panginoon, damhin ang kapayapaan ng pakikibahagi sa sacrament meeting nang hindi palaging nahihikayat na tingnan kung may bago kayong message o post.

Ang gawi na isantabi ang ating mobile device sandali ay magpapayaman at magpapalawak sa ating pananaw sa buhay, sapagkat ang buhay ay hindi lamang nasa isang apat-na-pulgadang (10-sentimetro) screen.

Sabi ng Panginoong Jesucristo, “Kung paanong inibig ako ng Ama, ay gayon din namang iniibig ko kayo: magsipangatili kayo sa aking pagibig.”<sup>8</sup> Nais ng Diyos na magalak tayo at damhin natin ang Kanyang pagmamahal. Ginagawang posible ni Cristo ang gayong kagalakan para sa bawat isa sa atin. May paraan tayo upang higit pa Siyang makilala at maipamuhay ang Kanyang ebanghelyo.

Pinatototohanan ko na iiral ang kagalakan kapag sinunod natin ang mga kautusan at madarama natin ang kapayapaan at kaligtasan kapag nanatili tayo sa pagmamahal ng Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na ating Tagapagligtas. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 6:36.
2. Juan 15:4.
3. Tingnan sa Juan 15:11.
4. Juan 15:5.
5. Doktrina at mga Tipan 64:25.
6. Tingnan sa “Photo Contest 2014,” *National Geographic*, photography. [nationalgeographic.com/photography/photo-contest/2014/](http://nationalgeographic.com/photography/photo-contest/2014/).
7. Hindi kilala ang awtor.
8. Juan 15:9.



Ni Bishop Gérald Causse

Unang Tagapayo sa Presiding Bishopric

## Kamangha-mangha pa rin ba Ito sa Inyo?

*Ang manggilalas sa pagiging kamangha-mangha ng ebanghelyo ay tanda ng pananampalataya. Ito ay ang makita ang tulong ng Panginoon sa ating buhay at sa lahat ng nakapaligid sa atin.*

Isang napakasayang karanasan para sa aming mag-asawa ang palakihin ang aming limang anak sa napakagandang lungsod ng Paris. Sa mga panahong iyon gusto naming mabigyan sila ng pambihirang oportunidad na matuklasan ang kamangha-manghang mga bagay ng mundong ito. Tuwing tag-init, bumibiyaha nang malayo ang aming pamilya para puntahan ang pinakabantog na mga monumento,

makasaysayang lugar, at mga kamangha-manghang tanawin sa Europa. Sa huli, matapos ang 22 taon sa Paris, naghahanda na kaming lumipat. Naaalala ko pa nang sabihin sa akin ng mga anak ko na, “Dad, nakakahiya talaga! Ang tagal-tagal na po nating nakatira dito pero hindi pa natin napuntahan ang Eiffel Tower!”

Napakaraming kamangha-manghang lugar sa mundong ito.



Gayunpaman, kung minsan, kapag lagi nating nakikita ang mga ito, binabalewala natin. Nakatingin tayo, ngunit hindi natin talagang tinitingnan; nakikinig tayo, ngunit hindi natin talagang pinapakinggan.

Noong Kanyang ministeryo sa lupa, sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo:

“Mapapalad ang mga matang nangakakita ng mga bagay na inyong nangakikita:

“Sapagka’t sinasabi ko sa inyo, na maraming propeta at mga hari ang nangaghahangad na mangakakita ng mga bagay na inyong nangakikita, at hindi nila nangakita; at mangarinig ang mga bagay na inyong nangarinig. at hindi nila nangarinig.”<sup>1</sup>

Madalas kong iniisip kung ano kaya ang pakiramdam ng mabuhay sa panahon ng ating Tagapagligtas. Naiisip ba ninyo na nakaupo kayo sa Kanyang paanan? dinarama ang Kanyang pagyakap? sinasaksihan ang pagmiministeryo Niya sa iba? Ngunit sa kabila nito marami pa rin sa nakakita sa Kanya ang hindi natanto—hindi “nakita”—na ang mismong Anak ng Diyos ay kahalubilo nila.

Tayo man ay may pribilehiyong mabuhay sa isang pambihirang panahon. Nakita ng mga propeta noon ang gawain ng Pagpapanumbalik bilang “kagila-gilalas na gawain . . . oo, isang kagila-gilalas at kamangha-manghang gawain,”<sup>2</sup> Hindi nangyari sa mga nangangailangan ang pagtawag ng napakaraming missionary, napakaraming bansang nabuksan para sa mensahe ng ebanghelyo, at napakaraming templong itinayo sa buong mundo.

Para sa atin, bilang mga Banal sa mga Huling Araw, may mga nagaganap ding kamangha-mangha sa buhay ng bawat isa sa atin. Kabilang dito ang ating sariling pagbabalik-loob, ang mga nasagot na panalangin, at ang magiliw na pagpapala ng Diyos sa atin sa araw-araw.

Ang manggilalas sa pagiging kamangha-mangha ng ebanghelyo ay tanda ng pananampalataya. Ito ay ang makita ang tulong ng Panginoon sa ating buhay at sa lahat ng nakapaligid



sa atin. Ang ating panggigilalas ay nagdudulot din ng espirituwal na lakas. Binibigyan tayo nito ng lakas na manatiling matatag sa ating pananampalataya at makibahagi sa gawain ng kaligtasan.

Ngunit maging maingat tayo. Ang kakayahan nating mamangha ay madalang mawala. Sa paglipas ng panahon, ang mga bagay na gaya ng kaswal na pagsunod sa utos, kawalang-interes, o maging ang kapaguran ay maaaring madama at hindi na natin mapansin ang mga di pangkaraniwang tanda at himala ng ebanghelyo.

Inilarawan sa Aklat ni Mormon ang isang panahon, na katulad na katulad ng panahon natin, na nangyari bago dumating ang Mesiyas sa lupain ng Amerika. Biglang lumitaw sa kalangitan ang mga palatandaan ng Kanyang pagsilang. Lubos na nanggilalas ang mga tao kaya nagpakumbaba sila, at halos lahat ay nagsipagbalik-loob. Gayunman, pagkaraan lamang ng apat na taon, “ang mga tao ay nagsimulang malimutan yaong mga palatandaan at kababalaghang kanilang narinig, at nagsimulang unti-unting hindi na nanggigilalas sa isang palatandaan o isang kababalaghan mula sa langit, . . . at nagsimulang hindi paniwalaan ang lahat ng narinig nila at nakita.”<sup>3</sup>

Mga kapatid, kamangha-mangha pa rin ba sa inyo ang ebanghelyo? Kayo ba’y nakakakita pa, nakakarinig, nakadarama, at namamangha? O humina

na ang inyong mga espirituwal na pandama? Anuman ang inyong mga sitwasyon, inaanyayahan ko kayong gawin ang tatlong bagay.

Una, huwag magsawa sa pagtuklas o muling pagtuklas sa mga katoohan ng ebanghelyo. Sinabi ng manunulat na si Marcel Proust, “Ang tunay na paglalayag para tumuklas ay hindi matatagpuan sa paghahanap ng bagong tanawin, kundi sa pagkakaroon ng bagong pananaw.”<sup>4</sup> Naaalala ba ninyo ang unang pagkakataon na nabasa ninyo ang isang talata ng banal na kasulatan at nadama na parang ang Panginoon ang nagsasalita sa inyo mismo? Naaalala pa ba ninyo ang unang pagkakataon na napuspos kayo ng magiliw na impluwensya ng Espiritu Santo, marahil bago pa ninyo natanto na iyon ang Espiritu Santo? Hindi ba’t sagrado at espesyal na mga sandali ito?

Dapat tayong magutom at mauhaw araw-araw sa espirituwal na kaalaman. Ang personal na paggawa nito ay nakasalig sa pag-aaral, pagninilaynilay, at panalangin. Kung minsan ay matutukso tayo na isiping, “hindi ko kailangang pag-aralan ang mga banal na kasulatan ngayon; nabasa ko nang lahat ito noon” o “hindi ko kailangang magpunta sa simbahan ngayon; wala namang bago roon.”

Ngunit ang ebanghelyo ay bukal ng kaalaman na hindi kailanman matutuyo. Laging may bago kang



matututuhan at madarama bawat Linggo, sa bawat miting, at sa bawat talata ng banal na kasulatan. May pananampalataya tayong umaasa sa pangako na kung tayo ay “mag[s]isihanap . . . [tayo’y] makasusumpung.”<sup>5</sup>

Pangalawa, isalig ang inyong pananampalataya sa malinaw at mga simpleng katotohanan ng ebanghelyo. Ang ating pagkamangha ay dapat nakabatay sa mga pangunahing alituntunin ng ating pananampalataya, sa kadalisayan ng ating mga tipan at ordenansa, at sa ating pinakasimpleng pagsamba.

Isang sister missionary ang nagkuwento tungkol sa tatlong lalaking nakilala niya sa isang district conference sa Africa. Mula sila sa isang liblib na nayon sa malayong palumpungan kung saan hindi pa naorganisa ang Simbahan pero mayroon nang 15 matatapat na miyembro at halos 20 investigator. Sa loob ng mahigit dalawang linggo ang mga lalaking ito ay naglakad nang nakayapak, naglakbay nang mahigit 300 milya (480 km) sa mapuputik na daang dulot ng tag-ulan, para makadalo ng kumperensya at dalhin ang mga ikapu ng mga miyembro ng kanilang grupo. Nagplano silang mamalagi nang buong linggo para makatangap ng sakramento sa susunod na Linggo at umaasa na sa pag-uwi nila ay may dala-dala na silang mga kahong puno ng Aklat ni Mormon na masusunong nila para ibigay sa kanilang mga kanayon.

Nagpatotoo ang misionary kung paano siya naantig nang lubos sa kahanga-hangang katangian at taospusong pagsasakripisyo ng mga kapatid na ito para magkaroon ng mga bagay na para sa kanya ay walang hirap niyang makukuha.

Naisip niya: “Kung magising ako isang Linggo ng umaga sa Arizona at natuklasang ayaw umandar ng kotse ko, maglalakad ba ako papunta sa simbahan na ilang kanto lang ang layo sa bahay namin? O hindi na lang ako aalis ng bahay dahil malayo ang simbahan at umuulan?”<sup>6</sup> Ito ay magagandang tanong na dapat pag-isipan nating lahat.

Sa huli, inaanyayahan ko kayo na hanapin at pahalagahan ang pagsama ng Espiritu Santo. Karamihan sa mga kamangha-manghang bagay ng ebanghelyo ay hindi nahihiwatigan ng ating mga pandamdang. Ito ang mga bagay na “hindi nakita ng mata, ni narinig ng tainga, . . . mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya.”<sup>7</sup>

Kapag nasa atin ang Espiritu, ang ating mga espirituwal na pandamdang ay mas sensitibo at ang ating alaala ay napupukaw kaya hindi natin malilimutan ang mga himala at tanda na ating nasaksihan. Iyan ang dahilan kung bakit, nang malaman ng mga disipulong Nephita ni Jesus na paalis na Siya, taimtin silang nanalangin “para roon sa kanilang higit na ninanais; at ninanais nila na ang Espiritu Santo ay ipagkalooob sa kanila.”<sup>8</sup>

Kahit nakita na ng kanilang sariling mga mata ang Tagapagligtas at nahipo na ng kanilang sariling mga kamay ang Kanyang mga sugat, alam nila na ang kanilang patotoo ay manghihina kung hindi palaging pag-iibayuhin ng kapangyarihan ng Espiritu ng Diyos. Mga kapatid, huwag kayong gumawa ng anumang bagay na maaaring ikawala ng mahalaga at kagila-gilalas na kaloob na ito—ang pagsama ng Espiritu Santo. Hangarin ito sa pamamagitan ng taimtim na panalangin at matwid na pamumuhay.

Pinatotohanan ko na ang gawaing ito na ating ginagawa ay “isang kagila-gilalas at kamangha-manghang gawain.” Sa pagsunod natin kay Jesucristo, sumasaksi sa atin ang Diyos, “sa pamamagitan ng mga tanda at mga kababalaghan, at ng saganang kapangyarihan, at ng mga kaloob ng Espiritu Santo, ayon sa kaniyang sariling kalooban.”<sup>9</sup> Sa espesyal na araw na ito, pinatotohanan ko na ang kamangha-mangha at kagila-gilalas na bagay ng ebanghelyo ay nakasalig sa pinakadakilang sa lahat ng kaloob ng Diyos—ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Ito ay perpektong regalo ng pagmamahal ng Ama at ng Anak, na nagkakaisa sa layunin, na ibinigay sa bawat isa sa atin. Kasama ninyo “ako ay na[ma] mangha sa pag-ibig ni Jesus. . . . O, kahanga-hanga para sa akin!”<sup>10</sup>

Nawa’y laging mapasaatin ang mga matang nakakakita, mga taingang nakakarinig, at mga pusong nakakadama ng pagkamangha sa kagila-gilalas na ebanghelyong ito ang aking dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Lucas 10:23–24.
2. 2 Nephi 27:26.
3. 3 Nephi 2:1.
4. “Marcel Proust,” *Guardian*, Hulyo 22, 2008, [theguardian.com/books/2008/jun/11/marcelproust](http://theguardian.com/books/2008/jun/11/marcelproust).
5. Mateo 7:7.
6. Hango mula sa Lorraine Bird Jameson, “The Giants of Kinkondja” (artikulo sa Africa Southeast Area website, 2009); [web.archive.org/web/20101210013757/http://www.lds.co.za/index.php/news-a-events/news/aseanews/91-the-giants-of-kinkondja](http://web.archive.org/web/20101210013757/http://www.lds.co.za/index.php/news-a-events/news/aseanews/91-the-giants-of-kinkondja).
7. I Mga Taga Corinto 2:9.
8. 3 Nephi 19:9.
9. Sa Mga Hebreo 2:4.
10. “Ako ay Namangha,” *Mga Himno*, blg. 115.



**Ni Elder Brent H. Nielson**  
Ng Pitumpu

## Naghihintay sa Alibughang Anak

*Nawa'y makatanggap tayo ng paghahayag na malaman kung paano pinakamainam na matutulungan ang mga tao sa ating buhay na nalihis ng landas.*

**G**inugol ng Tagapagligtas ang Kanyang ministeryo sa lupa sa pagtuturo ng tungkol sa Kanyang nagpapagaling at nakatutubos na kapangyarihan. Sa isang pagkakataon sa Lucas kabanata 15 sa Bagong Tipan, Siya ay talagang kinutya sa pagsalo sa pagkain at pag-uukol ng oras sa mga makasalanan (tingnan sa Lucas 15:2). Ginamit ng Tagapagligtas ang pangungutyang ito bilang pagkakataon upang ituro sa ating lahat kung paano tutulungan ang mga taong nalihis ng landas.

Sinagot Niya ang mga nangungutya sa Kanya sa pamamagitan ng dalawang mahahalagang tanong:

“Aling tao sa inyo, na kung mayroong isang daang tupa, at mawala ang isa sa mga yaon ay hindi iiwan ang siyam na pu't siyam sa ilang, at hahanapin ang nawala, hanggang sa ito'y kaniyang masumpungan?” (Lucas 15:4).

“Aling babae na may sangpung putol na pilak, na kung mawalan siya ng isang putol, ay hindi baga magpapaningas ng isang ilawan, at wawalisang ang bahay, at hahanaping masakap hanggang sa ito'y masumpungan niya?” (Lucas 15:8).

Pagkatapos ay itinuro ng Tagapagligtas ang talinhaga tungkol sa alibughang anak. Ang talinhagang ito ay hindi tungkol sa 100 tupa o 10 piraso ng pilak; ito ay tungkol sa isang minamahal na anak na nalihis ng landas. Sa pamamagitan ng talinhaga, ano ang itinuturo sa atin ng Tagapagligtas tungkol sa pagtulong na gagawin natin kapag nalihis ng landas ang isang miyembro ng pamilya?

Ipinaalam ng alibughang anak sa kanyang ama na gusto na niyang kunin kaagad ang kanyang mana. Nais niyang lisanin ang kanyang tahanan at pamilya na nagpoprotekta sa kanya at naghagad na mamuhay ayon sa paraan ng mundo (tingnan sa Lucas 15:12–13). Pansinin na sa talinhaga ng Tagapagligtas, magiliw na ibinigay ng ama ang mana sa kanyang anak. Tiyak na ginawa ng ama ang lahat ng kanyang makakaya para makumbinsi ang anak na huwag umalis. Gayunman, nang magpasiya na ang nasa hustong gulang na anak, hinayaan ng matalinong ama na umalis ito. Pagkatapos ang ama ay nagpakita ng taos-pusong pagmamahal, at siya

ay umasam at naghintay (tingnan sa Lucas 15:20).

Ang pamilya ko ay may gayon ding karanasan. Kami ng aking dalawang matatapat na kapatid na lalaki at kahanga-hangang kapatid na babae ay pinalaki ng mabubuting magulang. Itinuro sa amin ang ebanghelyo sa aming tahanan, hanggang sa naglakihan kami, at kaming apat ay ibinuklod sa aming mga asawa sa templo. Gayunman, noong 1994 ang kapatid naming si Susan, ay hindi nasiyahan sa Simbahan at sa ilan sa mga turo nito. Siya ay naimpluwensyahan ng mga taong nangungutya at namimintas sa mga unang lider ng Simbahan. Hinayaan niyang maglaho ang kanyang paniniwala sa buhay na mga propeta at apostol. Sa paglipas ng panahon, dinaig ng kanyang pag-aalinlangan ang kanyang pananampalataya, at pinili niyang lisanin ang Simbahan. Pinahintulutan ako ni Susan na ibahagi ang kanyang kuwento sa pag-asang makakatulong ito sa iba.

Labis ang kalungkutan naming magkakapatid at ng balo naming ina. Hindi namin maubos-maisip kung ano kaya ang nagtulak sa kanya para talikuran ang kanyang pananampalataya. Ang mga ginawang pagpili ng kapatid ko ay nagdulot ng matinding dalamhati sa aking ina.

Kaming magkakapatid ay naglingkod bilang mga bishop at quorum president at naranasan ang kagalakan ng tagumpay sa pagsagip sa mga miyembro ng ward at korum kapag





lumipat kasama ang kanyang asawa sa California para mag-aral ito ng abugasiya. Iisang lungsod ang tinitirhan nila ni Susan. Humingi ang batang mag-asawang ito ng tulong at suporta sa kanilang tiya Susan, at kanilang minahal siya. Tumulong si Susan sa pag-aalaga sa dalawang-taong-gulang na apo namin na si Lucy, at natagpuan ni Susan ang kanyang sarili na tinutulungan si Lucy sa pagdarasal nito gabigabi. Isang araw tinawagan ako ni Katy at nagtanong kung naisip ko na babalik pa si Susan sa Simbahan. Tiniyak ko sa kanya na pakiramdam ko ay babalik siya at na kailangan naming patuloy na magtiyaga. Tatlong taon pa ang lumipas, sa patuloy na pagmamahal, kami ay umasam at naghintay.

Anim na taon na ang lumipas ngayong araw na ito, kami ng asawa kong si Marcia ay nakaupo sa harapan ng Conference Center na ito. Ako ay sasang-ayunan bilang bagong General Authority noong araw na iyon. Si Marcia, na palaging nakadarama ng paghihikayat ng Espiritu, ay nag-abot ng maikling sulat sa akin at ganito ang nakasaad, “Palagay ko panahon na para bumalik si Susan.” Iminungkahi ng anak kong si Katy na lumabas ako at tumawag kay Susan para anyayahan siya na panoorin ang pangkalahatang kumperensya noong araw na iyon.

Dahil nahikayat ng dalawang mababait na babaeng ito, nagpunta ako sa

iniwan namin ang siyamnapu’t siyam at hinahanap ang isa. Gayunpaman, sa sitwasyon ng aming kapatid, ang aming pagsisikap na sagipin siya at anyayahan siyang bumalik ay lalo lamang nagtulak sa kanya palayo.

Habang humihingi kami ng patnubay sa langit tungkol sa maaaring tamang pagtulong sa kanya, naging malinaw na kailangan naming tularan ang halimbawa ng ama sa talinghaga tungkol sa alibughang anak. Nagpasiya na si Susan, at kailangang hayaan namin siya—ngunit ipinaalam at ipinadama namin sa kanya na mahal namin siya nang buong puso. At gayon nga, taglay ang ibayong pagmamahal at kabaitan, umasam at naghintay kami.

Hindi tumigil ang nanay ko sa pagmamahal at pagmamalasakit kay Susan. Tuwing pumupunta si Inay sa templo, inilalagay niya ang pangalan ni Susan sa prayer roll, at hindi kailanman nawalan ng pag-asa. Ang kuya ko at kanyang asawa, na pinakamalapit ang tirahan kay Susan sa California, ay inanyayahan siya sa lahat ng okasyon ng pamilya. Naghanda sila ng hapunan sa tahanan nila taun-taon sa kaarawan ni Susan. Tiniyak nila na palagi nila siyang nakakausap at na alam niya na talagang mahal nila siya.

Ang aking nakababatang kapatid na lalaki at kanyang asawa ay patuloy ang pakikipag-ugnayan sa mga anak ni Susan sa Utah at pinagmalasakitan at minahal sila. Tiniyak nila na ang kanyang mga anak ay laging naiimbita sa pagtitipon ng pamilya, at nang bininyagan na ang apong babae ni Susan, naroon ang kapatid ko para isagawa ang

ordenansa. May mapagmahal na mga home teacher at visiting teacher din si Susan na hindi kailanman sumuko.

Nang magmisyon at ikasal ang aming mga anak, imbitado si Susan at dinaluhan ang mga pagdiriwang na ito ng pamilya. Pinagsikapan naming magkaroon ng mga okasyon sa pamilya para makasama namin si Susan at ang kanyang mga anak at malaman nila, higit sa lahat, na mahal namin sila at bahagi sila ng aming pamilya. Nang tumanggap si Susan ng advanced degree sa unibersidad ng California, dumalo kaming lahat sa kanyang graduation. Bagama’t hindi namin matatanggap ang lahat ng kanyang pinili, tiyak namang tinatanggap namin siya. Kami ay nagmamahal, umasam at naghintay.

Noong 2006, 12 taon na ang lumipas mula nang umalis si Susan sa Simbahan, ang aming anak na si Katy ay





bulwagan at tinawagan ang kapatid ko. Nag-iwan ako ng mensahe sa kanyang voice mail at inanyayahan ko siya na panoorin ang sesyon na iyon ng pang-kalahatang kumperensya. Natanggap niya ang mensahe. Tuwang-tuwa kami dahil nahikayat siyang panoorin ang lahat ng sesyon sa kumperensya. Pinakinggan niya ang mga propeta at apostol na minahal niya noon. Narinig niya ang mga bagong pangalan na hindi niya narinig noon, tulad nina Pangulong Uchtdorf at Elder Bednar, Elder Cook, Elder Christofferson, at Elder Andersen. Sa kaganapang ito at iba pang karanasan na kakaiba at inspirasyon ng langit, ang aking kapatid—tulad ng alibughang anak—ay nakapag-isip nang mabuti (tingnan sa Lucas 15:17). Ang mga salita ng mga propeta at apostol at ang pagmamahal ng kanyang pamilya ay naghikayat sa kanya na bumalik at magsimulang umuwi. Makalipas ang 15 taon ang aking kapatid na nawala ay natagpuan. Natapos ang pag-asam at paghihintay.

Inilarawan ni Susan ang karanasang ito tulad ng paglalarawan ni Lehi dito sa Aklat ni Mormon. Bumitiw siya sa gabay na bakal at natagpuan ang sarili sa abu-abo ng kadiliman (tingnan sa 1 Nephi 8:23). Sinabi niya na hindi niya alam na nawala na siya hanggang sa muling magising ang kanyang pananampalataya ng Liwanag ni Cristo, na ipinakita nang malinaw ang pagkakaiba ng naranasan niya sa mundo sa ibinibigay ng Panginoon at ng kanyang pamilya.

Isang himala ang nangyari sa nakaraang anim na taon. Si Susan ay nagkaroon ng panibagong patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon. Siya ay tumanggap ng temple recommend. Naglingkod siya bilang ordinance worker sa templo, at siya sa kasalukuyan ay nagtuturo ng Gospel Doctrine class sa kanyang ward. Ang mga dungawan ng langit ay nabuksan sa kanyang mga anak at apo, at bagama't may mga hirap, para bang hindi siya kailanman umalis sa Simbahan.

Marami sa inyo, tulad ng pamilya Nielson, ay may mga miyembro ng pamilya na pansamantalang nawala.



Ang tagubilin ng Tagapagligtas sa lahat ng may 100 tupa ay iwan ang siyam-napu't siyam at hanapin at sagipin ang isa. Ang Kanyang tagubilin sa mga taong may 10 piraso ng pilak at nawala ang isa ay hanapin ito hanggang sa matagpuan ito. Kapag ang nawawala ay ang inyong anak na lalaki o babae, kapatid na lalaki o babae, at pinili niyang umalis, natutuhan namin sa aming pamilya na, matapos ang lahat ng aming magagawa, minahal namin ang taong iyon nang buong puso at umasam, nanalangin, at naghintay sa impluwensya ng Panginoon.

Marahil ang pinakamahalagang aral na itinuro sa akin ng Panginoon ay nangyari sa aming pag-aaral ng mga banal na kasulatan pagkaraang lisanin ng kapatid ko ang Simbahan. Ang anak naming si David ang nagbabasa habang sama-sama naming pinag-aaralan ang Lucas 15. Habang binabasa niya ang talinghaga tungkol sa alibughang anak, iba ang narinig ko nang araw na iyon. Sa kung anong dahilan, parang ako ang anak na hindi nilisan ang tahanan. Habang nagbabasa si David nang umagang iyon, natanto ko na sa ilang kaparaanan *ako* ang alibughang anak. Lahat tayo ay hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Ama (tingnan sa Mga Taga Roma 3:23). Kailangan nating lahat ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas

na magpapagaling sa atin. Lahat tayo ay nawala at kailangang matagpuan. Ang paghahayag na ito ng araw na iyon ay nakatulong sa akin na malaman na kami ng kapatid ko ay kapwa nangangailangan ng pagmamahal at Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Sa katunayan kami ni Susan ay nasa iisang landas pabalik sa Ama sa Langit.

Ang mga salita ng Tagapagligtas sa talinghaga nang ilarawan Niya ang pagsalubong ng ama sa kanyang alibughang anak ay nakakaantig, at naniniwala ako na marahil ganito ang mararanasan natin sa pagbalik natin sa Ama sa ating tahanan sa langit. Nagtuturo ito tungkol sa isang ama na nagmamahal, naghihintay, at umaasam. Narito ang mga salita ng Tagapagligtas: “Datapuwa’t samantalang nasa malayo pa siya, ay natanawan na siya ng kaniyang ama, at nagdalang habag, at tumakbo, at niyakap siya sa leeg, ay siya’y hinagkan” (Lucas 15:20).

Nawa’y makatanggap tayo ng paghahayag na malaman kung paano pinakamainam na matutulungan ang mga tao sa ating buhay na nalihis ng landas at, kung kinakailangan, ay magkaroon ng pagtitiyaga at pagmamahal ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na si Jesucristo, habang tayo ay nagmamahal, umaasam at naghihintay sa alibughang anak. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder Jeffrey R. Holland**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Kapag ang Katarungan, Pag-ibig, at Awa ay Nagtugma

*Si Jesucristo ay nagdusa, namatay, at nagbangon mula sa kamatayan upang tayo ay maiangat Niya tungo sa buhay na walang hanggan.*

Walang mga safety rope, harness, o anumang klase ng climbing gear, tinangkang akyatin ng dalawang magkapatid—sina Jimmy, edad 14, at John, edad 19 (binago ang mga pangalan)—ang matarik na bangin sa Snow Canyon State Park sa aking bayan sa southern Utah. Nang malapit na sila sa tuktok na buong hirap nilang inakyat, natuklasan nila na may nakaharang na bato ilang talampakan na lang mula sa tuktok. Hindi sila makalagpas sa batong ito, at hindi na rin sila makaatras. Nagipit sila. Matapos ang maingat na pag-iisip ng paraan, nakahanap ng tuntungan si John para ligtas na maiangat ang kanyang nakakabatang kapatid sa ibabaw ng bato. Pero hindi niya maiangat ang kanyang sarili. Habang lalo niyang pinipilit na makahanap ng makakapitan o matutuntungan, lalong nangalay ang kanyang mga kalamnan. Nakaramdam na siya ng sindak, at natakot na baka mamatay siya.

Dahil nangangawit na siya, nagpa-siya si John na ang tanging magagawa

niya ay subukang tumalon pataas para makakapit sa ibabaw ng nakausling bahagi ng bato. Kung magtatagumpay siya, ubod-lakas niyang pipiliting iangat nang ligtas ang kanyang sarili.

Ganito ang sabi niya:

“Bago ako tumalon sinabi ko kay Jimmy na maghanap ng matibay na sanga ng puno na maiaabot niya sa akin, kahit alam ko na wala siyang makukuhang ganoon sa mabatong taluktok na ito. Iyon lang ang naisip kong paraan para iwanan niya ako. Sumablay man ang paglundag ko, ang tanging magagawa ko ay tiyakin na hindi makikita ng kapatid ko ang pagkamatay ko.

“Matapos masigurong malayo na siya, inusal ko ang aking huling dalangin—na gusto kong malaman ng pamilya ko na mahal ko sila at na makauwing mag-isa si Jimmy nang ligtas—at saka ako lumundag. Mataas ang paglundag ko kaya nakakapit ako nang halos hanggang siko sa ibabaw ng nakausling bato. Pero nang kapain ko ang ibabaw nito, wala akong ibang nakapakundi buhangin sa patag na bato. Na-aalala ko pa ang gaspang ng buhangin habang takot akong nakabitin doon na walang makapitan—walang nakausli, walang nakaangat, walang masungga-ban o mahawakan. Naramdaman ko na unti-unting dumadausdos ang mga daliri ko sa mabuhanging bato. Alam kong mamamatay na ako.

“Ngunit bigla, parang kidlat sa unos ng tag-araw, dalawang kamay ang lumitaw mula sa kung saan sa



gild ng talampas, at sinunggaban ang mga kamay ko at hinatak ako pataas nang buong lakas at determinasyon na parang malalaking kamay. Naghanap ng kunwa-kunwariang sanga ang tapat kong kapatid. Dahil nahulaan niya ang plano kong gawin, hindi siya umalis. Naghintay lang siya—nang tahimik, halos hindi humihinga—alam na alam niya na talagang desperado akong subukang lundagin iyon. Nang gawin ko iyon, sinunggaban niya ako, hinawakan, at hindi hinayaang mahulog. Ang malalakas at mapagmahal na bisig na iyon ng aking kapatid ang sumagip sa akin nang araw na iyon habang nakabitin ako sa matarik na talampas sa harap ng nakaambang kamatayan.”<sup>1</sup>

Mahal kong mga kapatid, ngayon ay Linggo ng Pagkabuhay. Kahit dapat natin Siyang alalahanin *palagi* (nangangako tayo sa mga panalangin sa sakramento linggu-linggo na gagawin natin iyan), gayunpaman ito ang pinakasagradong araw ng taon para lalong alalahanin ang mapagmahal at determinadong mga kamay na nag-alay ng buhay upang iligtas tayo mula sa ating pagkahulog at pagkukulang, sa ating mga dusa at kasalanan. Batay sa kuwentong ito ng pamilya nina John at Jimmy, pinasasalamatan ko ang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ng Panginoong Jesucristo at kinikilala ang mga naganap sa banal na plano ng Diyos na humantong at nagbigay-kahulugan sa “pag-ibig [na alay] ni Jesus [sa atin].”<sup>2</sup>

Sa ating lipunan na lalong nagiging sekular, hindi karaniwan na gugustuhing pag-usapan sina Eva at Adan o ang kanilang “mapalad na pagkahulog” tungo sa mortalidad. Gayunpaman, ang simpleng katotohanan ay na *hindi* natin lubos na mauunawaan ang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo at *hindi* natin sapat na mapapahalagahan ang kakaibang layunin ng Kanyang pagsilang o Kanyang kamatayan—sa madaling salita, walang paraan para tunay nating maipagdiwang ang Pasko o Pasko ng Pagkabuhay—nang hindi lubos na nauunawaan na totoong may Eva at



Adan na pinaalis sa Eden, at dumanas ng lahat ng bunga ng pagkahulog.

Hindi ko alam ang mga detalye ng nangyari sa mundong ito bago iyan, ngunit alam ko na ang dalawang ito ay nilikha ng Diyos na banal, na sila lamang ang nakatira noon sa isang paraiso kung saan hindi sila daranas ng kamatayan ni magkakaroon ng pamilya, at dahil sa sunud-sunod nilang mga pagpili ay lumabag sila sa utos ng Diyos kaya’t kinailangan nilang lisanin ang paraiso ngunit ito ang naging daan para magkaroon sila ng mga anak bago sila mamatay.<sup>3</sup> Maliban pa sa malungkot at mahirap na sitwasyon, may espirituwal na bunga rin ang kanilang paglabag, kaya nawalay sila sa presensya ng Diyos magpakailanman. Dahil tayo ay isinilang sa makasalanang daigdig na iyon at dahil tayo man ay lalabag sa mga batas ng Diyos, papatawan din tayo ng mga parusang ipinataw kina Eva at Adan.

Kalunus-lunos na kalagayan! Ang buong sangkatauhan ay nahuhulog na lahat—bawat lalaki, babae, at bata ay napapalapit sa permanenteng temporal na kamatayan, napapalapit sa walang-hanggang espirituwal na kalungkutan. Iyan ba ang kahulugan ng buhay? Ito na ba ang katapusan ng buhay ng tao? Lahat ba tayo ay mananatili na lang na nakabitin sa malamig na talampas sa

malupit na sansinukob, bawat isa ay naghahanap ng matutuntungan, bawat isa ay naghahanap ng anumang makakapitan—walang anumang makapaki kundi mga buhanging lumulusot sa ating mga daliri, walang makasagip, walang mahawakan, at walang humahawak? Ang layunin lang ba natin sa buhay ay umiral nang walang kabuluhan—tumalon lang nang mataas hangga’t kaya natin, magtiis hanggang sa umabot nang 70 anyos, pagkatapos ay magkasala at mahulog, at patuloy na mahulog magpakailanman?

Ang sagot sa mga tanong na iyon ay malinaw at walang-katapusang hindi! Katulad ng mga propeta noon at ngayon, pinatotohanan ko na “lahat ng bagay ay ginawa sa karunungan niya na nakaalam ng lahat ng bagay.”<sup>4</sup> Kaya, mula nang lisanin ng unang mga magulang na iyon ang Halamanan ng Eden, ang Diyos at Ama nating lahat, na inasam ang pasiya nina Eva at Adan, ay nagsugo ng mga anghel mula sa langit upang sabihin sa kanila—at sa atin—na lahat ng pangyayaring ito ay nilayon para sa ating walang-hanggang kaligayahan. Bahagi ng Kanyang banal na plano, na naglaan ng Tagapagligtas, ang Anak ng Diyos mismo—ang isa pang “Adam” na siyang itatawag sa Kanya ni Apostol



Pablo<sup>5</sup>—na darating sa kalagitnaan ng panahon upang magbayad-sala para sa paglabag ng unang Adan. Ang Pagbabayad-sala ay lubusang magtagumpay laban sa pisikal na kamatayan, na magkakaloob ng pagkabuhay na mag-uli nang walang kundisyon sa bawat taong isinilang at isisilang sa daigdig na ito. Mabuti na lang at maglalaan din ito ng kapatawaran para sa personal na mga kasalanan ng lahat, mula kay Adan hanggang sa katapusan ng mundo, kapalit ng pagsisipi at pagsunod sa mga utos ng Diyos.

Bilang isa sa inorden Niyang mga saksi, ipinapahayag ko sa umagang ito ng Pasko ng Pagkabuhay na si Jesus ng Nazaret ang Tagapagligtas na iyon ng sanlibutan noon at ngayon, ang “huling Adam,”<sup>6</sup> ang May-akda at Tagatapos ng ating pananampalataya, ang Alpha at Omega ng buhay na walang hanggan. “Sapagka’t kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin,”<sup>7</sup> pahayag ni Pablo. At mula sa propeta at patriyarkang si Lehi: “Si Adan ay nahulog upang ang tao ay maging gayon. . . . At ang Mesiyas ay paparito sa kaganapan ng panahon, upang kanyang matubos ang mga anak ng tao mula sa pagkahulog.”<sup>8</sup> Higit sa lahat, itinuro ng propetang si Jacob sa Aklat ni Mormon bilang bahagi ng dalawang araw niyang sermon tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo na “ang

pagkabuhay na mag-uli ay tiyak . . . na [darating] . . . dahil sa pagkahulog.”<sup>9</sup>

Kaya sa araw na ito ay ipinagdiriwang natin ang kaloob na tagumpay sa lahat ng bawat kabiguang naranasan natin, bawat lungkot, bawat panghihina ng loob, bawat takot na naramdaman natin—at mangyari pa ipinagdiriwang din natin ang mga kaloob na pagkabuhay na mag-uli mula sa kamatayan at kapatawaran para sa ating mga kasalanan. Ang tagumpay na iyan ay makakamtan natin dahil sa mga nangyari sa Jerusalem sa araw na katulad nito mahigit dalawang milenyo na ang nakalipas.

Simula sa espirituwal na pagdurusa sa Halamanan ng Getsemani, hanggang sa Pagpapako sa krus sa Kalbaryo, at nagtapos sa magandang Linggo ng umaga sa loob ng bigay na libingan, isang walang kasalanan, dalisay, at banal na tao, ang Anak ng Diyos mismo, ay ginawa ang hindi pa nagawa ni magagawa kailanman ng sinumang taong pumanaw. Sa pamamagitan ng Kanyang sariling kapangyarihan, nagbangon Siya mula sa kamatayan, upang hindi na muling mahiwalay pa ang Kanyang katawan sa Kanyang espiritu. Sa Kanyang sariling kagustuhan, hinubad Niya ang damit na pamburol, at maingat na inilagay ang panyong nakatakip sa kanyang mukha “na bukod na natitiklop sa isang tabi,”<sup>10</sup> sabi sa banal na kasulatan.

Ang unang magkasunod na Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli sa Pasko ng Pagkabuhay ang bumubuo sa pinakamahalagang sandali, pinakabukas-palad na kaloob, pinakamatinding sakit, at pinakadakilang pagpapamalas ng dalisay na pag-ibig na ipinamalas sa kasaysayan ng mundong ito. Si Jesucristo, ang Bugtong na Anak ng Diyos, ay nagdusa, namatay, at nagbagon mula sa kamatayan upang mahawakan Niya tayo, na parang kidlat sa unos ng tag-araw, kapag nahulog tayo, mahawakan tayo nang buo Niyang lakas, at sa pamamagitan ng pagsunod natin sa Kanyang mga utos, iangat tayo sa buhay na walang hanggan.

Sa Paskong ito ng Pagkabuhay pinasasalamatan ko Siya at ang Ama, na nagbigay sa Kanya sa atin, na si Jesus ay tagumpay pa rin laban sa kamatayan, bagama’t nakatayo Siya na sugatan ang mga paa. Sa Paskong ito ng Pagkabuhay pinasasalamatan ko Siya at ang Ama, na nagbigay sa Kanya sa atin, na nag-aabot pa rin Siya ng walang-katapusang biyaya, bagama’t inaabot Niya ito nang may sugatang mga palad at mga pulsong may pilat. Sa Paskong ito ng Pagkabuhay pinasasalamatan ko Siya at ang Ama, na nagbigay sa Kanya sa atin, nang tayo’y makaawit tungkol sa halamanang napawisan ng dugo, sa krus na pinakuan, at sa libingang walang laman:

*Dakila, mal’walhati’t sadyang ganap Hangaring tayo’y matubos.*

*Pag-ibig, awa at katarungan Ay nagtutugma nang lubos!*<sup>11</sup>

Sa sagradong pangalan ng nabuhay na mag-uling Panginoong Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Liham na hawak ni Jeffrey R. Holland.
2. “Ako ay Namangha,” *Mga Himno*, blg. 115.
3. Tingnan sa 2 Nephi 2:19–29, lalo na sa mga talata 20–23; Moises 5:10–11.
4. 2 Nephi 2:24.
5. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:45.
6. I Mga Taga Corinto 15:45.
7. I Mga Taga Corinto 15:22.
8. 2 Nephi 2:25–26.
9. 2 Nephi 9:6.
10. Juan 20:7.
11. “Dakilang Karunungan at Pag-Ibig,” *Mga Himno*, blg. 116.



Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf  
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

## Ang Kaloob na Biyaya

*Ngayon at magpakailanman ang biyaya ng Diyos ay para sa lahat na bagbag ang puso at nagsisisi ang espiritu.*

Sa Linggo ng Pagkabuhay ipinagdiriwang natin ang pinakahihintay at pinakamaluwalhating kaganapan sa kasaysayan ng mundo.

Iyon ang araw na nagbago ang lahat.

Sa araw na iyon, nagbago ang buhay ko.

Nagbago ang buhay ninyo.

Ang tadhana ng lahat ng anak ng Diyos ay nagbago.

Sa pinagpalang araw na iyon, ang Tagapagligtas ng sangkatauhan, na tinaglay sa Kanyang sarili ang mga tanikala ng lahat ng kasalanan at kamatayan na umalipin sa atin, ay kinalag ang mga tanikalang iyon at pinalaya tayo.

Dahil sa sakripisyo ng ating pinakamamahal na Manunubos, nawalan ng tibo ang kamatayan, hindi nagtagumpay ang libingan,<sup>1</sup> hindi nagtagal ang kapangyarihan ni Satanas, at tayo’y “ipinanganak na muli . . . sa isang buhay na pagasa sa pamamagitan ng *pagkabuhay na maguli* ni Jesucristo.”<sup>2</sup>

Tama nga si Apostol Pablo nang sabihin niya na maaari tayong “mangagaliwan . . . sa isa’t isa [sa] mga salitang ito.”<sup>3</sup>

### Biyaya ng Diyos

Madalas tayong mangusap tungkol sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas—at tama naman!

Sa mga salita ni Jacob, “Bakit hindi tayo mangungusap tungkol sa pagbabayad-sala ni Cristo, at magkaroon ng ganap na kaalaman tungkol sa kanya?”<sup>4</sup> Ngunit kapag “nangungusap tayo tungkol kay Cristo, . . . nagagalak tayo kay Cristo, . . . nangangaral tayo tungkol kay Cristo, [at] nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo”<sup>5</sup> tuwing may pagkakataon, huwag tayong mawalan ng galang at malaking pasasalamat para sa walang-hanggang sakripisyo ng Anak ng Diyos.

Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay hindi maaaring maging

karaniwan sa ating turo, sa ating pag-uusap, o sa ating puso. Ito ay sagrado at banal, sapagkat sa pamamagitan nitong “dakila at huling hain” nagdala si Cristo Jesus ng “kaligtasan sa lahat ng yaong maniniwala sa kanyang pangalan.”<sup>6</sup>

Namamangha akong isipin na ang Anak ng Diyos ay magpapakababa upang iligtas tayo, na kadalasa’y may pagkukulang, marumi, madaling magkamali, at walang utang-na-loob. Pinagsikapan ko nang unawain ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas hanggang sa abot ng aking isipan, at ang tanging paliwanag na naiisip ko ay ito: Ang pagmamahal sa atin ng Diyos ay malalim, sakdal, at walang hanggan. Ni hindi ko mataya “ang luwang at ang haba at ang taas at lalim . . . [ng] pagibig ni Cristo.”<sup>7</sup>

Ang mabisang pagpapahayag ng pagmamahal na iyon ang madalas tawagin sa mga banal na kasulatan na *biyaya ng Diyos*—ang banal na pagtulong at pagkakaloob ng lakas na lumago mula sa pagiging mga nilalang na may kapintasan at limitado tungo sa kadakilaan sa “katotohanan at liwanag, hanggang sa [tayo] ay maluwalhati sa katotohanan at malaman ang lahat ng bagay.”<sup>8</sup>

Napakagandang bagay ng biyayang ito ng Diyos. Subalit madalas na hindi maunawaan.<sup>9</sup> Magkagayunman, dapat nating malaman ang tungkol sa biyaya ng Diyos kung nais nating manahin





Helsinki, Finland

ang inihanda para sa atin sa Kanyang walang-hanggang kaharian.

Dahil diyan gusto kong magsalita tungkol sa biyaya. Una, gusto kong magsalita tungkol sa kung paanong ang biyaya ay *binubuksan ang mga pintuan ng kalangitan* at, pangalawa, paano nito *binubuksan ang mga dungawan sa langit*.

**Una: Binubuksan ng Biyaya ang mga Pintuan ng Langit**

Dahil lahat tayo ay “nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios”<sup>10</sup> at dahil “walang anumang maruming bagay ang makapapasok sa kaharian ng Diyos,”<sup>11</sup> lahat tayo ay hindi karapat-dapat na pumasok sa kinaroroonan ng Diyos.

Kahit maglingkod tayo sa Diyos nang buong kaluluwa, hindi ito sapat; dahil magiging “hindi kapakipakinabang na mga tagapaglingkod”<sup>12</sup> pa rin tayo. Hindi tayo makakapasok sa langit; ang mga hinihingi ng katarungan ang hadlang, at wala tayong kapangyarihan na daigin itong mag-isa.

Ngunit may pag-asa pa.

Ang biyaya ng Diyos ang ating dakila at walang-hanggang pag-asa.

Sa pamamagitan ng sakripisyo ni Jesucristo, ang plano ng awa ang tumugon sa mga hinihingi ng katarungan<sup>13</sup> “at nagbibigay ng daan sa mga tao upang sila ay magkaroon ng pananam-palataya tungo sa pagsisisi.”<sup>14</sup>

Ang ating mga kasalanan, bagama’t mapula, ay maaaring maging simputi ng niebe.<sup>15</sup> Dahil ang ating



pinakamamahal na Tagapagligtas ay “ibinigay ang kaniyang sarili na pangtubos sa lahat,”<sup>16</sup> naglaan siya ng pasukan sa atin tungo sa Kanyang walang-hanggang kaharian.<sup>17</sup>

Bukas ang pintuan!

Ngunit ang biyaya ng Diyos ay hindi basta-basta ipanunumbalik sa atin ang ating dating kawalang-malay. Kung ang ibig lamang sabihin ng kaligtasan ay pagbubura ng ating mga pagkakamali at kasalanan, ang kaligtasan—maganda man ito—ay hindi isinasakatuparan ang mga mithiin ng Ama para sa atin. Ang Kanyang layunin ay mas matayog pa rian: Nais Niyang maging katulad Niya ang Kanyang mga anak.

Sa kaloob na biyaya ng Diyos, ang landas ng pagkadisipulo ay hindi tayo ibinabalik sa dati; tinutulungan tayo nitong magpakabuti.

Humahantong ito sa kadakilaang hindi natin kayang unawain! Humahantong ito sa kadakilaan sa selestiyal na kaharian ng ating Ama sa Langit, kung saan tayo, na napapaligiran ng ating mga mahal sa buhay, ay tumatanggap “ng kanyang kaganapan, at ng kanyang kaluwalhatian.”<sup>18</sup> Lahat ng bagay ay atin, at tayo ay kay Cristo.<sup>19</sup> Tunay ngang lahat ng mayroon ang Ama ay ibibigay sa atin.<sup>20</sup>

Para manahin natin ang kaluwalhatian ito, kailangan natin ng higit pa sa bukas na pintuan; kailangan nating pumasok sa pintuang ito na may hangarin sa puso na magbago—isang pagbabago na dahil sa laki ay inilarawan ito sa mga banal na kasulatan na “isilang na muli; oo, isilang sa Diyos, nagbago mula sa [ating] makamundo at pagkahulog na kalagayan, tungo sa kalagayan ng kabutihan, na tinubos ng Diyos, naging kanyang mga anak na lalaki at anak na babae.”<sup>21</sup>

**Pangalawa: Binubuksan ng Biyaya ang mga Dungawan sa Langit**

Ang isa pang bahagi ng biyaya ng Diyos ay ang pagbubukas ng mga dungawan sa langit, na pinagbubuhusan ng Diyos ng mga pagpapala ng kapangyarihan at lakas, na nagbibigay-kakayahan sa atin na makamtan ang mga bagay na hindi natin kayang makamit. Sa kamangha-manghang biyaya ng Diyos nadaraig ng Kanyang mga anak ang mapanganib at tagong mga tukso ng manlilinlang, nadaraig ang kasalanan, at “[nagiging] ganap kay Cristo.”<sup>22</sup>

Bagaman lahat tayo ay may mga kahinaan, madaraig natin ang mga ito. Tunay ngang sa biyaya ng Diyos, kung magpapakumbaba tayo at mananampalataya, nagiging malakas ang mahihingang bagay.<sup>23</sup>

Habang nabubuhay tayo, ang biyaya ng Diyos ay nagkakaloob ng temporal na mga pagpapala at espirituwal na mga kaloob na nagpapalago sa ating kakayahan at nagpapayaman sa ating buhay. Pinatitino tayo ng Kanyang biyaya. Tinutulungan tayo ng Kanyang biyaya na maging napakabuti.

### Sino ang Magiging Marapat?

Sa Biblia mababasa natin ang pagbisita ni Cristo sa bahay ni Simon na Fariseo.

Sa panlabas na anyo, tila mabuti at matwid na tao si Simon. Regular niyang ginampanan ang kanyang mga tungkulin sa simbahan: sumunod siya sa batas, nagbayad siya ng ikapu, iginalang niya ang Sabbath, nanalangin siya araw-araw, at nagtungo siya sa sinagoga.

Ngunit habang kasama ni Jesus si Simon, lumapit ang isang babae, hinugasan ng kanyang mga luha ang mga paa ng Tagapagligtas, at pinahiran ng mamahaling langis ang Kanyang mga paa.

Hindi nasiyahan si Simon sa pagpakitang ito ng pagsamba, dahil alam niya na ang babaeng ito ay makasalanan. Naisip ni Simon na kung hindi ito alam ni Jesus, hindi Siya nararapat maging propeta o hindi Siya pahihipo sa babaeng ito.

Nahihiwatigan ang nasa isipan nito, bumaling si Jesus kay Simon at nagtanong. “Isang may pautang ay may dalawang may utang sa kaniya: . . . ang isa’y may utang na limang daang denario, . . . ang isa’y limampu.

Nang sila’y walang maibayad, ay kapuwa pinatawad niya. Alin nga sa kanila ang lalong iibig sa kaniya?”

Sumagot si Simon na ang pinatawad ng lalong malaki.

Sa gayon ay nagturo si Jesus ng malaking aral: “Nakikita mo baga ang babaing ito? . . . Ipinatawad ang kaniyang maraming kasalanan; *sapagka’t siya ay [nagmamahal nang labis]:* data-puwa’t sa pinatawad ng kaunti, ay kakaunti ang pagibig.”<sup>24</sup>

Alin sa dalawang taong ito ang higit na katulad natin?

Tulad ba tayo ni Simon? Tiwala at panatag ba tayo sa ating mabubuting gawa, na nagtitiwala sa sarili nating kabutihan? Wala kaya tayong tiyaga sa mga hindi sumusunod sa ating mga pamantayan? Nakakagawian na lang ba natin ang mga bagay-bagay, dumadalo sa ating mga miting, naghihikab sa Gospel Doctrine class, at nakatingin marahil sa ating mga cell phone sa sacrament meeting?

O katulad natin ang babaeng ito, na inakalang wala na siyang pag-asa dahil sa kasalanan?

Tayo ba ay *nagmamahal nang labis*?

Nauunawaan ba natin ang ating utang-na-loob sa Ama sa Langit at humihiling nang buong kaluluwa para sa biyaya ng Diyos?

Kapag lumuluhod tayo sa panalangin, ito ba ay para ibanda sa publiko

ang ating sariling kabutihan, o para ipagtapat ang ating mga kasalanan, magsumamo para sa awa ng Diyos, at lumuha nang may pasasalamat para sa kamangha-manghang plano ng pagtubos?<sup>25</sup>

Ang kaligtasan ay hindi natatamo sa pagsunod; natatamo ito sa pamamagitan ng dugo ng Anak ng Diyos.<sup>26</sup> Ang paniniwala na maipagpapalit natin sa kaligtasan ang ating mabubuting gawa ay parang pagbili ng tiket sa eroplano at pagpapalagay pagkatapos na pag-aari natin ang eroplano. O pag-iisip na matapos magbayad ng upa natin sa bahay, hawak na natin ang titulo sa buong daigdig.

### Kung Gayo’y Bakit Tayo Susunod?

Kung ang biyaya ay isang kaloob ng Diyos, bakit napakahalagang sumunod sa mga utos ng Diyos? Bakit tayo mag-aabala sa mga utos ng Diyos—o magsisisi, para diyan? Bakit hindi na lang natin aminin na makasalanan tayo at hayaang iligtas tayo ng Diyos?

O, sabi nga ni Pablo, “Magpapatuloy baga tayo sa pagkakasala upang ang biyaya ay makapanagana?” Ang sagot ni Pablo ay simple at malinaw: “Huwag nawang mangyari.”<sup>27</sup>

Mga kapatid, sinusunod natin ang mga utos ng Diyos—dahil sa ating pagmamahal sa Kanya!

Ang pagsisikap na unawain ang biyayang kaloob ng Diyos nang buong puso’t isipan ay nagbibigay sa ating lahat ng mas maraming dahilan para mahalin at sundin ang ating Ama sa Langit nang may kaamuan at pasasalamat. Habang tumatahak tayo sa landas ng pagkadisipulo, tumitino tayo, nagiging mas mabuti tayo, tinutulungan tayo nitong maging higit na katulad Niya, at inaakay tayo nito pabalik sa Kanyang kinaroroonan. Ang “Espiritu ng Panginoon [nating Diyos]” ay naghahatid ng gayong “malaking pagbabago sa [atin], . . . kaya nga [tayo] ay wala nang hangarin pang gumawa ng masama, kundi ang patuloy na gumawa ng mabuti.”<sup>28</sup>

Samakatwid, ang ating pagsunod sa mga utos ng Diyos ay nagiging likas na bunga ng ating walang-hanggang



pagmamahal at pasasalamat sa kabutihan ng Diyos. Ang anyong ito ng tunay na pagmamahal at pasasalamat ay mahimalang isasama ang ating mga gawa sa biyaya ng Diyos. Pupunusin ng kabanalan ang ating isipan nang walang humpay, at lalakas ang ating pagtitiwala sa harapan ng Diyos.<sup>29</sup>

Mahal na mga kapatid, ang tapat na pamumuhay ng ebanghelyo ay hindi isang pabigat. Ito ay masayang pag-eensayo—isang paghahanda para sa pagmamana ng dakilang kaluwalhatian ng mga kawalang-hanggan. Hinahangad nating sundin ang ating Ama sa Langit dahil ang ating espiritu ay mas aayon sa mga espirituwal na bagay. Maunawaan natin ang mga bagay-bagay na hindi natin naunawaan noong una. Magkakaroon tayo ng kaliwanagan at pang-unawa kapag sinunod natin ang kalooban ng Ama.<sup>30</sup>

Ang biyaya ay isang kaloob ng Diyos, at ang hangarin nating sundin ang bawat utos ng Diyos ay pag-unat ng ating kamay upang tanggapin ang sagradong kaloob na ito mula sa ating Ama sa Langit.

#### Lahat ng Ating Magagawa

Gumawa ng mahalagang kontribusyon ang propetang si Nephi sa ating pang-unawa sa biyaya ng Diyos nang sabihin niyang, “Masigasig kaming gumagawa . . . upang hikayatin ang ating mga anak, at ang atin ding mga kapatid, na maniwala kay Cristo, at makipagkasundo sa Diyos; sapagkat nalalaman naming *naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya, sa kabila ng lahat ng ating magagawa.*”<sup>31</sup>

Gayunman, kung mins’y naiisip ko kung nagkakamali tayo sa pag-unawa sa mga katagang “sa kabila ng lahat ng ating magagawa.” Kailangan nating maunawaan na ang “sa kabila” ay hindi katumbas ng “dahil.”

Hindi tayo naliligtas “dahil” sa lahat ng ating magagawa. May nakagawa na ba sa atin ng *lahat* ng ating magagawa? Naghihintay ba ang Diyos hanggang sa maubos natin ang lahat ng pagsisikap bago Siya makialam sa ating buhay sa pamamagitan ng Kanyang nakapagligligtas na biyaya?



Maraming taong pinanghihinaan ng loob dahil palagi silang nagkukulang. Alam nila mismo na “ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapuwa’t mahina ang laman.”<sup>32</sup> Inilalakas nila ang kanilang tinig na kasama ni Nephi sa pagpapahayag na, “Ang aking kaluluwa ay nagdadalamhati dahil sa aking mga kasamaan.”<sup>33</sup>

Natitiyak ko na alam ni Nephi na ang biyaya ng Tagapagligtas ay *nagtutulot* at *nagbibigay-kakayahan* sa atin na iwasang magkasala.<sup>34</sup> Kaya nga nagsumigasig si Nephi na hikayatin ang kanyang mga anak at kapatid “na maniwala kay Cristo, at makipagkasundo sa Diyos.”<sup>35</sup>

Kunsabagay, *iyang ang* ating magagawa! At *iyang ang* ating gawain sa mortalidad!

#### Ang Biyaya ay para sa Lahat

Kapag naiisip ko ang ginawa ng Tagapagligtas para sa atin hanggang sa unang Linggong iyon ng Pagkabuhay, nais kong lakasan ang aking tinig at sumigaw ng mga papuri sa Kataas-taasang Diyos at sa Kanyang Anak na si Jesucristo!

Bukas ang mga pintuan ng langit!  
Bukas ang mga dungawan sa langit!  
Ngayon at magpakailanman ang biyaya ng Diyos ay para sa lahat na bagbag ang puso at nagsisisi ang espiritu.<sup>36</sup> Nalinis na ni Jesucristo ang daan para lumago tayo nang husto na hindi kayang unawain ng isipan ng tao.<sup>37</sup>

Dalangin ko na mas maunawaan natin nang may pasasalamat ang walang-hanggan kahalagahan ng nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas. Dalangin ko na maipakita natin ang ating pagmamahal sa Diyos at ang ating pasasalamat sa kaloob na walang-katapusang biyaya ng Diyos sa pagsunod sa Kanyang mga utos at masayang “[nag]lalakad sa panibagong buhay.”<sup>38</sup> Sa sagradong pangalan ng ating Panginoon at Manunubos na si Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:55; Mosias 16:8.
2. I Ni Pedro 1:3; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. I Mga Taga Tesalonica 4:18; tingnan din sa mga talata 13–17.
4. Jacob 4:12.
5. 2 Nephi 25:26.
6. Alma 34:10, 15.
7. Mga Taga Efeso 3:18–19.
8. Doktrina at mga Tipan 93:28.
9. Tunay ngang tayo ay “maliliit na bata, at hindi pa . . . nauunawaan kung gaano kadakila ang mga pagpapala na mayroon ang Ama sa kanyang sariling mga kamay at inihanda para sa [atin]” (Doktrina at mga Tipan 78:17).
10. Mga Taga Roma 3:23.
11. 1 Nephi 15:34; tingnan din sa 1 Nephi 10:21; Moises 6:57.
12. Mosias 2:21.
13. Tingnan sa Alma 42:15.
14. Alma 34:15.
15. Tingnan sa Isaias 1:18.
16. I Kay Timoteo 2:6.
17. Tingnan sa II Ni Pedro 1:11.
18. Doktrina at mga Tipan 76:56.
19. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:59.
20. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:38.
21. Mosias 27:25.
22. Moroni 10:32.
23. Tingnan sa Eter 12:27.
24. Tingnan sa Lucas 7:36–50; idinagdag ang pagbibigay-diin.
25. Ang talinghaga ni Cristo tungkol sa Fariseo at maniningil ng buwis ay malinaw na inilalarawan ang puntong ito (tingnan sa Lucas 18:9–14).
26. Tingnan sa Ang mga Gawa 20:28.
27. Mga Taga Roma 6:1–2.
28. Mosias 5:2.
29. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:45.
30. Tingnan sa Juan 7:17.
31. 2 Nephi 25:23; idinagdag ang pagbibigay-diin.
32. Mateo 26:41; tingnan din sa Mga Taga Roma 7:19.
33. 2 Nephi 4:17.
34. Tingnan sa 2 Nephi 4:19–35; Alma 34:31.
35. 2 Nephi 25:23.
36. Tingnan sa 3 Nephi 9:19–20.
37. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:9.
38. Mga Taga Roma 6:4.





**Ni Elder Robert D. Hales**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Pangangalaga sa Kalayaan, Pagprotekta sa Kalayaang Pangrelihiyon

*Ang tapat na paggamit ng ating kalayaan ay batay sa ating pagkakaroon ng kalayaang pangrelihiyon.*

Itong Linggo ng Pagkabuhay: isang araw ng pasasalamat at pag-alaala bilang parangal sa Pagbabayad-sala ng ating Panginoong Jesucristo at sa Pagkabuhay na Mag-uli para sa buong sangkatauhan. Ating sinasamba Siya, nagpapasalamat sa ating kalayaang pangrelihiyon, kalayaang magtipon, kalayaan sa pananalita, at sa karapatang ibinigay ng Diyos na pumili nang malaya.

Tulad ng sinabi ng mga propeta tungkol sa mga huling araw na ito kung kailan tayo nabubuhay, marami ang nalilito tungkol sa kung sino tayo at kung ano ang pinaniniwalaan natin. Ang ilan ay “palabintangin . . . [at] hindi mga maibigin sa mabuti”<sup>1</sup> Ang mga iba ay “nagsisitawag ng mabuti ay masama, at ng masama ay mabuti; [at] na inaaring dilim ang liwanag, at liwanag ang dilim.”<sup>2</sup>

Habang silang mga nakapalibot sa atin ay gumagawa ng mga pagpili

hinggil sa kung paano tumugon sa ating mga pinaniniwalaan, hindi natin dapat kalimutan na ang moral na kalayaang pumili ay mahalagang bahagi ng plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak. Ang walang hanggang planong ito, na inihayag sa atin sa Kapulungan sa Langit bago ang buhay dito sa mundo, ay may kalakip na kaloob ng kalayaang pumili.<sup>3</sup>

Sa Malaking Kapulungang iyan, si Lucifer, na kilala bilang si Satanas, ay ginamit ang kanyang kalayaang pumili para salungatin ang plano ng Diyos. Sinabi ng Diyos: “Sapagkat . . . Si Satanas ay naghimagsik laban sa akin, at naghangad na wasakin ang kalayaan ng tao, na ako, ang Panginoong Diyos, ang nagbigay sa kanya, . . . Aking pinangyaring siya ay mapalayas.”<sup>4</sup>

Pagpapatuloy niya: “At gayon din ang ikatlong bahagi ng hukbo ng langit ay inilayo niya sa akin dahil sa kanilang kalayaang pumili.”<sup>5</sup>

Dahil dito, ang mga espiritung anak ng Ama sa Langit na piniling tanggihan ang Kanyang plano at sumunod kay Lucifer ay nawalan ng kanilang banal na tadhana.

Si Jesucristo, gamit ang Kanyang kalayaang pumili, ay nagsabing:

“Narito ako, isugo ako.”<sup>6</sup>

“Masusunod ang inyong kalooban, at ang kaluwalhatian ay mapasainyo magpasawalang hanggan.”<sup>7</sup>

Si Jesus, na ginamit ang Kanyang kalayaang pumili para ayunan ang plano ng Ama sa Langit, ay tinukoy at hini-rang ng Ama bilang ating Tagapagligtas, inorden noon pa man para gawin ang nagbabayad-salang sakripisyo para sa lahat. Gayundin, ang ating paggamit ng kalayaang pumili para sundin ang mga utos ay magbibigay sa atin ng kakayahang maunawaan nang lubos kung sino tayo at matanggap ang lahat ng pagpapalang taglay ng ating Ama sa Langit—kabilang na ang pagkakataong magkaroon ng katawan, umunlad, magalak, magkaroon ng pamilya, at magmana ng buhay na walang hanggan.

Para masunod ang mga utos, kailangan nating malaman ang opisyal na ipinapahayag na doktrina ng Simbahan para hindi tayo malihis mula sa pamumuno ni Cristo dahil sa pabagu-bagong hangarin ng mga indibiduwal.

Ang mga biyaya na tinatamasa natin ngayon ay dulot ng pagpili nating sundin ang Tagapagligtas bago ang buhay na ito. Para sa lahat na naririnig



o nababasa ang mga salitang ito, kahit sino ka man at kahit ano pa ang iyong nakaraan, tandaan ito: hindi pa huli para gawing muli ang pasiyang iyon at sundin Siya.

Sa pagsampalataya kay Jesucristo, pananalig sa Kanyang Pagbabayad-sala, pagsisisi ng ating mga kasalanan, at pagpapabinyag, tayo ay maaaring makatanggap ng banal na kaloob na Espiritu Santo. Ang kaloob na ito ay nagbibigay ng kaalaman at pag-unawa, gabay at kalakasan para matuto at magkaroon ng patotoo, kapangyarihan, paglilinis para madaig ang kasalanan, at kapanatagan at panghihikayat na maging matapat sa kabila ng paghihirap. Ang walang kapantay na mga pagpapalang ito ng Espiritu ay magpapaibayo sa ating kalayaan at kapangyarihan na gawin kung ano ang tama, dahil “kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon, doon ay may kalayaan.”<sup>8</sup>

Habang ating tinatahak ang landas ng espirituwal na kalayaan sa mga huling araw na ito, dapat nating maunawaan na ang tapat na paggamit ng ating kalayaan ay batay sa pagkakaroon natin ng kalayaan sa relihiyon. Alam na natin na hindi gusto ni Satanas na mapasaatin ang kalayaang ito. Tinangka niyang sirain ang moral na kalayaang pumili sa langit, at ngayon sa mundo, siya ay matinding naninira, sumasalungat, at nagpapalaganap ng kalituhan tungkol sa kalayaan sa relihiyon—kung ano ito at kung bakit ito mahalaga sa ating espirituwal na buhay at kaligtasan.

Mayroong apat na pundasyon ang kalayaan sa relihiyon na dapat nating panghawakan at protektahan bilang mga Banal sa mga Huling Araw.

Ang una ay ang kalayaang maniwala. Walang sinumang dapat batikusin, usigin, o atakihin ng mga indibiduwal o pamahalaan anuman ang kanyang paniniwala tungkol sa Diyos. Ito ay napakapersonal at napakahalaga. Isang matagal nang pahayag ng ating mga pinaniniwalaan hinggil sa kalayaan sa relihiyon ang nagsasabing:

“Walang pamahalaang makaiiral sa kapayapaan, maliban kung ang gayong mga batas ay binalangkas at ipinalagay na hindi malalabag nang masiguro sa



bawat tao ang malayang paggamit ng budhi. . . .

“. . . ang pambayang hukom ay nararapat na sugpuin ang krimen, subalit hindi kailanman pamahalaan ang budhi; . . . [o] sawatahin ang kalayaan ng kaluluwa.”<sup>9</sup>

Ang pangunahing kalayaan sa paniniwala ay tinanggap ng United Nations sa kanilang Universal Declaration of Human Rights at ng ibang pambansa at pandaigdigang mga dokumento ng karapatang-pantao.<sup>10</sup>

Ang pangalawang pundasyon ng kalayaan sa relihiyon ay ang kalayaang ibahagi ang ating pananampalataya at mga paniniwala sa iba. Inutusan tayo ng Panginoon, “Inyong ituturo [ang ebanghelyo] sa inyong mga anak . . . pagka ikaw ay nauupo sa iyong bahay.”<sup>11</sup> Sinabi din Niya sa Kanyang mga disipulo, “Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng kinapal.”<sup>12</sup> Bilang mga magulang, full-time missionary, at mga miyembrong-missionary, pinanghahawakan natin ang kalayaang ito sa relihiyon para maituro ang doktrina ng Panginoon sa ating mga pamilya at sa buong mundo.

Ang pangatlong pundasyon ng kalayaan sa relihiyon ay ang kalayaang bu-muo ng organisasyong pangrelihiyon at sumamba nang matiwasay kasama ang iba. Sinasabi ng ikalabing-isang saligan ng pananampalataya, “Inaangkin [natin] ang natatanging karapatang sambahin ang Pinakamakapangyarihang Diyos

alinsunod sa mga atas ng [ating] sariling budhi, at pinahihintulutan ang lahat ng tao ng gayon ding karapatan, hayaan silang sumamba, kung paano, kung saan, kung anuman ang ibig nila.” Ang alituntuning ito ay suportado ng mga pandaigdigang dokumento ng karapatang-pantao at ng mga saligang-batas ng maraming bansa.

Ang pang-apat na pundasyon ng kalayaan sa relihiyon ay ang kalayaang ipamuhay ang ating pananampalataya—ang malayang paggamit ng pananampalataya hindi lamang sa tahanan at chapel kundi sa mga pampublikong lugar din. Iniutos ng Panginoon na hindi lamang tayo dapat magdasal nang sarilinan<sup>13</sup> kundi humayo rin at “Lumiwanag na gayon ang [ating] ilaw sa harap ng mga tao, upang mangakita nila ang [ating] mabubuting gawa, at luwalhatiin ang [ating] Ama na nasa langit.”<sup>14</sup>

Ang ilan ay nayayamot kapag ibinabahagi natin ang ating relihiyon sa publiko, gayon pa man, ang mga tao ring ito na iginigiit na ang kanilang mga pananaw at mga gawa ay pinapahintulutan ng lipunan ay kadalasang sila ring napakabagal magpahintulot sa mga miyembro ng relihiyon na nais ding mapahintulutan sa kanilang mga pananaw at gawa. Ang laganap na kawalan ng respeto sa mga pananaw sa relihiyon ay mabilis na humahantong na rin sa paghihigpit ng lipunan at pulitika sa mga taong relihiyoso at mga institusyon.

Habang tayo ay dumaranas ng pamimilit na sumunod sa mga sekular na pamantayan, pagpapawalang-bisa ng ating kalayaan sa relihiyon, at pagkompromiso ng ating kalayaang pumili, isipin ang itinuturo ng Aklat ni Mormon tungkol sa ating mga responsibilidad. Sa aklat ni Alma, nabasa natin si Amlici ay, “napakatusong tao” at “isang masamang tao” na naghangad na maging hari ng mga tao at “[pinagkaitan] sila ng kanilang mga karapatan at pribilehiyo,” na “naka-bahala sa mga tao ng simbahan.”<sup>15</sup> Sila ay tinuruan ni Haring Mosias na itaas ang kanilang mga tinig para sa inaakala nilang tama.<sup>16</sup> Samakatwid,

“sama-samang tinipon ng mga tao ang kanilang sarili sa lahat ng dako ng buong lupain, *bawat tao alinsunod sa kanyang nasasaisip*, kung ito ay para kay o laban kay Amlici, sa magkakahiwalay na pangkat, na may masidhing pagtatalutalo . . . sa isa’t isa.”<sup>17</sup>

Sa ganitong mga talakayan, ang mga miyembro ng Simbahan at ang iba pa ay may pagkakataong magsama-sama, madama ang diwa ng pagkakaisa, at maimpluwensyahan ng Espiritu Santo. “At ito ay nangyari na, na ang tinig ng mga tao ay nagpahayag laban kay Amlici, kung kaya’t hindi siya ginawang hari sa mga tao.”<sup>18</sup>

Bilang mga disipulo ni Cristo, tayo ay may tungkulin na makipagtulungan sa mga katulad nating nananampalataya, na itaas ang ating mga tinig sa kung ano ang tama. Bagama’t ang mga miyembro ay hindi nararapat sabihin o kaya’y ipahiwatig na sila ay nagsasalita para sa Simbahan, lahat tayo ay inaanyayahan, sa ating kakayahan bilang mga mamamayan, na magbahagi ng ating personal na pagsaksi nang may pananalig at pagmamahal—“bawat tao alinsunod sa [kanilang] nasasaisip.”<sup>19</sup>

Sinabi ni Propetang Joseph Smith:

“Matapang kong ipinapahayag sa harap ng Langit na handa rin akong mamatay sa pagtatanggol sa mga karapatan ng isang Presbyterian, Baptist, o isang mabuting tao ng ibang relihiyon [tulad ng isang Mormon]; sapagkat ang mga alituntuning yuyurak sa mga karapatan ng mga Banal sa mga Huling Araw ay yuyurak sa mga karapatan ng mga Romano Katoliko, o ng iba pang relihiyon na maaaring hindi popular at napakahina para ipagtanggol ang kanilang sarili.

“Pagmamahal sa kalayaan ang nagbibigay-inspirasyon sa aking kaluluwa—kalayaan ng tao at relihiyon sa buong sansinukob.”<sup>20</sup>

Mga kapatid, responsibilidad nating pangalagaan ang banal na mga kalayaan at karapatang ito para sa ating sarili at sa ating mga inapo. Ano ang maaari nating gawin?

Una, tayo ay maaaring maging maalam. Alamin ang mga bagay na



nangyayari sa inyong komunidad na maaaring magkaroon ng epekto sa kalayaan sa relihiyon.

Pangalawa, sa inyong sariling kaka-yahan, makiisa sa iba na may dedikasyon sa kalayaan sa relihiyon na tulad natin. Magtulungan upang mapangalagaan ang kalayaan sa relihiyon.

Pangatlo, mamuhay sa paraang kayo ay magiging mabuting halimbawa ng inyong pinaniniwalaan—sa salita at gawa. Ang uri ng pamumuhay ng ating relihiyon ay mas mahalaga kaysa sina-sabi natin tungkol sa ating relihiyon.

Ang Ikalawang Pagparito ng Taga-pagligtas ay papalapit na. Huwag tayong magpaliban sa dakilang layuning ito. Alalahanin si Kapitan Moroni, na itinaas ang bandila ng kalayaan na may nakasulat na “Sa alaala ng ating Diyos, ating relihiyon, at kalayaan, at ating kapayapaan, ating mga asawa, at ating mga anak.”<sup>21</sup> Tandaan natin ang isinagot ng mga tao: gamit ang kanilang kalayaang pumili, sila ay “sama-samang patakpong nagsidatingan” na may matibay na pangakong kikilos.<sup>22</sup>

Minamahal kong mga kapatid, huwag kayong maglakad! Tumakbo! Tumakbo upang matanggap ang mga biyaya ng kalayaang pumili sa pamamagitan ng pagsunod sa Espiritu Santo at paggamit sa mga kalayaang ibinigay sa atin ng Diyos para magawa ang Kanyang nais.

Ibinabahagi ko ang aking natatanging pagsaksi sa espesyal na araw na ito ng Pasko ng Pagkabuhay na ginamit ni Jesucristo ang Kanyang kalayaang pumili para gawin ang nais ng ating Ama.

Patungkol sa ating Tagapagligtas, tayo ay umaawit na “Ibinuhos N’ya ang sariling dugo; Buhay N’ya ay isinuko.”<sup>23</sup>

At dahil ginawa Niya ito, tayo ay nagkaroon ng walang kapantay na pagkakataon na “malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan” sa pamamagitan ng kapangyarihan at mga biyaya ng Kanyang Pagbabayad-sala.<sup>24</sup> Nawa ay kusa nating piliin na sundin Siya ngayon at sa tuwina, ang aking dalangin sa Kanyang banal na pangalan, maging si Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. II Kay Timoteo 3:3.
2. Isaías 5:20.
3. Tingnan sa Moises 6:56.
4. Moises 4:3.
5. Doktrina at mga Tipan 29:36.
6. Abraham 3:27.
7. Moises 4:2.
8. II Mga Taga Corinto 3:17.
9. Doktrina at mga Tipan 134:2, 4.
10. Tingnan sa Universal Declaration of Human Rights, na pinagtibay ng United Nations General Assembly noong Dis. 10, 1948, [un.org/en/documents/udhr](http://un.org/en/documents/udhr). Sinasabi ng artikulo 18: “Ang lahat ay may karapatan sa kalayaan ng pag-iisip, budhi, at relihiyon; kasama sa karapatang ito ang kalayaang magbago ng kanyang relihiyon o ng paniniwala, at kalayaan, kahit mag-isa o sa isang komunidad kasama ang iba at sa publiko o pribado, para maihayag ang kanyang relihiyon o pinaniniwalaan sa pagtuturo, paggawa, pagsamba, at pagsunod.” Tingnan din ang artikulo 9 ng Europe’s Convention for the Protection of Human Rights and Fundamental Freedoms, na pinagtibay noong Set. 3, 1953, [conventions.coe.int/treaty/en/treaties/html/005.htm](http://conventions.coe.int/treaty/en/treaties/html/005.htm).
11. Deuteronomio 11:19.
12. Marcos 16:15.
13. Tingnan sa Mateo 6:6.
14. Mateo 5:16.
15. Tingnan sa Alma 2:1–4.
16. Tingnan sa Mosias 29:25–26.
17. Alma 2:5; idinagdag ang pagbibigay-diin.
18. Alma 2:7.
19. Alma 2:5.
20. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 404.
21. Alma 46:12.
22. Alma 46:21.
23. “Dakilang Karunungan at Pag-Ibig,” *Mga Himno*, blg. 116.
24. 2 Nephi 2:27.



Ni Elder Kevin W. Pearson  
Ng Pitumpu

# Manatili sa Punungkahoy

*Ang pangitain ni Lehi tungkol sa punungkahoy ng buhay ay isang matinding talinghaga tungkol sa pagtitiis hanggang wakas.*

**B**ago pumanaw si Pangulong Heber J. Grant, binisita siya ng isa sa mga Kapatid sa kanyang tahanan. Bago siya umalis, nanalangin si Pangulong Grant, “O Diyos, basbasan po Ninyo ako na hindi mawala ang patotoo ko at manatiling tapat hanggang wakas!”<sup>1</sup> Makalipas ang halos 27 taon bilang Pangulo ng Simbahan, ito ang kanyang taimtim na panalangin. Ang kanyang halimbawa ay matinding paalala na walang sinuman, anuman ang edad, ang ligtas sa impluwensya ni Satanas. Ang dalawa sa pinakamabisang kasangkapan ni Satanas ay ang panggagambala at panlilinlang.

Ang pagtitiis hanggang wakas ay katangian ng tunay na disipulo at mahalaga sa buhay na walang hanggan. Ngunit kapag naranasan natin ang mga pagsubok at hamon, madalas ay sinasabihan lang tayo ng “kaunting pagtitiis pa.” Lilinawin ko: ang “kaunting pagtitiis” ay hindi isang alituntunin ng ebanghelyo. Ang ibig sabihin ng pagtitiis hanggang wakas ay patuloy na paglapit kay Cristo at maging ganap sa Kanya.

Kung ang pagtitiis hanggang wakas ay mahalaga sa buhay na walang hanggan, bakit tayo nahihirapang maging tapat? Nahihirapan tayo kapag kailangan nating pumili sa dalawang

nakakalitong mga priyoridad. Ang kaswal na pagsunod at hindi lubos na pagsunod ay nagpapahina ng pananampalataya. Ang pagtitiis hanggang wakas ay nangangailangan ng lubos na katapatan sa Tagapagligtas at sa ating mga tipan.

Ang pangitain ni Lehi tungkol sa punungkahoy ng buhay ay isang matinding talinghaga tungkol sa pagtitiis hanggang wakas. Mapanalangin

pag-aralan at pag-isipang mabuti ang panaginip ni Lehi; pagkatapos ay ihalintulad ito sa inyong sarili. Kapag ginawa ninyo ito, pag-isipang mabuti ang anim na mahahalagang alituntunin na tutulong sa atin na magtiis hanggang wakas.

## 1. Huwag Kalimutang Manalangin

Magsimula tayo kay Lehi na nag-iisa sa “madilim at mapanglaw na ilang.”<sup>2</sup> Bawat isa sa atin ay nakaranas ng kadi-liman at kalungkutan. “Kung buhay ay may ligalig, manalangin ka.”<sup>3</sup> Tularan ang halimbawa ni Pangulong Heber J. Grant. Manalangin na lumakas para makapagtiis hanggang wakas. Itanong sa Ama sa Langit, “Ano pa po ang ipagagawa Ninyo sa akin?”

## 2. Lumapit kay Cristo at Maging Ganap sa Kanya

Ang punungkahoy ng buhay ang sentro ng panaginip ni Lehi. Lahat ay nakatuon sa punungkahoy ng buhay. Ang puno ay sumasagisag kay Cristo, na malinaw na pagpapakita ng pagmamahal ng Diyos. Ang bunga ay ang Kanyang walang hanggang Pagbabayad-sala at dakilang katibayan ng pagmamahal ng Diyos. Ang buhay na walang hanggan kasama ang ating mga mahal sa buhay ay mas masaya at



mas kanais-nais kaysa iba pang bagay. Para makamit ang kaloob na ito, kailangan tayong “lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya.”<sup>4</sup> Siya “ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay.”<sup>5</sup> Maaari nating punuin ang ating buhay ng mga tagumpay at mabubuting gawa, ngunit sa huli, kung hindi tayo papasok sa sagradong mga tipan na sundin si Cristo at matapat na tutuparin ang mga ito, ay hindi natin ganap at lubusang mauunawaan ang tunay nating layunin.

### 3. Magpatuloy sa Paglakad nang May Pananampalataya

Nariyan ang landas tungo sa punungkahoy ng buhay, tungo kay Cristo. Ito ay makipot at makitid, mahigpit at tumpak. Ang mga kautusan ng Diyos ay mahigpit ngunit hindi naglilimita. Pinoproteksyunan tayo ng mga ito mula sa espirituwal at pisikal na panganib at iniwas tayo sa pagkalahis ng landas.

Ang pagsunod ay nagpapatatag ng pananampalataya kay Cristo. Ang pananampalataya ay alituntunin ng pagkilos at kapangyarihan. Ang patuloy na pagtulad sa halimbawa ng Tagapagligtas ay nagbubunga ng espirituwal na lakas at kakayahan. Kung wala ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala na nagpapalakas at nagbibigay ng kakayahan, imposibleng manatili tayo sa landas at makapagtiis.

“Magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo.”<sup>6</sup>

### 4. Ang Aklat ni Mormon ay Susi sa Espirituwal na Kaligtasan

Mahirap ang buhay sa mundo. Napakadaling magambala, malihis ng landas, at mawala. Ang kapighatian ay di-maiiwasan at mahalagang bahagi ng ating walang-hanggang pag-unlad. Kapag dumating ang paghihirap, huwag hayaang wasakin ng bagay na hindi ninyo lubos na nauunawaan ang lahat ng nalalaman ninyo. Maging matiyaga, kumapit nang mahigpit sa katotohanan; darating ang pang-unawa. Ang mga pagsubok ay tulad ng malaking abu-abo ng kadiliman na maaaring makabulag sa ating mga mata at magpatigas ng ating puso. Maliban kung tayo ay “patuloy na



humahawak nang mahigpit”<sup>7</sup> sa salita ng Diyos at ipinamumuhay ito, tayo ay magiging bulag sa espirituwal sa halip na magkaroon ng espirituwal na kaisipan. Saliksikin ang Aklat ni Mormon at ang mga salita ng mga buhay na propeta araw-araw, araw-araw, araw-araw! Ito ang susi sa espirituwal na kaligtasan at pag-iwas sa panlililang. Kung wala ito, tayo ay espirituwal na naliligaw.

### 5. Huwag Magambala at Malinlang

Ang pakikinig ay pagbibigay ng matinding pansin. Ang pakikinig sa mga taong hindi naniniwala kay Cristo ay hindi makakatulong sa inyo na mahanap Siya. Ang paghahanap sa #maluwang na gusali para sa kaalaman ay hindi mag-aakay sa inyo sa katotohanan. Hindi ito matatagpuan doon. Tanging ang Tagapagligtas ang may “mga salita ng buhay na walang hanggan.”<sup>8</sup> Ang lahat ng iba pa ay hindi na mahalaga. Ang malaki at maluwang na gusali ay sumasagisag sa “walang kabuluhang guni-guni at ang kapalaluan”<sup>9</sup> ng mundo—sa madaling salita, panggagambala at panlililang. Ito ay puno ng mga taong magagara ang kasuotan at tila nasa kanila ang lahat ng bagay.

Ngunit kanilang kinukutya ang Tagapagligtas at ang mga sumusunod sa Kanya. Sila ay “laging nagsisipagalar, at kailan pa man ay hindi nakararating sa pagkaalam ng katotohanan.”<sup>10</sup> Maaaring tama sila ayon sa pananaw ng mundo, ngunit sila ay espirituwal na naliligaw.

### 6. Manatili sa Punungkahoy

Ang mensahe ni Lehi ay manatili sa punungkahoy. Nananatili tayo dahil nagbalik-loob tayo sa Panginoon. Itinuro ni Alma, “Masdan, pinagbago niya ang kanilang mga puso; oo, sila ay ginising niya mula sa mahimbing na pagkakatulog, at sila ay nagising sa Diyos.”<sup>11</sup> Kapag isinuko natin ang ating puso sa Diyos, binabago ng Espiritu Santo ang likas nating pagkatao, tayo ay lubos na nagbabalik-loob sa Panginoon, at hindi na hinahanap ang maluwang na gusali. Kung tumitigil tayo sa paggawa ng mga bagay na nagbubunga ng malalim na pagbabalik-loob at pagbago, humihina ang espirituwalidad natin. Ang apostasiya ay kabaligtaran ng pagbabalik-loob.

Sa lahat ng missionary noon at ngayon: Mga elder at sister, hindi maaaring basta na lang kayo bumalik mula sa



misyon, at pagkatapos ay lumangoy pabalik sa Babilonia, at mag-ukol ng maraming oras sa pag-iskor sa walang kabuluhang mga video game nang hindi humihina ang espirituwalidad. Ni hindi kayo maaaring magpakagumon sa pornograpiya sa internet at balewalain ang kabanalan at kalinisang-puri nang hindi dinaranas ang masasamang epekto nito sa espirituwalidad. Kung nawala sa inyo ang Espiritu, kayo ay naliligaw. Huwag magpagambala at huwag magpalinlang.

Ang mga tunay na disipulo ay patuloy na napapalapit sa Diyos bawat araw sa makabuluhang personal na panalangin, masigasig na pag-aaral ng mga banal na kasulatan, personal na pagsunod, at di-makasariling paglilingkod. Manatili sa punungkahoy at manatiling alisto.

Ilang taon na ang nakalipas, kami ni Sister Pearson ay tinawag na mamuno sa Washington Tacoma Mission. Talagang nasorpresa kami sa tawag na iyon. Medyo kinakabahang kinausap ko ang chairman at CEO ng kompanya na pinapasukan ko at ipinaalam ang aking mission call. Talagang nadismaya sila sa desisyon kong umalis sa

kompanya. “Kailan ka pa nagdesisyon tungkol dito, at bakit hindi mo agad sinabi sa amin?” tanong nila.

Sa sandali ng kaliwanagan, isang malalim na sagot ang naisip ko. Sabi ko, “Napagpasiyahan ko na ito noong 19-na-taong-gulang pa lang ako, nang gumawa ako ng sagradong mga tipan sa Diyos sa templo na susundin ko ang Tagapagligtas. Iniaayon ko ang aking buhay sa mga tipan na iyon, at hangad ko na lubos na tuparin ang mga ito ngayon.”

Kapag nakipagtipan tayo sa Diyos, wala nang atrasan. Ang magpatalo, sumuko, at manghina ay hindi mga opsyon. Sa kaharian ng Diyos, may pamantayan ng kahusayan para sa kadakilaan. Kailangan dito ang magigiting na disipulo! Doon ay walang puwang ang karaniwan o kampanteng disipulo. Ang pagiging karaniwan ay kaaway ng kahusayan, at ang katamtamang katanayan ay hahadlang sa inyo sa pagtitiis hanggang wakas.

Kung kayo ay nahihirapan, nalilito, o espirituwal na naliligaw, hinihikayat ko kayo na gawin ang iisang bagay na alam kong makapagpapabalik sa inyo

sa tamang landas. Muling simulan ang mapanalangin pag-aaral ng Aklat ni Mormon at ipamuhay ang mga turo nito, araw-araw, araw-araw, araw-araw! Pinatotohanan ko ang malaking kapangyarihan sa Aklat ni Mormon na magpapabago sa inyong buhay at magpapalakas sa inyong determinasyon na sundin si Cristo. Babaguhin ng Espiritu Santo ang inyong puso at tutulungan kayong makita ang “mga bagay kung ano talaga ang mga ito.”<sup>12</sup> Ipapakita Niya ang kailangan ninyong gawin sa susunod. Ito ang pangako ni Nephi sa inyo:

“At sinabi ko sa kanila na . . . sinuman ang makikinig sa salita ng Diyos, at mahigpit na kakapit dito, sila ay hindi masasawi; ni ang mga tukso at nag-aapoy na sibat ng kaaway ay makapananaig sa kanila tungo sa pagkabulag, upang akayin sila sa pagkalipol.

“Kaya nga, ako . . . ay pinayuhan sila . . . na sila ay makinig sa salita ng Diyos at tandaang sundin ang kanyang mga kautusan sa tuwina sa lahat ng bagay.”<sup>13</sup>

Mga kapatid, ang pagtitiis hanggang wakas ay malaking pagsubok sa pagiging disipulo. Ang ating pagkadisipulo araw-araw ang nagtatakda ng ating walang hanggang tadhana. Gumising sa Diyos, humawak nang mahigpit sa katotohanan, tuparin ang inyong sagradong tipan sa templo, at manatili sa punungkahoy!

Pinatotohanan ko na nabuhay na muli si Cristo. Alam ko na Siya ay buhay. Ang pinakadakilang hangarin ko ay maging tunay at tapat ako hanggang sa huling sandali sa pagtulad sa Kanyang dakilang halimbawa. Sa sagradong pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Binanggit ni John Longden, sa Conference Report, Okt. 1958, 70.
2. 1 Nephi 8:7.
3. “Naisip Bang Manalangin? *Mga Himno*, blg. 82.
4. Moroni 10:32.
5. Juan 14:6.
6. 2 Nephi 31:20.
7. 1 Nephi 8:30.
8. Juan 6:68.
9. 1 Nephi 12:18.
10. II Kay Timoteo 3:7.
11. Alma 5:7.
12. Jacob 4:13.
13. 1 Nephi 15:24–25.



Ni Elder Rafael E. Pino  
Ng Pitumpu

# Ang Walang-Hanggang Pananaw ng Ebanghelyo

*Para sa mga desisyong may epekto sa kawalang-hanggan, ang pagkakaroon ng pananaw ng ebanghelyo ay mahalaga.*

Sa isang paghahayag kay Moises, sinabi sa atin ang layunin ng ating Ama sa Langit: “Sapagkat masdan, ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao.<sup>1</sup> Ayon sa pahayag na iyan, ang hangarin ng Ama ay bigyan ng pagkakataon ang lahat na tumanggap ng lubos na kagalakan. Ipinakita sa mga paghahayag sa mga huling araw na ang ating Ama sa Langit ay bumuo ng isang dakilang plano ng kaligayahan para sa lahat ng Kanyang anak, isang napaka-espesyal na plano upang makabalik tayo sa piling Niya.

Ang pag-unawa sa planong ito ng kaligayahan ay nagbibigay sa atin ng walang-hanggang pananaw at tinutulongan tayong tunay na pahalagahan ang mga kautusan, ang mga ordenansa, ang ating mga tipan, at ang mga pagsubok at paghihirap.


Isang mahalagang alituntunin ang nagmula kay Alma: “Anupa’t ang Diyos ay nagbigay sa kanila ng mga kautusan, matapos maipaalam sa kanila ang plano ng pagtubos.”<sup>2</sup>

Kasiya-siyang pansinin ang pagkakasunud-sunod sa pagtuturo.

Unang itinuro ng ating Ama sa Langit kina Eva at Adan ang plano ng pagtubos, pagkatapos ay binigyan Niya sila ng mga kautusan.

Ito ay isang napakahalagang katotohanan. Ang pag-unawa sa plano ay tutulong sa mga tao na sundin ang mga kautusan, makapagpasiya nang mas mainam, at magkaroon ng tamang motibasyon.

Nang maglingkod ako sa Simbahan, nasaksihan ko ang debosyon at katapatan ng mga miyembro ng Simbahan sa iba’t ibang bansa, na ang ilan ay may problema sa pulitika, lipunan, o ekonomiya. Ang karaniwang madalas kong makita sa matatapat



na miyembrong ito ay ang pananaw nila tungkol sa kawalang-hanggan. Ang walang-hanggang pananaw ng ebanghelyo ay umaakay sa atin na maunawaan ang bahagi natin sa plano ng Diyos, tanggapin ang mga paghihirap at pag-unlad na dulot ng mga ito, magpasiya, at ituon ang ating buhay sa ating banal na potensyal.

Ang pananaw ay ang pag-unawa natin sa mga bagay-bagay mula sa malayo, at tunay na napapahalagahan natin ang mga ito dahil dito.

Katulad ito ng pagpasok sa isang kagubatan at pagkakaroon ng puno sa ating harapan. Kung hindi tayo aatras nang kaunti, hindi natin mapapahalagahan kung ano talaga ang kagubatan. Minsa’y pinuntahan ko ang kagubatan ng Amazon sa Leticia, Colombia, malapit sa mga hangganan ng Brazil at Peru. Natanto ko lang ang lawak nito nang lumipad ako sa ibabaw nito at makita ko ang kabuuan nito.

Noong maliliit pa ang aming mga anak, madalas nilang panoorin ang pambatang programa sa telebisyon na *What Do You See?* Inilalapat nang husto sa screen ang isang bagay, at kailangang hulaan ng mga bata kung ano iyon habang unti-unting lumilina ang larawan. Kapag kitang-kita na iyon, madali na ninyong masasabi na ito ay isang pusa, halaman, prutas, atbp.

Naaalala ko nang minsang panoorin nila ang programang iyon at ipinakita roon ang isang bagay na napakalapit na mukhang napakapanigit sa kanila, at nakakainis pa; ngunit nang luminaw na ang larawan, nalaman nila na ito ay isang napakasarap na pizza. Pagkatapos ay sinabi nila sa akin, “Itay, ibili ninyo kami ng gano’n!” Nang malaman nila kung ano iyon, ang sa una na mukhang hindi kanaisnais sa kanila ay kaakit-akit pala.

Magbabahagi ako ng isa pang karanasan. Sa aming tahanan mahilig bumuo ng jigsaw puzzle ang mga anak namin. Marahil nagkaroon tayong lahat ng pagkakataong bumuo ng puzzle. Ang ilan ay binubuo ng maraming maliliit na piraso. Naaalala ko na ang isa sa mga anak namin (hindi ko siya papangalanan para hindi siya makilala)



Binabanggit sa Aklat ni Mormon ang pag-uugaling piniling taglayin ni Nephi at ang pag-uugali nina Laman at Lemuel. Dumanas silang lahat ng napa-karaming pighati at hirap; gayunman, ang mga reaksyon nila sa mga ito ay magkaibang-magkaiba. Sabi ni Nephi, “At napakalaki ng pagpapala ng Panginoon sa amin, na samantalang kami ay nabubuhay sa hilaw na karne sa ilang, ang aming kababaihan ay nagbigay ng saganang gatas sa kanilang mga anak, at malalakas, oo, maging katulad ng kalalakihan; at nagsimula nilang batahin ang kanilang mga paglalakbay nang walang mga karaingan.”<sup>4</sup>

Sina Laman at Lemuel naman, sa kabilang banda, ay nagreklamo nang husto. “At sa gayon sina Laman at Lemuel, na mga nakatatanda, ay bumulung-bulong laban sa kanilang ama. At sila ay bumulung-bulong sapagkat hindi nila nalalaman ang mga pakikitungo ng Diyos na siyang lumikha sa kanila.”<sup>5</sup> Ang hindi pagkalam o pagbabalewala sa “mga pakikitungo ng Diyos” ay isang paraan para mawalan ng walang-hanggang pananaw, at ang pagbulung-bulong ay isa lamang sa mga palatandaan. Bagama’t nakasaksi sina Laman at Lemuel ng maraming himala habang kasama si Nephi, sinabi nila: “At tayo ay gumalagala sa ilang sa maraming taong ito; at ang ating kababaihan ay nagpapakahirap, kahit na sila ay may dinadala sa sinapupunan; at sila ay nagsilang ng mga anak sa ilang at nagdanas ng lahat ng hirap, maliban sa kamatayan; at mabuti pang sila ay nangamatay bago sila lumisan sa Jerusalem kaysa nagdanas ng mga kahirapang ito.”<sup>6</sup>

Iyon ay dalawang magkaibang pag-uugali, kahit pareho ang dinanas nilang mga paghihirap at pighati. Malinaw na ang kanilang mga pananaw ay magkaiba.

Isinulat ni Pangulong Spencer W. Kimball ang sumusunod: “Kung iisipin nating mortalidad lang ang kabuuan ng buhay, ang sakit, kalungkutan, kabiguan, at maikling buhay ay magiging kalamidad. Ngunit kung titingnan natin ang buhay bilang kawalang-hanggan, na sakop nito ang buhay noong

ay laging nakatuon sa bawat piraso, at kapag hindi lumapat ang isang piraso sa inaakala niyang lugar nito, nagagalit siya at iniisip na walang kuwenta ito at gusto na niya itong itapon. Sa wakas ay natuto siyang bumuo ng puzzle nang maunawaan niya na bawat maliit na piraso ay may lugar sa buong larawan, kahit hindi niya alam sa una kung saan ito lalapat.

Isang paraan ito ng pagninilay sa plano ng Panginoon. Hindi natin dapat alalahanin ang bawat bahagi nito kundi sa halip ay sikapin nating pagtuunan ng pansin ang buong larawan, na isinasaisip kung ano ang magiging kabuuan nito. Alam ng Panginoon kung saan nabibilang ang bawat piraso para lumapat ito sa plano. Lahat ng kautusan ay may walang-hanggang kahalagahan sa konteksto ng dakilang plano ng kaligayahan.

Napakahalaga na hindi tayo gumagawa ng mga desisyong walang-hanggan ang kahalagahan ayon sa pananaw ng mortalidad. Para sa mga desisyong may epekto sa kawalang-hanggan, ang pagkakaroon ng pananaw ng ebanghelyo ay mahalaga.

Itinuro ni Elder Neal A. Maxwell: “Bagama’t ‘nakatuon’ tayo sa bagay na lubos nating inaasam para sa kawalang-hanggan, ang ilan sa mga bagay na inaasam natin sa buhay na ito ay iba naman. Maaari tayong umasa na mataasan ng suweldo, magkaroon ng espesyal na deyt, manalo sa eleksyon, o magkaroon ng mas malaking bahay—mga bagay na maaaring magkatotoo o hindi. Ang pananampalataya sa plano ng Ama ay makatutulong sa atin na magtiis sa kabila ng pagguho ng mga bagay na ating inaasam. Pag-asa ang nagpapanatili sa atin na maging ‘sabik sa paggawa’ ng mabubuting bagay kahit tila hindi na maisasagawa ang mga iyon (tingnan sa D at T 58:27).”<sup>3</sup>

Ang hindi pagkakaroon ng walang-hanggang pananaw, o kawalan nito, ay maaaring humikayat sa ating gawang personal na pamantayan ang makamundong pananaw at gumawa ng mga desisyong hindi ayon sa kalooban ng Diyos.



bago tayo isinilang at ang walang-hanggang hinaharap, ang lahat ng pangyayari ay mailalagay natin sa dapat nitong kalagayan.”<sup>7</sup>

Nagkuwento si Elder David B. Haight tungkol sa iskultor na si Michelangelo para ilarawan ang kahalagahan ng pag-unawa sa lahat ng bagay sa wastong pananaw: “Habang hinuhubog ng iskultor ang bloke ng marmol, isang batang lalaki ang araw-araw na pumupunta roon at tahimik na nakamasid. Nang mahubog na ang estatwa ni David mula sa batong iyon, nang kumpleto na para hangaan ng lahat, tinanong ng bata si Michelangelo, ‘Paano po ninyo nalaman na siya nga iyan?’”<sup>8</sup>

Ang pananaw na nakita ng iskultor sa bloke ng marmol na iyon ay iba sa batang iyon na nakamasid sa kanyang pagtatrabaho. Ang pagkaunawa ng iskultor sa mga posibilidad na naroon sa bato ay nagtulot sa kanya na makalikha ng magandang sining.

Alam ng Panginoon ang nais Niyang isakatuparan sa bawat isa sa atin. Alam Niya ang uri ng pagbabagong nais Niyang makamtan sa ating buhay, at wala tayong karapatang payuhan Siya. Ang Kanyang mga pag-iisip ay mas mataas kaysa sa atin.<sup>9</sup>

Pinatototohanan ko na tayo ay may mapagmahal, makatarungan, at mawaing Ama sa Langit na naghanda ng plano para sa ating walang-hanggang kaligayahan. Pinatototohanan ko na si Jesucristo ay Kanyang Anak at ang Tagapagligtas ng sanlibutan. Alam ko na si Pangulong Thomas S. Monson ay propeta ng Diyos. Sinasabi ko ang mga bagay na ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Moises 1:39.
2. Alma 12:32.
3. Neal A. Maxwell, “Brightness of Hope,” *Ensign*, Nob. 1994, 35–36.
4. 1 Nephi 17:2.
5. 1 Nephi 2:12.
6. 1 Nephi 17:20.
7. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan*: Spencer W. Kimball (2006), 17.
8. David B. Haight, “Your Purpose and Responsibility” (Brigham Young University fireside, Set. 4, 1977), 2–3; speeches.byu.edu.
9. Tingnan sa Isaia 55:8–9.



Ni Elder Neil L. Andersen  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

## Dumating Nawa ang Kaharian Mo

*Ang ideya na darating Siya ay nagpapasaya sa aking kaluluwa. Magiging kagila-gilalas iyon! Ang saklaw at karingalan, ang lawak at kadakilaan, ay hihigit sa anumang nakita o naranasan na ng tao.*

**H**abang kumakanta tayo, lubha akong naantig sa kaisipan na sa sandaling ito daan-daang libo, marahil milyun-milyon ang naniniwalang mga Banal sa mahigit 150 bansa, sa kamangha-manghang 75 iba’t ibang wika,<sup>1</sup> at sama-sama tayong nananawagan sa Diyos, sa pag-awit:

*Halina, Hari ng Lahat!  
At kaytagal nang naghintay,  
Upang kami ay lunasan,  
At bigyang kalayaan.*<sup>2</sup>


“Halina, Hari ng Lahat!”<sup>3</sup> Tayo ay napakalaking pandaigdigang pamilya

ng mga nananalig, na mga disipulo ng Panginoong Jesucristo.

Tinaglay na natin ang Kanyang pangalan, at sa pagtanggap natin ng sakramento linggu-linggo, nangangako tayo na lagi natin Siyang aalalahanin at susundin ang Kanyang mga utos. Hindi tayo perpekto, ngunit hindi mababaw ang ating pananampalataya. Nananalig tayo sa Kanya. Sinasamba natin Siya. Sinusunod natin Siya. Mahal na mahal natin Siya. Ang kanyang layunin ang pinakadakilang layunin sa buong mundo.

Nabubuhay tayo, mga kapatid, sa panahon bago ang Ikalawang Pagparito ng Panginoon, na matagal nang inasam ng mga nagsisisampalataya sa paglipas ng mga panahon. Nabubuhay tayo sa panahon ng mga digmaan at bali-balita tungkol sa mga digmaan, sa panahon ng mga kalamidad, sa panahong ang mundo ay puno ng kawalang-katiyakan at kaguluhan.

Ngunit nabubuhay rin tayo sa maluwaluhating panahon ng Panunumbalik, kung kailan ang ebanghelyo ay inihatid sa buong mundo—isang panahon kung saan nangako ang Panginoon na Siya “ay magbabangon . . . ng mga



dalisay na tao”<sup>4</sup> at poprotektahan sila “ng kabutihan at kapangyarihan ng Diyos.”<sup>5</sup>

Nagagalak tayo sa mga araw na ito at dumadalangin na buong tapang nating maharap ang mga paghihirap at kawalang-katiyakan. Ang mga paghihirap ng ilan ay mas matindi kaysa sa iba, ngunit walang hindi daranas nito. Minsa’y sinabi sa akin ni Elder Neal A. Maxwell, “Kung lahat ng nangyayari sa iyo ay maganda, maghintay ka lang.”

Bagama’t paulit-ulit na tinitiyak ng Panginoon na tayo ay “hindi kinakailangang matakot,”<sup>6</sup> ang pagkakaroon ng malinaw na pananaw at pagtingin hindi lang sa mundong ito ay hindi laging madali kapag tayo ay nasa gitna ng mga pagsubok.

Tinuruan ako ni Pangulong Thomas S. Monson ng mahalagang aral tungkol sa pagkakaroon ng walang-hanggang pananaw.

Labing-walong taon na ang nakalipas habang sakay ng tren papuntang Switzerland kasama si Pangulong Monson, tinanong ko siya tungkol sa mabibigat niyang responsibilidad. Ang kanyang sagot ay nagpalakas sa aking pananampalataya. “Sa Unang Panguluhan,” sabi niya, “ginagawa namin ang lahat para isulong ang gawaing ito. Ngunit ito ang gawain ng Panginoon, at pinamamahalaan Niya ito. Siya ang namumuno rito. Namamangha tayo habang pinanonood natin ang pagbubukas Niya ng mga pinto na hindi natin mabuksan at nagsasagawa ng mga himala na hindi natin mawari.”<sup>7</sup>

Mga kapatid, ang makita at maniwala sa mga himala ng Panginoon sa pagtatatag ng Kanyang kaharian sa lupa ay makakatulong sa atin na makita at maniwala na ang kamay ng Panginoon ay kumikilos din sa buhay natin mismo.

Sinabi ng Panginoon, “May kaka-yahan akong gawin ang aking sariling gawain.”<sup>8</sup> Sinisikap ng bawat isa sa atin na gawin ang ating bahagi, ngunit Siya ang dakilang Lumikha. Sa patnubay ng Kanyang Ama, nilikha Niya ang daigdig na ito. “Ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan niya; at alin man sa lahat ng ginawa ay hindi

ginawa kung wala siya.”<sup>9</sup> Kapag tayo ay espirituwal na gising at alisto, nakikita natin ang Kanyang kamay sa iba’t ibang panig ng mundo at sa ating sariling buhay.

Magbibigay ako ng isang halimbawa.

Noong 1831, na 600 pa lang ang mga miyembro ng Simbahan, sinabi ng Panginoon, “Ang mga susi ng kaharian ng Diyos ay ipinagkatiwala sa tao sa mundo, at mula rito ang ebanghelyo ay lalaganap hanggang sa mga dulo ng mundo, gaya ng batong tinibag mula sa bundok, hindi ng mga kamay ay lalaganap, hanggang sa mapuno nito ang buong mundo.”<sup>10</sup>

Nakita ni Propetang Nephi na sa ating panahon “kakaunti” lang ang magiging miyembro ng Simbahan kung ihahambing sa populasyon ng mundo ngunit sila ay “nasa lahat ng dako ng mundo.”<sup>11</sup>

Tatlong magagandang halimbawa ng pagpapakita ng kamay ng Panginoon sa pagtatatag ng Kanyang kaharian ay ang mga templong ibinalita ngayon ni Pangulong Monson. Ilang dekada lamang ang nakalipas, sino ang mag-aakalang magkakaroon ng mga templo sa Haiti, Thailand, at Ivory Coast?

Ang lugar na pagtatatayuan ng templo ay hindi madaling desisyon. Dumarating ito sa pamamagitan ng paghahayag ng Panginoon sa Kanyang mga propeta, na nagpapahiwatig ng dakilang gawaing gagawin, at pagkilala sa kabutihan ng mga Banal na magpapahalaga at mangangalaga sa Kanyang bahay sa paglipas ng mga henerasyon.<sup>12</sup>

Kami ng asawa kong si Kathy ay bumisita sa Haiti dalawang taon pa lang ang nakalipas. Sa tuktok ng bundok na tanaw ang Port-au-Prince, ginunita namin kasama ng mga Banal na Haitian ang paglalaan ng bansa ng noon ay si Elder Thomas S. Monson 30 taon na ang nakalipas. Hindi malilimutan ng sinuman sa atin

ang mapangwasak na lindol sa Haiti noong 2010. Sa tulong ng matatapat na miyembro at magiging na grupo ng mga missionary na halos lahat ay Haitian, ang Simbahan sa bansang ito ay patuloy na umuunlad at lumalakas. Sumisigla ang aking pananampalataya kapag nakikinita ko ang mga matwid na Banal na ito ng Diyos, na nakasuot ng puti, na taglay ang kapangyarihan ng banal na priesthood para pamahalaan at isagawa ang mga sagradong ordenansa sa bahay ng Panginoon.

Sino ang makakaisip na magkakaroon ng bahay ng Panginoon sa magandang lungsod ng Bangkok? Ang mga Kristiyano ay 1 porsiyento lamang sa bansang ito ng mga Buddhist. Tulad sa Haiti, nakita rin natin sa Bangkok na tinitipon ng Panginoon ang mga hini-rang sa mundo. Habang naroon kami ilang buwan na ang nakalipas, nakilala namin sina Sathit at Juthamas Kaivai-vatana at ang matatapat nilang mga anak. Sumapi si Sathit sa Simbahan noong 17 anyos siya at nagmisyon sa kanyang lupang sinilangan. Kalaunan



ay nakilala niya si Juthamas sa institute, at nabuklod sila sa Manila Philippines Temple. Noong 1993, ang mga Kaivaivatana ay nabundol ng isang drayber ng trak na nakatulog, at si Sathit ay naparalisado mula sa kanyang dibdib pababa. Hindi nanghina ang kanilang pananampalataya. Si Sathit ay isang gurong hinahangaan sa International School Bangkok. Siya ang stake president ng Thailand Bangkok North Stake. Nakikita natin ang mga himala ng Diyos sa Kanyang kamanghamanghang gawain at sa ating buhay.

Ang himala ng Simbahan sa Ivory Coast ay hindi maikukuwento nang hindi binabanggit ang pangalan ng dalawang mag-asawa: Sina Philippe at Annelies Assard, at sina Lucien at Agathe Affoue. Sila ay naging mga miyembro ng Simbahan noong mga bago pa lang silang mag-asawa, isa sa Germany at isa sa France. Noong 1980s, nadama nina Philippe at Lucien na bumalik sa kanilang inang bayan sa Africa sa layuning itayo ang kaharian ng Diyos. Para kay Sister Assard, na isang German, ang iwan ang kanyang pamilya at pagagan si Brother Assard na iwanan ang kanyang trabaho bilang magaling na mechanical engineer ay nangailangan



ang nakalipas. Ngayon ay may walong stake at 27,000 mga miyembro sa magandang bansang ito ng Africa. Ang mga Affoue ay patuloy na naglingkod nang buong sigasig tulad ng mga Assard, na katatapos lang magmisyon sa Accra Ghana Temple.

Nakikita ba ninyo ang kamay ng Diyos na nagsusulong ng Kanyang gawain? Nakikita ba ninyo ang kamay ng Diyos sa buhay ng mga missionary sa Haiti o sa mga Kaivaivatana sa Thailand? Nakikita ba ninyo ang kamay ng Diyos sa buhay ng mga Assard at ng mga Affoue? Nakikita ba ninyo ang kamay ng Diyos sa sarili ninyong buhay?

“At walang bagay na magagawa ang tao na makasasakit sa Diyos . . . maliban sa yaong mga hindi kumikilala sa kanyang ginawa sa lahat ng bagay.”<sup>13</sup>

Ang mga himala ng Diyos ay hindi lang nangyayari sa Haiti, Thailand, o Ivory Coast. Tumingin sa paligid ninyo.<sup>14</sup> “Ma-

alalahanin ang Diyos sa bawat tao . . . ; oo, bilang niya ang kanyang mga tao, at ang kanyang . . . awa ay laganap sa buong mundo.”<sup>15</sup>

Kung minsan nakikita natin ang kamay ng Panginoon sa buhay ng iba ngunit iniisip natin, “Paano ko mas malinaw na makikita ang Kanyang kamay sa sarili kong buhay?”

Sinabi ng Tagapagligtas:

“[Huwag] mangagaalinlangan.”<sup>16</sup>

“Huwag kang matakot.”<sup>17</sup>

“Kahit [isang maya ay] hindi mahuhulog sa lupa kung hindi [alam] ng inyong Ama. . . .

“Huwag nga kayong mangatakot: [sapagka’t] kayo’y lalong mahalaga kay sa maraming maya.”<sup>18</sup>

Alalahanin ang binatang nagsumamo sa propetang si Eliseo nang sila ay mapaligiran ng mga kaaway: “Sa aba natin, [ano] ang ating gagawin?”<sup>19</sup>

Sumagot si Eliseo:

“Huwag kang matakot: sapagka’t ang sumasaatin ay higit kay sa sumasa kanila.

“At si Eliseo ay nanalangin, . . . Panginoon, . . . idilat ang kaniyang mga mata, upang siya’y makakita. At idinilat [nga] ng Panginoon ang mga mata ng binata; at [nakita nga niya na] ang bundok ay puno ng mga kabayo at ng mga karo ng apoy.”<sup>20</sup>

Kapag sinunod ninyo ang mga utos at nanalangin kayo nang may pananampalataya na makita ang kamay ng Panginoon sa inyong buhay, ipinapanagako ko sa inyo na ididilat pa Niyang



*Itaas kaliwa: Si Pangulong Thomas S. Monson sa Haiti sa paglalaan ng bansang iyon noong 1983. Itaas: Mga Ivory Coast pioneer na sina Philippe at Annelies Assard (kaliwa) at Lucien at Agathe Affoue. Kaliwa: Ang stake president na si Sathit Kaivaivatana at ang kanyang asawang si Juthamas, Simbahan sa Bangkok, Thailand.*

ng pambihirang pananampalataya. Nagkita ang dalawang mag-asawa sa unang pagkakataon sa Ivory Coast at nagsimula ng Sunday School. Iyon ay 30 taon na



lalo ang inyong espirituwal na mga mata, at makikita ninyo nang mas malinaw na kayo'y hindi nag-iisa.

Itinuturo ng mga banal na kasulatan na tayo ay “matatag na [maninindigan] sa pananampalataya sa kanya na paparito.”<sup>21</sup> Ano ang darating? Nanalangin ang Tagapagligtas:

“Ama namin na nasa langit ka, Sambahin nawa ang pangalan mo.

“Dumating nawa ang kaharian mo. Gawin nawa ang iyong kalooban, kung paano sa langit, gayon din naman sa lupa.”<sup>22</sup>

Katapos lang nating kantahing lahat ang “Halina, Hari ng Lahat.”

Lumalago ang ating pananampalataya habang inaasam natin ang maluwalhating araw ng pagbalik ng Tagapagligtas sa lupa. Ang ideya na darating Siya ay nagpapasaya sa aking kaluluwa. Magiging kagila-gilalas iyon! Ang saklaw at karingalan, ang lawak at kadakilaan, ay hihigit sa anumang nakita o naranasan na ng tao.

Sa araw na iyon hindi Siya darating na “nababalot ng lampin, at nakahiga sa isang pasabsaban,”<sup>23</sup> sa halip ay magpapakita Siya “sa mga alapaap ng langit, nadaramitan ng kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian; kasama ang lahat ng banal na anghel.”<sup>24</sup> Maririnig natin “ang tinig ng arkanghel, at . . . pakakak ng Diyos.”<sup>25</sup> Ang araw at buwan ay magbabago, at “ang mga bituin ay hahagis mula sa kanilang mga lugar.”<sup>26</sup> Kayo at ako, o ang mga susunod sa atin, “ang mga banal . . . mula sa apat na sulok ng mundo,”<sup>27</sup> “ay

magbabagong-anyo at aangat upang salubungin siya,”<sup>28</sup> at ang mga pumanaw sa kabutihan, sila man ay “aangat upang salubungin siya sa [gitna] . . . ng langit.”<sup>29</sup>

Pagkatapos, isang tila imposibleng karanasan: “Lahat ng laman,” sabi ng Panginoon, “ay makikita ako nang sabay-sabay.”<sup>30</sup> Paano mangyayari iyon? Hindi natin alam. Ngunit pinatotohanan ko na mangyayari iyon—ayon mismo sa ipinropesya. Luluhod tayo sa pagpipitagan, “at ang Panginoon ay mangungusap sa kanyang tinig, at ang mga dulo ng mundo ay makaririnig nito.”<sup>31</sup> “Ito ay magiging . . . gaya ng tinig ng maraming tubig, at gaya ng tinig ng malakas na kulog.”<sup>32</sup> “[Pagkatapos] ang Panginoon, . . . ang Tagapagligtas, ay tatayo sa gitna ng kanyang mga tao.”<sup>33</sup>

Magkakaroon ng di-malilimutang pagkikitang muli ang mga anghel ng langit at ang mga Banal sa lupa.<sup>34</sup> Ngunit higit sa lahat, tulad ng ipinahayag ni Isaias, “Makikita ng lahat na wakas ng lupa ang pagliligtas ng ating Dios,”<sup>35</sup> at Siya ay “maghahari sa lahat ng laman.”<sup>36</sup>

Sa araw na iyon ang mga nangungutya ay mananahimik, “sapagkat bawat tainga ay makaririnig . . . , at bawat tuhod ay luluhod, at bawat dila ay magtatapat”<sup>37</sup> na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos, ang Tagapagligtas at Manunubos ng sanlibutan.

Ngayon ay Pasko ng Pagkabuhay. Nakikigalal tayo sa mga Kristiyano sa iba’t ibang panig ng mundo sa Kanyang maluwalhating Pagkabuhay na

Mag-uli at sa ipinangako sa atin na pagkabuhay na mag-uli. Nawa’y paghandaan natin ang Kanyang pagparito sa palaging pagsasaisip sa maluwalhating pangyayaring ito kasama ang mga taong mahal natin, at nawa’y maging panalangin natin ang Kanyang panalangin: “Dumating nawa ang kaharian mo. Gawin nawa ang iyong kalooban, kung paano sa langit, gayon din naman sa lupa.”<sup>38</sup> Pinatotohanan ko na Siya ay buhay. “Halina, Hari ng Lahat.” Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Bagamat ang buong pangkalahatang kumperensya ay isinasalin sa 94 na mga wika, hindi lahat ng wika ay sabay-sabay na naihatid ng satellite, ni sa lahat ng sesyon. Sa sesyon sa Linggo ng hapon ng pangkalahatang kumperensyang ito, 75 mga wika ang naihatid nang live sa pamamagitan ng satellite.
2. “Halina, Hari ng Lahat,” *Mga Himno*, blg. 32.
3. Noong Martes, Marso 31, 2015, pinadalan ako ng email ng tanggapan ng Unang Panguluhan na ipinaliliwanag na magsasalita ako sa Linggo ng hapon, Abril 5, pagkatapos ng himno ng kongregasyon na “Halina, Hari ng Lahat.” Ang teksto ng dakilang himnong ito ng Panunumbalik, na kinatha ni Parley P. Pratt, ay mapagpakumbang pagsamo sa Tagapagligtas na bumalik sa lupa. Ito ang nilalaman ng aking mensahe sa kumperensya na marahil ay mas makapangyarihan kaysa sa iba pang himnong kinakanta natin. Lubha akong naantig ng kahalagahan ng nananalig na mga Banal sa lahat ng dako na nagsama-sama sa Linggo ng Pagkabuhay, na inilalakas ang ating tinig sa Diyos, at sabay-sabay na umaawit ng “Halina, Hari ng Lahat! At kaytagal nang naghintay.” Batid na wala akong kinalaman sa pagpili ng musika para sa pangkalahatang kumperensya, naisip ko kung nabasa ng mga nag-aasikaso sa musika ang aking mensahe sa kumperensya na pinamagatang “Dumating Nawa ang Kaharian Mo” at pagkatapos ay pinili ang himnong ito tungkol sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Kalaunan ay nalaman ko na inirekomenda ng mga director ng Tabernacle Choir ang himno sa Unang Panguluhan noon pang Marso, ilang linggo bago ipinadala ang mensahe ko sa Unang Panguluhan para maisalin sa ibang wika. Ang huling pagkakataong kinanta ang “Halina, Hari ng Lahat” bilang himno ng kongregasyon sa pangkalahatang kumperensya ay noon pang Oktubre 2002. Sinisikap ng bawat isa sa atin na gawin ang ating bahagi, ngunit Siya ang dakilang Lumikha.
4. Doktrina at mga Tipan 100:16.
5. 1 Nephi 14:14.
6. Doktrina at mga Tipan 10:55.
7. Personal na karanasan, Mayo 1997.
8. 2 Nephi 27:20.

9. Juan 1:3.
10. Doktrina at mga Tipan 65:2.
11. 1 Nephi 14:12.
12. Noong taglagas ng 2001, noong naninirahan ako sa Brazil, masaya kong ikinuwento kay Pangulong James E. Faust ng Unang Panguluhan ang maraming kahanga-hangang impormasyon tungkol sa mga Banal na nakatira sa lungsod ng Curitiba, sa pag-asang ikukuwento niya rin ito kay Pangulong Gordon B. Hinckley. Pinatigil ako ni Pangulong Faust sa kalagitnaan ng sinasabi ko. “Neil,” sabi niya, “hindi tayo nagla-lobby sa Pangulo. Ang desisyon kung saan magtatayo ng templo ay sa pagitan ng Panginoon at ng Kanyang propeta.” Ang Curitiba Brazil Temple ay inilaan noong 2008.
13. Doktrina at mga Tipan 59:21.
14. Ang isa sa mga dakilang himala ng kamay ng Panginoon ay ang pagsulong ng Kanyang kaharian sa buong Estados Unidos sa mga lungsod at bayan sa bawat estado. Narito ang isang halimbawa: Noong Mayo 2006 naatasan akong dumalo sa stake conference sa Denton, Texas. Namalagi ako sa bahay ng stake president na si Pangulong Vaughn A Andrus. Ikinuwento sa akin ni Sister Andrus ang pagsisimula ng Simbahan sa Denton, simula sa kanyang mga magulang na sina John at Margaret Porter. Sunday School lang ang idinarao nila sa simula. Ngunit ibinahagi ng mga Porter ang ebanghelyo sa mga Ragsdale, na ibinahagi naman ito sa mga pamilya Noble at Martino. Mangyari pa, idinagdag ng mga missionary ang kanilang mahalagang kontribusyon. Maraming pamilya ang naging miyembro ng Simbahan. Ang ibang mga taga-kanluran ay lumipat sa Denton. Ngayon, sa dating kinaroroonan ng maliit na branch ay may apat nang stake, at isa sa mga anak ng mga Martino, si Elder James B. Martino, na naging miyembro ng Simbahan noong 17 anyos siya, ay naglilingkod bilang General Authority ng Simbahan.
15. Alma 26:37.
16. Mateo 21:21.
17. Marcos 5:36.
18. Mateo 10:29, 31.
19. II Mga Hari 6:15.
20. II Mga Hari 6:16–17.
21. Mosias 4:11.
22. Mateo 6:9–10; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 65:6.
23. Lucas 2:12.
24. Doktrina at mga Tipan 45:44.
25. I Mga Taga Tesalonica 4:16.
26. Doktrina at mga Tipan 133:49.
27. Doktrina at mga Tipan 45:46.
28. Doktrina at mga Tipan 88:96.
29. Doktrina at mga Tipan 88:97.
30. Doktrina at mga Tipan 101:23.
31. Doktrina at mga Tipan 45:49.
32. Doktrina at mga Tipan 133:22.
33. Doktrina at mga Tipan 133:25.
34. Tingnan sa Moises 7:63.
35. Isaias 52:10.
36. Doktrina at mga Tipan 133:25.
37. Doktrina at mga Tipan 88:104.
38. Mateo 6:10.



Ni Elder Jorge F. Zeballos  
Ng Pitumpu

## Kung Magiging Responsible Ka

*Magpatuloy tayo sa pag-alam sa ating tungkulin, paggawa ng mga tamang desisyon, pagkilos ayon sa mga desisyong iyon, at pagtanggap sa kalooban ng ating Ama.*

Ako’y 12 taong gulang lamang nang dumating sa unang pagkakataon ang mga missionary para mangaral sa lungsod kung saan ako isinilang sa hilagang Chile. Isang araw ng Linggo, matapos akong dumalo nang anim na buwan sa maliit na branch, inalok ako ng tinapay ng isang missionary nang magpasa siya ng sakramento.

Tiningnan ko siya at mahina kong sinabing, “Hindi ako puwede.”

“Bakit hindi?” sagot niya.

Sinabi ko sa kanya, “Kasi hindi ako miyembro ng Simbahan.”<sup>1</sup>

Hindi makapaniwala ang missionary. Nagingning ang mga mata niya. Palagay ko naisip niya, “Pero dumadalo sa lahat ng miting ang binatilyong ito! Paano nangyaring hindi siya miyembro ng Simbahan?”

Kinabukasan, agad nagpunta ang mga missionary sa bahay ko, at ginawa nila ang lahat para turuan ang buong pamilya namin. Ngunit dahil hindi interesado ang pamilya ko, ang lingguhang pagdalo ko lang sa Simbahan nang mahigit anim na buwan ang nagbigay ng kumpiyansa sa mga missionary na magpatuloy. Sa huli, dumating ang magandang sandaling pinakahihintay ko nang anyayahan nila akong maging miyembro ng Simbahan ni Jesucristo. Ipinaliwanag ng mga missionary na dahil bata pa ako, kailangan ko ang pahintulot ng mga magulang ko. Sumama ako sa mga missionary para kausapin ang tatay ko, na iniisip na ang kanyang magiliw na sagot ay “Anak, kapag nasa





tamang edad ka na, makakagawa ka na ng sarili mong desisyon.”

Habang kausap siya ng mga missionary, taimtim kong ipinagdasal na maantig ang kanyang puso para payagan niya ako. Ito ang sagot niya sa mga missionary: “Elders, sa nakaraang anim na buwan, nakita ko ang anak kong si Jorge na maagang gumigising tuwing Linggo ng umaga, nagsusuot ng pinakamagandang damit niya, at naglalakad papuntang simbahan. Maganda ang impluwensya ng Simbahan na nakita ko sa buhay niya.” Pagkatapos, nang bumaling siya sa akin, nagulat ako nang sabihin niyang, “Anak, kung magiging responsable ka sa desisyong ito, papayagan kitang magpabinyag.” Niyakap ko ang tatay ko, hinagkan siya, at pinsalamatan sa ginawa niya. Kinabukasan ay nabinyagan ako. Noong isang linggo ang ika-47 anibersaryo ng mahalagang sandaling iyon sa buhay ko.

Ano ang ating responsibilidad bilang mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo? Ipinahayag ito ni Pangulong Joseph Fielding Smith nang ganito: “Mayroon tayong dalawang malalaking responsibilidad. . . . Una, hangaring makamantan ang sarili nating kaligtasan; at, pangalawa, ang tungkulin natin sa ating kapwa-tao.”<sup>2</sup>

Ito, kung gayon, ang mga pangunahing responsibilidad na iniatas sa atin ng ating Ama: hangaring makamantan

ang kaligtasan natin at ng iba, na nauunawaan na ang kahulugan ng *kaligtasan* sa pahayag na ito ay pagkakamit ng pinakamataas na antas ng kaluwalhatian na inilaan ng ating Ama sa Kanyang masunuring mga anak.<sup>3</sup> Ang mga responsibilidad na ito na ipinagkatiwala sa atin—at kusa nating tinanggap—ay kailangang makita sa ating mga prioridad, hangarin, desisyon, at araw-araw na pag-uugali.

Para sa isang tao na nakaunawa na, dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang kadakilaan ay tunay na makakamtan, at kapag hindi natin ito nakamtan tayo’y mapapahamak. Kaya nga, ang kabaligtaran ng kaligtasan ay kapahamakan, tulad ng ang kabaligtaran ng tagumpay ay kabiguan. Itinuro sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson na “ang tao ay hindi masisiyahan nang gayon lamang [sa sandaling makita] nila na malapit na nilang maabot ang tagumpay.”<sup>4</sup> Paano tayo makukuntento, kung gayon, sa anumang bagay na hindi magdudulot ng kadakilaan kung alam natin na posibleng makamit ang kadakilaan?

Hayaan ninyong magbahagi ako ng apat na mahahalagang alituntunin na tutulong sa atin na matupad ang ating mga hangaring maging responsable sa ating Ama sa Langit, gayundin ang tumugon sa Kanyang mga inaasahan na tayo ay maging katulad Niya.

## 1. Pag-alam sa Ating Tungkulin

Kung susundin natin ang kalooban ng Diyos, kung magiging responsable tayo sa Kanya, kailangang magsimula tayo sa pag-alam, pag-unawa, pagtanggap, at pamumuhay ayon sa Kanyang kalooban para sa atin. Sabi ng Panginoon, “Dahil dito, ang bawat tao ngayon ay matuto ng kanyang tungkulin, at kumilos sa katungkulang itinalaga sa kanya, nang buong sigasig.”<sup>5</sup> Ang pagkakaroon ng hangaring gawin ang tama ay hindi sapat kung hindi natin titiyaking maunawaan ang inaasahan at nais ipagawa ng ating Ama sa atin.

Sa kuwentong *Alice in Wonderland*, hindi alam ni Alice kung aling daan ang tatahakin, kaya tinanong niya si Cheshire Cat, “Puwede mo bang sabihin sa akin kung aling daan ang tatahakin ko mula rito?”

Sumagot ang pusa, “Depende iyan sa kung saan mo gustong makarating.”

Sabi ni Alice, “Kahit saan lang.”

“Kung gayo’y hindi mahalaga kung saan ka dadaan,” sabi ng pusa.<sup>6</sup>

Gayunman, alam natin na ang landas na patungo sa “punungkahoy, na ang bunga ay kanais-nais upang makapagpaligaya sa tao”<sup>7</sup>—“ang daang patungo sa buhay”—ay makitid. Kailangan ang sigasig sa paglalakbay sa landas, at “kakaunti ang nangakakausumpung noon.”<sup>8</sup>

Itinuro sa atin ni Nephi na “ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin.”<sup>9</sup> Pagkatapos ay idinagdag pa niya na “ang Espiritu Santo . . . ang magbibigay-alam sa inyo ng lahat ng bagay na nararapat ninyong gawin.”<sup>10</sup> Kung gayon, ang nagtutulong sa atin na matutuhan ang ating tungkulin ay ang mga salita ni Cristo na natatanggap natin sa pamamagitan ng mga propeta noon at ngayon at ng personal na paghahayag na natatanggap natin sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

## 2. Paggawa ng Desisyon

Natutuhan man natin ang tungkol sa Panunumbalik ng ebanghelyo, ang isang partikular na kautusan, mga tungkuling kaakibat ng paglilingkod sa isang calling, o mga tipang ginagawa

natin sa templo, tayo ang nagpapa-siya kung kikilos tayo ayon sa bagong kaalamang iyan o hindi. Bawat tao ay malayang magdesisyon para sa kanyang sarili na pumasok sa sagradong tipan tulad ng binyag o mga ordenansa sa templo. Dahil noon pa man ay bahagi na ng relihiyosong pamumuhay ng mga tao ang panunumpa, nakasaad sa lumang batas na “huwag kayong susumpa ng di totoo sa aking pangalan.”<sup>11</sup> Gayunman, sa kalagitnaan ng panahon, nagturo ang Tagapagligtas ng mas mataas na paraan ng pagtupad ng ating mga pangako nang sabihin Niya na ang ibig sabihin ng *oo* ay *oo* at ang *hindi* ay *hindi*.<sup>12</sup> Dapat ay sapat na ang salita ng isang tao para ipakita ang kanyang katapatan sa ibang tao—lalo na kapag ang taong iyon ay ang ating Ama sa Langit. Ang pagtupad sa pangako ay nagpapakita ng katotohanan at katapatan ng ating salita.

### 3. Pagkilos nang Angkop

Matapos malaman ang ating tungkulin at makagawa ng mga desisyon na kaakibat ng pagkaalam at pagkaunawang iyon, kailangan nating kumilos sa angkop na paraan.

Ang mabisang halimbawa ng matibay na determinasyong tuparin ang Kanyang pangako sa Kanyang Ama ay nagmula sa karanasan ng Tagapagligtas nang dalhin sa Kanya ang isang lalaking lumpo para pagalingin. “Pagkakita ni Jesus sa kanilang pananampalataya ay sinabi sa lumpo, Anak, ipinatatawad ang iyong mga kasalanan.”<sup>13</sup> Alam natin na ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay mahalaga sa pagtanggap ng kapatawaran ng ating mga kasalanan, ngunit nang pagalingin Niya ang lalaking lumpo, hindi pa nangyayari ang dakilang kaganapang iyon; ang pagdurusa ng Tagapagligtas sa Getsemani at sa krus ay hindi pa nangyari. Gayunman, hindi lang biniyayaan ni Jesus ang lumpo ng kakayahang tumayo at maglakad, kundi pinatawad rin Niya ang mga kasalanan nito, sa gayo’y nagbigay Siya ng malinaw na palatandaan na hindi Siya tataliwas, na tutuparin Niya ang pangakong ginawa Niya sa Kanyang Ama, at na gagawin Niya sa



Getsemani at sa krus ang ipinangako Niyang gawin.

Ang landas na napili nating tahakin ay makitid. May mga hamon sa daan na mangangailangan ng ating pananampalataya kay Jesucristo at ng ating matinding pagsisikap na manatili sa landas at magpatuloy. Kailangan nating magsisi at maging masunurin at mapagtiis, kahit hindi natin maunawaan ang lahat ng nangyayari sa ating paligid. Kailangan nating patawarin ang iba at mamuhay alinsunod sa nalaman natin at sa mga desisyong nagawa natin.

### 4. Handang Tanggapin ang Kalooban ng Ama

Ang pagkadisipulo ay hindi lamang pag-alam sa ating tungkulin, paggawa ng mga tamang desisyon, at pagkilos alinsunod dito, kundi mahalaga rin na magkaroon tayo ng kahandaan at kakayahang tanggapin ang kalooban ng Diyos, kahit hindi ito tugma sa ating matwid na mga hangarin o kagustuhan.

Hangang-hanga ako sa ugali ng ketonging lumapit sa Panginoon, “na namamanhik sa kaniya, at nanikluhod

sa kaniya, at sa kaniya’y nagsasabi, Kung ibig mo, ay maaaring malinis mo ako.”<sup>14</sup> Hindi nanghingi ng anuman ang ketongin, kahit maaaring matwid ang kanyang mga hangarin; handa lang siyang tanggapin ang kalooban ng Panginoon.

Ilang taon na ang nakararaan isang magiliw at tapat na mag-asawa na kaibigan ko ang nabiyayaan sa pagsilang ng pinakahihintay nilang anak na lalaki, na napakatagal nilang ipinagdasal. Napuspos ng galak ang tahanan habang masaya naman ang aming mga kaibigan at ang kanilang anak na babae, na nag-iisang anak nila noon, na kapiling ang kasisilang na sanggol. Gayunman, isang araw, may nangyaring hindi inaasahan: ang batang musmos, na mga tatlong taon lamang noon, ay biglang nawalan ng malay. Nang malaman ko ang sitwasyon, agad kong tinawagan ang kaibigan ko para ipaalang ang aming suporta sa mahirap na sandaling iyon. Ngunit ang sagot niya ay naging aral sa akin. Sabi niya, “Kung kalooban ng Ama na kunin na Siya, tatanggapin namin.” Ang

mga salita ng kaibigan ko ay walang anumang bahid ng pagrereklamo, pagrerebelde, o pagkayamot. Sa halip, lahat ng nadama ko sa kanyang mga salita ay pasasalamat sa Diyos sa pagtutulot na makapiling nila ang kanilang munting anak sa loob ng maikling panahon, gayundin ang lubos na kahandaan niyang tanggapin ang kalooban ng Ama para sa kanila. Makaraan ang ilang araw, ibinalik ang munting batang iyon sa kanyang selestiyal na mansiyon.

Magpatuloy tayo sa pag-alam sa ating tungkulin, paggawa ng mga tamang desisyon, pagkilos ayon sa mga desisyong iyon, at pagtanggap sa kalooban ng ating Ama.

Malaki ang pasasalamat at kasiyahan ko sa desisyong ipinagawa sa akin ng tatay ko 47 taon na ang nakalipas. Sa pagdaan ng mga taon, naunawaan ko na ang ibig sabihin ng kundisyong ibinigay niya sa akin—na maging responsable sa desisyong iyon—ay maging responsable sa aking Ama sa Langit at hangarin ang kaligtasan ko at ng aking kapwa-tao, sa gayon ay nagiging mas katulad ako ng inaasahan at nais ng aking Ama na kahinatnan ko. Sa napakaespesyal na araw na ito, pinatototohanan ko na ang ating Diyos Ama at ang Kanyang Pinakamamahal na Anak ay buhay. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Unawain na “bagama’t ang sakramento ay para sa mga miyembro ng Simbahan, hindi dapat sabihin ng bishopric na ipapasa lamang ito sa mga miyembro, at walang dapat gawin upang pigilan ang mga hindi miyembro sa pakikibahagi nito” (*Handbook 2: Administering the Church* [2010], 20.4.1).
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Fielding Smith* (2013), 333.
3. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 132:21–23.
4. Thomas S. Monson, “Sa Pagsaklolo,” *Liahona*, Hulyo 2001, 58.
5. Doktrina at mga Tipan 107:99.
6. Lewis Carroll, *Alice’s Adventures in Wonderland* (1920), 89.
7. 1 Nephi 8:10.
8. Mateo 7:14.
9. 2 Nephi 32:3.
10. 2 Nephi 32:5.
11. Levitico 19:12.
12. Tingnan sa Mateo 5:37.
13. Marcos 2:5.
14. Marcos 1:40.



Ni Elder Joseph W. Sitati  
Ng Pitumpu

## Maging Mabunga, Magpakarami, at Supilin ang Lupa

*Inutusan at binasbasan tayo ng Ama sa Langit na maging mabunga, magpakarami, at supilin ang lupa nang tayo ay maging katulad Niya.*

Salamat, Tabernacle Choir, sa magiliw na papuring iyon sa Tagapagligtas ng mundo.

Noong araw na utusan ng Diyos Ama ang Kanyang Bugtong na Anak na lumikha ng tao ayon sa Kanilang wangis at anyo, binasbasan Niya ang Kanyang mga anak, na nagsasabing, “Maging [mabunga], at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at supilin ito, at magkaroon kayo ng kapangyarihan . . . sa bawat kinapal na gumagalaw sa lupa.”<sup>1</sup> Kaya, nagsimula ang ating buhay sa lupa na may banal na utos at basbas. Inutusan tayo ng isang mapagmahal na Ama at binasbasan tayo na maging mabunga at magpakarami at magkaroon ng kapangyarihan upang tayo ay umunlad at maging katulad Niya.

Mga kapatid, ngayong hapon nawa’y manampalataya kayo at ipagdasal ninyo ako habang nagbabahagi ako sa inyo ng ilang ideya tungkol sa tatlong mahahalagang katangian ng ating likas na kabanalan. Dalangin ko na lahat tayo ay mas lubos na maunawaan at matupad ang ating sagradong

responsibilidad—ang utos ng ating Ama—na magkaroon tayo ng likas na kabanalan upang mas matagumpay tayong makapaglakbay sa buhay at matamo natin ang ating banal na tadhana.

#### Una, Inutusan Tayo ng Diyos na Maging Mabunga

Ang isang mahalagang bahagi ng pagiging mabunga na hindi napapan-sin kung minsan ay sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos sa lupa. Itinuro ng Tagapagligtas:

“Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako’y sa kaniya, ay siyang nagbunga ng marami: sapagka’t kung kayo’y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa. . . .

“Kung kayo’y magsipanatili sa akin, at ang mga salita ko’y magsipanatili sa inyo, ay hingin ninyo ang anomang inyong ibigin, at gagawin sa inyo.

“Sa ganito’y lumuluwalhati ang aking Ama, na kayo’y magsipagbunga ng marami; at gayon kayo’y magiging aking mga alagad.”<sup>2</sup>



Nagiging mabunga tayo kapag nana-tili tayo kay Cristo at “[tinaglay natin] sa [ating sarili ang Kanyang] pangalan [at] . . . [pinaglingkuran] siya hanggang wakas”<sup>3</sup> sa pamamagitan ng pagtulong sa iba na lumapit sa Kanya.

Sa ating panahon, patuloy na nilalakasan ng mga buhay na propeta at apostol ang kanilang tinig upang anyayahan ang bawat isa sa atin na maging lubos na abala sa gawain ng kaligtasan ayon sa ating kakayahan at mga pagkakataon.

Ang una sa dapat gawin na nagbunga ng marami ay maging “maamo at may mapagpakumbabang puso.”<sup>4</sup> Sa gayo’y mas lubos tayong makakalapit kay Cristo kapag nakinig tayo sa mga panghihikayat ng Banal na Espiritu at tinutupad natin ang lahat ng tipan na ginawa natin.<sup>5</sup> Maaari nating hangarin at tanggapin ang kaloob na pag-ibig sa kapwa at magkaroon ng lakas na anyayahan ang ating sariling pamilya, mga ninuno, at miyembro at di-miyembrong mga kapitbahay at kaibigan na tanggapin ang ebanghelyo ni Jesucristo.

Ang paggawa nang may diwa ng pag-ibig sa kapwa ay hindi isang tungkulin kundi isang kagalakan. Ang mga hamon ay nagiging mga pagkakataong palaguin ang pananampalataya. Tayo ay nagiging “mga saksi ng [kabutihan ng] Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan [tayo] maaaring naroroon, maging hanggang kamatayan.”<sup>6</sup>

Lahat tayo ay maaari at nararapat maging lubos na abala sa gawain ng kaligtasan. Ibinigay na sa atin ng Tagapagligtas ang sumusunod na responsibilidad na may pangako: “Kayo’y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo’y magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong bunga: upang ang anomang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan, ay maibigay niya sa inyo.”<sup>7</sup>

#### **Pangalawa, Inutusan Tayo ng Diyos na Magpakarami**

Ang ating pisikal na katawan ay isang biyaya mula sa Diyos. Tinanggap natin ito para isakatuparan ang gawain ng Ama sa Langit na “isakatuparan



ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao.”<sup>8</sup> Ang katawan ang daan para matamo natin ang ating banal na potensyal.

Ang katawan ay nagbibigay-kakayahan sa masunuring mga espiritung anak ng Ama sa Langit na mabuhay sa lupa.<sup>9</sup> Ang pag-aanak ay nagbibigay ng pagkakataon sa iba pang mga espiritung anak ng Diyos na maranasan din ang buhay sa lupa. Lahat ng isinilang sa mortalidad ay may pagkakataong umunlad at mapadakila kung susundin nila ang mga utos ng Diyos.

Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ang institusyong inorden ng Diyos para isakatuparan ang utos na magpakarami. Ang pakikipagrelasyon sa kaparehong kasarian ay hindi nagpaparami.

Ang legal at ayon sa batas na kasal na ibinuklod sa templo at kung saan iginagalang ang mga tipan sa pagbubuklod ay nagbibigay sa mga magulang at sa kanilang mga anak ng pagkakataong maranasan nang husto ang pagmamahalan at paghahanda para sa isang buhay na mabunga. Nagbibigay ito sa kanila ng ulirang kapaligiran kung saan maaari nilang tuparin ang mga tipan na ginawa nila sa Diyos.

Dahil sa Kanyang pagmamahal sa atin, niloob ng Ama sa Langit na lahat

ng Kanyang tapat na anak na hindi natatamasa o hindi matamasa ang mga pagpapala ng kasal sa tipan at pagkakaroon ng mga anak o ang kaganapan ng mga pagpapalang iyon nang hindi sila ang may kagagawan, ay matatamasa ang mga pagpapalang ito sa takdang panahon ng Panginoon.<sup>10</sup>

Pinayuhan ng mga buhay na propeta at apostol ang lahat ng may pagkakataong pumasok sa tipan ng walang-hanggang kasal na humayo nang may katalinuhan at pananampalataya. Hindi natin dapat ipagpaliban ang sagradong araw na iyon dahil sa mga makamundong mithiin o kaya ay magtakda ng napakataas na ekspektasyon kaya hindi nagiging karapat-dapat ang lahat ng posibleng mapangasawa.

Sa lahat ng nabuklod sa tipan ng walang-hanggang kasal at nagbunga sa pamamagitan ng pagtupad ng kanilang mga tipan ang pangako ay hinding-hindi magkakaroon ng kapangyarihan ang kaaway na sirain ang katatagan ng kanilang walang-hanggang pagsasama.

#### **Pangatlo, Inutusan Tayo ng Diyos na Supilin ang Lupa**

Ang supilin ang lupa at magkaroon ng kapangyarihan sa lahat ng bagay na may buhay ay ang pamahalaan ang mga bagay na ito upang masunod



nila ang kalooban ng Diyos<sup>11</sup> habang ginagamit ang mga ito para sa layunin ng Kanyang mga anak. Kasama sa pagsupil ang pagpigil sa sarili nating katawan.<sup>12</sup> *Hindi* kasama rito ang pagiging kaawa-awang mga biktima ng mga bagay na ito o paggamit dito nang taliwas sa kalooban ng Diyos.<sup>13</sup>

Ang pagkakaroon ng kakayahang supilin ang mga bagay sa lupa ay nagsisimula sa pagpapakumbabang kilalanin ang ating kahinaan bilang tao at ang kapangyarihang bigay sa atin sa pamamagitan ni Cristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala. Sapagkat “winika ni Cristo: Kung kayo ay magkakaroon ng pananampalataya sa akin, magkakaroon kayo ng kapangyarihang gawin kahit na anong bagay na kapaki-pakinabang sa akin.”<sup>14</sup> Ang kapangyarihang ito ay napapasaatin kapag pinili nating sundin ang Kanyang mga utos. Nag-iibayo ang ating kakayahan sa pamamagitan ng paghahangad sa mga kaloob ng Espiritu at pagpapaunlad ng ating mga talento.

Ako ay isinilang at lumaki sa abang sitwasyong karaniwan sa maraming pamilya sa Africa. Nagkaroon ako ng kakayahang iahon ang sarili ko mula sa sitwasyong iyon sa pamamagitan ng paghahangad at pagtatamo ng mabuting edukasyon, at sa mapag-arugang tulong ng aking mga magulang. Ang pagkakaroon ng pananaw tungkol sa maaari kong marating ay naging mahalaga sa aking pag-unlad. Kalaunan, noong bagong kasal kaming mag-asawa, natagpuan namin ang ipinanumbalik na ebanghelyo, na patuloy na nagdudulot ng espirituwal na patnubay sa aming buhay. Gaya ng lahat ng pamilya,

mayroon kaming mga pagsubok at hamon. Ngunit nang humingi kami ng tulong sa Panginoon, natagpuan namin ang mga sagot na naghatid ng kapayapaan at kapanatagan, at nakakayanan namin ang mga bagay na ito.

Ang mga hamong kinakaharap ng lipunan ngayon, kabilang na ang imoralidad, pornograpiya, digmaan, polusyon, droga, at karalitaan, ay lumalaganap dahil marami sa mundo ang pumiling sumunod sa “kagustuhan ng diyablo at ng laman”<sup>15</sup> sa halip na sa kalooban ng Diyos. “Hindi nila hinanap ang Panginoon upang itatag ang kanyang kabutihan, kundi ang bawat tao ay lumalakad sa sarili niyang paraan, at alinsunod sa larawan ng sarili niyang diyos, na kung kaninong larawan ay kahalintulad ng daigdig.”<sup>16</sup>

Gayunman, inaanyayahan ng Diyos ang *lahat* ng Kanyang anak na hingin ang tulong Niya para madaig at matiis ang mga hamon sa buhay na ito sa mga salitang ito:

“Ako ang Diyos; ako ang lumikha ng daigdig, at ng mga tao bago pa sila napasalaman.

“. . . Kung ikaw ay babaling sa akin, at makikinig sa aking tinig, at maniniwala, at magsisisi sa lahat ng iyong paglabag, at magpapabinyag, maging sa tubig, sa pangalan ng aking Bugtong na Anak, . . . ikaw ay tatanggap ng kaloob na Espiritu Santo, hinihiling ang lahat ng bagay sa kanyang pangalan, at kung ano man ang iyong hihilingin, ito ay ibibigay sa iyo.”<sup>17</sup>

Ang matatapat na Banal sa mga Huling Araw na nakauunawa sa kanilang banal na potensyal at umaasa nang buong puso sa kapangyarihang natatamo mula sa Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo ay napapalakas sa kanilang likas na kahinaan at “[naga]gawa ang lahat ng bagay.”<sup>18</sup> Nabibigyan sila ng kakayahang madaig ang mga pang-aakit ng kasamaan na naglagay sa marami sa pagkaalipin ng kaaway. Itinuro ni Pablo na:

“Tapat ang Dios, [at] hindi niya itutulot na kayo’y tuksuhin ng higit sa inyong makakaya; kundi kalakip din ng tukso ay gagawin naman ang



paraan ng pagilag, upang ito’y inyong matiis.”<sup>19</sup>


“Palibhasa’y nagbata siya sa pagkatukso, siya’y makasasaklolo sa mga tinutukso.”<sup>20</sup>

Inutusan at binasbasan tayo ng Ama sa Langit na maging mabunga, magpakarami, at supilin ang lupa nang tayo ay maging katulad Niya. Naglaan Siya ng tulong upang bawat isa sa atin, ayon sa ating sariling pasiya, ay talagang umunlad upang maging katulad Niya. Dalangin ko na mamuhay tayong lahat sa paraan na magagabayan tayo sa pagtanaw sa ating likas na kabanalan, matatamo natin ang lahat ng ating banal na pribilehiyo, at matutupad ang ating banal na tadhana.

Pinatototohanan ko ang katotohanan na buhay ang Diyos Ama at ang Kanyang Pinakamamahal na Anak, ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo; ang Kanyang maluwal-hating plano ng kaligayahan; at ang mga susing ipinagkaloob niya sa isang buhay na propeta sa lupa ngayon, maging si Thomas S. Monson, na ating minamahal at sinasangayunan. Dalangin ko na nawa’y magkaroon tayo ng kapangyarihang matamasa ang kaganapan ng Kanyang mga pagpapala sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Moises 2:28; tingnan din sa Moises 2:26–27; Genesis 1:26–28.
2. Juan 15:5, 7–8.
3. Doktrina at mga Tipan 20:37.
4. Moroni 7:44.
5. Tingnan sa Mosias 3:19.
6. Mosias 18:9.
7. Juan 15:16.
8. Moises 1:39.
9. Tingnan sa Moises 5:10–11.
10. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 1.3.3; Ezra Taft Benson, “To the Single Adult Sisters of the Church,” *Ensign*, Nob. 1988, 96–97.
11. Tingnan sa Jacob 2:18–19.
12. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 6:19–20; Mga Taga Galacia 5:16–25; I Mga Taga Tesalonica 4:3–7; II Kay Timoteo 2:22.
13. Tingnan sa Jacob 2:12–16, 20–21.
14. Moroni 7:33.
15. 2 Nephi 10:24.
16. Doktrina at mga Tipan 1:16.
17. Moises 6:51–52.
18. Alma 26:12.
19. I Mga Taga Corinto 10:13.
20. Sa Mga Hebreo 2:18.



Ni Elder Russell M. Nelson

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

## Ang Sabbath ay Kaluguran

*Paano ninyo matitiyak na ang asal at kilos ninyo sa araw ng Sabbath ay maghahatid ng saya at galak?*

Mahal kong mga kapatid, ang dalawang araw ng kumperensya ay naging kasiya-siya. Pinasigla tayo ng nakakapukaw na musika at ng magagandang panalangin. Ang ating mga espiritu ay pinagtibay ng mga mensahe ng liwanag at katotohanan. Sa Linggo ng Pagkabuhay na ito, tayo ay sama-sama at taos-pusong nagpapasalamat muli sa Diyos para sa propeta!

Ang tanong para sa bawat isa sa atin ay: dahil sa mga narinig at naramdaman ko sa kumperensyang ito, paano ako magbabago? Anuman ang inyong maging sagot, inaanyayahan ko rin kayo na suriin ang inyong mga saloobin, at ikinikilos sa araw ng Sabbath.

Nakasiya sa akin ang mga salita ni Isaias, na tinawag ang Sabbath na “kaluguran.”<sup>1</sup> Ngunit itinatanong ko rin sa aking sarili kung totoo nga bang kaluguran ang Sabbath para sa inyo at para sa akin?

Una akong nakahanap ng kaluguran sa Sabbath maraming taon na ang nakalipas nang, bilang isang abalang siruhano, nalaman ko na ang Sabbath ay naging araw para sa personal na paggaling. Sa katapusan ng bawat linggo, humahapdi ang aking mga

kamay dahil sa paulit-ulit na pagkuskos dito gamit ang sabon, tubig, at matigas na brush. Kailangan ko ring mapahinga mula sa napakaraming gawaing dulot ng mahirap na propesyon. Lubos na pahinga ang bigay ng araw ng Linggo.

Ano ang ibig sabihin ng Tagapagligtas noong sabihin Niya na “ginawa ang sabbath ng dahil sa tao, at di ang tao ng dahil sa sabbath?”<sup>2</sup> Naniniwala ako na nais Niyang maunawaan natin na ang Sabbath ay handog Niya sa atin, na nagbibigay ng tunay na pahinga mula sa hirap ng pang-araw-araw na buhay at pagkakataon para sa panibagong lakas na espirituwal at pisikal. Ibinigay ng Diyos sa atin ang natatanging araw na ito, hindi para sa paglilibang o pagtatrabaho kundi para magpahinga mula sa tungkulin, at magkaroon ng kapahingangan ang katawan at espiritu.

Sa Hebreo, ang ibig sabihin ng salitang *Sabbath* ay “pahinga.” Ang layunin ng Sabbath ay sinimulan noong Paglikha ng daigdig, nang pagkatapos ng anim na araw ng paggawa, ang Panginoon ay nagpahinga mula sa paglikha.<sup>3</sup> Noong Kanyang ipahayag ang Sampung Utos kay Moises, iniutos ng Diyos na ating “alalahanin ang araw



ng sabbath upang ipangilin.”<sup>4</sup> Pagkatapos, ang Sabbath ay ipinangilin bilang pag-alaala sa pagpapalaya sa Israel mula sa pagkaalipin sa Egipto.<sup>5</sup> Marahil ang pinakaimportante, ang Sabbath ay ibinigay bilang walang-hanggang tipan, isang patuloy na palala na mapapabanal ng Panginoon ang Kanyang mga tao.<sup>6</sup>

Maliban diyan, ngayon ay nakikibahagi tayo ng sakramento sa araw ng Sabbath bilang pag-alaala sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.<sup>7</sup> Muli, tayo ay nakikipagtipan na handa tayong taglayin ang Kanyang banal na pangalan.<sup>8</sup>

Ipinakilala ng Tagapagligtas ang Kanyang Sarili bilang Panginoon ng Sabbath.<sup>9</sup> Ito ay Kanyang araw! Paulit-ulit Niyang hiniling sa atin na *ipangilin* ang Sabbath<sup>10</sup> o *gawing banal* ang araw ng Sabbath.<sup>11</sup> Tayo ay nakikipagtipan na gawin ito.

Paano ba natin *ginagawang banal* ang araw ng Sabbath? Noong ako ay bata pa, pinag-aralan ko ang listahan na ginawa ng ibang tao tungkol sa bagay na dapat gawin at *hindi* dapat gawin sa araw ng Sabbath. Kalaunan ko lang natutuhan mula sa mga banal na

kasulatan na ang aking kilos at pag-uugali sa Sabbath ay dapat na maging *tanda* sa pagitan ko at ng aking Ama sa Langit.<sup>12</sup> Dahil sa pagkaunawang iyon, hindi ko na kailangan ng mga listahan ng mga dapat at mga hindi dapat gawin. Kapag kailangan kong magpasiya kung ang isang aktibidad ay angkop o hindi sa araw ng Sabbath, tinatanong ko lang ang aking sarili, “Anong *tanda* ang nais kong ibigay sa Diyos?” Sa tanong na

iyon naging napakalinaw sa akin ang mga dapat piliin sa araw ng Sabbath.

Kahit na ang doktrina ukol sa araw ng Sabbath ay nagsimula noong unang panahon, ito ay ipananumbalik sa mga huling araw na ito bilang bahagi ng bagong tipan na may pangako. Pakinggan ang kapangyarihan ng banal na utos na ito:

“At upang lalo pa ninyong mapag-ingatan ang inyong sariling walang bahid-dungis mula sa sanlibutan, kayo ay magtungo sa palangin at ihandog ang inyong sakramento sa aking banal na araw;

“Sapagkat katotohanang ito ay araw na itinakda sa inyo upang magpahinga mula sa inyong mga gawain, at iukol ang inyong mga pananalangin sa Kataas-taasan. . . .

“At sa araw na ito . . . ihanda ang inyong pagkain nang may katapatan ng puso upang ang inyong pag-aayuno ay maging ganap, . . . upang ang inyong kagalakan ay malubos . . .

“At yayamang ginagawa [ninyo] ang mga bagay na ito nang may pasasalamat, nang may maligayang mga puso at mukha . . . ang kabuuan ng mundo ay sa inyo.”<sup>13</sup>

Isipin ang saklaw ng pahayag na iyan! Ang kabuuan ng mundo ay ipinangako sa kanila na nagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath.<sup>14</sup> Hindi nakapagtataka na tinawag ni Isaias ang Sabbath na “kaluguran.”



Paano ninyo matitiyak na ang asal at kilos ninyo sa araw ng Sabbath ay maghahatid ng saya at galak? Bukod sa inyong pagpunta sa simbahan, sa pakikibahagi sa sakramento, at sa pagiging masipag sa kani-kanyang tungkuling maglingkod, ano pa ang ibang gawain na makakatulong para magawang kaluguran ang Sabbath para sa inyo? Ano ang tanda na ibibigay ninyo sa Panginoon para maipakita ang pagmamahal ninyo sa Kanya?

Ang Sabbath ay nagbibigay ng magandang pagkakataon para patibayin ang ugnayan ng pamilya. Walang alinlangang nais ng Diyos na ang bawat isa sa atin, bilang Kanyang mga anak, ay makabalik sa Kanya bilang mga Banal na tumanggap ng endowment, na ibinuklod sa mga templo bilang mga pamilya, sa ating mga ninuno, at sa ating mga inapo.<sup>15</sup>

Ginagawa nating kaluguran ang Sabbath kung tayo ay nagtuturo ng ebanghelyo sa ating mga anak. Ang ating responsibilidad bilang mga magulang ay malinaw. Sinabi ng Panginoon, “Yayamang ang mga magulang ay may mga anak sa Sion, . . . na *hindi nagtuturo sa kanila* na maunawaan ang doktrina ng pagsisisi, pananampalataya kay Cristo ang Anak ng buhay na Diyos, at ng pagbibinyag at ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, pagsapit ng walong taong gulang, ang kasalanan ay nasa ulo ng mga magulang.”<sup>16</sup>

Ilang taon na ang nakalipas binigyang-diin ng Unang Panguluhan ang kahalagahan ng pag-uukol ng sapat na panahon sa pamilya. Isinulat nila:

“Nananawagan kami sa mga magulang na mag-ukol ng kanilang pinakamatinding pagsisikap sa pagtuturo at pagpapalaki ng kanilang mga anak sa mga alituntunin ng ebanghelyo na magpapanatili sa kanila sa Simbahan. Ang tahanan ang batayan ng matwid na buhay, at wala nang ibang kaparaanan na makakapalit sa lugar nito o makakaganap sa mahalagang tungkulin nito sa pagpapatupad ng responsibilidad na ibinigay ng Diyos.



“Aming ipinapayo sa mga magulang at mga anak na gawing pinakamataas na priyoridad ang panalangin ng pamilya, family home evening, pag-aaral at pagtuturo ng ebanghelyo, at makabuluhan na mga gawaing pampamilya. Kahit na karapat-dapat at naaangkop ang ibang pangangailangan o gawain, ang mga ito ay hindi dapat payagang pumalit sa banal na tungkulin na tanging mga magulang at mga pamilya lamang ang sapat na makakagawa.”<sup>17</sup>

Nang pagnilayan ko ang payong ito, halos hilingin ko na sana ay isa akong batang ama muli. Ngayon, ang mga magulang ay mayroong magagandang mapagkukunang materyal na magagamit para matulungan silang gawing mas makabuluhan ang oras sa pamilya, tuwing Sabbath at sa ibang araw din. Mayroon silang LDS.org, Mormon.org, mga Bible video, Mormon Channel, Media Library, *Friend*, *New Era*, *Ensign*, *Liahona*, at maraming-marami pang iba. Ang mga mapagkukunan na ito ay talagang makakatulong sa mga magulang sa pagtupad ng kanilang banal na tungkulin na turuan ang kanilang mga anak. Wala nang iba pang gawain ang hihigit kaysa sa pagiging mabuti at lubos na nangangalagang magulang.

Sa pagtuturo ninyo ng ebanghelyo, marami kayong matututuhan. Ito ang paraan ng Panginoon para tulungan

kayong maunawaan ang Kanyang ebanghelyo. Sinabi niya:

“Binibigyan ko kayo ng kautusan na turuan ninyo ang isa’t isa ng doktrina ng kaharian.

“Masigasig kayong magturo . . . , upang kayo ay lalong ganap na matagubilinan . . . sa doktrina, sa batas ng ebanghelyo, sa lahat ng bagay na nauukol sa kaharian ng Diyos.”<sup>18</sup>

Ang pag-aaral ng ebanghelyo ay ginagawang kaluguran ang Sabbath. Ang pangakong ito ay nauukol sa pamilya gaano man kalaki ito, sino man ang mga miyembro nito, o saan man ito naroon.

Maliban pa sa oras na kasama ang pamilya, makakaranas kayo ng tunay na kaluguran sa Sabbath sa paggawa ng family history. Ang pagsasaliksik at paghahanap ng mga kapamilya na pumanaw na sa mundong ito—sila na hindi nagkaroon ng pagkakataon na tanggapin ang ebanghelyo habang naririto—ay maaaring makapagdulot ng malaking kagalakan.

Nakita ko ito sa sarili kong buhay. Ilang taon na ang nakalipas, ang aking mahal na asawa, si Wendy, ay nagpasiyang matuto kung paano magsaliksik ng family history. Sa una ay mabagal siya, ngunit paunti-unti, natutuhan niya kung gaano kadalang gawin ang sagradong gawaing ito. At napansin



maging ganap sa kanya, at pagkaitan ang inyong sarili ng lahat ng kasamaan; at kung inyong pagkakaitan ang sarili ng lahat ng kasamaan, at iibigin ang Diyos nang buo ninyong kakayahan, pag-iisip at lakas, kung magkagayon . . . kayo ay pinabanal kay Cristo.”<sup>24</sup>

Dama ang pagmamahal sa aking puso, iniwan ko ito sa inyo bilang aking panalangin, patotoo, at basbas sa banal na pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Isaias 58:13.
2. Marcos 2:27.
3. Tingnan sa Genesis 2:2–3.
4. Exodo 20:8; tingnan din sa Deuteronomio 5:12; Mosias 13:16; 18:23.
5. Tingnan sa Deuteronomio 5:14–15. Ang mga tao na pinipiling magtrabaho nang pitong araw sa isang linggo ay parang alipin—sa trabaho o marahil sa pera, alinman dito ay mga alipin pa rin. Ang isang milyo-naryo na nagtatrabaho nang pitong araw sa isang linggo ay isang mayamang alipin.
6. Tingnan sa Exodo 31:13, 16.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 59:12. Bago ang Kanyang Pagkapako sa Krus, sinimulan ng Panginoon ang sakramento sa Kanyang mga disipulo sa Kapistahan ng Paskua (tingnan sa Mateo 26:26–28; Marcos 14:22–24). Ang nabuhay na mag-uling Panginoon ay itinatag ang sakramento bilang pag-alaala sa Kanyang Pagbabayad-sala sa kanyang mga tao sa sinaunang Amerika (tingnan sa 3 Nephi 18:1–12; Moroni 4:1–3; 5:2) at ipinanumbalik ito sa panahon ngayon (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:77, 79). Ang pagtanggap ng sakramento ay nagpapanibago ng ating tipan na ginawa sa binyag na susundin ang Kanyang mga utos (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:68).
8. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:37, 77.
9. Tingnan sa Mateo 12:8; Marcos 2:28; Lucas 6:5.
10. Tingnan sa Exodo 31:13; Levitico 19:3, 30; 26:2; Doktrina at mga Tipan 68:29.
11. Tingnan sa Ezekiel 20:20; 44:24.
12. Tingnan sa Exodo 31:13; Ezekiel 20:12, 20.
13. Doktrina at mga Tipan 59:9–10, 13, 15–16.
14. Tingnan sa Levitico 26:2–4.
15. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 128:15–18.
16. Doktrina at mga Tipan 68:25; idinagdag ang pagbibigay-diin; tingnan din sa Moises 6:58–62.
17. Liham ng Unang Panguluhan, Peb. 11, 1999; sinipi sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 1.4.1.
18. Doktrina at mga Tipan 88:77–78.
19. Tingnan sa Isaias 61:1; Doktrina at mga Tipan 128:22; 138:57–59.
20. Tingnan sa Mateo 25:35–40.
21. Isaias 58:13–14; idinagdag ang pagbibigay-diin.
22. Tingnan sa Mosias 2:21.
23. Tingnan sa I Kay Timoteo 4:12.
24. Moroni 10:32–33.

ko na naging mas masaya siya. Kayo man ay hindi na kailangan pang pumunta sa ibang bansa o kahit sa family history center. Sa bahay, gamit ang computer o mobile device, maaari ninyong matukoy ang mga kaluluwa na sabik nang magawan ng mga ordenansa. Gawin ang Sabbath na kaluguran sa pamamagitan ng paghahanap at pagpapalaya sa kanila na mga nasa bilangguan ng mga espiritu!<sup>19</sup>

Gawin ang Sabbath na kaluguran sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba, lalo na silang may mga karamdaman o nalulungkot o nangangailangan.<sup>20</sup> Ang pagpapasigla sa kanilang mga espiritu ay magpapasigla rin sa inyo.

Noong inilarawan ni Isaias ang Sabbath bilang “kaluguran,” itinuro din niya sa atin kung paano ito gagawing kalugud-lugod. Sinabi niya:

“Kung iyong iurong ang . . . pag-gawa ng iyong kalayawan sa aking banal na kaarawan; at iyong tawagin ang sabbath na kaluguran, . . . at iyong pararangalan [ang Panginoon], na hindi ka lalakad sa iyong mga sariling lakad, ni hahanap ng iyong sariling kalayawan, ni magsasalita ng iyong mga sariling salita:

“Kung magkagayo’y malulugod ka nga sa *Panginoon*.”<sup>21</sup>

Ang hindi paghahangad na gawin ang “iyong kalayawan” sa Sabbath ay nangangailangan ng disiplina sa sarili.

Maaaring pagkaitan ninyo ang inyong sarili ng anumang gusto ninyo. Kung pipiliin ninyong malugod ang inyong sarili sa *Panginoon*, hindi ninyo ituturing ang Sabbath na pangkaraniwang araw. Ang mga gawain at libangang karaniwang ginagawa ay maaaring gawin sa ibang araw.

Isipin ito: Sa pagbabayad ng ikapu, ibinabalik natin sa Panginoon ang ikasampung bahagi ng ating kinita. Sa pagpapanatiling banal ng Sabbath, inilalaan natin para sa Kanya ang isang araw sa pitong araw. Kaya pribilehiyo nating maglaan ng pera at panahon para sa Kanya na nagpapahiram sa atin ng buhay bawat araw.<sup>22</sup>

Ang pananampalataya sa Diyos ay nagbubunga ng pagmamahal sa Sabbath; ang pananampalataya sa Sabbath ay nagbubunga ng pagmamahal sa Diyos. Ang banal na Sabbath ay tunay na kaluguran.

Ngayon, sa malapit na pagtatapos ng kumperensyang ito, alam natin na saan man tayo nakatira na dapat tayong maging mga halimbawa ng mga nagsisisampalataya sa ating mga pamilya, kapitbahay, at kaibigan.<sup>23</sup> Ang mga tunay na nagsisisampalataya ay pinapanatiling banal ang araw ng Sabbath.

Magtatapos ako sa pakiusap ni Moroni bilang pamamaalam, nang matapos niya ang Aklat ni Mormon. Isinulat niya, “Lumapit kay Cristo, at

## Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya

Ang sumusunod na listahan ng mga piling karanasan mula sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya ay maaaring gamitin sa personal na pag-aaral, family home evening, at iba pang pagtuturo. Ang numero ay tumutukoy sa unang pahina ng mensahe.

Tagapagsalita	Kuwento
<b>Neil L. Andersen</b>	(119) Sinabi ni dating Elder Thomas S. Monson kay Neil L. Andersen na ang Panginoon ay nagbukas ng mga pintuan at nagsasagawa ng mga himala. Ang pananampalataya ng isang mag-asawa sa Thailand ay nanatiling matatag matapos maparalisa ang lalaki. Pagkatapos ng pulong sa Ivory Coast, dalawang mag-asawang Banal sa mga Huling Araw ang nagtayo ng kaharian ng Diyos doon.
<b>Wilford W. Andersen</b>	(54) Sinabi ng isang Katutubong Amerikano sa isang doktor na matuturuan niya ang doktor na sumayaw ngunit kailangan niyang pakinggan ang musika.
<b>David A. Bednar</b>	(46) Noong bata pa siya, natakot mabilanggo si David A. Bednar nang mabasag niya ang bintana ng isang tindahan.
<b>Linda K. Burton</b>	(29) Sinabi ng isang ama sa kanyang mga anak na magiging ligtas sila kung mananatili sila sa loob ng bakod na yari sa pisi na nakapaligid sa kanilang bakuran. Ginabayan ng Panginoon ang isang sister sa paglikha nilang mag-asawa ng isang tahanan kung saan malugod na tatanggapin ang Espiritu.
<b>Gérald Caussé</b>	(98) Matapos tumira nang 22 taon sa Paris area, natanto ng pamilya Caussé na hindi nila nabisita ang Eiffel Tower kahit kailan. Naglakad nang mahigit 300 milya (480 km) ang tatlong lalaking African para dumalo sa isang district conference, magbayad ng ikapu, at bumili ng mga kopya ng Aklat ni Mormon.
<b>D. Todd Christofferson</b>	(50) Hinikayat at ipinagdasal ni D. Todd Christofferson ang isang babae na nakaramdam ng kakulangan bilang ina.
<b>L. Whitney Clayton</b>	(36) Nakita ng isang pitong-taong-gulang na batang babae na nakaligtas sa isang bumagsak na eroplano ang isang liwanag sa malayo hanggang sa makarating siya roon nang ligtas.
<b>Quentin L. Cook</b>	(62) Napatay ang sundalong tiyo ni Quentin L. Cook sa pakikipaglaban noong World War II. Isang miyembro ng Simbahan na Samoan na nais ipagdasal ang kanyang karamdaman ang nakipagkita sa doktor upang alamin kung ano ang sakit niya.
<b>Cheryl A. Esplin</b>	(8) Dumalo si Cheryl A. Esplin sa isang miting kung saan nalaman ng kababaihan na ang katotohanan at ang Espiritu Santo ay nagbibigay ng lakas sa kanilang tahanan at pamilya na mapaglaban ang kasamaan. Tumanggap ng malakas na impresyon ang kapatid na babae ng lolo-sa-tuhod ni Cheryl A. Esplin tungkol sa pagbabahagi ng kanyang patotoo.
<b>Henry B. Eyring</b>	(17) Naghatid ng kapanatagan at lakas ang Espiritu Santo sa nagdadalamhating mga magulang ng isang batang lalaking namatay sa isang aksidente. (22) Nadama ni Henry B. Eyring na mapalad siya na maaaring makatulong ang kanyang fast offering sa mga Banal sa Vanuatu na winasak ng bagyo. Pinasalaman ng isang sister ang mga fast offering na nakatulong sa kanya at sa iba pang mga miyembro ng Simbahan noong may digmaang sibil sa Sierra Leone. (84) Habang nangongolekta ng mga fast offering ang 13-taong-gulang na si Henry B. Eyring, pinaalis siya ng isang lalaki. Nagkainspirasyon si Henry B. Eyring na basbasan ang isang sugatang bata para mabuhay. Binigyang-inspirasyon ng Espiritu Santo ang isang lalaking malapit nang mamatay na maglingkod sa kanyang tungkulin at madama ang bigat ng pasanin ng kanyang bishop.
<b>Larry M. Gibson</b>	(77) Ang ama ni Larry M. Gibson ay binigyan siya ng dolyar na pilak para ipaalala sa kanya ang kanyang walang-hanggang tadhana. Naglakad si Larry M. Gibson nang 50 milya (80 km) sa loob ng 19 na oras kasama ang kanyang mga anak.
<b>Jeffrey R. Holland</b>	(104) Iniligtas ng isang binatilyo ang kanyang kuya mula sa pagkahulog sa gilid ng bangin sa pagsungab sa kanyang mga pulsuhan at paghatak sa kanya tungo sa kaligtasan.
<b>Thomas S. Monson</b>	(88) Bilang deacon, nadama ni Thomas S. Monson na mapalad siyang makapagdala ng sakramento sa isang lalaking maysakit. Napamahal kay Thomas S. Monson ang Aklat ni Mormon matapos niyang dalawin ang puntod ni Martin Harris. Habang nasa navy, binigyan ni Thomas S. Monson ng basbas ng priesthood ang isang kaibigan, na gumaling. (91) Matapos manalangin sa templo tungkol sa pagbalik sa kanyang misyon, tumanggap ng katiyakan ang isang binata mula sa isang returned missionary na doon din nagmisyon.
<b>Brent H. Nielson</b>	(101) Patuloy na minahal ni Brent H. Nielson at ng mga miyembro ng kanyang pamilya ang isang di-gaanong aktibong kapamilya para bumalik ito sa Simbahan.
<b>Bonnie L. Oscarson</b>	(14) Nanindigan ang isang dalaga sa Italy noong 1850 sa harap ng mga mandurumog. Ipinagtatanggol ng anak na babae ni Bonnie L. Oscarson ang pagiging ina sa paaralan ng kanyang mga anak.
<b>Boyd K. Packer</b>	(26) Naghintay si Boyd K. Packer sa labas ng silid-aralan sa kolehiyo ng kanyang magiging asawang si Donna Smith para mabigyan siya nito ng isang cookie at isang halik.
<b>Kevin W. Pearson</b>	(114) Ipinagdasal ni Pangulong Heber J. Grant na manatili siyang tapat hanggang wakas. Nagbitiw sa trabaho si Kevin W. Pearson para tanggapin ang tawag na maging mission president.
<b>Rafael E. Pino</b>	(117) Natutuhan ng mga anak ni Rafael E. Pino na pahalagahan ang pagtanaw mula sa malayo sa isang palabas sa telebisyon at sa isang jigsaw puzzle. Tinanong ng isang batang lalaki si Michelangelo kung paano niya nalaman na ang pigura ni David ay nasa isang bloke ng marmol.
<b>Dale G. Renlund</b>	(56) Tinuruan ng isang ina sa South Africa ang kanyang anak na babae ng pagpaparaya. Nakatanggap ng impresyon ang isang missionary na tumulong sa kanya na pagpasensyahan ang kanyang kompanyon.
<b>Michael T. Ringwood</b>	(59) Nalaman ni Michael T. Ringwood sa kanyang misyon at sa seminary na ang pinakamahalagang paglilingkod ay karaniwang Diyos lamang ang kumikilala.
<b>Ulisses Soares</b>	(70) Binalaan ng isang deacon ang kanyang mga kaklase tungkol sa pornograpiya. Natutuhan ni Ulisses Soares sa kanyang misyon na hindi maaaring hadlangan ng kasamaan ang kapangyarihan ng patotoo ng isang disipulo.
<b>Joseph W. Sitati</b>	(126) Iniahon ni Joseph W. Sitati ang kanyang sarili mula sa abang kalagayan sa pagtatamo ng magandang edukasyon.
<b>Carole M. Stephens</b>	(11) Binisita ni Carole M. Stephens ang isang Katutubong Amerikanang babae sa Arizona, USA, na itinuturing sa kanyang sarili na isang lola sa lahat ng tao.
<b>Dieter F. Uchtdorf</b>	(80) Bumuo aang isang gobernador sa Russia ng mga kunwa-kunwariang mga magsasaka at tindahan para pahangarin ang bumibisitang mga kinatawan. Nagtakda ng mga mithiin ang mga lider ng stake na nakatuon sa kanilang ministryo.
<b>Rosemary M. Wixom</b>	(93) Muling pinangingas ng isang di-gaanong aktibong sister ang kanyang pananampalataya matapos mag-aral ng ebanghelyo, magbasa ng Aklat ni Mormon, at matanggap ang suporta ng mga miyembro ng pamilya at ward.
<b>Jorge F. Zeballos</b>	(123) Pinayagan ng ama ng 12-taong-gulang na si Jorge F. Zeballos na sumapi sa Simbahan. Tinanggap ng isang tapat na mag-asawa ang kalooban ng Ama sa Langit nang mamatay ang kanilang anak.



## Gawing Bahagi ng Ating Buhay ang Kumperensya

*Isiping gamitin ang ilan sa mga aktibidad at tanong na ito bilang panimula sa talakayan ng pamilya o personal na pagninilay.*

### Para sa mga Bata

- Nagkuwento si Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol na natakot siya nang mabasag niya nang di-sinasadya ang bintana ng isang tindahan malapit sa bahay nila (pahina 46). Pagkatapos ay itinuro niya na kapag tayo ay umasa kay Jesucristo at sumunod sa Kanya, madarama natin ang kapayapaan sa halip na takot. Ano ang magagawa ninyo bawat araw para tulungan ang inyong mga anak na umasa sa Tagapagligtas? Paano ninyo sila matuturuang magpatuloy kay Cristo kahit mahirap ang panahon?
- Nagkuwento si sister Linda K. Burton, Relief Society general president, tungkol sa isang pamilyang lumipat sa isang bagong bahay na walang bakod sa paligid sa bakuran

(pahina 29). Minarkahan ng ama ng pisi ang mga hangganan ng bakuran at sinabi sa kanyang mga anak na magiging ligtas sila kung mananatili sila sa loob ng linya. Sumunod ang mga bata, kahit na tumalbog ang bola sa labas ng pisi. Paano matutulongan ng mga magulang ang mga anak na maging ligtas? Anong mga pagpapala ang dumarating sa pakikinig sa ating mga magulang? Anong mga hangganan ang ibinibigay sa atin ng Ama sa Langit?

- Nagkuwento si Bishop Gérald Caussé, Unang Tagapayo sa Presiding Bishopric, tungkol sa tatlong lalaki sa Africa na naglakad nang dalawang linggo sa mapuputik na landas para dumalo sa isang district meeting (pahina 98)! Namalagi sila roon nang isang linggo para

makabahagi ng sakramento bago umuwi. Pagkatapos ay nagdala sila ng kahun-kahong mga kopya ng Aklat ni Mormon sa kanilang ulo para ibigay sa mga tao sa kanilang nayon. Sa palagay ba ninyo magandang bagay ang ebanghelyo? Anong mga sakripisyo ang handa kayong gawin para ipamuhay ang ebanghelyo?

### Para sa mga Kabataan

- Maraming mensahe sa kumperensyang ito ang nagbigay-diin sa kahalagahan ng pamilya at tahanan. Halimbawa, hiniling ni Sister Bonnie L. Oscarson, Young Women general president, sa mga miyembro ng Simbahan na “ipagtanggol . . . ang tahanan bilang isang lugar na pumapangalawa lamang sa templo sa kabanalan” (pahina 14). Ano ang magagawa ninyo para ipagtanggol ang tahanan? Paano ninyo magagawang sagradong lugar ang inyong tahanan?
- Itinuro ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol na ang ating saloobin at kilos sa araw ng Sabbath ay isang palatandaan sa pagitan natin at ng Ama sa Langit (pahina 129). Habang binabasa ninyo ang mensahe ni Elder Nelson, maaari ba ninyong isipin ang darating na araw ng Linggo at itanong sa inyong sarili, “Anong palatandaan ang gusto kong ibigay sa Diyos?”
- Nagkuwento si Elder Ulisses Soares ng Pitumpu tungkol sa isang deacon na sumunod sa halimbawa ni Kapitán Moroni (pahina 70). Nang makita ng binatilyo na nakatingin ang ilang kaklase niya sa malalawang larawan sa kanilang cell phone, sinabihan niya sila na mali ang ginagawa nila at na dapat silang tumigil. Tumigil ang isa niyang kaibigan. Paano tayo tatanggap ng lakas na piliin ang tama? Paano natin malalaman kung ano ang ligtas na magpasaya sa atin?
- Maaari nating madama na may kapangyarihan tayo sa mga electronic device dahil nagbibigay ito ng access sa halos lahat ng impormasyon at media. Ngunit tumigil na ba kayo at nag-isip kung *sila* ang kumokontrol



sa *inyo*? Sabi ni Elder José A. Teixeira ng Pitumpu, “Nagdudulot ng gin-hawa ang sandaling pagsasantabi ng ating mga electronic device” (pahina 96). Subukan ninyo! Pumili kaagad ng isang araw na wala kayong hawak na device. Maaaring mukhang ito ang huling bagay na gugustuhin ninyong gawin, ngunit magugulat kayo sa mas maraming oras na maiu-ukol ninyo sa pakikipag-usap sa mga kaibigan at pamilya at pagbubuo ng mga alaala sa piling nila.

- Ang pag-aayuno ay isa sa pinakama-iinam na paraan para maging seryoso tungkol sa espirituwal na kapangyarihan. Ipinaalala sa atin ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, na ang pag-aayuno at panalangin ay nagpalakas kay Jesus laban sa mga tukso ni Satanas noong nasa ilang ang Tagapagligtas (pahina 22). Sa susunod na Linggo ng ayuno, subukang sundan ang halimbawa ni Jesus at mag-ayuno nang may layunin. Tatanggap kayo ng banal na tulong at maging ng proteksyon.

#### Para sa Matatanda

- Tinalakay ng ilang tagapagsalita sa kumperensya ang kahalagahan ng kasal at pamilya sa lipunan at sa plano ng kaligtasan. Maaari ninyong sagutin ang limang tanong ni Sister Burton sa pahina 31 at mapanalangin pag-isipan kung paano ninyo higit na maiaangat at mamahalin ang mga taong pinakamalapit sa inyo. Bilang pamilya, talakayin kung paano ninyo higit na maitutuon ang inyong tahanan kay Jesucristo at paano ninyo higit na masusuportahan ang isa’t isa.
- Ipinaalala sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson ang mga pagpapalang nagmumula sa pagpunta at paglingkod sa templo, kabilang na ang espirituwalidad, kapayapaan, at lakas na daigin ang mga tukso at pagsubok (pahina 91). “Sa pagpunta natin sa templo,” wika niya,

“maaaring madagdagan ang ating espirituwalidad at makadarama tayo ng kapayapaan na higit pa sa anumang damdaming maaaring dumating sa puso ng tao.” Ano ang magagawa ninyo para maging mas makabuluhan ang inyong pagdalo sa templo?


- Ang pananampalataya kay Jesucristo ay isang alituntunin ng pagkilos. “Hindi tayo maniniwala sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo ni mananalangin o magbabayad ng ikapu nang hindi sinasadya,” sabi ni Elder L. Whitney Clayton ng Panguluhan ng Pitumpu. “Sadyang pinipili nating maniwala” (pahina 36). Habang binabasa ninyo ang kanyang mensahe at ang mga mensahe nina Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol (pahina 32); Rosemary M. Wixom, Primary general president (pahina 93); Bishop Gérald Caussé (pahina 98); at Elder Kevin W.



Pearson ng Pitumpu (pahina 114), isiping gumawa ng listahan ng mga paraan para mapalakas ang iyong pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo. Pagkatapos ay gumawa ng listahan ng ipinangakong mga pagpapala na nagmumula sa nag-ibayong pananampalataya.

- Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol na ang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas ang bumubuo ng “pinakadakilang pagpapamalas ng dalisay na pag-ibig ba na ipinamalas sa kasaysayan ng mundong ito” (pahina 104). Paano ninyo higit na maipapakita sa inyong mga iniisip, sinasabi, at ginagawa ang pagpapahalaga ninyo sa nagawa ng Tagapagligtas?
- Ipinaliwanag ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ang mahimalang kaloob ng biyaya at ang kahalagahan ng pagsunod at pagsisisi. “Ang pagsisikap na unawain ang biyayang kaloob ng Diyos nang buong puso’t isipan ay nagbibigay sa ating lahat ng mas maraming dahilan para mahalín at sundin ang ating Ama sa Langit nang may kaamuan at pasasalamat,” wika niya (pahina 107). Isiping ituloy ang pag-aaral ninyo tungkol sa biyaya sa pagbasa ng Mga Taga Roma 3:23; 6:1–4; 2 Nephi 25:23, 26; Mosias 2:21; 5:2; 27:25; Alma 34:10, 15; Eter 12:27; at Moroni 10:32. ■





## Tatlong Templo ang Ibinalita

Ang mga templo na nakaplanong itayo sa Port-au-Prince, Haiti; Abidjan, Ivory Coast; at Bangkok, Thailand, ay ibinalita ni Pangulong Thomas S. Monson sa sesyon sa Linggo ng umaga ng pangkalahatang kumperensya. Ito ang unang templo na itatayo sa mga bansang ito. Ang eksaktong mga lugar na pagtatayuan ng mga templo ay ibabalita pa sa mga susunod na araw.

“Kagila-gilalas ang mga pagpapalang naghihintay sa ating matatapat

na miyembro sa mga lugar na ito, at totoo ito sa lahat ng dako ng mundo na may mga templo,” sabi ni Pangulong Monson.

### Port-au-Prince Haiti Temple

Ang Haiti ay tahanan ng mahigit 20,000 Banal sa mga Huling Araw sa bansang may mga 10 milyong katao. Ang gawaing misyonero ay opisyal na nagsimula noong 1980. Ang pinakamalapit na templo ay Santo Domingo Dominican Republic Temple. Bagama’t matatagpuan sa iisang pulo, ang

biyahe papunta sa templong ito ay halos isang araw.

### Abidjan Ivory Coast Temple

Ang Ivory Coast (Côte d’Ivoire) ay tahanan ng mahigit 27,000 miyembro ng Simbahan sa bansang may mga 20 milyong katao. Ang gawaing misyonero ay opisyal na nagsimula noong 1988. Ang pinakamalapit na templo ay Accra Ghana Temple, na 340 milya (550 km) ang layo.

### Bangkok Thailand Temple

Ang Thailand ay tahanan ng halos 19,000 Banal sa mga Huling Araw sa bansang may mga 67 milyong katao. Ang Simbahan ay opisyal na naorganisa sa Thailand noong 1966. Ang Bangkok Thailand Temple ay maglilingkod sa mga Banal sa mga Huling Araw sa Thailand, gayundin sa lahat ng nasa Timog-Silangang Asya. Sa kasalukuyan, ang pinakamalapit na templo sa Thailand ay Hong Kong China Temple, na mahigit 1,000 milya (1,610 km) ang layo.

### Karagdagang mga Balita tungkol sa Templo

Ang mga open house, kultural na pagdiriwang, at petsa ng pagbubukas para sa limang templo ay ibinalita na para sa 2015 sa Córdoba, Argentina; Payson, Utah, USA; Trujillo, Peru; Indianapolis, Indiana, USA; at Tijuana, Mexico. Ang binagong Mexico City Mexico Temple ay muli ring ilalaan sa 2015.

Sa nakalipas na dalawang taon, sinikap ng Simbahan na matapos ang mga templo na nauna nang naibalita noon. Bukod pa sa 3 bagong templo, mayroong 144 templo na ginagamit, 5 nire-renovate, 13 itinatayo na, at 13 ibinalita noon na nasa iba’t ibang bahagi na ng paghahanda bago simulan ang pagtatayo. ■

## Mga Bagong Pinuno Sinang-ayunan

Limang bagong General Authority ang sinang-ayunan sa pangkalahatang kumperensya, para maglingkod sa Unang Korum ng Pitumpu. Sila ay sina Elder Kim B. Clark, Elder Allen D. Haynie, Elder Von G. Keetch, Elder Hugo Montoya, at Elder Vern P. Stanfill.

Sinang-ayunan din ang bagong Young Men general presidency. Si Stephen W. Owen ang maglilingkod bilang Pangulo; Douglas D. Holmes, unang tagapayo; at M. Joseph Brough, pangalawang tagapayo.

Sinang-ayunan din ang isang bagong tagapayo sa Primary general presidency. Si Mary R. Durham ay tinawag na maglingkod bilang pangalawang tagapayo. Si Rosemary M. Wixom ay patuloy na maglilingkod bilang Pangulo, at si Cheryl A. Esplin, na dating naglingkod bilang pangalawang tagapayo, ay maglilingkod ngayon bilang unang tagapayo.

Ang mga talambuhay ng mga bagong tawag na pinuno ay matatagpuan sa mga pahina 140–144. ■



## Si Pangulong Eyring sa Vatican Summit

Si Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ay nanawagan na “muling pag-ibayuhin ang masayang pagsasama ng mag-asawa” sa isang international interreligious summit sa Vatican City na pina-ngasiwaan ng Simbahang Katoliko noong Nobyembre 18, 2014. Nagsama-sama sa okasyon, na may pamagat na “The Complementarity of Man and Woman,” ang mga lider ng relihiyon mula sa 14 na relihiyon at 23 bansa.

“Ang isang lalaki at isang babae, na pinagbuklod ng kasal, ay may pambihirang kakayahang mapasaya ang kanilang sarili, kanilang pamilya, at ang mga taong nakapaligid sa kanila,” sabi ni Pangulong Eyring. ■

## Ang Aklat ni Mormon sa 110 Wika

Sa paglalathala nitong nakaraan sa wikang Kosraean, ang Aklat ni Mormon ay naisalin na ngayon sa 110 wika. Ang Kosrae ay isang isla sa Federated States ng Micronesia.


Ang nailathalang mga Aklat ni Mormon sa wikang Kosraean ay makukuha sa Hulyo 2015. Ang mga digital version ay makukuha na sa LDS.org, gayon din sa Gospel Library at Book of Mormon mobile apps, noong Marso. Ang Simbahan ay naglalabas ngayon ng mga digital version ng mga banal na kasulatan kasabay ng paglilimbag ng mga aklat. Dahil dito nakukuha ng mga miyembro ang bagong naisaling mga banal na kasulatan nang mas maaga.

Ang ilang bagong pagsasalin ng mga banal na kasulatan ay ibabalita sa susunod na dalawang taon. Tatlong bagong pagsasalin ng Aklat ni Mormon at limang karagdagang pagsasalin ng triple combination (ang Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas na nasa iisang edisyon) ang mailalathala sa 2015. Ipapabatid sa mga miyembrong nagsasalita

ng mga wikang iyon kapag mayroon nang digital version. ■



## Q&A Kasama sina Elder at Sister Bednar



### Palakasin ang Pananampalataya sa Pamamagitan ng mga Bible Video

Makakatulong kayo sa pagpapalakas ng pananampalataya kay Jesucristo sa taon na ito—sa inyong sarili at sa iba—sa panonood at pagbabahagi ng *The Life of Jesus Christ Bible Videos* sa BibleVideos.org at sa Bible Videos app.

Ang mga resources na ito na nagpapatibay ng pananampalataya ay ibinigay nang libre sa iba pang mga simbahan sa pagsisikap na ibahagi ang mensahe ng Tagapagligtas sa lahat hanggang sa buong mundo, upang tulungan ang mga manonood na madama ang Kanyang pagmamahal at mahikayat sila na hangarin na maging higit na katulad Niya.

Sa 92 Bible video na gawa ng Simbahan sa nakalipas na tatlong taon, mahigit kalahati ay naisalin sa wikang Espanyol, Portuges, Italian, French, Russian, German, Korean, Japanese, at Chinese mula sa wikang Ingles. ■

Ang mga kabataan sa iba't ibang panig ng mundo ay inaanyayahang makibahagi sa isang live, interactive Face to Face question-and-answer session kasama si Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol at kanyang asawang si Susan.

Ang mga kabataan ay maaaring makibahagi sa pag-uusap sa Mayo 12, 2015, alas-6:00 n.g. Mountain Daylight Time, sa panonood ng live stream sa LDS.org, LDS Youth Facebook page, Youth Activities site ([lds.org/youth/activities](http://lds.org/youth/activities)), o sa YouTube page ng Mormon Channel. Ang brodkast ay isasalin din nang live sa Espanyol, Portuges, Italian, German, French, Russian, Korean, Japanese, at Chinese.

Ang mga kabataan ay hinihikayat na magpadala ng mga tanong sa Youth Activities site bago at sa mismong



araw ng kaganapang ito; maaari din nilang masundan ang pag-uusap sa #LDSface2face.

“Hinihikayat namin ang mga kabataan, habang sila ay naghahanda para sa kaganapang ito, na hangarin ang patnubay ng Espiritu sa pag-iisip ng maaari nilang itanong,” sabi ni Elder Bednar. “Kapag nasa atin ang Espiritu, lahat tayo ay sabay-sabay na matututo.” ■

### Debosyonal para sa mga Young Adult

Si Elder Lynn G. Robbins ng Pangu-luhan ng Pitumpu ay magsasalita sa isang pandaigdigang debosyonal para sa mga young adult na ibobrodkast sa araw ng Linggo, Mayo 3, 2015, alas-6:00 n.g. Mountain Daylight Time. Ang brodkast ay pangalawa sa tatlong pandaigdigang debosyonal na naiplano para sa 2015.

Lahat ng young adult (edad 18-30) at mga estudyanteng magtatapos ng high school o ng katumbas nito ay inaanyayahang makibahagi. Ang brodkast ay makukuha sa satellite system ng Simbahan, sa Internet, at iba pang media. Ang karagdagang materyal batay sa mga debosyonal ay makukuha rin sa [devotionals.lds.org](http://devotionals.lds.org). ■

## Websites Nagtampok ng Paglilingkod

**A**no ang ginagawa ng mga Banal sa mga Huling Araw para mas mapabuti ang mga komunidad kung saan sila naninirahan? Alamin sa pagpunta sa MormonNewsroom.org. Narito ang ilang halimbawa mula sa pinakahuling mga posting sa international Newsroom websites.


### New Zealand at Vanuatu

Nang tumama ang Cyclone Pam sa maliit na Pacific island ng bansang Vanuatu, ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Auckland, New Zealand—kasama ang tulong mula sa Church Humanitarian Services—ay nagsama-sama para tulungan ang mga nasalanta ng bagyo. Nakagawa sila ng 2,000 kahon ng mga pagkain para matulungan hangga't maaari ang marami sa apektadong populasyon. Ang bawat lalagyan ay may harina, bigas, de-latang prutas, beans, corned beef, isda, biskwit, pasas, noodles, chocolate milk powder at isang can opener. Ang mga lalagyan ay maaari

ding gamitin para sa iba pang bagay, tulad ng lalagyan ng tubig.

### Dominican Republic at Canada

Sa Dominican Republic at Canada, nakibahagi ang mga babaeng Banal sa mga Huling Araw sa pagdiriwang ng International Women's Day, isang kaganapan na itinatangayod ng United Nations. Mahigit 1,200 kababaihan ang nagtipon sa mga meetinghouse ng Simbahan sa ilang lugar ng Dominican Republic upang papurihan ang kababaihan sa kanilang maraming kontribusyon sa mundo. Nakibahagi ang mga lider ng relihiyon, lipunan, at militar sa okasyong ito, na kinapapalooban ng pagtatanghal ng musika at pagbibigay ng mensahe. Sa Canada, ipinagdiwang din ito ng mga babaeng Banal sa mga Huling Araw sa



pamamagitan ng pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa Relief Society, na binibigyang-diin na ito ay “napakalaking kasangkapan sa paglilingkod sa iba’t ibang panig ng mundo.”

### United Kingdom

Ang kanilang orihinal na mithiin ay makapagtahi ng 100 damit para sa mga batang nangangailangan sa Africa, ngunit nang matapos sila, ang kababaihan ng Coventry Ward sa England ay nakagawa nang mahigit 230. Ang simpleng mga damit, na gawa sa punda ng unan, ay madaling gawin. Ang isang babae, na hindi dating nagtatahi, ay nakagawa ng 3 sa mga ito.

### Arkansas, USA

Mahigit 600 katao ang dumalo sa interfaith community devotional tungkol sa paksang kalayaang pangrelihiyon na pinangasiwaan ng Little Rock Arkansas Stake, kabilang ang mga kinatawan ng mga Katoliko, Methodist, at Islamic at isang personalidad mula sa Evangelical radio. Kasama rin sa debosyonal na ito ng iba’t ibang relihiyon ang isang mensahe na naka-video mula sa lieutenant governor ng estado at ang pangwakas na panalangin mula sa senador ng estado, na kapwa Baptist. Sinabi ng mga nag-organisa na ang kaganapang ito ay lumikha ng “pagkakaunawaan.” ■

## Mas Madaling Paggamit ng LDS.org

**A**ng LDS.org ay kukuha ng bagong menu structure at streamlined navigation ngayong Mayo, ang pina-kabago sa patuloy na pagpapahusay ng Simbahan upang ang opisyal na website nito ay maging mas personal at mas madaling gamitin.

Pinagsama ng mga developer at designer ang maraming feedback ng user na may karagdagang

pagsasaliksik para makalikha ng menu na mas madaling magamit. Ipinakita sa pag-testing na mas napadali ng bagong navigation ang paghahanap ng content at resources.

Isang video tour ng LDS.org ang inilaan din, upang matulungan ang mga miyembro sa paggamit ng mga bagong feature nito. ■

## Mga Salaysay Tungkol sa Unang Pangitain

Ang apat na salaysay tungkol sa Unang Pangitain, na isinulat mismo ni Joseph Smith, ay makukuha na ngayon sa 10 wika. Ang mga ito ay maa-access sa [josephsmithpapers.org](http://josephsmithpapers.org), kung saan ang online viewer ay mabibigyan din ng access sa orihinal na mga dokumento at journal. ■



## Mga Turo para sa Ating Panahon

Mula Mayo 2015 hanggang Oktubre 2015, ang mga aralin sa Melchizedek Priesthood at Relief Society tuwing ikaapat na Linggo ay dapat ihanda mula sa isa o mahigit pang mga mensaheng ibinigay sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2015. Sa Oktubre 2015, maaaring pumili ng mga mensahe mula sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2015 o kaya'y ng Oktubre 2015. Ang mga stake at district president ang dapat pumili ng mga mensaheng gagamitin sa kanilang lugar, o maaari nilang iatas ang responsibilidad na ito sa mga bishop at branch president.

Ang mga dumadalo sa mga aralin sa ikaapat na Linggo ay hinihikayat na pag-aralan ang mga piniling mensahe bago ang klase. Ang mga mensahe sa kumperensya ay makukuha sa maraming wika sa [conference.lds.org](http://conference.lds.org). ■



Elder Kim B. Clark

Unang Korum ng Pitumpu

Ang patuloy na pag-aaral—bilang estudyante at Aguro—ay makatutulong kay Elder Kim Bryce Clark sa kanyang bagong tungkulin sa Unang Korum ng Pitumpu. Sinang-ayunan noong Abril 4, 2015, si Elder Clark ay magsisimula sa kanyang paglilingkod ilang linggo pagkaraang matapos niya ang kanyang mga gawain bilang pangulo ng Brigham Young University–Idaho.

“Limang taong gulang pa lang ako ay nag-aral na ako,” sabi ng bagong tawag na Pitumpu. “Gusto kong natututo at nagtuturo.”

Siya ay isinilang sa Salt Lake City, Utah, noong Marso 20, 1949, kina Merlin at Helen Mar Clark, ang panganay sa tatlong anak. Ginugol niya ang kanyang kabataan sa Salt Lake City hanggang edad 11, nang magtrabaho ang kanyang ama sa Spokane, Washington.

Bagama't nagplano siyang mag-aral sa Brigham Young University sa Provo, Utah, noong siya ay junior high school, nadama niya na kailangan niyang subukan ang iba pang mga opsyon at nagpasiyang mag-aral sa Harvard University sa Massachusetts—isang lugar na kalaunan ay magiging tahanan niya nang mahigit tatlong dekada.

Matapos ang kanyang unang taon ng pag-aaral sa Harvard, naglingkod si Elder Clark sa South German Mission mula 1968 hanggang 1970. Pagbalik niya nag-aral siya sa BYU, kung saan nakilala niya si Sue Lorraine Hunt sa kanyang ward. Nagpakasal sila pagkaraan ng ilang buwan noong Hunyo 14, 1971. Sila ay may pitong anak.

Pagkatapos ng kasal nila, lumipat ang mag-asawa sa Boston, Massachusetts, kung saan nag-aral muli si Elder Clark sa Harvard. Nagtapos siya roon ng bachelor of arts, master of arts degree, at PhD—lahat ay sa economics. Si Elder Clark ay naging miyembro ng faculty ng Harvard Business School noong 1978 at kalaunan ay naging dean sa paaralan noong 1995. Noong 2005 siya ay naging pangulo ng BYU–Idaho, kung saan siya naglingkod nang halos isang dekada.

Si Elder Clark ay naglingkod bilang elders quorum president, ward executive secretary, counselor sa bishopric, bishop, high councilor, counselor sa stake mission presidency, at Area Seventy. ■



Elder Allen D. Haynie

*Unang Korum ng Pitumpu*

Si Elder Allen Decker Haynie ay sinang-ayunan bilang miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu noong Abril 4, 2014.

Si Elder Haynie ay isinilang noong Agosto 29, 1958, kina Van Lloyd at Sarah Lulu Lewis Haynie.

Siya ay isinilang sa Logan, Utah, ngunit noong kanyang kabataan ay nanirahan sila sa iba pang mga lungsod sa hilagang Utah at sa Silicon Valley sa California. Siya ay nag-aral sa limang iba't ibang paaralan sa elementarya, dalawang junior high school, at sa huli ay nag-aral sa isang high school sa Bountiful, Utah.

Ang iba't ibang karanasang ito ay “nagturo sa akin ng magandang aral tungkol sa pagkatutong pahalagahan ang lahat ng tao,” sabi niya, “dahil tila taun-taon ay palipat-lipat ako ng lugar at nakikipagkaibigang muli. Isa sa mga bagay na gustung-gusto ko tungkol sa Simbahan ay na binibigyan tayo nito ng pagkakataong makasalamuha ang mga tao at mapahalagahan ang kanilang magkakaibang pinagmulan, karanasan, mga talento, at kakayahan.”

Naglingkod siya sa Argentina Cordoba Mission mula 1977 hanggang 1979.

Nang makatapos ng bachelor's degree sa political science mula sa Brigham Young University, nag-aral pa at nagtapos si Elder Haynie ng juris doctorate mula sa J. Reuben Clark Law School ng unibersidad noong 1985.

Tinapos niya ang judicial clerkship nang isang taon sa U.S. Ninth Circuit Court of Appeals sa San Diego, California, bago pumasok sa law firm ng Latham and Watkins, na nagtatrabaho sa labas ng San Diego. Makaraan ang mga limang taon sila ng kanyang kapatid ay nagtayo ng sarili nilang law firm.

Si Elder Haynie ay naglingkod rin bilang elders quorum president, ward Young Men president, seminary teacher, high councilor, bishop, stake president, at Area Seventy.

Nakilala niya si Deborah Ruth Hall habang nag-aaral sa BYU, at ang dalawa ay ikinasal noong Disyembre 19, 1983, sa Salt Lake Temple. Mayroon silang anim na anak.

Naging madamdamin sa pagkukuwento tungkol sa kanyang patotoo, sinabi ni Elder Haynie na una niyang binasa at minarkahan ang Aklat ni Mormon noong siya ay edad 12. “Wala akong maalala na hindi ako naniwala; wala akong maalala na hindi ako nagdasal.” ■



Elder Von G. Keetch

*Unang Korum ng Pitumpu*

Dumating ang isang mahalagang sandali sa buhay ni Elder Von G. Keetch habang tinatapos niya ang judicial clerkship kina Chief Justice Warren E. Burger at Justice Antonin Scalia ng United States Supreme Court at naghahanda sa pagtatrabaho bilang abogado.

Maaari sana siyang magtrabaho sa anumang lungsod sa Estados Unidos para sa iba't ibang malalaking law firm. Sa halip, siya at ang kanyang asawang si Bernice Pymm Keetch ay nagdasal na malaman kung ano ang dapat nilang gawin. Pagkaraan ng mahabang pag-iisip at dalangin, nagbalik ang mag-asawa sa Salt Lake City, Utah, kung saan siya nagtrabaho sa law firm ni Kirton McConkie.

Noong panahong iyon, naisip ni Elder Keetch na baka naisasakripisyo niya ang kanyang kakayahang magtrabaho sa mga bagong kaso para maging malapit sa pamilya. Sa halip, bilang abogado nagtatrabaho mula sa ibang kompanya para sa Simbahan, si Elder Keetch ay nakipagdebate sa mga isyu sa konstitusyon at sa mga dati nang usapin tungkol sa kalayaang pang-relihiyon. Kinatawan niya ang halos bawat pangunahing relihiyon sa bansa. “Gustung-gusto kong magtrabaho para sa mabubuting kliyente at mapagtagumpayan ang malalaking usapin,” sabi niya.

Isinilang noong Marso 17, 1960, sa Provo, Utah, kina Gary at Deanne Keetch, si Elder Keetch ang panganay sa apat na anak. Ang kanyang pamilya ay nakatira sa Orem, Utah, bago lumipat sa Pleasant Grove, Utah—kung saan siya at ang kanyang magiging asawa ay magkasamang maglilingkod sa kanilang high school seminary council.

Si Elder Keetch ay naglingkod sa Germany Dusseldorf Mission at minahal ang mga tao sa Germany. Nang makauwi na mula sa misyon, pinakasalan niya si Bernice Pymm sa Salt Lake Temple noong Nobyembre 21, 1981; sila ay may anim na anak. Si Elder Keetch ay nagtapos ng political science sa Brigham Young University noong 1984 at tumanggap ng law degree sa unibersidad noong 1987.

Sa nakalipas na mga taon, si Elder Keetch, na sinang-ayunan noong Abril 4, 2015, sa Unang korum ng Pitumpu, ay naglingkod sa mga bishopric, high council, bilang stake president, at bilang Area Seventy. ■



**Elder Hugo Montoya**

*Unang Korum ng Pitumpu*

Si Elder Hugo Montoya ay lubhang nag-alala nang tawagin siya sa Unang korum ng Pitumpu. Napanatag siya sa magiliw na salita ni Pangulong Thomas S. Monson sa isang pulong sa pagsasanay para sa mga bagong General Authority: “Narito kayo dahil sa pagmamahal ninyo sa Tagapagligtas.” Nakadama ng sigla si Elder Montoya, batid na inilagay siya ng kanyang bagong tungkulin sa paglilingkod sa Panginoon.

“Mahal ko ang Tagapagligtas, at pupunta ako saanman ako papuntahin,” sabi niya. “Gagawin ko anuman ang ipagawa sa akin. Sasabihin ko anuman ang ipasabi sa akin.” Si Elder Montoya ay sinang-ayunan sa sesyon sa Sabado ng hapon ng ika-185 Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan.

Si Elder Montoya ay napapalakas din ng pamana ng pananampalataya ng kanyang pamilya. Ang kanyang lolo-sa-tuhod na si Rafael Monroy ay mahalagang tao sa kasaysayan ng Simbahan sa Mexico. Noong 1915 si Brother Monroy at isa pang miyembro, si Vicente Morales, ay dinakip ng isang grupo ng rebolusyonaryo noong Mexican Revolution. Ang dalawang lalaki ay sinabihan na pakakawalan sila kung, kabilang ang iba pang mga kahilingan, kanilang tatalikuran ang kanilang relihiyon.

Tumanggi ang dalawa at ipinapatay sila sa pamamagitan ng firing squad.

Sinabi ni Elder Montoya na ang halimbawa ng kanyang lolo-sa-tuhod ay nananatiling malakas na impluwensya sa kanyang buhay. “Nalaman ko na ang takot ay madaraig ng pananampalataya at patotoo kapag alam mo na ginagawa mo ang tama.”

Si Elder Montoya ay isinilang noong Abril 2, 1960, sa Fresno, California, kina Abel Montoya at Maclovía Monroy. Nanirahan siya sa Mexico halos buong buhay niya.

Pinakasalan niya si Maria del Carmen Balvastro sa Hermosillo; nabuklod sila sa Mesa Arizona Temple noong Abril 6, 1983. Sila ay may limang anak.

Matapos magmisyon sa Mexico City North Mission mula 1979 hanggang 1981, siya ay naglingkod bilang ward Young Men president, high councilor, bishop, stake president, area auditor, at Area Seventy.

Siya ay nagtapos sa Sonora State University noong 1986 sa kursong agricultural engineering at nagtrabaha sa ilang managerial position sa Xerox at bilang guro sa institute ng Simbahan. ■



**Elder Vern P. Stanfill**

*Unang Korum ng Pitumpu*

Naniniwala si Elder Vern Perry Stanfill na walang anumang bagay na nagkataon lang. Naniniwala siya na may mga pagkakaugnay-ugnay sa buhay na ito sa pagitan ng mga tao dahil sa layunin at na mahihikayat ng Panginoon ang Kanyang mga anak na maging isang pagpapala sa iba.

Gustung-gusto ni Elder Stanfill na paglingkuran ang iba sa ebanghelyo, lalo na sa pagtulong sa mga tao nang personal.

Isinilang noong Agosto 8, 1957, kina Jed at Peggy Stanfill, si Elder Stanfill ay lumaki sa rantso ng mga baka malapit sa Townsend, Montana. Natutuhan niya ang kahalagahan ng kasipagan at nagkaroon ng patotoo tungkol sa Tagapagligtas na si Jesucristo. Pangatlo sa apat na anak, si Elder Stanfill ay may dalawang nakatatandang kapatid na lalaki at isang bunsong kapatid na babae na tapat na naglingkod sa Simbahan.

“Ang kamay ng Panginoon ay naroon sa aming buhay sa kabila ng aming mga kahinaan,” sabi niya. “Kaming mag-asawa ay hindi perpektong tao. Wala kaming perpektong pamilya. Kami ay mga ordinaryong lamang na nagsisikap na mamuhay araw-araw at tinututulan ang Panginoon na maging bahagi nito.”

Matapos magmisyon sa Toulouse, France, at mag-aral ng kursong agricultural economics sa Brigham Young University, nakilala niya at pinakasalan si Alicia Cox. Sila ay ikinasal noong Disyembre 17, 1980, sa Salt Lake Temple.

Pagkatapos ng pag-aaral, ang mga Stanfill ay bumalik sa Montana para makatulong siya sa pamamahala ng rantso ng pamilya, nangasiwa sa mga baka, dayami, at mga butil. Ipinagbili niya ang negosyo noong 1998 at nagsimulang pamahalaan ang portfolio ng mga lupain at pananalapi, gayundin ang pangangasiwa sa pagkaka-wanggawa at mga personal na ari-arian.

Si Elder Stanfill ay naging bahagi ng aviation industry bilang negosyo at libangan at hawak ang commercial fixed wing at rotorcraft ratings.

Bukod pa sa pagpapalaki nila ng kanyang asawa ng apat na anak na babae, si Elder Stanfill ay nagkaroon ng pagkakataong maglingkod sa Simbahan bilang elders quorum president, bishop, high councilor, stake president, at Area Seventy. Siya ay naglilingkod sa Sixth Quorum ng Pitumpu nang tawagin siya sa First Quorum. ■





## Mary R. Durham

*Pangalawang Tagapayo sa Primary General Presidency*

**H**abang binabalanse ang mga responsibilidad sa tahanan, tungkulin sa Simbahan, propesyon, at iba pang mga responsibilidad sa kanyang buhay bilang may-asawa, napansin ni Mary Richards Durham na kapag inuna nilang mag-asawa ang Panginoon, lahat ng bagay ay nagiging maayos. “Ito ay isang napakagandang bagay. Kung kayo ay nagtitiwala, pagpapalain kayo ng Panginoon,” sabi niya.

Ang temang ito ay maraming beses na niyang nasabi. Natawag siyang maglingkod bilang ward Young Women president habang ang kanyang asawa ay naglilingkod sa stake presidency. Magkasama silang naglingkod kalaunan nang mamuno ang kanyang asawa sa Japan Tokyo Mission mula 2000 hanggang 2003. Siya ngayon ay naglilingkod bilang pangalawang tagapayo sa Primary general presidency habang ang kanyang asawa ay mag-sisimula nang maglingkod bilang Area Seventy.

“Kapag pasan-pasan natin ang ating pamatok kasama ang bawat isa at ang Panginoon, lahat ng bagay ay mas madali,” sabi niya.

Si Mary Lucille Richards ay isinilang noong Marso 15, 1954, sa Portsmouth, Virginia, kina L. Stephen Richards Jr. at Annette Richards. Habang tinatapos ng kanyang ama ang medical degree nito, lumipat ang pamilya sa Minneapolis, Minnesota, bago nanirahan sa Salt Lake City, Utah.

Pinalaki sa pananampalataya at pagmamahal ng kanyang mga magulang at ng maraming kamag-anak, nalaman niya na totoo ang ebanghelyo. “Masayang ipamuhay ang ebanghelyo. Hindi ito mahirap. Nakakatuwa ito,” sabi ni Sister Durham.

Noong dalagita pa siya, natimo sa kanya ang kahalagahan ng paghahanap ng isang karapat-dapat na binatang pakakasalan at ipinagdasal niya ito araw-araw at ipinag-ayuno linggu-linggo. Pagkatapos ng high school dumalo siya sa isang dance scholarship sa Brigham Young University at nakilala si Mark Durham, na nag-aaral sa University of Utah. “Agad kong nakita ang kanyang kabutihan,” sabi niya.

Nagpakasal ang magkasintahan noong Hunyo 1974 sa Salt Lake Temple. Sila ay may pitong anak.

Si Sister Durham ay naglingkod bilang stake Relief Society president, counselor sa ward Relief Society presidency, guro sa Gospel Doctrine, ward Young Women president, at, nitong huli, bilang miyembro ng Primary general board. ■



## Stephen W. Owen

*Young Men General President*

**N**oong 14 na taong gulang si Stephen W. Owen, ninupahan siya ng kanyang kapitbahay na tabasin ang mga damo sa malawak na bakuran nito at tanggalan ng mga damo ang hardin nito kada linggo. “Inabot ako ng tatlong araw sa pagtabas ng damuhan,” sabi ng nakangiting si Brother Owen, na sinang-ayunan noong Abril 4, 2015, bilang Young Men general president.

Nang sa wakas ay matapos na ang binatilyong si Stephen, hiniling ng matalinong kapitbahay niya na samahan siya na maglakad-lakad sa buong hardin para maituro ang isa o ilang damo na hindi natabas.

“Sinabi niya sa akin na kailangan kong bunutin ang bawat damo,” sabi niya. “Iyon ang una kong trabaho at nakatulong ito sa akin na maunawaan ang ibig sabihin ng maging responsable sa tungkulin.”

Si Brother Owen ay may natutuhan pang mga aral nang taong iyon na higit pa sa pag-aalaga ng damuhan at hardin. Ang isa sa mga aral na iyon ay natuklasan niya na matatagpuan ang kasiyahan sa paggawa ng mahihirap na bagay sa tamang paraan. Nalaman din niya ang kahalagahan ng mga tagapagturo.

Ang inasahan lamang ng kapitbahay ay ang pinakamahusay na magagawa ni Stephen. “Para bang sinasabi niya sa akin, ‘alam ko ang maaari mong kahinatnan, at gusto kitang tulungan.’”

Bawat kabataang lalaki sa Simbahan, dagdag pa niya, ay kailangan ng gayong mga tagapagturo na makatutulong sa kanya na maging pinakamabuting mayhawak ng priesthood na maaari niyang kahinatnan. “Lubos ang pagmamalasakit ko sa mga kabataan,” sabi niya. “Mahal ko sila at alam kong ito ang mahalagang panahon na magtatakda ng huwaran para sa buong buhay nila.”

Si Brother Owen ay naglingkod sa Texas San Antonio Mission at kalaunan ay naglingkod bilang Scoutmaster, ward Young Men president, bishop, high counselor, at stake president.

Sa Holladay, Utah, ang katutubo roon ay namuno rin sa California Arcadia Mission mula 2005 hanggang 2008, kung saan naglingkod siya kasama ang kanyang asawang si Jane Stringham Owen. Sila ay ikinasal noong Disyembre 28, 1979, sa Provo Utah Temple. Sila ay may limang anak.

Isinilang siya noong Marso 22, 1958, sa Salt Lake City, Utah, kina Gordon at Carolyn Owen. Siya ay nagtapos sa University of Utah sa kursong finance at pangulo ng Great Harvest Bread Company sa Provo, Utah. ■



## Douglas D. Holmes

*Unang Tagapayo sa Young Men General Presidency*

“Ang henerasyong ito ng mga kabataan ay mas may kakayahang sumunod kaysa sa mga nakaraang henerasyon. Palagay ko iyan ay bahagi ng takdang panahon ng Panginoon at paghahanda para sa mga panahong nabubuhay tayo,” sabi ni Brother Douglas D. Holmes, na sinang-ayunan noong Abril 4, 2015, bilang unang tagapayo sa Young Men general presidency.

Si Brother Holmes ay isinilang noong Pebrero 27, 1961, sa Salt Lake City, Utah, kina Dee W. at Melba Howell Holmes at lumaki sa Cottonwood Heights, Utah.

Matapos maglingkod sa Scotland Glasgow Mission mula 1980 hanggang 1982, si Brother Holmes ay nagtapos ng bachelor's degree sa family science mula sa Brigham Young University noong 1986 at nagtapos ng master degree sa business administration sa Marriott School of Management.

Nang makatapos, siya ay naging management consultant sa loob ng tatlong taon at pagkatapos ay nagtrabaho sa telecommunications industry, naging executive vice president ng strategy at corporate development para sa Media One group. Mula 2000 hanggang sa matawag bilang mission president noong 2010 at muli noong 2013, siya ay self-employed sa investment at real estate development.

Iniukol niya ang marami niyang panahon at talento sa mga nonprofit organization, naglingkod sa mga lupon ng United Way of Davis County, Utah; Parents for Choice in Education; sa Safe Harbor Women's Shelter sa Davis County; at sa Academy for Creating Enterprise.

Naglingkod siya bilang ward mission leader, ward Young Men president, bishop, at nitong huli ay bilang tagapayo sa stake presidency. Pinamunuan niya ang Michigan Detroit Mission mula 2010 hanggang 2013.

Pinakasalan niya si Erin Sue Toone noong Hunyo 22, 1985, sa Salt Lake Temple. Mayroon silang anim na anak.

“Nakita namin ang kapangyarihan ng salita sa aming buhay, maging ito man ay salita ng mga propeta o salita ng mga banal na kasulatan o mga bulong ng Espiritu Santo,” sabi ni Brother Holmes. ■



## M. Joseph Brough

*Pangalawang Tagapayo sa Young Men General Presidency*

Sa loob ng tatlong taong paglilingkod ni M. Joseph Brough bilang pangulo ng Guatemala Guatemala City Central Mission (mula 2011 hanggang 2014), ang kanyang ama at biyenang lalaki ay kapwa pumanaw.

Bagama't ang kanyang asawa ay maaaring umuwi sa Estados Unidos para sa libing, ipinasiya ng mag-asawa sa dalawang pangyayaring iyon na dapat siyang manatili sa Guatemala at magpatuloy sa kanilang gawing misyonero. “Alam namin na mas mapapabuti kami sa pananatili at paggawa sa abot ng aming makakaya,” sabi ni Brother Brough, na tinawag noong Abril 4, 2015, bilang pangalawang tagapayo sa Young Men general presidency. “Iyan mismo ang inaasahan sa amin ng kanyang ama at ng aking ama.”

Si Brother Brough ay isinilang sa Salt Lake City, Utah, noong Disyembre 11, 1963, kina Monte J. and Ada B. Brough. Ginugol niya ang kanyang kabataan sa Farmington, Utah, at Robertson, Wyoming. Lumipat ang pamilya sa Minnesota nang ang ama ni Joseph, na kalaunan ay maglilingkod bilang miyembro ng Pitumpu, ay tinawag bilang mission president. Si Joseph ay senior high school nang matapos ng kanyang ama ang kanyang paglilingkod bilang mission president. Sa halip na bumalik sa high school, kumuha si Joseph ng high school equivalency exam at nakapasok sa Weber State University sa Ogden, Utah.

Gayunman, iginiit ng kanyang mga magulang na dapat siyang magtapos sa seminary at magkaroon ng apat-na-taong sertipiko para dito. Sa pagdalo sa seminary sa Davis High School nakilala niya ang kanyang magiging asawa na si Emily Jane Thompson. Ikinasal sila noong Abril 25, 1985, sa Salt Lake Temple; apat ang kanilang anak.

Bago ikinasal ang magkasintahan, si Brother Brough ay nagmisyon sa Guatemala Quetzaltenango Mission. Ang kanyang mission president na si Jorge H. Perez, ay naging “pinakamaimpluwensyang tao sa buhay ko,” sabi niya.

Tagapagtatag at may-ari ng Rotational Molding ng Utah, nagtapos siya ng bachelor's degree sa finance at master of business administration sa University of Utah. Sa Simbahan naglingkod siya bilang bishop, ward Young Men president at high councilor. ■



Sa Harap N'yo, Panginoon, ni Annette Everett

*“Sa harap Ny’o, Panginoon,  
yuyuko at magpupugay;  
Salamat po sa narinig,  
Sa puso ko’y mayro’ng himig.  
O kayganda ng salita!  
Maging gabay sana t’wina!  
Bahagi ko’y tupdin sana.  
Isapuso ang salita.”  
(Mga Himno, blg. 92)*



“Nawa’y pagpalain tayo ng ating Ama sa Langit na magkaroon tayo ng pagnanais na sa tuwina ay pumunta at maglingkod sa templo, na tayo ay maging masunurin sa Kanyang mga utos, at na nawa’y sundan natin nang mabuti ang mga yapak ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo,” sabi ni Pangulong Thomas S. Monson sa ika-185 Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan. “Pinatototohanan ko na Siya ang ating Manunubos. Siya ang Anak ng Diyos. Siya ang yaong nagbangon mula sa libingan noong unang umaga ng Pasko ng Pagkabuhay, na taglay Niya ang kaloob na buhay na walang hanggan para sa lahat ng anak ng Diyos.”

ANG SIMBAHAN NI  
**JESUCRISTO**  
NG MGA BANAL  
SA MGA HULING ARAW